



Pagbuo ng Diksyunaryong Kinaray-a sa Pagkatuto ng Florante at Laura

Jay-ar M. Veric

University of Batangas

jayar.veric@deped.gov.ph

Petsa ng Pagsumite:

Agosto 10, 2026

Petsa ng Pagtanggap:

Setyembre 09, 2026

Petsa ng Paglathala:

Setyembre 24, 2026

DOI:

10.5281/zenodo.22940862

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong makabuo ng Diksyunaryong Kinaray-a bilang kagamitang pantulong sa pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Florante at Laura, partikular sa mga matatalinhagang salitang nakapaloob sa akda. Isinagawa ang pag-aaral bilang tugon sa mga natukoy na kahinaan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa malalalim at matatalinhagang salita bunga ng pagkakaiba ng wikang ginagamit sa akda at ng kanilang kinagisnang wikang Kinaray-a. Ginamit ang dokyumentaryong analisis sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral upang matukoy ang mga palasak na salitang Kinaray-a, gayundin ang interbyu sa dalawampu't walong guro upang matukoy ang mga estratehiya, isyu, at hamon sa

pagtuturo at pagkatuto ng Florante at Laura. Natukoy ang 173 salitang Kinaray-a na binubuo ng 46 pangngalan, 82 pandiwa, 43 pang-uri, isang pangatnig, at isang pananda. Lumitaw din na kabilang sa pangunahing estratehiya ng mga guro ang paggamit ng kasingkahulugan, brainstorming, at Think-Pair-Share, samantalang pangunahing hamon ang matatalinhagang salita, kawalang-interes ng mga mag-aaral, at kakulangan ng oras sa pagtalakay ng akda. Batay sa mga natuklasan, nabuo ang Diksyunaryong Kinaray-a na naglalaman ng mga salitang inayos nang paalpabeto, katumbas na kahulugan sa Kinaray-a, wastong tuldik, bahagi ng pananalita, etimolohiya, at paggamit sa pangungusap. Ipinakikita ng pag-aaral na ang nabuong diksyunaryo ay maaaring magsilbing sangguniang pangwika at kagamitang pantulong upang mapadali ang pag-unawa sa talasalitaan at mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa Florante at Laura sa pamamagitan ng kanilang kinagisnang wika.

Mga Susing Salita: *Kinaray-a, Diksyunaryong Kinaray-a, Florante at Laura, talasalitaan, matatalinhagang salita, katutubong wika*

INTRODUKSIYON

Ang pag-unlad ng tao at pakikipag-ugnayang panlipunan ay magkakaugnay na prosesong humuhubog sa kaalaman, pagpapahalaga, pag-uugali, at pagkakakilanlan ng isang indibidwal sa buong siklo ng buhay. Ang prosesong ito ay nahuhubog ng magkakaugnay na salik na biyolohikal, sikolohikal, at pamayanang kinalakihan. Sa pagdaan ng panahon, ang tao ay patuloy na nakikipag-ugnayan sa kanyang kapwa at sa lipunang kanyang kinabibilangan, kung saan nagaganap ang pagkatuto, paglinang ng mga paniniwala, at paghubog ng kanyang identidad. Kaugnay nito, ang wika at komunikasyon ay nagsisilbing pangunahing kasangkapan sa pagpapalitan ng kaalaman, kultura, at pagpapaunlad ng pagkakakilanlang pampamayanan. Sa pamamagitan ng mga interaksyong panlipunan, naipapasa ang mga kaugalian, wika, at kaalamang pangkultura na humuhubog sa pag-iisip, moralidad, at pagpapasya ng tao. Dahil dito, ang pag-unlad ng tao ay hindi lamang nasusukat sa kanyang pansariling kakayahan, gayundin sa kanyang kakayahang makibahagi, makibagay, at makipag-ugnayan nang responsable at makabuluhan sa kapwa at sa lipunan.



Ginagamit ang wika sa pakikisalamuha sa kapwa. Ito ay instrumento upang maipahayag ang kaisipan, damdamin at karanasan. Ito rin ang behikulo upang maunawaan ang pakikipag-ugnayan ng bawat nilalang. Nagsisilbi rin itong daan sa pakikipagtalastasan at pagkauunawaan sa loob ng tahanan, trabahong pinapasukan, sa paaralan at sa mga taong nakakasalamuha sa araw-araw. Kailangan ang pagtutulungan at pakikisangkot ng bawat indibidwal tungo sa pag-unlad ng lipunang kinabibilangan. Ang bawat lugar ay may wikang ipinagmamalaki at dahil sa wikang iyon ay nagkakaroon ng ugnayan at pagkakaunawaan ang mga taong naninirahan sa isang komunidad.

Sa umpisa, ang katutubong salita ang unang natututuhan ng isang indibidwal mula ng isilang. Ito ay nagsisilbing daan tungo sa isang maayos na pakikipag-ugnayan ng mga naninirahan sa isang lugar at bansa. Kaya upang higit na magkaunawaan, ipinatupad ang Saligang Batas ng 1935, Artikulo XIV, Seksyon 3 na gumawa ng mga hakbang tungo sa paglinang at pagpapatibay ng isang panlahat na wikang Pambansa na nasasalig sa isa sa mga wikang kinamulatan sa lugar. Ganoon din, inilahad sa ulat ng Summer Institute of linguistics International na mabisa ang paggamit ng kinagisnang salita ng bata bilang panturo sa mga asignaturang Filipino, Ingles at Matematika. Nauugnay ito sa isinagawang pagsusuri sa literatura na mula sa India nina Balakrishnan, Holla, at Nakamura mula sa American Institutes for Research, na ang pagtuturo gamit ang kinagisnang salita ay nagbibigay ng emosyonal na lakas sa mga mag-aaral at nagpapadali sa malinaw na pag-unawa at pagpapahayag ng mga ideya.

Malaking bagay na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga paraan ng pagtuturong ginagamit sa paaralan upang maunawaan ang mga paksang tinatalakay. Magiging masigla at malaya ang interaksyon sa klase dahil komportable silang magpahayag ng kanilang ideya at damdamin. Mauunawaan ang mga teknikal na terminonohiya at pinapalawak ang diskusyon dahil nakatutulong ang nauunawaang salita sa pagpapaliwanag ng komplikadong paksa sa payak na paraan lalo na ang mga matatalinhagang salita. Sinang-ayunan ito ng UNESCO's World Atlas Languages, na hindi dapat makalimutan ng mga mag-aaral ang paggamit ng kinamulang salita na ginagamit sa kinagisnang nilalang lugar. Ang mga batang natutong bumasa at sumulat sa unang wika bago matuto ng ikalawang wika ay mas matagumpay sa pag-aaral kumpara sa mga kamag-aaral nilang hindi ito natutuhan ng lubos.

Sa pag-aaral na ginawa tungkol sa pag-unlad ng Pilipinas, Thailand at Malaysia na may kaugnayan sa paggamit ng multilingual instruction at culturally responsive instruction, nakita ang pagkakatulad ng Pilipinas, Thailand at Malaysia sa pagnanais ng mga ito na gamitin bilang wika ng edukasyon ang katutubong salita ng mga mamamayan at pag-aangkop ng mga aralin sa gawain, kultura, wika, karanasan, at pananaw ng mga mag-aaral. Sa bahaging Timog ng Thailand ay ipinagamit ang katutubong wikang Pwo Karen sa Kinder hanggang baitang isa at edukasyong bilinggwal naman na Pwo Karen at Thai pagdating sa baitang dalawa hanggang anim bago lumipat sa wikang Thai pagdating sa baitang pito. Ito ay nagresulta sa gradwal na pagbabago tungo sa paggamit ng wikang Thai kung saan ay naging tulay upang mapataas ang marka ng mga mag-aaral sa national test. Samantalang sa Malaysia ay iniangkop ang mga aralin sa gawain, kultura, wika, karanasan, at pananaw ng mga mag-aaral kung saan ay naging tulay upang mapataas ang partisipasyon at mahikayat ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa ganitong paraan kinikilala at pinahahalagahan ang paggamit ng kultura, karanasan at pananaw gayun din ang katutubong salita ng mga mag-aaral bilang instruksiyon sa edukasyon na kumakatawan sa lahat ng mga nabanggit sa itaas sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino. Kaya binuo ni dating punong komisyoner Jose L. Santos ang dekalogo ng wikang Filipino upang maitanim sa bawat isa ang likas na pagmamahal sa kinamulang salita at kultura. Ganoon din ang KWF sa pamamahala ng dating tagapangulo na si Virgilio Almario. Sa kanyang pamamahala ang komisyon ay naging masigasig sa pagbuo ng mga plano at programa sa pagtataguyod ng wikang pambansa lalo na sa iba't ibang larang. Sa programa

binigyang buhay ang mandatong magsagawa, mag-ugnay at magtaguyod ng pananaliksik para sa preserbasyon ng Filipino at ng iba pang wika ng Pilipinas upang magamit na instruksyon sa pagkatuto.

Ang mga nabanggit sa sinusundang talata ay tunguhin rin ng patakarang pang-edukasyon sa Pilipinas na nagsusulong ng kontekstuwalisadong pagtuturo kung saan mahalaga ang paggamit ng lengguwahing Filipino at mga katutubong salita sa pag-aaral. Nakatututulong ito upang mapanatili ang kulturang Filipino at ang proseso ng pagkatuto. Suportado ito ng Commission on Higher Education (CHED) na naglalayong maituro ang panitikan sa kinamulang salita na nauunawaan ng mga mag-aaral. Kaakibat nito ang tunguhin ng Inclusive Education, na isaalang-alang ang pagtatatag ng isang malinaw at sistematikong proseso para sa maagap na pagtukoy at masusing pagtatasa sa mga pangangailangan ng mag-aaral, gayundin ang pagbuo ng angkop na plano sa pagkatuto kung kinakailangan. Hinihikayat ng batas ang masusing pakikipagtulungan ng paaralan, pamilya, at komunidad, kasama ang mga espesyalistang pang-edukasyon at mga organisasyong sumusuporta sa mga taong may kapansanan, upang higit na mapatatag ang isang inklusibong kapaligiran sa pagkatuto.

Kaakibat ng pagpapatupad ng Inklusibong edukasyon ang pagkilala sa pagkakaiba-iba ng lingguwistiko at kultural na pinagmulan ng mga mag-aaral bilang mahalagang salik sa pagbuo ng isang makatarungan at makabuluhang kapaligiran sa pagkatuto. Sa Pilipinas, ang multilinggwal na kalikasan ng bansa ay bunga ng kasaysayan, heyograpiya, at pag-unlad ng iba't ibang pamayanan na humubog sa mayamang pagkakaiba-iba ng sistema ng komunikasyon at kultura. Ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino, may humigit-kumulang 135 at higit pang mga wikain na ginagamit sa iba't ibang panig ng bansa, na nagpapakita ng mayamang pamana at pagkakakilanlan ng mga pamayanang Pilipino. Kaugnay nito, ang Kinaray-a ay isa sa mga katutubong wikang patuloy na ginagamit ng mga Karay-a sa mga lalawigan ng Antique, Capiz, Guimaras, Iloilo, at ilang bahagi ng Aklan bilang daluyan ng kaalaman, pagpapahalaga, at mga tradisyong pampanitikan. Ito ay may natatanging ponolohiya, morpolohiya, sintaks, at bokabularyo na naiiba sa Hiligaynon, Cebuano, at iba pang wikang Bisaya.

Dahil sa iba ang sinasalita ng mga tao sa isang lugar dulot ng iba't ibang lengguwahe, hindi maiiwasan ang hindi pagkakaunawaan lalo na pagdating sa pagkatuto sa silid-aralan. Ito ang nakitang suliranin ng mananaliksik, ang pagkakaroon ng ibang wikang sinasalita kung saan ang mga mag-aaral ay dayuhan sa lugar na tinitirhan at mayroong ibang salitang kinagisnan. Gayun din ang kulturang nakasanayan na pamana pa ng kanilang magulang tulad ng mga mag-aaral sa Apia, na pawang Kabisayaan ang nakatira sa buong baryo at wikang Kinaray-a ang kinamulang salita. Ang unang wikang ito ng mga mag-aaral na kanilang ginagamit at nakasanayan sa loob at labas ng tahanan ay nagiging sagwil sa pag-unawa sa mga aralin na dapat nilang matutuhan. Lalong-lalo na sa akdang may matatalinhagang salita tulad Florante at Laura na pamanang katha ni Balagtas na patuloy na pinag-aaralan ng mga mag-aaral sa kasalukuyan.

Tumutugma rito ang lumabas sa resulta sa Least Mastered Competencies sa dalawang magkasunod na taon sa Ikaapat na Markahan taong 2024-2026, nanguna dito ang nabibigyang kahulugan ang mga matatalinhagang mga salita na pawang Florante at Laura ang paksang pinag-aaralan. Pinapakita nito na mababa ang mga mag-aaral sa bahagi ng pagsusulit sa Florante at Laura na may kinalaman sa talasalitaan o makahulugang salita. Gayun din sa resulta ng Mean Percentage Score (MPS) sa Quarterly Assessment sa Ikaapat na Markahan sa Learning Outcome Assessment (LOA) 2025-2026, lumabas na ang Florante at Laura ang may pinakamababang MPS. Ito ay nagpapahiwatig ng mababang performance ng mga mag-aaral sa naturang pagsusulit. Kapuna-puna din ang hirap sa pag-unawa at mababang resulta sa gawaing pasulat at pagganap ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagpapalawak ng matatalinhagang salita. Ito marahil ay sa kadahilanang ang mga mag-aaral ay iba ang wikang nakagisnan at nakasanayan kayat hindi malawak ang kaalaman sa matatalinhaga na salitang Tagalog na naging sanhi ng kawalang interes sa akdang pinag-aaralan.



Ang magkakatatag na resulta mula sa gawaing pasulat, pagganap, Mean Percentage Score at Least Mastered Competencies ay nagpapakita ng sistematikong kahinaan, pang-unawa ng makahulugang salita na kritikal sa pag-aaral ng Florante at Laura. Kaya naman ninais ng mananaliksik na bumuo ng diksyunaryong Kinaray-a na naglalayong makatulong sa pagkatuto ng akda. Ganoon rin upang maitala ang mga palasak na salitang Kinaray-a na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat. Pag-uuri nito sa bahagi ng pananalita. Mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan. Gayun din ang mga isyu at hamon sa pagkatuto ng akda.

Ang akmalang dulong sa pagtuturo ay maaaring magresulta sa kapana-panabik na pagkatuto sa mga estudyante. Naniniwala ang mananaliksik na ang mabubuong diksyunaryong Kinaray-a ay isang malaking salik sa pagtatamo ng pagiging malikhain ng guro na isinasaad sa Learning Resource Management Development System (LRMDS). Nakasaad rin na ang paggamit ng wastong lunsaran at akmalang kagamitan sa pagtuturo ay tiyak na lilinang ng pangkulturang pangkasanayan, kabatiran sa wika at pagpapahalaga sa mga tradisyon ng mga bansa sa Timog Silangang Asya. Nakabase ang paghahanda ng mga kagamitan sa pagtuturo sa iba't ibang batayan at pananaw na sosyo-kultural. Sa paghahanda sa kagamitang pampagtuturo, dapat isaalang-alang ang mga gamit nito gayun din ang layunin, panahon at estilo ng wikang gagamitin. Dapat ding ikonsidera ang pangkaisipang pananaw na binibigyang pansin ang pagkakaiba ng estudyante sa paraan ng pagkatuto at humanistikong pananaw na ang layunin ay lubusang malinang ang buong katauhan ng mag-aaral.

Isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga nabanggit sa pagbuo ng diksyunaryong Kinaray-a. Kung saan itinatadhana ng Kagawaran ng Edukasyon na kinakailangang gumawa ang mga guro para sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng kagamitan at lunsaran sa pagtuturo alinsunod sa Division Memorandum Blg. 46, S. 2013 na pinamagatang Reaching the Unreached through Alternative Delivery Mode (ADM) Program. Ito ay umaayon sa ARAL Reading Program ng DepEd, na makapagbigay ng mga learning materials at interventions na makapagpapalawak ng bokabularyo ng mga estudyante at makatulong sa pang-unawa ng mga makahulugang salita at masalimuot na pahayag sa mga tekstong pampanitikan. Ang pagbuo ng Diksyunaryong Kinaray-a upang maging lunsaran sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto ng guro at mag-aaral ay kinakitaan ng pag-asang makatulong sa pang-unawa ng akda.

Ang diksyunaryong mabubuo ay naglalaman ng mga salita na nakaayos ng paalpabeto. Ganoon din, ang malalalim na salita sa akda ay may salin sa kinamulang salita ng mga mag-aaral, may wastong pagbigkas, etimolohiya at ginamit sa pangungusap upang maunwaan ang kahulugan ng salita. Sa pamamagitan nito, posibleng magkaroon ang mga mag-aaral ng kakayahang maunwaan at magamit ang mga bago o matatalinhagang salita sa tamang konteksto, na magbubukas ng mas malawak na posibilidad para sa komunikasyon at pang-unawa sa akda. Sa pag-aaral ng Florante at Laura, bilang isang makasining at makalumang akda na may mga salita na mahirap unawain, ang diksyunaryong Kinaray-a ang posibleng maging susi upang mabuksan ang kahulugan ng mga matatalinhagang salita. Maiugnay ang mga ito sa kasaysayan at kultura sapagkat nasusulat sa nauuwaang salita ng mga mag-aaral.

Napili ng mananaliksik ang paksang nabanggit dahil siya ay lehitimong taga-Apia. Dito siya isinilang, unang tumuntong sa paaralan hanggang makapagtapos ng High School. Sa kasalukuyan isa siyang guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino baitang walo sa loob ng 9 na taon. Sa pagtuturo, natuklasan ng mananaliksik sa mga mag-aaral na maraming salitang matatalinhaga sa akdang Florante at Laura, kung saan hindi agad nauunwaan ang ibig sabihin o kahulugan sa paghahawan ng sagabal sa bawat kabanata ng Florante at Laura na nakasaad sa kasanayang pampagkatuto inilalahad sa markahan apat, *Nabibigyang kahulugan ang mga matatalinhagang salita*. Ito ay nagpapakita lamang na malaki ang maitutulong ng

pananaliksik na ito hindi lamang sa mga mag-aaral at guro na taga-Apia na nasa Sekondarya, gayun din naman makatutulong ito sa mga guro at mga mag-aaral sa buong Pilipinas.

Ang magiging resulta ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa pag-unawa ng mga aralin sa bawat kabanata ng akdang Florante at Laura na maaaring magamit ng susunod na mananaliksik. Makatutulong din ito sa lalo pang pagpapayabong ng wikang Filipino at paglinang sa sariling wika. Ninanais ng mananaliksik na makapagbigay sa mga mag-aaral ng isang kagamitang pupukaw sa kanilang interes upang mag-aral ng asignaturang Filipino partikular ang akdang Florante at Laura at makatulong sa bawat guro sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon sa bansa. Ang awtput ng pag-aaral na ito ay magagamit ng mga guro sa pagtuturo-pagkatuto ng nabanggit na akda sa ikaapat na kwarter ng taon sa bagong K to12.

Balangkas Konseptwal

Sa bahaging ito nakapaloob ang mga teorya na may kaugnayan sa ginawang pag-aaral. Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa mga sumusunod na teorya: Input Hypothesis ni Krashen (1985), Teoryang Sosyo-kultural ni Vygotsky (1978), Teoryang Innatism ni Chomsky (1965) at Function Theory of Lexicography ni Tarp (2009).

Sa pahayag ni Krashen, higit na nagiging epektibo ang pagkatuto ng wika kapag ang mag-aaral ay nalalantad sa comprehensible input o mga impormasyong pangwika na bahagyang lampas sa kaniyang kasalukuyang antas ng kakayahan. Sa ganitong pananaw, ang wikang ginagamit sa pakikinig o pagbasa ay kinakailangang mauunawaan pa rin ng mag-aaral, ngunit dapat ay nagtataglay ng kaunting bagong hamon upang maisulong ang kaniyang pagkatuto. Samakatuwid, ang sobrang madaling input ay hindi sapat upang magsulong ng pag-unlad, samantalang ang labis na mahirap na input ay nagiging hadlang sa pag-unawa. Dahil dito, mahalagang ang mga kagamitang panturo, talakayan, at tekstong ginagamit sa pagkatuto ay naaayon sa antas ng mag-aaral. Binibigyang-diin din ng teorya na ang pagkatuto ng wika ay higit na nagaganap sa pamamagitan ng pag-unawa sa mensahe kaysa sa simpleng pagmememoria ng mga tuntuning gramatikal.

Ito ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat binabanggit dito ang mga malalalim na salita mula sa akda na mataas sa kasalukuyan antas o kaalaman ng mga mag-aaral na hahamon upang umunlad ang pagkatuto. Sa bagay na ito ang mabubuong diksyunaryo ang magsisilbing pantulong na input upang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga salitang hindi pamilyar sa akda na tutugun sa prinsipyo ni Krashen. Dahil dito, ang mabubuong kagamitan ay maituturing na isang direktang interbensiyon sa proseso ng pagkatuto. Ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng katumbas na kahuluhan sa nauunawang salita ng mga mag-aaral, wastong bigkas, etimolohiya at paggamit sa pangungusap.

Nakaangkla din ang pag-aaral na ito sa Teoryang Sosyo-kultural ni Vygotsky. Dito, isinasaad na ang pag-unald ng pag-iisip ay nangyayari sa pamamagitan ng interaksyon sa iba at mga kultural na kasangkapan tulad ng wika. Sa ganitong paraan, hindi lang natututo ang bata ng mga kasanayan, kundi napapanatili rin ang kultura at identidad sa pamamagitan ng wika. Ang pangunahing konsepto ng teoryang Sosyo-kultural ay ang Zone of Proximal Development (ZPD), o ang agwat sa pagitan ng kaya ng mag-aaral nang mag-isa at ng kaya niyang gawin sa tulong ng mas nakaaalam, tulad ng guro, kapwa mag-aaral, o mga kagamitang pantulong tulad ng diksyunaryo. Sa madaling salita, higit na nagiging makabuluhan ang pagkatuto ng mag-aaral kapag nabibigyan siya ng gabay at suportang naaayon sa kaniyang antas ng kakayahan. Sa ganitong proseso, unti-unting nalilintang ang kaniyang kakayahang matuto nang higit na malaya, may kumpiyansa, at may sapat na pag-unawa sa mga bagong konsepto. Sa pamamagitan ng angkop

na suporta, naiuugnay ng mag-aaral ang dating kaalaman sa bagong kaalaman at nahuhubog ang kaniyang pagiging aktibo at responsable sa sariling proseso ng pagkatuto.

Nauugnay ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang mabubuonang diksyunaryo ng mananaliksik ay maaaring ituring na isang kultural na kasangkapan na binuo ng guro. Ang kagamitang ito ay naglalayong makatulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang akdang Florante at Laura dahil may katumbas na salin sa nauunawaan salita ng mga mag-aaral ang mga malalalim na salita mula sa akda. Dahil dito, nagiging mas malinaw ang ugnayan ng wika, kultura, at pagkatuto, na sentro ng pananaw ni Vygotsky. Higit pa rito, maaaring mapatibay ang aktibong pagkatuto sapagkat nagkakaroon ang mga mag-aaral ng kakayahang magamit ang kanilang dating kaalaman bilang batayan sa pagbuo ng panibagong pag-unawa sa mga konsepto at mensaheng nakapaloob sa Florante at Laura.

Nakaangkla din ang pag-aaral na ito sa Teorya ni Chomsky, na nagsasaad na ang tao ay ipinanganak na may likas na kakayahang matuto ng wika. Ang kakayahang ito ay higit pang nalilining sa pakikipag-ugnayan sa kapaligiran. Hindi blangkong papel ang isip ng bata sa halip may taglay na mekanismong pangkaisipan na tumutulong upang maunawaan at mabuo ang tuntunin ng wika, na kadalasang iniuugnay sa Language Acquisition Device o LAD. Ipinakikita ng teoryang ito na mas nagiging epektibo ang pagkatuto ng wika kapag nabibigyan ang mga mag-aaral ng mga angkop na kagamitang panturo na sumusuporta sa kanilang likas na kakayahang umunawa at gumamit ng wika.

Tulad ng mga taong isinilang sa baryo ng Apia na natuto ng wikang Kinaray-a kung saan ay higit na nalinang dahil sa naririnig at ginagamit sa araw-araw na pakikisalamuha. Dito ipinapakita lamang na ang tao ay may likas na kakayahang matuto ng wika. May kaugnayan ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat binabanggit dito ang taglay na kakayahan ng tao na matuto ng wika at dahil sa gabay ng mabubuonang diksyunaryong kinaray-ay posibleng mapalawak ang likas na kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga matatalinhagang salita sa Florante at Laura na maaaring ituring na mahalagang salik sa pagkatuto ng nilalaman ng akda dahil nasusulat sa nauunawang salita. Sa pamamagitan nito, higit na mapalalawak ang kanilang bokabularyo, pag-unawa sa nilalaman ng akda, at kakayahang magamit ang mga natutuhang salita, na umaayon sa pananaw ni Chomsky hinggil sa likas na paglinang ng kakayahang pangwika.

Sa pahayag naman ni Tarp, ang diksyunaryo ay hindi dapat tingnan bilang simpleng imbentaryo ng mga salita o purong akdang linggwistik. Ito ay isang kasangkapan na idinisenyo para tumugon sa tiyak na pangangailangan ng tiyak na gagamit sa tiyak na sitwasyon. Sa pananaw na ito, ang halaga ng diksyunaryo ay nasusukat hindi lamang sa dami ng leksikal na datos kundi sa kakayahan nitong magbigay ng angkop na tulong sa aktuwal na pangangailangan ng gumagamit. Sa tradisyunal na pagtingin, ang diksyunaryo ay karaniwang iniisip bilang sangguniang aklat na naglilista ng kahulugan, baybay, bigkas, at iba pang impormasyong pangwika. Sa teorya ni Tarp, mas mahalaga ang tanong na: Sino ang gagamit? Para saan niya ito gagamitin? Sa anong sitwasyon niya kailangan ang impormasyon? Kapag malinaw ang tatlong ito, saka lamang maipapaliwanag kung anong uri ng nilalaman ang dapat ilagay sa diksyunaryo.

May kaugnayan ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang nilalaman ng mabubuonang diksyunaryo ay may salin sa nauunawang salita ng mga mag-aaral. Nilapatan rin ng wastong bigkas, tinukoy ang bahagi ng pananalita at ginamit sa pangungusap. Sa ganitong paraan, nagiging isang functional at learner-centered na kagamitang pampagkatuto ang diksyunaryo, na hindi lamang nagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral kundi magpapadali rin sa kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa Florante at Laura. Kaya naman, ang teorya ni Tarp ay nagsisilbing matibay na batayan sa pagdidisenyo at pagbuo ng diksyunaryong

Kinaray-a upang matiyak na ang nilalaman nito ay angkop, kapaki-pakinabang, at tumutugon sa tunay na pangangailangan ng mga gumagamit.

Ipinakikita sa figura 1 ang paradigma ng pag-aaral na inilalahad ang tatlong pangunahing tampok na detalye. Matutunghayan sa unang kahon ang mga baryabol na ginamit sa pag-aaral, kabilang dito ang mga sumusunod: mga palasak na salitang kinaray-a na ginagamit ng mga mag-aaral, pag-uuri ng mga nakalap na salitang Kinaray-a sa bahagi ng pananalita, mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan, mga isyu at hamon sa pagkatuto ng Florante at Laura at disenyo ng diksyunaryo. Isinasaad naman sa ikalawang kahon ang mga paraan na ginawa ng mananaliksik upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito. Makikita na ginamit ng mananaliksik ang dokyumentari analisis at interbyu. Samantalang matutunghayan naman sa ikatlong kahon ang naging resulta o kalalabasan ng ginawang pag-aaral o ang awtput nito. Ang awtput ng pag-aaral ay, diksyunaryong Kinaray-a.




Figura 1. *Paradigma ng Pag-aaral*

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglayong makabuo ng Diksyunaryong Kinaray-a upang maging gabay ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Florante at Laura baitang walo sa paaralan ng Apia.

Nilayon din ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anong mga palasak na wikang Kinaray-a ang ginagamit ng mga mag-aaral?
2. Paano mauuri ang mga nakalap na salitang Kinaray-a ayon sa bahagi ng pananalita?
3. Ano ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan?
4. Ano ang mga isyu at hamon sa pagkatuto ng Florante at Laura?
5. Anong disenyo ng diksyunaryo ang maaaring gamitin?
6. Batay sa pagsusuri, anong diksyunaryong Kinaray-a ang maaaring mabuo?

Saklaw, Delimitasyon at Limitasyon

Sinasaklaw ng pag-aaral na ito ang pagtukoy ng mga palasak na wikang Kinaray-a na ginamit ng mga mag-aaral. Saklaw rin nito ang pag-uuri ng mga nakalap na salitang Kinaray-a sa bahagi ng pananalita. Mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan. Mga isyu at hamon sa pagkatuto ng Florante at Laura at ang disenyo ng diksyunaryo na maaaring gamitin at panghuli, ang diksyunaryong Kinaray-a na maaaring mabuo na naglalayong makatulong sa pagkatuto ng Florante at Laura.

Hindi isinama sa pag-aaral na ito ang mga aralin sa una hanggang ikatlong markahan dahil ito ay tumalatakay na sa gramatika at ibang babasahin. Gayun din, hindi isinama ang lahat ng mga salita sa akda sa pagbuo ng diksyunaryo kundi yaong mga mahihirap na salita na may katumbas na kahulugan sa Kinaray-a mula sa palasak na salita na nakalap sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral. Hindi rin isinama sa pananaliksik na ito ang iba pang mga paaralan sa ibang distrito. Ang pag-uukulan ng pansin dito ay ang mga mag-aaral sa grado 8 sa paaralan ng Apia sa Distrito ng II-F. Hindi na rin isinama sa pag-aaral ang iba pang mga dayalektong ginagamit ng mga mag-aaral sapagkat nakatuon ang pag-aaral na ito sa dayalektong Kinaray-a na ginagamit ng mga estudyante.

Kabilang sa kahinaan ng pananaliksik na ito ang limitadong bilang ng pinagkuhaan ng mga datos na binubuo lamang ng mga mag-aaral sa baitang walo sa paaralan ng Apia. Gayundin, sa dami ng mga wikang Kinaray-a na nakalap mula sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral, hindi nakita ang lahat ng bahagi ng pananalita. Walang nakitang pang-ukol, panghalip, pang-abay at pang-angkop sapagkat ang mga salita ay kinalap lamang sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa Florante at Laura. Isa pa, bihirang gamitin ang mga bahagi ng pananalitang ito sa dayalektong Kinaray-a. Kabilang pa rin sa kahinaan ng pag-aaral na ito, sa dami ng mga estratehiyang ginagamit at isyung kinakaharap ng mga guro, hindi na isinama ang walang kaugnayan sa Florante at Laura.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Mahalaga ang pag-aaral na ito sa Komisyon ng Wika, Kagawaran ng Edukasyon, Gumawaga ng Kurikulum, Tagapagpalanong Pangwika, Lokal na Pamahalaan, Pinuno ng Paaralan, mga Guro, Magulang, Mag-aaral at sa Susunod na Mananaliksik.

Para sa Komisyon ng Wika, madaragdagan ang mga sangguniang maaaring gamitin sa pagpapaunlad, dokumentasyon, at pangangalaga ng mga katutubong wika sa bansa, partikular ng wikang Kinaray-a. Ang mabubuong diksyunaryong Kinaray-a ay maaaring magsilbing batayang sanggunian sa pagbuo ng iba pang proyektong pangwika, tulad ng mga glosaryo, at kagamitang panturo na nakatuon sa mga rehiyonal na wika. Sa pamamagitan nito, higit na mapalalakas ang adhikain ng Komisyon na itaguyod ang multilingguwalismo at ang patuloy na pag-unlad ng wikang Filipino kasabay ng pagpapahalaga sa mga rehiyonal na wika.

Para sa Kagawaran ng Edukasyon, ang resulta ng pag-aaral ay magiging batayan sa paglinang ng iba pang lokal na kagamitang pampagtuturo na nakabatay sa unang wika ng mga mag-aaral. Makikinabang din ang mga guro sa pagkakaroon ng isang mapagkakatiwalaang sanggunian na magagamit sa paghahanda ng mga aralin at estratehiya sa pagtuturo ng panitikan at wikang Filipino. Higit sa lahat, mahihikayat ang mga guro at iba pang edukador na magsagawa ng mga pananaliksik at bumuo ng mga kagamitang



pampagtuturo na gumagamit ng mga rehiyonal na wika bilang tulay sa mas mabisa at makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Para sa Gumagawa ng Kurikulum, inaasahang ang pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa mga gumagawa ng kurikulum sapagkat magkakaroon sila ng batayan sa pagdidisenyo at pagpapahusay ng mga kurikulum na higit na tumutugon sa kalagayang pangwika at pangkultura ng mga mag-aaral. Ang mabubuong diksyunaryong Kinaray-a ay maaaring magsilbing sangguniang materyal sa pagbuo ng mga nilalaman, estratehiya, at kagamitang pampagtuturo na gumagamit ng unang wika ng mga mag-aaral bilang tulay sa pagkatuto ng wikang Filipino at panitikang Pilipino, lalo na sa pagtalakay ng Florante at Laura.

Para sa Tagaplanong Pangwika, ang pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay upang makabuo o makagawa ang Education Program Supervisor (EPS) katuwang ang mga dalubguro sa Filipino sa Dibisyon ng Antipolo ng proyekto o aktibidad para sa lalo pang pagpapaunlad at pagpapapreserba ng mga wikang ginagamit ng mga tao sa isang lugar para sa lalo pang pagpapaunlad ng wika at magamit sa pagkatuto.

Para sa Lokal na Pamahalaan, magkakaroon ito ng karagdagang batayan sa pagbuo at pagpapatupad ng mga programa at inisyatiba na nagtataguyod sa pangangalaga at pagpapayaman ng mga katutubong wika at kulturang lokal. Alinsunod sa Local Government Code of 1991 (Republic Act No. 7160), na nagbibigay sa mga lokal na pamahalaan ng kapangyarihan na magsulong ng mga gawaing pangkultura at pang-edukasyon para sa kapakanan ng kanilang nasasakupan, ang mabubuong diksyunaryong Kinaray-a ay maaaring magsilbing mahalagang sanggunian sa pagpapanatili at pagtataguyod ng wikang Kinaray-a bilang bahagi ng lokal na pamana sa lugar ng Apia.

Para sa Pinuno ng Paaralan, magsisilbing batayan ang pag-aaral na ito sa pagpapalano at pagpapatupad ng mga programang pang-akademiko na nagtataguyod ng mas makabuluhang pagkatuto ng panitikang Pilipino. Ang mabubuong diksyunaryong Kinaray-a ay maaaring irekomenda bilang pantulong na kagamitang pampagtuturo sa mga gurong nagtuturo ng Florante at Laura, lalo na sa mga paaralang may malaking bilang ng mga mag-aaral na gumagamit ng wikang Kinaray-a. Sa pamamagitan nito, magkakaroon ang mga pinuno ng paaralan ng konkreong sanggunian sa pagsuporta sa paggamit ng mga kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo na naaayon sa pangangailangan at kakayahang pangwika ng kanilang mga mag-aaral.

Sa mga Guro, makatutulong ang pag-aaral na ito sa pagkakaroon ng isang kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo na maaari nilang isama sa kanilang mga estratehiya sa pagtuturo upang mapataas ang antas ng pag-unawa at pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan. Ang diksyunaryong ito ay maaari ring makatulong sa paghahanda ng mga aralin, gawaing pampagkatuto, at pagtataya na angkop sa kakayahang pangwika ng kanilang mga mag-aaral. Higit sa lahat, magiging kapaki-pakinabang ito sa mga gurong nagtuturo sa mga mag-aaral na gumagamit ng wikang Kinaray-a, sapagkat mabibigyan sila ng isang praktikal na sanggunian na magsisilbing tulay sa mas makabuluhan at mas malalim na pagkatuto ng Florante at Laura.

Para sa mga Magulang, bilang unang guro ng kanilang mga anak, ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa kanila upang higit na pag-ibayuhin ang kanilang paggabay at payo sa kanilang mga anak gamit ang diksyunaryong Kinaray-a. Makatutulong din ito sa pagpapaangat ng kakayahan ng kanilang mga anak upang mapalawak ang kanilang antas ng pag-unawa sa pamamagitan ng pagsuporta sa kanilang mga anak gamit ang mabubuong diksyunaryo.

Sa mga Mag-aaral, ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa pagpapalawak ng kanilang pag-unawang pampanitikan sa pamamagitan ng paggamit ng diksyunaryong Kinaray-a bilang pantulong sa pagkatuto ng Florante at Laura. Malilinig nito ang kanilang kasanayan sa pagbibigay-kahulugan sa mga salita at pagpapakahulugan sa nilalaman ng akda batay sa konteksto. Higit pa rito, mapauunlad ang kanilang kakayahan sa kritikal na pag-iisip at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan, na magsisilbing daan upang higit nilang mapahalagahan ang mensahe, tema, at kulturang nakapaloob sa akda. Sa pamamagitan ng mas malinaw na pag-unawa sa bokabularyo at nilalaman ng Florante at Laura, inaasahang magiging mas mahusay din ang kanilang pagpapahayag ng mga ideya, pananaw, at sariling interpretasyon sa talakayan at iba pang gawaing pampagkatuto.

Para sa iba pang mananaliksik, ang pag-aaral na ito ay makatutulong bilang sanggunian sa pagsasagawa ng mga susunod na pananaliksik na may kaugnayan sa paggamit ng diksyunaryong Kinaray-a sa pagkatuto ng Florante at Laura. Magbibigay rin ito ng mahahalagang impormasyon at teoretikal na batayan na maaari nilang gamitin sa pagpapalawak ng kanilang sariling pag-aaral. Higit pa rito, maaari nilang siyasatin ang iba pang mga baryabol, metodo, at konteksto na hindi naisama sa kasalukuyang pananaliksik upang higit pang mapalawak ang kaalaman sa larangang ito. Sa ganitong paraan, inaasahang makapag-aambag ang mga susunod na pag-aaral sa patuloy na pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkatuto ng panitikan sa pamamagitan ng paggamit ng mga kagamitang nakabatay sa katutubong wika.

Katuturan ng mga Katawagang Ginamit

Upang lubos na maunawaan ng mambabasa ang pag-aaral na ito, sinikap ng mananaliksik na bigyan ng kahulugan ang mga sumusunod na katawagan ayon sa mga aklat at pagkakagamit ng mga ito sa pag-aaral.

Diksyunaryo. Ito ay tumutukoy sa isang sistematikong koleksyon ng mga salita, parirala, at lingguwistikong ekspresyon ng isang wika na nakaayos alpabetiko na naglalaman ng detalyadong paliwanag tulad ng mga kahulugan, etimolohiya, pagbigkas, gramatikal na katangian, sinonimo, antonimo, at mga halimbawa ng paggamit upang magsilbing gabay sa pag-unawa at tamang aplikasyon ng bokabularyo (Anayatin, 2020).

Sa pananaliksik, ito ang mabubuong diksyunaryong Kinaray-a. Kung saan isinaayos ang mga piling salita mula sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral na may katumbas na salin sa Florante at Laura nang paalpabeto, may etimolohiya, nilagyan ng tuldik para sa wastong pagbigkas, inihanay sa bahagi ng pananalita at ginamit sa pangungusap upang magsilbing sangguniang panturo. Nang sa gayon ay mapalawak ang kanilang bokabularyo sa pag-unawa sa nilalaman ng akda.

Disenyo. Ang disenyo ay isang sistematikong proseso ng pagbabalangkas, pagpaplano, at pag-oorganisa ng mga elemento upang makalikha ng isang maayos na istraktura, anyo, o sistema na nakatuon sa pagtupad ng isang tiyak na layunin. Ipinahihiwatig nito na ang bawat bahagi ng isang produkto, programa, o kagamitan ay maingat na pinaplano upang maging angkop, organisado, at epektibong magamit. Sa pamamagitan ng wastong disenyo, natitiyak na ang bawat elementong isinasama ay may malinaw na layunin at makatutulong sa kabuuang bisa at gamit ng binubuong materyal (Norman, 2016).

Sa pananaliksik, ito ang gabay sa pagbuo ng diksyunaryo. Inilapat ang mga prinsipyo ng maayos na pagpaplano at pag-oorganisa sa pagpili, pag-aayos, at paglalahad ng mga salitang Kinaray-a at ng kanilang mga kahulugan upang makabuo ng isang malinaw, organisado, at madaling gamitin na kagamitang

pampagkatuto. Ang disenyo rin ang naging batayan sa pagbuo ng estruktura at nilalaman ng diksyunaryo upang matiyak na ito ay angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa Florante at Laura.

Estratehiya. Ito ay isang sistematikong plano o hanay ng mga koherenteng desisyon at aksyon na idinisenyo upang magtamo ng mahabang-panahong mga layunin sa ilalim ng kondisyon ng kawalang-katiyakan, na kinabibilangan ng pagtatasa ng kapaligiran, mapagkukunan, at pagpapatupad ng mga hakbang na naaayon sa mga prayoridad (Lafley at Martin, 2016).

Ginamit ito sa pag-aaral bilang batayan sa pagsusuri ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura upang mapalawak ang talasalitaan ng mga mag-aaral. Mula sa mga natukoy na estratehiya, nabigyang-daan ang pagbuo ng diksyunaryong Kinaray-a na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga guro at mag-aaral sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang mga estratehiyang ito ay nagsilbing gabay sa pagpili ng mga salitang isasama, sa pagdidisenyo ng nilalaman, at sa pagtiyak na ang nabuong diksyunaryo ay magiging angkop at kapaki-pakinabang bilang kagamitang pantulong sa pagpapalawak ng talasalitaan at pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Florante at Laura.

Florante at Laura. Isa awit na isinulat ni Francisco Balagtas dela Cruz Salazar noong 1838, na naglalarawan ng pag-ibig nina Florante at Laura sa gitna ng mga pagsubok mula sa pagtataksil, pang-aapi, at digmaan sa mga kathang-isip na kaharian ng Albanya at Persia, na may simbolismo ng kolonyal na pananakop, katiwalian sa pamahalaan, at panawagan para sa katarungan at pagbabagong panlipunan (Salazar, 2016).

Sa isinagawang pag-aaral, ginamit ito bilang pangunahing batayan sa pagpili ng mga malalalim na salitang matatagpuan sa Florante at Laura na naging pokus sa pagbuo ng diksyunaryong Kinaray-a. Sinuri ng mananaliksik ang mga piling bokabularyo sa akda at binigyan ang mga ito ng katumbas na salin sa mga palasak na salitang Kinaray-a na karaniwang ginagamit at nauunawaan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nabuo ang isang diksyunaryo na magsisilbing tulay sa pagitan ng malalalim na salitang ginagamit sa Florante at Laura at ng pang-araw-araw na wikang Kinaray-a ng mga mag-aaral.

Isyu at Hamon. Ito ay isang kontrobersyal na paksa, problema, o sitwasyong nagdudulot ng debate, diskusyon, o hindi pagkakasundo sa loob ng isang indibidwal, grupo, o lipunan, na madalas na may mga magkabilang panig at nangangailangan ng pagtatasa ng ebidensya upang malutas, habang ang hamon ay ang mga praktikal na pagsubok, balakid, o kahinaan na kinakaharap sa pagpapatupad ng solusyon, na nagiging sanhi ng pagbabago o pagpapaunlad kapag natugunan (Villamor, 2020).

Ginamit ito sa pag-aaral bilang batayan sa pagtukoy at pagsusuri ng mga isyu at hamong nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura. Sinuri ng mananaliksik ang mga suliraning may kaugnayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa malalalim na salita, kakulangan ng angkop na kagamitang panturo, at iba pang balakid na nakaaapekto sa epektibong pagtuturo ng akda. Ang mga natukoy na isyu at hamon ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng diksyunaryong Kinaray-a upang makapagbigay ng isang angkop at kapaki-pakinabang na kagamitang pantulong na tutugon sa mga pangangailangan ng mga guro at mag-aaral.

Talasalitaan. Ito ang koleksyon o hanay ng mga salita, parirala, at ekspresyong linggwistiko na pamilyar at aktibong ginagamit ng isang indibidwal o komunidad sa loob ng isang wika, na nagsisilbing pundasyon ng komunikasyon, pag-unawa, at pagpapahayag ng kaisipan, na umuunlad sa pamamagitan ng karanasan, edukasyon, at konteksto-kultural (Nolasco, 2018).

Sa pag-aaral, ito ay tumutukoy sa mga malalalim na salita mula sa akdang Florante at Laura na may katumbas na salin sa wikang Kinaray-a na kinagisnang salita ng mga mag-aaral. Tinipon ito at itinala upang makatulong sa pag-unawa ng mga matatalinhagang salita tungo sa pagkatuto ng akda.

Pagpapaunlad ng Talasalitaan. Ito ang sistematikong proseso ng pagpapalawak, pagpapatibay, at pagpapayaman ng bokabularyo ng isang indibidwal o grupo sa pamamagitan ng mga estratehiyang tulad ng kontekstuwal na pagkakalantad, paulit-ulit na paggamit, visual aids, at aktibong interaksyon sa wika, na naglalayong mapahusay ang komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at kakayahang kognitibo habang iniugnay sa kultural at edukasyonal na konteksto (Fahmiati, 2016).

Sa pag-aaral, tumutukoy ito sa mga pamamaraang ginagamit ng mga guro sa pagpapalawak ng talasalitaan upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga salita, konsepto, at kaisipang nakapaloob sa akdang Florante at Laura. Kabilang dito ang paggamit ng iba't ibang estratehiya tulad ng pagsasalin ng malalalim na salita sa wikang Kinaray-a, pagbibigay ng kasing kahulugan, paggamit ng mga halimbawa sa pangungusap, at iba pang gawaing pampagkatuto na nagpapalalim sa pag-unawa at wastong paggamit ng mga salita.

Ponemang Segmental. Ito ay tumutukoy sa pinakamaliit na yunit ng tunog sa isang wika na may kakayahang magbago ng kahulugan ng isang salita. Binubuo ito ng mga ponemang katinig at ponemang patinig na pinagsasama-sama upang makabuo ng mga salita. Kapag napalitan, nadagdag, o nabawasan ang isa sa mga ponemang ito, maaaring magbago ang kahulugan ng salita. Dahil dito, mahalaga ang ponemang segmental sa wastong pagbigkas, pagbaybay, at pag-unawa sa kahulugan ng mga salita sa isang wika. Halimbawa, sa mga salitang bata at basa, ang pagpapalit ng ponemang /t/ sa /s/ ay nagbunga ng magkaibang salita at kahulugan. Gayundin, sa pito at rito, ang pagpapalit ng ponemang /p/ sa /r/ ay lumilikha ng panibagong salita na may ibang kahulugan (Tanangco, 2020).

Sa pag-aaral, magsisilbi itong batayan sa Pagbuo ng Diksyunaryong Kinaray-a sapagkat binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng wastong pagbigkas at wastong pag-unawa sa kahulugan ng mga salita. Bilang bahagi ng mabubuon diksyunaryo, isasama ang wastong bigkas ng bawat salitang Kinaray-a upang matulungan ang mga mag-aaral na mabigkas ng tama ang mga salita at maiwasan ang pagbabago ng kahulugan na maaaring idulot ng maling pagbigkas ng mga ponemang katinig at patinig.

Ponemang Suprasegmental. Ito ay tumutukoy sa mga katangiang ponolohikal ng wika na hindi nakapaloob sa iisang ponema kundi sumasaklaw sa isa o higit pang tunog, pantig, salita, o buong pahayag. Kabilang dito ang diin, tono o intonasyon, hinto o antala, ritmo, at bilis ng pagsasalita, na nakatutulong sa pagbibigay ng wastong kahulugan, damdamin, layunin, at estrukturang gramatikal ng isang pahayag. Bagama't hindi nito binabago ang pagkakasunod ng mga katinig at patinig, malaki ang epekto nito sa wastong pagbigkas at interpretasyon ng mensahe. Halimbawa, sa salitang búhay (life) at buháy (alive), ang pagbabago ng diin ay nagbunga ng magkaibang kahulugan. Gayundin, sa pahayag na kumain na tayo at kumain na tayo? Ang pagbabago ng intonasyon ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng isang pahayag at isang tanong. Samantala, sa pangungusap na hindi, siya ang kumuha at hindi siya ang kumuha, ang pagbabago ng hinto o antala ay nakaaapekto rin sa kahulugan ng ipinahahayag (Mawlood, 2017).

Sa pag-aaral, ang nabuong diksyunaryong Kinaray-a ay hindi lamang naglalahad ng kahulugan ng mga salita kundi maging ng kanilang wastong pagbigkas at diin sa pamamagitan ng paggamit ng mga tuldik tulad ng malumay, malumi (˘), mabilis (˙), at maragsa (^). Ang mga tuldik na ito ay nagsisilbing palatandaan ng wastong diin at paraan ng pagbigkas, na kabilang sa mga elementong suprasegmental. Sa ganitong



paraan, naiiwasan ang maling interpretasyon ng mga salita at napananatili ang tamang kahulugan sa akda. Dahil dito, maaaring maging epektibo ang diksyunaryo bilang kagamitang panturo na tutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang bokabularyo, mapahusay ang kanilang kasanayan sa pagbasa, at malinang ang wastong paggamit at pagpapahalaga sa wikang Kinaray-a.

Uri ng Salita. Ito ang gramatikal na klasipikasyon o kategorya ng mga salita batay sa kanilang morpolohikal na anyo, sintaktikong tungkulin, at semantikong kahulugan sa loob ng isang wika, na kinabibilangan ng mga pangngalan (nouns), pandiwa (verbs), pang-uri (adjectives), pang-abay (adverbs), pananda (articles) at preposisyon, na nagbibigay-daan sa maayos na pagbuo ng mga pahayag (Bautista, 2017).

Sa pag-aaral, ginamit ito bilang batayan sa pagkakategorya ng mga nakalap na salitang Kinaray-a ayon sa bahagi ng pananalita. Ang bawat salitang isinama sa diksyunaryo ay tinukoy kung ito ay pangngalan, pandiwa, pang-uri, pangatnig at pananda.

Wikang Kinaray-a. Isang Austronesyanong wika na kabilang sa pamilya ng mga wikang Kabisayaan, na pangunahing sinasalita ng mga Karay-a sa mga lalawigan ng Antique, bahagi ng Capiz, Iloilo, Aklan, Guimaras, at ilang lugar sa Palawan, na nagmula sa salitang iraya o ilaya na tumutukoy sa mga naninirahan sa bulubunduking bahagi ng Panay (na kaibahan sa ilawod ng mga taga-baybayin), na may mga natatanging tunog tulad ng r at schwa, at may mahigit 500,000 nagsasalita ayon sa sensus (Tani, 2020).

Ginamit ito sa pag-aaral bilang pangunahing wikang pinagkunan ng mga palasak na salitang Kinaray-a mula sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa matatalinhaga na salitang matatagpuan sa Florante at Laura. Ang mga salitang Kinaray-a na karaniwang ginagamit at nauunawaan ng mga mag-aaral ay maingat na pinili, isinaayos, at inihanay sa mga salitang nasa akda upang mabuo ang diksyunaryong Kinaray-a.

Kaugnay na Literatura at Pag-Aaral

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik.

Kaugnay na Literatura

Ipinapakita ng bahaging ito ang mga kaugnay na literatura na magsisilbing gabay upang lalo pang maragdagan ang kaalaman hinggil sa diksyunaryong Kinaray-a. Kabilang sa tatalakayin ang mga sumusunod na paksa: wikang Kinaray-a, bahagi ng pananalita, estratehiya sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan, mga isyu at hamon sa pagtuturo ng Florante at Laura at pagbuo ng diksyunaryong Kinaray-a.

Wikang Kinaray-a. Ang Kinaray-a ay isang wikang *Austranesyano* na siyang pangunahing wika na gamit sa lalawigan ng Antique sa Pilipinas. Ilan lang ito sa mga wika ng Kabisayaan, kabilang na rin dito ang Aklanon o Malaynon, Kapiznon at Hiligaynon. Nagmula ang salitang Kinaray-a sa salitang iraya o ilaya sa wikang Tagalog, na tumutukoy sa mga mamamayang nakatira sa bulubunduking bahagi ng lalawigan (Salinas, et al. 2017). Mayroong mga pagkakaiba-iba sa paraan ng pagsasalita ng Kinaray-a sa bawat bayan, ito'y mapapansin sa bokabularyong gamit sa pagitan ng mga diyalekto. Ang pagkakaiba-iba

at antas ng di pagkakatulad ng mga diyalekto sa bawat isa ay nakadepende ng husto kung gaano kalapit ng isang lugar sa kabilang lugar na may ibang wikang gamit.

Sa gawing hilaga ng Antique, mayroong diyalektong nahahawig sa Aklanon, ang wika ng Aklan, na syang kalapit-lalawigan sa hilaga. Sa timog naman, mas nahahawig ang mga diyalekto doon sa sinasalita sa mga bayan ng San Joaquin at Miagao ng Iloilo. Ang Kinaray-a ay isang sangay ng Hesperonesian at wikang Austronesyo na pangunahing gamit sa lalawigan ng Antique at interior na Rehiyon VI, lingua franca ng Kanlurang Bisayas, Hiligaynon, Ilongo at mga di masyadong palasak na Akeanon. Naipalagay din na Ilongo, ayon sa kasaysayan ito'y ginagamit na wika ng mga proletariat tulad ng mga hacienderos. Samantala sa gawing Guimaras ang Kinaray-a ay wika ng mga sakada at mga muchacho kayat sa panahon ng mga Kastila ay wala ni isang idinebelop na aklat balarila at katesismo sa wikang Kinaray-a (DepEd Antique, 2020).

Ganito din ang winika ni Octavio (2017), na ang wikang Kinaray-a ay isang Austronesyo na sinasalita sa mga lalawigan ng Antique, Iloilo at Guimaras sa Pilipinas. Ito ay mayroong mga katangian na nagpapakita ng kultura at kasaysayan ng mga wikang Kinaray-a. Tumutugma dito ang pahayag ng KWF (2016) na ang Kinaray-a ay lengguwahe ng mga taong Bisaya na nakatira sa probinsya ng Iloilo, Antique, Guimaras, Palawan at ilang bahagi ng Aklan sa rehiyon ng Visayas. Sinang-ayunan ito ng University of the Philippines Visayas (UPV), na ang Kinaray-a ay ginagamit sa rehiyon ng Panay, partikular sa mga lalawigan ng Antique, Iloilo, aklan at Capiz. Isa ang probinsya ng Aklan sa gumagamit ng Kinaray-a partikular sa mga lungsod nito sa Nabas, Buruanga, Malay, Madalag, Ibajay at Kalibo.

Ganito naman ang pahayag ni Boquet (2017), na ang Panay ang ikaapat na pinakapopuladong isla sa Pilipinas na may kabuuang 4, 477, 247 katao. Ang populasyon ng Panay ay mahigit na sumasakop sa 4.4% sa kabuuang populasyon sa Pilipinas. Habang ang probinsya ng Antique ay humigit kumulang aabot ng 582, 012 tao. Dahil sa matarik na likas ng lupa at sa mataas na bulubundukin na naghihiwalay sa Antique, Aklan at Iloilo, nakabuo ang mga naninirahan sa Antique ng panibago at natatanging lengguwahe na ang tawag ay Kinaray-a. Ang dayalektong ito ay nagmula sa Austronesian na kilala sa paggamit ng r at schwa na tunog at may malalambing na tuno.

Sa pahayag naman ni Conant, na ang Kinaray-a ay kabilang sa mga wikang Bisaya sa Visayas, samantalang ang Tagalog ay kabilang sa Gitnang Luzon na bahagi rin ng mas malawak na pamilya ng mga wikang Austronesyo. Ang dalawang wikang ito ay nagmula sa isang sinaunang pinagmulan o proto-wika na Austronesyo. Dahil sa ugnayang ito, may mga salita sa Kinaray-a na malapit ang tunog o baybay sa Tagalog, tulad ng mga salitang tao/tawo, ilong/irong, at tainga/talinga. Ipinapakita nito na bagamat magkahiwalay na wika na may kani-kaniyang pag-unlad, may mga salita itong magkahawig ngunit may pagbabago sa pagbigkas, intonasyon, at kahulugan ng mga salita na bunga ng ebolusyon ng wika sa magkakalibang rehiyon. Ito ay may kaugnayan sa pahayag ni Augusto (2024) tungkol sa leksikong kultural ng Tagalog at Sinugbuanon, na maraming salita ang may magkakaparehong anyo ngunit nagkakaiba sa kahulugan at rehistro dahil sa heograpikal at sosyolingguwistikong konteksto.

Batay sa saliksik ng Philippines Arts and Culture, ang wikang Kinaray-a ay isa sa pinakamatandang wika sa isla ng Panay. Ayon sa estadistika ng PSA (2020), higit 500, 000 ang nagsasalita nito at ginagamit sa Antique, Capi, Iloilo, Aklan at Palawan. Inaasahan ang pagtatayo ng iba't ibang Bantayog-Wika sa Pilipinas na mayroong 130 katutubong wika at itinuturing na di-nasasalat na pamanang pangkultura o intangible cultural heritage. Ito ay may 29 patinig at 20 katinig. Ilan sa mga halimbawa ng mga titik at salita sa Kinaray-a ay: a – amo, b – busay, kuding, s – sarug, d – daraga, g – gabii, h – hambar, holen, k – bitik,



k- kamang, n – nami, ngaran, o – bolo, p – pato, r – uran, s – sugba, t – takup, u – busong, at w – wasay. Ang mga ito ay nagpapakita ng sistematikong alpabeto ng Kinaray-a na ginagamit sa pagsulat at pagbigkas ng wika. Ang ponolohiya ng Kinaray-a ay may limang pangunahing patinig na a, e, i, o, u at may tunog schwa na kinakatawan ng letrang "ë" o "u" na may malambing na tono, na nagpapakita ng katangian ng wikang ito. Ang mga katinig naman ay kinabibilangan ng mga plosibo, nasal, fricative, at approximant na tumutugma sa mga nabanggit na titik sa alpabeto. (Komisyon sa Wikang Filipino, 2024)

Binanggit naman ni Legarda (2018) sa isang paligsahan sa DepEd Antique kung saan ang kanyang adbokasiya ay pangalagaan ang kultura ng mga Karay-a dahil ito ay mahalagang bahagi ng pagkatao. Isinaad pa niya na sa United Nations, ang ating wika ay napakahalaga sa pangangalaga ng ating pamanang pangkultura, kaya naman lubos ang kanyang pagsuporta sa programa ng DepEd upang matuto at masanay ang kabataan sa kanilang wika bago matuto ng ibang wika. Kaya naman siya ay nagtayo ng Bantayog Wika o Language Marker para sa Kinaray-a, na kauna-unahang naitayo sa bansa, upang maging paalaala sa atin na pangalagaan ang ating wika. Ang Kinaray-a ay maituturing na kayamanan at tatak ng bawat Antiqueno kaya dapat natin itong panatilihin, pangalagaan, mahalin at payabungin pa sa pamamagitan ng paggamit nito at pagraos ng gawai't patimpalak.

Ang Padya Dungug Kinaray-a (2024) ay isang patimpalak sa pagsulat na ginanap sa ilalim ng Dungug Kinaray-a Inc., isang pribadong organisasyon na may layuning ipromote at ipreserve ang wika at kultura ng mga Karay-a. Ang patimpalak na ito ay may iba't ibang kategorya, kabilang ang Binalaybay (tula), Sugidanun (kwento), Pangabuhian (sanaysay) at iba pa. Ang mga kalahok ay binubuo ng mga manunulat na nagsasalita ng wikang Kinaray-a, at ang kanilang mga akda ay sinusuri ng isang panel ng mga hurado. Ang Padya Dungug Kinaray-a ay isang mahalagang kaganapan sa pagtataguyod ng wikang Kinaray-a at kultura ng mga Karay-a. Ito ay nagpapakita ng pagmamahal at pagpapahalaga ng mga Karay-a sa kanilang wika at kultura.

Isinambit naman ni Cruz (2023), sa kanyang fieldwork sa Miag-ao, Iloilo, na ang mga Kinaray-a speakers ay aktibong gumagamit ng kanilang wika sa pang-araw-araw na buhay, kabilang ang mga kultural na gawain at usapan sa pamilya at komunidad. Dagdag pa ng SDO Antique, ang Kinaray-a ay nagsisilbing pangunahing midyum ng komunikasyon sa mga komunidad nito, pinapanatili nito ang ugnayan at pagkakaisa ng mga mamamayan. Bukod dito, ang Kinaray-a ay nagsisilbing daan upang mapreserba ang kultura, tradisyon, at paniniwala ng mga Karay-a, sapagkat nakapaloob dito ang kanilang kasaysayan at identidad bilang mga Pilipino. Sa pagiging bahagi ng pagiging Pilipino, ang wikang Kinaray-a ay isang mahalagang aspeto ng pagkakakilanlan ng mga Karay-a bilang mga katutubo ng Visayas, lalo na ng Panay. Hindi lamang ito daluyan ng araw-araw na usapan kundi isang simbolo ng kanilang pagkakaiba at yaman ng kultura sa loob ng bansa. Ang pag-aaral at paggamit ng Kinaray-a ay nagbibigay-daan upang hindi mawala ang natatanging kultura at kasaysayan nito, kasabay ng pagtangkilik sa iba pang wikang Filipino. Kasaysayan rin ng Kinaray-a ang pagiging isa sa mga unang lingguwaheng naitala sa Panay bago pa man naging dominante ang wikang Hiligaynon.

Bilang karagdagan, binanggit ng Komisyon sa Pulong Kinaray-a (2016), na ang alpabetong Kinaray-a ay binibigkas sa pamamagitan ng sumusunod na alpabeto: A-a, B-ba, C-ce, K-ka, E-e, F-e, G-ga, H-ha, I-I, J-je, L-la, M-ma, N-na, ng-nga, O-o, P-pa, Q-qu, R-ra, S-sa, T-ta, U-u, V-va, W-wa, Y-ya at Z-zet. Ang alpabetong ito ay nagpapakita ng kombinasyon ng mga titik mula sa tradisyunal na alpabetong Romano na may mga dagdag na tunog tulad ng nga na mahalaga sa pagbigkas ng mga salita sa Kinaray-a at nagbibigay-linaw sa tamang pagbigkas ng bawat letra, na mahalaga sa pagpapanatili ng tamang ortograpiya at pag-unawa sa wikang Kinaray-a.

Isinaad naman ng Komisyon sa Polong Kinaray-a (2016) at KWF (2018), na may phonological system ang wikang Kinaray-a sa Central Iloilo. Nagtataglay ito ng segmental phonemes, phonetic features, at accentual system ng wika, na sinabing may malaking pagkakaiba kumpara sa mga kalapit na wika. Ang pagiging malumanay na pagbigkas ng Kinaray-a ay sanhi ng mga phonetic at phonological na katangian nito. Una, ang wika ay mayroong mga nasal consonants gaya ng /m/ at /n/ at konsonant na mababa ang enerhiya sa pagbigkas kung ihahambing sa maragsa o mabilis na tunog tulad ng mga plosibo. Ito ay nagpapakita ng kalmadong ritmo at malambot na tunog sa pangkalahatan. Karaniwan din na medyo mahaba ang mga patinig, na nagreresulta sa mas mabagal at mahinahong daloy ng mga salita. Pangalawa, ang palatunugan ng Kinaray-a ay nagtatampok ng banayad at pantay-pantay na istres patern. Nagbibigay ito ng modereyt na diin sa mga salita, kaya't ang mga salita ay hindi nagmumukhang mabilis o padalus-dalos ang pagbigkas, kundi mas maingat at malumanay. Pangatlo, ang malumanay na tono ng Kinaray-a ay sumasalamin sa kultura ng mga nagsasalita nito sa kanilang pang-araw-araw na komunikasyon, ang malumanay na pamamaraan ng pagsasalita ay simbolo ng respeto, pakikisama, at pagpapakumbaba. Sa kabilang banda, ang maragsa na pagbigkas ay maaaring ituring na bastos o agresibo sa kanilang konteksto.

Samantala, makikita naman sa pahayag ni Pangilinan et al. (2018), na ang morpolohiya ng wikang Kinaray-a ay nagpapakita ng masalimuot at mayamang estruktura ng wika sa pamamagitan ng apat na pangunahing anyo na nagtatakda ng katiyakan ng kahulugan sa antas ng salita. Una, ang mga salitang payak o salitang-ugat sa Kinaray-a ay nagsisilbing pundamental na yunit ng wika. Hindi lamang kumakatawan sa payak na kahulugan, kundi nagtataglay rin ng tiyak na tungkuling gramatikal na nakaaapekto sa estruktura at organisasyon ng pangungusap. Ikalawa, ang paglalapi ay isang mahalagang prosesong morpolohikal na higit pa sa simpleng pagbabago ng anyo ng salita.

Sa pamamagitan nito, naipapakita ang ugnayan ng mga bahagi ng pangungusap, kabilang ang tagaganap at layon ng kilos. Dahil dito, nagiging malinaw ang pagpapahayag ng iba't ibang aspekto at pokus ng kilos sa isang sistematikong paraan. Ikatlo, ang pag-uulit at pagtatambal ay kinikilalang mahahalagang estratehiya sa pagpapalawak ng talasalitaan ng Kinaray-a. Ang pag-uulit ay nagsisilbing paraan upang magbigay-diin o magpahiwatig ng dalas ng kilos, samantalang ang tambalan ay lumilikha ng mga bagong konsepto at kahulugan. Sa pamamagitan ng mga prosesong ito, higit na napayayaman ang ekspresyon ng damdamin at karanasan ng mga tagapagsalita ng wikang ito. Naipapakita rin nito ang malalim na ugnayan ng wika sa kultura at pagkakakilanlan ng mga gumagamit nito.

Inilahad naman ni Mawlood (2017), ang mga katangiang suprasegmental, tulad ng diin, intonasyon, hinto, at ritmo, ay may mahalagang papel sa pagbuo ng kahulugan at sa wastong interpretasyon ng mensaheng ipinahahayag. Ang mga elementong ito ay hindi lamang nagsisilbing aspektong ponolohikal ng wika, kundi mga salik na nakaaapekto sa bisa ng komunikasyon sapagkat nagdaragdag ang mga ito ng tiyak na kahulugan, damdamin, at layunin sa isang pahayag. Dahil dito, ang paggamit ng mga salitang malumay ay hindi lamang usapin ng wastong pagbigkas, kundi isang mahalagang estratehiya sa malinaw at mabisang paghahatid ng mensahe. Ang banayad na diin at mahinahong intonasyon na taglay ng mga salitang malumay ay nakatutulong upang maging mas malinaw ang pagpapahayag ng kaisipan at maiwasan ang maling interpretasyon ng kahulugan. Higit pa rito, ang wastong paggamit ng mga katangiang suprasegmental ay nagpapahusay sa kakayahan ng nagsasalita na maipahayag ang emosyon, saloobin, at intensiyon sa paraang angkop sa konteksto ng komunikasyon.

Mula naman kay Recasens (2021), ang schwa (/ə/) ay isang sentral na patinig na karaniwang bunga ng mga prosesong ponolohikal at nagsisilbing mekanismo upang maging higit na episyente, natural, at madulas ang pagbigkas ng mga salita. Ang paglitaw ng schwa ay bunga ng sistematikong pagbabago sa

kalidad ng patinig na nagaganap sa loob ng ponolohikal na estruktura ng isang wika, kung saan ang ilang patinig ay nagiging mas sentral upang mapagaan ang artikulasyon at mapanatili ang tuluy-tuloy na daloy ng pagsasalita. Binigyang-diin din niya na ang schwa ay may mahalagang impluwensiya sa kalidad ng tunog, ritmo, at prosodiya ng wika, sapagkat nakatutulong ito sa pagbuo ng mas maayos na pagkakasunod-sunod ng mga tunog at sa pagbabawas ng hirap sa pagbigkas ng mga salita. Dahil dito, ang paggamit ng schwa ay hindi lamang isang katangiang ponetiko kundi isa ring mahalagang elementong ponolohikal na nag-aambag sa pagiging sistematiko ng estruktura ng isang wika.

Binigyang-diin naman ni Gwilliams (2022), na ang mga salitang may masalimuot na estruktura, tulad ng mga salitang maylapi at inuulit, ay hindi pinoproseso ng utak bilang isang buo o hindi nahahating yunit. Sa halip, ang mga ito ay sistematikong sinusuri batay sa kanilang mga morpema o pinakamaliit na yunit ng kahulugang bumubuo sa salita. Ipinakikita na ang bawat morpema ay nagtataglay ng tiyak na tungkuling semantiko at gramatikal na mahalaga sa pagbuo ng kabuuang kahulugan ng salita. Dahil dito, ang pag-unawa sa isang salita ay nakasalalay hindi lamang sa leksikal na kahulugan nito kundi maging sa wastong pagkilala sa mga elementong morpolohikal na bumubuo rito. Binigyang-diin din niya na ang kakayahang matukoy at maproseso ang iba't ibang morpema ay nakatutulong sa mas mabilis at wastong pag-unawa sa mga salita at sa kanilang gamit sa loob ng pangungusap.

Samantala ayon kay Lobel et al. (2021), kung saan ang wikang Bisaya, kabilang ang Kinaray-a, ay nagtataglay ng mga sistematikong korespondensiyang ponolohikal na maaaring maihambing sa Tagalog at iba pang mga wikang kabilang sa pamilyang Austronesian. Inilahad din nila na ang mga pagbabago sa mga ponema, tulad ng pagpapalitan ng l at r o ng i at u sa ilang kapaligirang ponolohikal, ay bahagi ng regular na ebolusyong pangwika at hindi lamang mga di-pormal o random na baryasyon sa pagbigkas. Ang mga pagbabagong ito ay bunga ng mga tuntuning ponolohikal na unti-unting nabuo sa paglipas ng panahon habang umaangkop ang bawat wika sa paggamit ng mga tagapagsalita nito. Dahil dito, nananatiling magkakaugnay ang maraming salitang magkakaugat sa iba't ibang wikang Pilipino sa kabila ng mga pagbabago sa kanilang anyong ponolohikal.

Binigyang-diin din niya na ang sistematikong korespondensiyang ponolohikal ay mahalagang batayan sa historikal at komparatibong lingguwistika, sapagkat sa pamamagitan ng mga ito ay natutunton ang pinagmulan, ugnayan, at proseso ng pag-unlad ng mga magkakamag-anak na wika. Ang pagkakatulad ng mga salita ay hindi lamang nakikita sa kanilang kahulugan, kundi maging sa mga regular na padron ng pagbabago ng mga tunog na nagaganap sa iba't ibang wika. Sa ganitong paraan, nagiging posible ang rekonstruksiyon ng mga sinaunang anyo ng salita at ang pagpapaliwanag kung paano nagkaroon ng iba't ibang baryasyon ang isang salitang nagmula sa iisang pinagmulan.

Bahagi ng Pananalita. Ayon kay Borong (2017), ang bahagi ng pananalita ay pundamental sa pagkatuto ng wika at panitikan sapagkat ito ang nagsisilbing balangkas ng bawat pangungusap at komunikasyon. Sa pagtuturo ng wika, ang pag-unawa sa mga bahagi ng pananalita gaya ng pangngalan, pandiwa, pang-uri, pang-abay, at iba pa ay nagtuturo kung paano ang tama at epektibong paggamit ng mga salita sa pagbuo ng mga ideya. Sa ganitong paraan, natututo ang mag-aaral na magpahayag nang malinaw at wasto, hindi lamang sa pagsasalita kundi pati na rin sa pagsusulat. Sa panitikan naman, mahalagang maunawaan ang bawat bahagi ng pananalita upang masuri ang istruktura at estilo ng teksto. Ang paggamit ng pandiwa ay nagbibigay-buhay sa mga kilos at aksyon sa mga kuwento at tula, habang ang paggamit ng pang-uri ay nagdaragdag ng kulay, detalye at nagpapayaman sa imahinasyon ng mambabasa. Dahil dito, nagiging mas malalim ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Bukod dito, tumutulong ang pag-aaral ng bahagi ng pananalita sa paglinang ng mas malawak na

bokabularyo at kakayahang komunikatibo, na mahalaga sa pang-araw-araw na usapan at pormal na pakikipagtalastasan.

Inilahad sa ulat ng KWF (2023), ang Kinaray-a ay may malawak na sistema ng bahagi ng pananalita na ginagamit sa iba't ibang konteksto ng buhay at pagkatuto. Binibigyang-diin dito ang paggamit ng mga pangngalan, pandiwa, pang-uri, pang-abay, panghalip, pang-ugnay, at padamdang bilang bahagi ng masiglang komunikasyon sa loob ng komunidad. Ang sistematikong pag-uuri ng mga salita ay nakatutulong sa mga mag-aaral na maintindihan ang estruktura ng kanilang wika, na mahalaga sa pagpapangatili at pagpapalaganap nito. Inilahad naman ni Reyes (2019), ang kahalagahan ng bahagi ng pananalita ay pagkakaroon ng malinaw na kahulugan sa mga salita, tamang estruktura, tamang komunikasyon at pagkakaroon ng malinaw na pagpapahayag ng emosyon at damdamin.

Ayon sa K to 12 Filipino Curriculum Guide ng DepEd (2016), ang Pangngalan ay salita na tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, pook, hayop, at pangyayari. Ito ay mahalaga sa pagbuo ng mga parirala at pangungusap at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga entidad o konsepto na tinutukoy nito. Ito ang pundasyon ng wika na nagbibigay ng katauhan o identidad sa mga bagay na ating pinag-uusapan o binabanggit. Sa pag-aaral ng panitikan, napakahalaga ng Pangngalan dahil ito ang nagsisilbing pangunahing simuno at paksa ng mga pangungusap, at nagbibigay daan upang maipahayag ang mga damdamin, karanasan, at mga konsepto sa buhay na inilalarawan ng manunulat. Pinalalawak nito ang kahulugan sa teksto at nagbibigay ng ugnayan sa iba pang mga salita, kaya nagkakaroon tayo ng malinaw na pag-unawa sa mga akdang pampanitikan.

Mula naman kina Casalan at Dita (2022), ang pantukoy ng Kinaray-a ay ya na maaaring tumukoy sa Pangngalang Pantangi, kung saan ay isahan (singular), ngunit maaari itong maging maramihan (plural) sa pamamagitan ng pagdaragdag ng pananda na mga pagkatapos ng pantukoy, kasama ang mga salitang ang mga, ka (ng) mga, at sa mga, habang ang mga pantukoy sa tao ay si, ni at kay, at ang katawagan naman sa pang maramihan ay mga sanday, nanday, at kanday. Tinalakay nila na ang mga pantukoy na ginagamit sa Kinaray-a upang tukuyin ang mga pangngalang pantangi (mga pangalan ng tao, lugar, bagay) at kung paano ito nagbabago kapag isahan o maramihan ang tinutukoy. Isinaad rin nila na ang mga partikular na salita na nagsisilbing pantukoy at ang kanilang tamang gamit sa pangungusap.

Sa lawak na saklaw ng pangngalan, ay maaari rin nitong tukuyin ang mga pangalan o mga katawagan sa mga kabuhayan kagaya nalang ng dayalektong Tagalog na ginagamit sa pagsasaka (Quezon) kung saan ay ipinangkat sa pangngalan batay sa sumusunod na kategorya: uri ng gulay, prutas, paraan ng pagsasaka, kagamitan sa pagsasaka, uri ng lalagyan, gamit sa pagpapaganda ng halaman, lugar sa pagsasaka, katawagan sa mga pananim, halamang gamot at uri ng panggatong. Sa pahayag ni Catalig (2022), sa mga dayalektong nakalap batay sa kategoryang kinabibilangan nito, nakahigit ang mga paraan na ginagamit sa pagsasaka at kagamitan sa pagsasaka. Sumunod ang mga kategoryang uri ng gulay, prutas, paraan ng pagsasaka, uri ng lalagyan, gamit sa pagpapaganda ng halaman, lugar sa pagsasaka, halamang gamot at uri ng panggatong.

Gayon din sa pangngisda, kung saan ipinangkat ang mga dayalektong Tagalog na nakalap alinsunod sa mga sumusunod na kategorya: uri ng isda, uri ng hibasan o seashells, paraan ng pangngisda, kasangkapan o kagamitan sa pangngisda, lalagyan gamit sa pangngisda, iba pang lamang dagat, katawagan sa alimasag, kasangkapang ginagamit sa mga sasakyang pandagat at uri ng sasakyang pandagat. Sa mga dayalektong Tagalog na nakalap na kabilang sa bahagi ng pananalita na pangngalan, nakahihigit

ang mga katawagan sa uri ng isda, uri ng hibasan o seashells, mga katawagan na ginagamit o kagamitan sa pangangisda at lalagyang gamit sa pangangisda.

Bilang karagdagan, isinaad ni Espina (2021), na ang isa sa mga pangunahing katangian ng wika ang pagiging dinamiko, ito ay patuloy na nagbabago, nadadagdagan ng mga bagong bokabularyo, at aktibong lumilikha ng mga bagong salita upang umayon sa mabilis na pagbabago ng panahon, teknolohiya, kultura, at pang-araw-araw na karanasan ng mga nagsasalita nito. Samakatwid, dahil sa lawak na gamit ng pangngalan at bilang gamit sa pakikipagkomunikasyon ay maaari rin itong magbago o kaya ay madaragdagan marahil sa impluwensya ng wika ng mga dayuhan o kaya'y sa pagbabago ng panahon.

Sa pahayag Fortes (2022), ang mga pangngalan sa wikang Pilipino ay nagpapakita ng kayariang morpolohikal na nagpapalawak ng kahulugan at tungkuling gramatikal. Ang mga prosesong morpolohikal, tulad ng paglalapi at reduplikasyon, ay nagbubunga ng mga bagong anyong leksikal na may mas tiyak na kahulugan at gamit sa komunikasyon. Ang morpolohiya at semantika ay magkakaugnay, sapagkat ang pagbabago sa kayarian ng pangngalan ay may direktang impluwensiya sa kahulugan at tungkulin nito sa loob ng pangungusap. Dahil dito, ang pagsusuri sa kayarian ng mga pangngalan ay nagsisilbing mahalagang batayan sa paglalarawan ng estruktura ng isang wika, sa pagdodokumento ng bokabularyo, at sa pag-unawa sa ugnayan ng anyo, kahulugan, at gamit ng mga salita.

Samakatwid, ang pag-uuri ng mga pangngalang Kinaray-a bilang payak, maylapi, inuulit, at tambalan ay hindi lamang nagpapakita ng lawak ng sistemang morpolohikal ng wika kundi sumasalamin din sa paraan ng pagbuo at pag-oorganisa ng kaalaman at karanasan ng pamayanang Karay-a. Higit pa rito, ang sistematikong pagdodokumento ng mga kayariang ito ay nagsisilbing mahalagang batayan sa pagbuo ng mga kagamitang pangwika, tulad ng diksyunaryo, sapagkat nakatutulong ito sa mas malinaw na paglalarawan ng kahulugan, estruktura, at wastong paggamit ng mga pangngalan. Sa gayon, nagiging mahalagang sanggunian to sa pagpapalawak ng bokabularyo, pagpapaunlad ng kakayahang pangwika, at pagpapanatili ng yamang leksikal ng wikang Kinaray-a.

Binigyang diin naman ni Javier (2022), na kahulugan ng mga salitang bumubuo sa isang pahayag ay may malaking impluwensiya sa kanilang estrukturang gramatikal at sa paraan ng pagpapahayag ng mga konsepto. Ayon pa sa kanya, ang mga semantikong kategorya tulad ng tao, lugar, pangyayari, bagay, at abstraktong konsepto ay nagsisilbing mahalagang batayan sa pagsusuri ng tungkulin at gamit ng mga pangngalan sa loob ng pangungusap. Ipinaliwanag din niya na ang semantika at gramatika ay may malapit na ugnayan, sapagkat ang kahulugan ng isang salita ang nagtatakda kung paano ito ginagamit at inuunawa sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon. Dahil dito, ang pag-uuri ng mga pangngalan batay sa kanilang kahulugan ay hindi lamang isang paraan ng pagkakategorya ng mga salita, kundi isang sistematikong proseso ng paglalarawan sa ugnayan ng leksikal na kahulugan at estrukturang gramatikal ng isang wika.

Binigyan naman ng depinisyon ni Nolasco (2019), ang panghalip na mga salitang pamalit sa pangngalan na nagpapadali sa komunikasyon at nagbibigay-linaw sa mga ugnayan sa loob ng pangungusap at teksto. Pinangkat ang mga bahagi ng pananalita sa mga salitang pangnilalaman tulad ng pangngalan at panghalip at mga salitang pangkayarian tulad ng pang-ukol at pangatnig. Sa ganitong paraan, naipapakita kung paano ang panghalip ay nagsisilbing mahalagang instrumento upang maiwasan ang paulit-ulit na paggamit ng pangngalan, mapabilis ang daloy ng diskurso, at mapanatili ang kaayusan at kalinawan ng pahayag. Bukod dito, ang paggamit ng panghalip sa panitikan ay nagbibigay-daan sa mabisang pagpapahayag ng damdamin at ideya, na mahalaga sa pagbuo ng mga tauhan at sitwasyon sa mga akdang pampanitikan. Sa mas malawak na aspeto naman ng wika, nilalapatan ng panghalip ang mga pangungusap

ng koneksyon at konteksto, na nagpapalalim sa pag-unawa at interpretasyon ng mga mambabasa o tagapakinig.

Ipinahayag naman ni Bacalla (2021), na ang pandiwa ay salitang nagpapakilos o nagbibigay-buhay sa isang lipon ng mga salitang pansematika. Sa kanyang pagsusuri, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga panlapi sa pandiwa upang maunawaan ang baryabilidad kung paano ginagamit ang mga ito sa pang-araw-araw na komunikasyon sa loob ng konteksto ng sosyolingguwistika. Ipinaliliwanag niya na ang wika ay panlipunang penomena kaya nagiging makabuluhan ang anomang pahayag o aksiyon batay sa kung paano ito kinokonteksto sa lipunan at kung sino ang nagsasalita. Dagdag pa niya, ang pandiwa ay nakatutulong sa mga guro at mag-aaral upang maintindihan nang husto ang iba't ibang anyo at gamit nito, lalo na ang paglalapi nito, na mahalaga sa pagsasalita at pagsulat ng Filipino lalo na sa mga lokal o katutubong wika.

Ang mga salitang pangngalan sa wikang Kinaray-a ay mayroong mga kategorya tulad ng mga pangngalan ng tao, lugar at bagay. Sa salitang pandiwa naman ay mayroong mga kategorya tulad ng mga pandiwa ng kilos, pangyayari at katayuan. Mayroong mga affix na nagpapakita ng aspekto, tulad ng –um- at –in-. Mayroon din itong affix na nagpapakita ng moda, tulad ng –a at –i. Ang pagkakaroon ng malinaw na kategorya ng pangngalan ay nagpapakita ng sistematikong pag-uuri sa wikang Kinaray-a na tumutulong sa pagbuo ng tamang pangungusap at wastong gamit ng mga pantukoy. Samantala, ang paggamit ng mga affix ay nagpapakita ng masalimuot na sistema ng pandiwa sa Kinaray-a, kung saan hindi lamang ang kilos ang ipinapahayag kundi pati ang panahon (aspekto) at paraan (moda) ng pagkilos. Ito ay mahalaga sa wastong pag-unawa at paggamit ng pandiwa sa pangungusap (Santos at Reyes, 2020). Dagdag pa nila, ang estruktura ng wikang Kinaray-a ay may mga pandiwa na mayroong mga affix na nagpapakita ng aspekto at moda, mga Pangngalan na mayroong mga affix na nagpapakita ng kaso at numero, mga pang-ugnay na nagpapakita ng relasyon sa pagitan ng mga salita.

Bilang karagdagan ipinahayag ni Sevilla (2021), na ang paglalapi, reduplikasyon, at pagtatambal ay ilan sa mga pangunahing prosesong morpolohikal na ginagamit sa pagbuo ng mga pandiwa. Ang mga pagbabagong morpolohikal na ito ay hindi lamang nagbabago sa estruktura o anyo ng salita, kundi nagdaragdag din ng mga bagong kahulugan at tungkuling gramatikal na mahalaga sa pagbuo ng makabuluhang pahayag. Sa pamamagitan ng paglalapi ay naipahahayag ang iba't ibang pokus, aspekto, at relasyong gramatikal ng pandiwa, samantalang ang reduplikasyon ay maaaring magpahiwatig ng pagpapatindi, pag-uulit, pagpapatuloy, o kawalan ng katiyakan ng kilos. Sa kabilang banda, ang pagtatambal ng mga salita ay nagbubunga ng mga bagong leksikal na yunit na may mas tiyak o mas malawak na kahulugan kaysa sa mga salitang bumubuo rito. Ipinapakita lamang na ang bawat kayarian ng pandiwa ay may natatanging ambag sa pagpapahayag ng kilos, panahon, aspekto, paraan, at intensiyon ng nagsasalita, kaya't mahalagang suriin ang mga ito sa pag-aaral ng estruktura ng isang wika.

Ang pang-uri naman ayon kay Tica (2024) ay isang bahagi ng pananalita na naglalarawan o nagbibigay-turing sa pangngalan o panghalip. Mahalaga ito sa pagbuo ng malinaw at makabuluhang pangungusap dahil sa kakayahan nitong magpahiwatig ng katangian, damdamin, o estado ng isang bagay o tao. Ito'y dapat gamitin ng wasto upang mapaunlad ang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, na mahalaga sa malinaw na pagpapahayag ng ideya. Sinuportahan ito ni De Leon (2020), kung saan tinalakay niya ang mga intelektuwal na kontribusyon sa pag-unawa ng pang-uri, na may positibong epekto sa pag-unlad ng gramatika at pagkatuto ng wikang Filipino. Dagdag pa niya, ang paggamit ng pang-uri ay nagbibigay ng kulay, lalim, at damdamin sa panitikan, kaya't ang pagkatuto dito ay mahalaga para sa mas mataas na antas ng pag-unawa at pagpapahayag sa Filipino.

Ang kahulugan naman ng pang-abay ayon kay Mendoza (2025), ay bahagi ng pananalita na naglalarawan o nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri, o kapwa pang-abay. Nagbibigay ito ng turing na nagpapaliwanag kung paano, kailan, saan, o paano naganap ang kilos o estado. Mahalaga ang iba't ibang uri ng pang-abay tulad ng panlunan, pamanahon, pamaraan, pang-agam, panulad, at panang-ayon sa pagbibigay-linaw at masining na pagpapahayag ng mga pangungusap sa Filipino.

Binigyang diin naman ni Cruz (2023), na ang pang-abay ay kritikal sa pagpapalawak ng kahulugan sa pangungusap at pagbibigay ng higit na detalye sa kilos o kalagayan. Ito ay nagpapayaman sa wika at nagbibigay-daan sa mas epektibong komunikasyon, lalo na sa pagsulat at pagbasa ng panitikan. Samakatwid, ang wastong paggamit ng pang-abay ay nagpapahusay sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga makabuluhang pangungusap at malikhaing teksto.

Ang pangatnig naman ayon sa Balarila ng wikang Pambansa ni Santos (2024), ay mga salita o lipon ng mga salita na ginagamit sa pag-uugnay ng isang salita o ng isang pangungusap sa kapwa pangungusap. Ang layunin ng pangatnig ay magdugtong ng mga bahagi ng pangungusap upang makabuo ng mas malinaw, mas maayos at magkakaugnay na pahayag. Sinang-ayunan ito ni Flores na ang pangatnig ay bahagi ng pananalita na nag-uugnay ng dalawang salita, parirala, sugnay o pangungusap. Pinapakita nito ang relasyon ng pinagsama-samang bahagi tulad ng sanhi, layon, at kondisyon upang magkaroon ng malinaw at wastong kahulugan.

Ayon naman kay Bautista (2021), ang pandamdin ay bahagi ng pananalita na nagpapahayag ng matinding damdamin o emosyon, na nagiging mahalaga sa pagpapahayag ng damdamin sa pakikipagkomunikasyon at sa panitikan. Ang mga bahagi ng pananalita tulad ng pang-ukol at pandamdin ay parehong mahalaga sa pag-aaral ng Filipino dahil nag-aambag sila sa ganap at masining na pagpapahayag ng wika at damdamin, na mas lalo pang pinapayaman ang pagkatuto at paggamit ng Filipino sa iba't ibang larangan.

Ganito rin ang pahayag ni Kim (2022), na ang pandamdin ay tumutukoy sa mga salitang nagpapahayag ng damdamin o emosyon tulad ng saya, lungkot, at galit. Maaari rin itong magpahayag ng agarang reaksiyon gaya ng gulat, sorpresa, kasiyahan, pagkabigo, pagpapasalamat, paghingi ng paumanhin, pagkumusta, at pagtatanong. Ginagamit ang mga pandamdin upang maipakita ang tunay na saloobin o damdamin ng nagsasalita sa isang tiyak na sitwasyon. Nagbibigay rin ang mga ito ng higit na diin at ekspresyon sa isang pahayag upang maging mas malinaw ang mensaheng nais iparating. Dahil dito, nagiging mas mabisa ang komunikasyon sapagkat naipahahayag nang wasto ang emosyon at intensiyon ng nagsasalita sa iba't ibang konteksto ng paggamit ng wika.

Samantala, ang pantukoy ayon kay Garcia (2024) ay ginagamit upang ipakilala o tukuyin ang pangngalan. Dagdag pa niya, ang pantukoy na ang ay may mahalagang papel sa wikang Filipino bilang bahagi ng morpolohiya at sintaksis. Ipinaliwanag ni Garcia na ang pantukoy na ang ay palaging nangunguna sa pangngalan upang tukuyin ang isang partikular at tiyak na bagay o tao. Sa kanyang pagsusuri ng mga sanaysay ng mga mag-aaral, nakita niya na ang wastong paggamit ng ang ay nagpapalinaw ng simuno o pokus ng pangungusap na nagdudulot ng malinaw at epektibong komunikasyon. Ang paggamit ng pantukoy na ito ay nagbibigay-diin at naglilimita sa kahulugan ng pangngalan kaya't naiiwasan ang kalituhan o hindi pagkakaintindihan sa usapan. Bukod dito, binigyang-diin din niya ang kahalagahan ng pantukoy na ang sa pagbuo ng tamang estruktura ng wika, lalo na sa pagsulat ng sanaysay. Nakasaad na ito ay hindi lamang isang pang-gramatikang pangangailangan kundi isang paraan upang mapahusay ang daloy ng komunikasyon at ang pag-unawa ng mga mambabasa o tagapakinig. Sa pang-araw-araw na buhay, ang

tamang paggamit ng ang ay nagiging susi sa malinaw na pagpapahayag, na mahalaga sa lahat ng uri ng pakikipag-ugnayan mula sa simpleng usapan hanggang sa pormal na pagsulat.

Estratehiya sa Pagtuturo ng Florante at Laura. Ayon kay Moody et al. (2018) na nag-analisa ng mga teorya sa vocabulary instruction, kabilang ang schema theory ni Anderson, na nagiging aktibo ang pagkatuto kapag naiuugnay ang bagong salita sa pamilyar na konsepto o kaalaman. Ang paggamit ng kasingkahulugan ay epektibong estratehiya upang mapalawak ang kaalaman at bokabularyo ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng schema theory, mas nagiging aktibo ang proseso ng pagkatuto dahil naiuugnay ang mga bagong salita sa mga pamilyar ng salita o konsepto. Dahil dito, mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang malalalim na salita sa tula at naipapahayag nang malinaw ang mga ideya at damdamin. Ang mga nabanggit sa sinusundang talata ay umaayon sa tunguhin ng K to 12 na mahalaga ang paggamit ng angkop at wastong salita sa pagpapahayag ng sariling kaisipan at damdamin, bahagi ito ng layunin ng pagtuturo ng Filipino, kabilang na ang pagtuturo ng tula. Nakasaad dito na ang pag-unawa at pagpapaliwanag ng mga kaalaman at damdamin gamit ang angkop na salita ay mahalaga upang magkaroon ng mas malalim na pagkatuto at pagpapahalaga sa panitikan.

Ganito din ang tunguhin ni Guzman (2024), ang pagpapaunlad ng kasanayan sa bokabularyo at pagbibigay-kahulugan sa mga terminong mababasa sa teksto ay mahalagang estratehiya sa pagkatuto na naglalayong mapalawak ang pag-unawa ng mag-aaral sa akdang Florante at Laura. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, natutulungan ang mga mag-aaral na alalahanin ang mga impormasyong direktang nakasulat sa teksto at maunawaan nang buo ang mensahe nito sa pamamagitan ng pag-uugnay sa iba't ibang bahagi ng pangyayari. Ang kasanayang ito ay nagbibigay-daan upang masuri ng mga mag-aaral ang mga impormasyong nakapaloob sa kwento, maiugnay ang mga ito sa tunay na pangyayari, makabuo ng mga kaugnay na pilosopiya, at makilala ang teksto bilang isang likhang sining.

Isinaad naman ni Santos (2018), na ang paggamit ng interaktibong pamamaraan ng pagtuturo sa panahon ng modernisasyon ay isang mahalagang aspeto ng edukasyon sa Pilipinas. Binanggit niya na ang paggamit ng mga interaktibong estratehiya, tulad ng pag-uusap, talakayan, at iba't ibang gawaing pampagkatuto, ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tema at mensaheng nakapaloob sa akda. Idinagdag din niya na ang paggamit ng mga teknolohiyang pang-edukasyon, tulad ng mga online resources at multimidya, ay nakapagpapataas ng interes at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito, nagiging mas makahulugan at mas epektibo ang karanasan sa pagkatuto dahil higit na naiuugnay ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutuhan sa mga sitwasyong kanilang nararanasan. Higit pa rito, nalilintang ang kanilang kritikal na pag-iisip, kasanayan sa komunikasyon, at kakayahang magsuri ng mga akdang pampanitikan sa tulong ng makabagong pamamaraan at teknolohiya.

Nauugnay ito sa inilahad ni Rahmani (2022), na ang implementasyon ng group discussion ay epektibong nakakapagpa-aktibo ng partisipasyon ng mga estudyante. Makikita ang unti-unting pagtaas ng kanilang aktibong pakikilahok at pagtaas ng kanilang motibasyon sa pag-aaral sa loob ng apat na linggo dahil sa paggamit ng naturang pamamaraan. Dagdag pa niya, nabibigyan ang mga estudyante ng maraming pagkakataon upang ipakita ang kanilang mga ideya at pag-iisip nang mas malaya at may kumpiyansa, na nagreresulta sa positibong saloobin sa proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng ganitong kolaboratibong estratehiya, higit na nalilintang ang kanilang kasanayan sa kritikal na pag-iisip, pakikipagkomunikasyon, at pag-unawa sa mga araling kanilang pinag-aaralan.

Ganito rin ang pahayag ni Peng (2019) na ang mga interaktibong pamamaraan, tulad ng think-pair-share at group discussion, ay nakapagpapataas ng aktibong partisipasyon at nakapagpapalinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ito, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong magbahagi ng kanilang mga ideya, makinig sa pananaw ng iba, at sama-samang makabuo ng mas malalim na pag-unawa sa aralin. Nagiging mas makabuluhan din ang kanilang karanasan sa pagkatuto dahil aktibo silang nakikibahagi sa talakayan sa halip na maging tagapakinig lamang. Higit pa rito, nalilintang ang kanilang kakayahan sa pagsusuri, pangangatwiran, at paglutas ng mga suliraning may kaugnayan sa paksang pinag-aaralan. Dahil dito, nagiging mas epektibo ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto, lalo na sa paglinang ng pag-unawa at pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral.

Binanggit naman ni Reyes (2022) ang mga sumusunod na estratehiya sa pagtuturo ng Florante at Laura: Ipakilala ang akda sa konteksto ng kasaysayan at kultura ng Pilipinas, pag-aralan ang mga tauhan sa akda, kabilang ang kanilang motibasyon, relasyon at pagbabago. Pag-aralan ang mga tema sa akda, kabilang ang pag-ibig, pagtataksil at paghihiganti. Magpakita ng mga halimbawa ng mga tauhan, tema at mga elemento ng akda at pag-uusap at pagtalakay tungkol sa mga naisip at nadama ng mga mag-aaral.

Sa panig naman ni Faner (2021), ang paggamit ng story map ay naging katanggap tanggap sa pagtuturo ng Florante at Laura batay sa average mean na 3.31. Gayun din, lubhang katanggap tanggap naman ang paggamit ng grapikong pantulong batay sa nilalaman na may average mean na 3.57. Isinaad pa niya na isa sa mga grapiko at semantic na pantulong ay ang paggamit ng story map, nakatutulong ito upang mapaunlad ang kasanayan sa pag-unawa, nagiging gabay sa balangkas ng akda upang matukoy ang elemento ng akda, inoorganisa ang mga impormasyon at kaisipan sa mas tiyak na paraan na makatutulong sa pag-unlad ng kritikal na pag-iisip, isang indibidwal na makapagbibigay ng interpretasyon, makapagsuri at mataya ang mga impormasyon tungo sa paglikha ng mga bagong ideya at perspektiba.

Mula naman sa pahayag ni Palma (2019), ang mga mag-aaral ay mahusay sa pagkaklasipika ng mga salita kung saan ay mahalaga sa bahagi ng panggramatikang kasanayan na may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Dagdag pa niya, ang paggamit ng konteks klus ay nagpapadali upang matandaan at maanalisa ang kahulugan ng salita. Ang pagbabasa ng mga piling akdang pampanitikan ay may mahalagang ambag sa paglinang ng bokabularyo ng mga mag-aaral, dahil natutulungan silang maunawaan at mabigyang-kahulugan ang mga salita sa pamamagitan ng contextual clues na nasa teksto. Mas tumataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral pagkatapos basahin ang akdang pampanitikan, na patunay na ang panitikan ay hindi lamang para sa pag-unawa ng nilalaman kundi maging sa pagpapalawak ng talasalitaan. Gayon din ang semantik klastering kung saan ay nakatutulong sa pagkatuto at pagpapalawak ng kahulugan ng salita. Isinaad din niya na mas maraming ulit ang kailangan upang maalala ang mga salita kapag ito ay naka-cluster. Samantala, inilahad sa programang K to 12 na ang pagkikilino ay humahasa sa kakahang komunikasyon at lumilintang sa wika ng mga mag-aaral.

Mula naman kay Cruz (2020), ang malinaw na pagkaunawa at tamang paggamit ng denotasyon (literal na kahulugan) at konotasyon (pamalit o mas malalim na kahulugan) ay nakatutulong nang malaki sa pagbuo ng mas malalim na pag-unawa sa mga aralin sa Filipino. Dagdag pa niya, kapag natutunan ng mga mag-aaral na kilalanin ang pagkakaiba ng dalawang uri ng kahulugan, mas nagiging kritikal at mapanuri ang kanilang pag-iisip, at mas epektibo ang kanilang komunikasyon, lalo na sa pagsulat at pagbasa ng mga akdang pampanitikan. Tinulungan ng paggamit ng konotasyon at denotasyon ang mga estudyante na mas maintindihan ang mga pahiwatig, simbolismo, at mga implisit na kahulugan na makikita sa mga teksto, na mahalaga sa akademikong pagkatuto. Sinang-ayunan ito ng KWF, na ang pagsusuri sa



kayarian ng salita (morpema, kolokasyon) at kontekstwal na pag-unawa (denotasyon/konotasyon) ay mahalaga sa pagtuturo ng klasikong akda.

Mula naman sa pahayag ni Vacalare (2023), na bukod sa iba't ibang sosyo-demograpikong salik na makaaapekto at may posibleng ugnayan sa development ng pag-unawa o komprehensiyon ng mga mag-aaral sa elementary, sekondarya at kolehiyo, ang kakayahan ng mga mag-aaral na bigyan ang iba't ibang termino ng angkop na kahulugan gamit ang iba't ibang estratehiya ay maroong direktang ugnayan sa pag-unlad ng komprehensiyon ng mga mag-aaral. Ibig sabihin nito, habang tumataas ang kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay tumataas din ang antas ng kanilang pag-unawa

Isinaad naman ni Villanueva (2021) na ang tematikong instruksyon ay naglalayong ilahad ang mga kaugnay na kaisipan bilang isang kabuuan kung saan nagiging mas makabuluhan ang pagkatuto dahil naisasama nito ang mga konsepto sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga estudyante. Pinapabuti nito ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri sa mga teksto sa pamamagitan ng pagsasanay ng kognitibong kasanayan tulad ng pagbuo ng hinuha, pag-aanalisa, at interpretasyon ng mga salita at pangungusap sa Florante at Laura. Pinangatwiranang niya na bago at pagkatapos gamitin ang tematikong instruksyon ay mayroong pagtaas sa kahusayan sa kasanayang panggramatika at kognitibo ng mga mag-aaral, bagamat walang malaking pagkakaiba batay sa kasarian. Nakatutulong ang pamamaraang ito upang matutunan ng mga mag-aaral hindi lamang ang nilalaman ng teksto kundi pati na rin ang tamang paggamit ng wika at malalim na kahulugan ng mga salita at metapora sa Florante at Laura. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ng multidimensyonal na pagkatuto na nag-uugnay sa literaturang pampanitikan at sa mga karanasan at pananaw ng mga mag-aaral. Isinaad pa niya na ang tematikong instruksyon ay isang mahalagang estratehiya dahil ito ay nagbibigay-daan para maipakita sa mga mag-aaral na ang pag-aaral ng Florante at Laura ay hindi lamang basta pag-alam sa mga salita o pangyayari kundi ang pag-unawa at paglalapat ng mga ito sa mas malawak na konteksto ng buhay at kultura.

Sa pahayag naman nina Carada at Emralino (2021), ang paggawa ng glosaryo o talaan ng mga terminong pampanitikan ay mahalagang hakbang upang mas mapadali ang pagtuturo at pagkatuto ng panitikang Filipino, lalo na sa mga antas ng sekondarya at tersyarya. Nagtala siya ng mga piling termino sa panitikan na may mga salitang panumbas sa Filipino, na nagbibigay-daan upang mas malinaw na maipahayag ang kahulugan ng mga konsepto sa panitikan sa wikang nauunawaan ng mga mag-aaral. Ito ay nauugnay sa kasalukuyang pag-aaral kung saan ang mananaliksik ay bubuo ng diksyunaryo mula sa malalalim na salita sa bawat kabanata ng Florante at Laura na isasalin sa nauunawanang wika ng mga mag-aaral.

Sinambit naman ni Abagon (2022) ang halaga ng mga aklat sa mga guro na nagtuturo ng Florante at Laura sapagkat maaari nila itong dalhin sa bahay upang patuloy na magamit kahit wala sa loob ng silid-aralan. Hinihikayat din niya na gawing kawili-wili ang pag-aaral sa akdang ito sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya at mga computer applications. Sa ganitong paraan, nagiging mas interaktibo at engaging ang proseso ng pagkatuto, na tumutulong sa mga mag-aaral na mas maintindihan at mapahalagahan ang mga salita at tema sa Florante at Laura. Bukod dito, ang paggamit ng digital tools tulad ng multimedia presentations, educational games, at mga interactive apps ay nakatutulong sa paglilinigang ng mas malalim na pag-unawa, pag-aanalisa, pagpapakahulugan sa mga salita at pangyayari sa teksto at nagiging aktibo ang mga mag-aaral. Pinapadali ng teknolohiya ang pag-access sa mga karagdagang impormasyon at paliwanag na mahirap makuha sa tradisyunal na aklat lamang.

Bilang karagdagan, binigyan diin niya na ang teknolohiya ay nakatutulong rin sa mga mag-aaral upang mapalawak ang kanilang bokabularyo, masuri ang mga konsepto, at maipakita ang kanilang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng iba't ibang gawain. Sa paggamit ng teknolohiya ay karaniwang may napapanood at may nakikitang larawan na nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon nga kay Raju at Madhuri (2017), ang mga estudyante na may visual na Estilo ng pagkatuto ay mas mahusay sa pag-aaral gamit ang mga ilustrasyon, guhit, diagram, mapa at grapiko. Ang mga kagamitang biswal na ito ay nakatutulong upang maging mas kongkreto at madaling maunawaan ang mga abstraktong konsepto at mahihirap na salita. Dahil dito, nagiging mas kawili-wili at makabuluhan ang proseso ng pagkatuto, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pag-unawa, pagpapanatili ng kaalaman, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan.

Sinang-ayunan ito ni Garcia (2024), at sinabing ang paggamit ng mga biswal na larawan sa pagtuturo ay nakatutulong upang maging mas aktibo ang mga mag-aaral sa loob ng klase. Sa pamamagitan ng mga larawan at iba pang biswal na materyales, nagiging mas malinaw at mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga konsepto at impormasyong inilalahad ng guro. Nakatutulong din ang mga ito sa pagpapanatili ng kanilang atensyon at interes sa aralin, kaya higit silang nahihikayat na makilahok sa mga talakayan at gawaing pampagkatuto. Bukod dito, napalalawak ng mga biswal na materyales ang kanilang kakayahang mag-observe, magsuri, at mag-ugnay ng mga bagong kaalaman sa kanilang mga dating karanasan. Dahil dito, nagiging mas makabuluhan ang proseso ng pagkatuto at mas napauunlad ang kanilang pag-unawa, pagkatuto ng bokabularyo, at kakayahang magbigay ng sariling interpretasyon sa mga araling kanilang pinag-aaralan.

Makikita naman sa pahayag ni Guadna et al. (2023), na ang hanap salita na pamamaraan ay epektibo sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Isinaad niya na ang mga guro sa Filipino ay patuloy na gumamit ng pamamaraang hanap: salita para sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral, maging bukas sa paggamit ng mga estratehiya tulad ng hanap salita bilang instrument sa pagpapalawak ng bokabularyong Filipino at magkaroon ng palihan ang DepEd upang makalinang ng mga pamamaraan sa epektibong pagtuturo ng panitikan na may malalalim na salita tulad ng Florante at Laura. Sa pamamagitan ng pamamaraang hanap-salita, nahihikayat ang mga mag-aaral na aktibong tuklasin at maunawaan ang kahulugan ng mga bagong salita, na nagiging daan sa mas malawak na talasalitaan at mas mataas na antas ng pag-unawa sa binabasang akda. Bunga nito, nagiging mas kawili-wili at interaktibo ang proseso ng pagkatuto, habang nalilinan ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit at paglalapat ng mga bagong bokabularyo sa iba't ibang konteksto.

Ito ay sinang-ayunan ni Nurhalima (2020) na ang pamamaraang hanap-salita ay isang mabisang paraan sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ayon sa kaniya, malaking tulong ang pamamaraang ito upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga materyal na kanilang binabasa, lalo na ang mga tekstong naglalaman ng mga hindi pamilyar o malalalim na salita. Sa pamamagitan ng hanap-salita, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na kilalanin, alalahanin, at gamitin ang mga bagong bokabularyo sa iba't ibang sitwasyon. Nakatutulong din ang pamamaraang ito sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sapagkat nagiging mas pamilyar sila sa kahulugan at wastong gamit ng mga salita. Dahil dito, nagiging mas handa ang mga mag-aaral sa pag-unawa at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, tulad ng Florante at Laura, na naglalaman ng maraming malalalim at matatalinghang salita.

Sinambitla naman ni Pineda (2024), na mahalaga ang paggamit ng flashcards sa malalalim na salita upang mapataas ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ito ng Dual Coding Theory

na nagsasabing mas natututo ang mga mag-aaral kapag sabay na ginagamit ang mga visual aids tulad ng larawan at salita. Dagdag pa niya, ang flashcards ay epektibo sa pagpapanatili ng impormasyon, kabilang ang bokabularyo, at nakatutulong upang mapabuti ang konsentrasyon at pokus ng mga mag-aaral. Ang paulit-ulit na paggamit ng flashcards ay nakatutulong rin upang mapanatili ang impormasyon, ayon sa prinsipyo ng spaced repetition.

Ayon naman kina Cooper at Santos (2019), may positibong ugnayan ang takdang aralin at akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na regular na gumagawa ng takdang aralin ay mas maganda ang pagganap sa paaralan, lalo na sa mga nasa ikapitong baitang pataas. Bukod dito, natutulungan din ng takdang aralin ang mga mag-aaral sa pag didisiplina sa sarili, mas positibong saloobin sa pag-aaral, at mga kasanayan sa paglutas ng problema. Gayunpaman, binigyang-diin din nila na ang mga negatibong epekto tulad ng pisikal at emosyonal na pagkapagod ng mga bata, pati na rin ang posibleng pagkawala ng oras para sa paglilibang. Kaya naman, inirerekomenda niya ang masusing pag-aaral pa sa epekto ng takdang aralin upang mas mapabuti ang aplikasyon nito sa edukasyon.

Binanggit naman ni Misa (2021), na ang paggamit ng malalalim na salita sa pangungusap ay malaki ang naitutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral na nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa sa mga aralin. Kapag naipaliwanag nang wasto at naintindihan ng mag-aaral ang mga malalalim na salita, nagagamit nila ito nang tama sa pasulat at pasalitang komunikasyon. Aniya, ang pagtuturo ng tamang gamit ng salita sa loob ng pangungusap ay nakapagdudulot ng kahusayan sa gramatika, na mahalaga upang maging epektibo ang paglalahad ng ideya. Dagdag pa niya, dapat ang mga guro ay maging malikhain at mapamaraan sa pagtuturo upang matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng kakayahan sa paggamit ng angkop at wastong salita sa wikang Filipino, na siyang susi para sa mas maayos na komunikasyon at pagkatuto.

Ayon kay Manlapas et al. (2024), ang mga mag-aaral na nakikinig sa lektur ay magkakaroon ng aktibong pakikibahagi sa klase. Bukod dito, ang malinaw at organisadong paglalatatag ng mga aralin gamit ang mga biswal na kagamitan ay nakatutulong upang mabawasan ang cognitive load, o ang dami ng impormasyong kailangang iproseso ng utak upang hindi mahirapan ang mga estudyante na intindihin ang mga aralin sa lektur tulad ng malalalim na salita na pinag-aaralan sa panitikan. Sa pamamagitan nito, nagiging mas sistematiko ang pagkatuto sapagkat naiuugnay ng mga mag-aaral ang mga bagong konsepto sa kanilang dati nang kaalaman, na nagpapadali sa pag-unawa at pag-alala sa mga aralin.

Samantala, binanggit ni Lopez (2024), na ang pagtuturo ng pinagmulan ng mga salita o etimolohiya ay epektibong paraan upang mapalawak ang bokabularyo at lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salita sa konteksto ng aralin. Ang pag-unawa sa kasaysayan at pagbabago ng mga salita ay nakatutulong sa mga estudyante na magkaroon ng mas malalim na pagtingin sa wika at kultura. Mariin rin niyang inilalahad na ang paggamit ng etimolohiya bilang bahagi ng pagtuturo ay nagbibigay ng mas maiinam na pundasyon para sa pagpapalawak ng kaalaman sa wika dahil nag-uugnay ito ng mga kasanayan sa pag-unawa at pagsasaliksik. Dahil dito, mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura na gumagamit ng wika bilang pangunahing kasangkapan.

Mga Isyu at Hamon sa Pagtuturo ng Florante at Laura. Isa sa mga isyu at hamon sa pagtuturo ng Florante at Laura na inilalahad ni Zenodo (2021) ay ang kakulangan sa makabagong materyales na gamit ng mga guro at estudyante. Dahil dito, nagiging mahirap para sa mga mag-aaral na ganap na maunawaan ang lalim ng wika ng Florante at Laura na kilala sa malalalim at may matatalinghagang salita. Ang paggamit ng tradisyunal na paraan ng pagtuturo lamang ay madalas na hindi epektibo dahil hindi ito naaangkop sa



kasalukuyang henerasyon na sanay sa teknolohiya at visual na mga kagamitan. Bukod sa kakulangan ng mga makabagong kagamitan, isa pang hamon ang natural na lalim at komplikasyon ng wikang ginamit sa akda. Ang malalalim na salita at metapora ay nagdudulot ng kalituhan lalo na sa mga kabataang mag-aaral na maaaring wala pang sapat na kasanayan sa pag-unawa ng ganitong uri ng panitikan. Dahil dito, nangangailangan ang mga guro ng mga malikhaing estratehiya upang gawing mas makabuluhan at madaling matanggap ang mga nilalaman ng Florante at Laura, tulad ng paggamit ng tematikong instruksyon, teknolohikal na suporta, at mga aktibidad na nag-aanyaya ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.

Sinang-ayunan ito ni Dicang et al. (2023), na ang kakulangan ng suporta mula sa mga guro at di sapat na materyales ay nagiging hamon sa pagkatuto ng wika at panitikan. Ang limitadong akses sa mga angkop na sangguniang panturo at mga kagamitang nakabatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral ay maaaring magdulot ng mababang antas ng pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan, lalo na yaong naglalaman ng matatalinhagang salita. Dahil dito, nahihirapan ang mga mag-aaral na mabuo ang kanilang komprehensyon sa nilalaman ng akda at mailapat nang wasto ang mga natutuhang konsepto sa iba pang gawaing pangwika.

Ganito rin ang sinaad ni Mallari (2023), na ang mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ay kinabibilangan ng limitadong akses sa teknolohiya at kakulangan sa institusyonal na suporta, na nagiging hadlang sa epektibong pagkatuto. Dahil sa mga hamong ito, nahihirapan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga tekstong may matatalinhagang salita na karaniwang matatagpuan sa mga akdang pampanitikan. Kaya naman, mahalagang makapagbigay ang mga paaralan at guro ng mga angkop na kagamitang panturo at estratehiyang tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang higit na mapahusay ang kanilang pag-unawa.

Sa pahayag naman ni Sandoval (2025), ang pagtuturo ng obra maestra na ay nahaharap sa hamon dahil sa hindi sapat na multimodal na materyales tulad ng audio narration, video adaptations, o interactive digital anotasyon na nagdudulot ng mababang interes ng mga kabataan sa gitna ng talamak na paggamit ng TikTok at YouTube. Ito ay nagiging sanhi ng maikling atensyon span at hindi paglahok sa diskusyon, dahil ang tradisyunal na pagbabasa ay tila luma kumpara sa visual at interactive media. Naaapektuhan nito ang malalim na pag-unawa at pagmamahal sa panitikan, na nagreresulta sa mababang retensiyon ng kaalaman at hindi pagpapahalaga sa sariling literatura, na maaaring humantong sa pagkawala ng kultural na pagkakakilanlan sa hinaharap.

Ayon kay Cruz (2020), malaki ang hamon sa pagtuturo ng Florante at Laura dahil sa kakulangan ng mga paaralan sa mga mahahalagang rekurso tulad ng sapat na aklat, mga kagamitan sa pagtuturo, at ang paggamit ng makabagong teknolohiya. Ang mga kakulangan na ito ay naglilimita sa kakayahan ng mga guro na epektibong maipaliwanag at maipakita ang lalim at kahalagahan ng akdang pampanitikan sa mga mag-aaral. Dahil dito, nagiging mahirap para sa mga estudyante na magkaroon ng malalim na pag-unawa sa tema, konsepto, at mga metapora na ginamit sa Florante at Laura. Bukod sa kakulangan sa materyales, isa pang malaking hamon ang kakulangan sa mga kwalipikadong guro na may sapat na kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng klasikal na panitikan tulad ng Florante at Laura. Marami sa mga guro ay hindi nakatatanggap ng sapat na pagsasanay sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo o sa paggamit ng mga alternatibong estratehiya upang madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga masalimuot at makasaysayang konteksto ng akda.

Pinatotohanan ito ni Sunio et al. (2024) sa kanyang pahayag, na karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas ng pagkabigo o frustration sa kasanayan sa bokabularyo habang nasa lebel naman na instructional sa antas ng pag-unawa. Isinaad pa niya na mayroong sapat na ebidensyang estatistika upang masabing mayroong kabuluhan at direktang ugnayan ang kasanayan sa bokabularyo at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Nangangahulugan ito na ang pagkakaroon ng mga mag-aaral ng sapat na kakayahan upang bigyang kahulugan ang mga terminong ginagamit sa teksto ay nakatutulong upang higit na mapataas ang antas ng pag-unawa. Pahabol pa niya, na ang pagsasagawa ng interbensyon sa bagay na ito ay magandang pamamaraan upang mapaunlad ang kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral.

Para naman kay Perez et al. (2019), maraming mag-aaral ang may mahinang kasanayan sa pagbasa at mababang antas ng komprehensiyon, kaya nahihirapan silang maunawaan ang mga tekstong kanilang binabasa. Isa sa mga pangunahing salik na nakaaapekto rito ay ang kakulangan sa sapat na bokabularyo. Kapag limitado ang talasalitaan ng isang mag-aaral, nagiging mahirap para sa kanya na matukoy ang kahulugan ng mga salita at maunawaan ang kabuuang mensahe ng teksto. Dahil dito, nababawasan ang kanilang kakayahang magsuri, magbigay ng interpretasyon, at makabuo ng makabuluhang pag-unawa sa kanilang binabasa. Ipinakikita nito na ang pagpapayaman ng bokabularyo ay isang mahalagang hakbang upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at mapataas ang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral, lalo na sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan na naglalaman ng malalalim at matatalinghangang salita.

Nauugnay ito sa binanggit ni Saraos (2021) na nahihirapan ang mga mag-aaral na magbigay ng wastong kahulugan sa mga tekstong kanilang binabasa, lalo na kung naglalaman ang mga ito ng mga komplikado at hindi pamilyar na termino. Ang ganitong suliranin ay nagiging hadlang sa kanilang pag-unawa sa kabuuang nilalaman at mensahe ng teksto. Kapag hindi nauunawaan ng mga mag-aaral ang mahahalagang salita o konseptong nakapaloob sa binabasa, nagiging limitado ang kanilang kakayahang magsuri, magbigay ng interpretasyon, at makabuo ng makabuluhang pagkatuto. Dahil dito, mahalagang magkaroon ng mga kagamitang panturo na makatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapalinaw ng kahulugan ng mga salitang mahirap unawain. Sa pamamagitan nito, higit na mapauunlad ang kanilang komprehensiyon sa pagbasa at magiging mas epektibo ang kanilang pagkatuto, lalo na sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan.

Ganito rin ang pahayag ni Bartolome (2017), na ang kakulangan ng mga mag-aaral sa bokabularyo sa Filipino ay nagiging balakid sa pag-unawa ng mga aralin sa akda katulad ng Florante at Laura. Dagdag pa niya, na dahil sa lalim at makalumang estilo ng panitikang ito, nahihirapan ang mga estudyante na maintindihan nang buong-buo ang mga pahiwatig, tema, at mga malalalim na salita na nagmula pa sa panahon kung kailan ito isinulat. Kaya mainam na ang mga guro ay dapat gumamit ng mga malikhaing estratehiya, tulad ng pagpapaliwanag ng mga mahahalagang salita, paggamit ng talasalitaan o glosaryo, at pag-uugnay ng mga konsepto sa mga modernong karanasan ng mga mag-aaral upang madaling maunawaan. Bukod dito, ang kahirapan sa pagbasa at pag-unawa ay isang malaking hadlang sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral tungkol sa mga tema ng Florante at Laura. Kapag mababa ang komprehensiyon, nagiging limitado rin ang kanilang kakayahan na suriin ang mga ideya, bumuo ng hinuha, at makakuha ng mga aral mula sa akda. Kaya't mahalaga ang pagsasanay sa bokabularyo at pagbibigay ng mas marami at angkop na gawain upang mailapit ang akda sa mga mag-aaral.

Ang hamon sa pagtuturo ng Florante at Laura ay ang hindi sapat na pagsasama ng kultural na konteksto ng akda, tulad ng impluwensya ng mga mitong Griyego at lokal na alamat sa mga tauhan at lunan ng Albanya, na hindi naipaliwanag ng maayos dahil sa limitadong oras sa kurikulum (Torres, 2022). Bilang karagdagan, nagiging sanhi ng hindi pagkilala ng mga mag-aaral sa mga simbolikong elemento, na

nagreresulta sa pagkalito sa teksto mula sa mas malawak na kasaysayan ng panitikang Pilipino. Dahil dito hindi nagiging holistik ang pagkatuto, kung saan humihina ang pagbuo ng cultural literacy at national identity ng mga kabataan, dahil hindi nila nauunawaan kung paano nagiging salamin ng kolonyal na karanasan ang akda sa konteksto ng kasalukuyang mga isyu.

Ang pangunahing isyu sa pagtuturo ng Florante at Laura ay ang hindi pagkakasabay ng ikalabinsiyam na dekadang bokabularyo tulad ng mga salitang dumaig, ligaya, at pag-irog sa kontemporaryong Filipino, na humahantong sa pagkukumahog ng mga mag-aaral sa pag-unawa, tulad ng mga eksena ng pag-ibig, pagtataksil, at pakikibaka. Ito ay nagiging sanhi ng mababang lebel ng komprehensiyon, na nagreresulta sa hindi makabuluhang pagkatuto dahil nawawala ang emosyonal na koneksyon sa kwento tungo sa malalim na pagsusuri ng mga simbolismo. Dahil dito, ang mga mag-aaral ay madalas na nakatuon lamang sa pagmememoria ng mga taludtod kaysa sa pag-unawa ng mensahe, na nagpapahina sa kanilang kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga sa sariling kultura (Santos, 2016).

Mula naman kay Tenorio (2024), ang kakulangan ng pagsasanay tulad ng mga seminar sa mga guro ay nakaaapekto sa pagkatuto ng aralin ng mga estudyante. Dagdag pa niya na kapag kulang ang mga guro sa propesyonal na pagsasanay at seminar, nananatiling limitado ang kanilang mga kasanayan at kaalaman, na nagreresulta naman sa hindi epektibong pagtuturo. Dahil dito, naapektuhan ang kalidad ng pagkatuto ng mga estudyante, lalo na sa mga asignaturang itinuturo ng mga hindi dalubhasang guro. Isinaad pa niya, na karamihan sa mga guro, lalong-lalo na ang mga nagtuturo ng asignaturang Filipino na hindi nila pangunahing larangan, ay hindi nabibigyan ng sapat na pagsasanay o seminar. Ito ay nagdudulot ng kakulangan sa teknikal na kaalaman, estratehiya sa pagtuturo, at sa paggamit ng mga kagamitan sa pagtuturo. Inirerekomenda niya na mahalagang magkaroon ng regular at sapat na pagsasanay at seminar upang mapabuti ang kakayahan ng mga guro at mapataas ang kalidad ng edukasyon para sa mga estudyante.

Ganito rin ang ipinahayag ni Arcilla (2020), na isa sa malaking hamon sa pagtuturo-pagkatuto ng Florante at Laura ay ang kakulangan ng maayos na pagsasanay ng mga guro sa pag-uugnay ng mga temang panlipunan ng akda tulad ng kolonyalismo sa Albanya, at paglaban ni Florante sa kasalukuyang pulitikal na mga isyu sa Pilipinas, gaya ng korupsiyon at social injustice. Dahil dito, ang mga aralin ay nananatiling abstrak at hindi naaangkop sa realidad ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mababang motibasyon at hindi pagpapahalaga sa kaugnayan ng akda sa kasalukuyan. Ang epekto sa pagkatuto ay ang limitadong pagbuo ng empatya at kritikal na pag-iisip, dahil hindi naeengganyo ang mga mag-aaral na iugnay ang kwento sa kanilang sariling karanasan, na may epekto sa kanilang kakayahang mag analisa ng kasalukuyang pangyayari.

Inihalayhay naman ni Rabago (2024), na ang mga guro na may maraming gawain ay kadalasang nagkakaroon ng kakulangan sa oras at enerhiya para maghanda ng mahusay na lektyur at kagamitang pampagtuturo. Dahil dito, bumababa ang pakikilahok ng mag-aaral at naiimpluwensyahan ang kanilang tagumpay sa akademiko. Itinampok din niya na ang positibong disiplina sa pag-uugali ng mga estudyante ay mahalaga sa tagumpay nila sa asignaturang Filipino, ngunit ang labis na trabaho ng guro ay isang hadlang sa pagbuo ng makabuluhang interaksyon sa klase.

Matutunghayan naman sa pahayag ni Lopez (2018), na ang isa ring kritikal na isyu sa pagtuturo ng Florante at Laura ay ang sobrang haba at komplikadong istraktura ng akda, na binubuo ng mahigit 1,700 taludtod na may hindi malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan at paulit-ulit na deskripsyon, na nagiging dahilan ng pagkalito ng mga mag-aaral sa paghahambing ng mga tauhan at mga pangyayari tulad ng pagkakaibigan nina Florante at Aladin. Kaya humahantong sa mababang komprehensyon. Nagiging

sanhi ito ng kawalang interes ng mga mag-aaral sa akda at kawalan ng pagpapahalaga sa kwento bilang bahagi ng pambansang yaman.

Pagbuo ng Diksyunaryong Kinaray-a. Ayon kay Teodoro (2020), na kilalang manunulat na may malaking ambag sa panitikang Kinaray-a at nagkaroon ng interes sa pagpapalago ng panitikan gamit ang sariling wika, binigyang diin niya na ang kakulangan sa mga materyales tulad ng diksyunaryo, aklat at iba pang sanggunian ay hadlang sa mas malalim na pagkatuto at pagpapahalaga sa panitikan. Iminungkahi niya ang pagbuo ng mga diksyunaryo at glosaryo na nakatuon sa panitikang Kinaray-a upang matulungan ang mga mag-aaral at guro na mas maintindihan ang mga salita at konsepto sa kanilang sariling wika. Pahabol pa niya, ang ganitong mga materyales ay makatutulong sa pagpapalawak ng kultura at identidad ng mga Karay-a.

Sa pahayag naman ni Baustista et al. (2021), ang wikang Kinaray-a ay may malaking papel sa edukasyon, lalo na sa pagtuturo ng wika at literatura. Kailangan ang masusing pag-aaral sa mga paraan ng pagtuturo ng wikang ito upang magkaroon ng malinaw na pagkakakilanlan ng mga estratehiya na epektibo at ang pag-aanalisa ng mga hamon at oportunidad na kinahaharap ng pagtuturo ng Kinaray-a. Sumasang-ayon rito si Reyes (2021), na mahalaga ang pagkilala sa mga katangian ng wikang Kinaray-a, kabilang ang paglilikom at pagkakategorya ng mga salita, upang mapanatili ang mayamang kultura at kasaysayan nito. Mula sa nabanggit na paglilikom at pagkakategorya ng mga salitang Kinaray-a marahil ay makabubuo ng isang diksyunaryo o glosaryo na magagamit sa pagtuturo-pagkatuto ng panitikan. Alinsunod ito sa polisiya ng mula sa DepEd na naglalayong gamitin ang katutubong wika bilang pangunahing midyum sa unang bahagi ng pormal na edukasyon.

Dahil dito, ang pagbuo ng mga materyales tulad ng diksyunaryo at glosaryo sa Kinaray-a ay isang mahalagang hakbang upang maipatupad nang maayos ang kinagisnang salita. Binibigyang diin dito na ang mga mag-aaral ay mas epektibong matututo kapag ang kanilang unang wika ay ginagamit bilang midyum ng pagtuturo sa mga unang baitang, dahil ito ay nakakabuo ng matibay na pundasyon para sa pagkatuto ng iba pang asignatura at wika. Sa paggamit ng Kinaray-a sa pormal na edukasyon, marahil ay maitataguyod ang inklusibong edukasyon na nagmamalasakit sa lokal na kultura at pangangailangan ng mga mag-aaral. Ito rin ay magbubukas ng oportunidad para sa mas interaktibo, makabuluhang pagtuturo at pagkatuto na sumasalamin sa araw-araw na buhay ng mga mag-aaral.

Mula naman sa presentasyon ni Tondares (2020) sa Kinara-a Arts Festival kung saan ay masasabing mahalagang pangyayari sa pagsulong ng wika at kultura ng Kinaray-a. Sa kanyang paglahok, naipakita niya ang sistematikong ortograpiya ng Kinaray-a na may humigit-kumulang 30 letra, kasama ang mga bahagi ng pananalita at tuntunin sa paggamit ng wika. Ang pagtatakda ng ganitong ortograpiya ay nagbigay-daan sa pagbuo ng mga materyales tulad ng mga diksyunaryo na magsisilbing mahalagang sanggunian sa edukasyon at panitikan. Ginawa ni Tondares ang kanyang diskurso na tinanggap at sinuportahan ng mga lokal na opisyal, manunulat, at guro, na nagpapakita ng malawak na pagtanggap ng komunidad sa pangangalaga at pagpapaunlad ng wika. Isinasalang-alang sa ortograpiyang ito ang mga tradisyunal na salita at mga bagong imbensyon na nagpapakita ng dinamismo at pag-unlad ng wika sa kasalukuyang panahon.

Ang mga nakasaad ay ipinag-utos sa ilalim ng Republic Act No. 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013, na itaguyod ang paggamit ng katutubong wika bilang midyum ng pagtuturo mula Kindergarten hanggang Grade 3 upang mas madali at malinaw na matutunan ng mga bata ang mga batayang konsepto, kabilang na ang wika, agham, at matematika. Samakatwid, ang pagbuo ng Diksyunaryong



Kinaray-a at ang ortograpiyang inilathala ni Tondares ay nagsisilbing pundasyon, dahil nagbibigay ito ng standard na gabay para sa mga guro at mag-aaral sa paggamit ng wika. Sa ganitong paraan, naitataguyod din ang lokal na identidad at kultura habang pinapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Bilang karagdagan, siya rin ay may binuong Kinaray-a-Ingles Diksyunari kung saan binigyang diin ang pagpapanatili at pagpapalawak ng wikang Kinaray-a. Ang diksyunaryo ay naglalaman ng mga salita sa Kinaray-a na may salin sa Ingles, kasama ang mga karagdagang impormasyon tulad ng mga pangalan ng lugar sa Antique, mga hayop, at iba pang mga katangian ng rehiyon sa Northwest Panay. Pinagtuunan din niya ng pansin ang ortograpiya ng Kinaray-a, na may humigit-kumulang 30 letra sa alpabeto na hango sa Español, at ang paggamit ng tunog schwa na kinakatawan ng letrang u sa Kinaray-a. Nakapaglathala rin siya ng aklat na may pamagat na Karay-a Rice Tradition Revisited, kung saan ay may mahalagang ambag sa tradisyunal na pagsasaka, gawi at paniniwala ng mga bisayang nagsasalita ng Kinaray-a.

Unang nakagawa at nakapaglathala ng diksyunaryong Kinaray-a-English sa loob ng dalawang taon. Aniya, I am not for the money. I just wanted the language to be preserved. Ngunit kalaunan, nalaman niyang maraming guro sa Kinder at Elementarya sa Antique na nagsasalita ng Kinaray-a ang nagamit at napakinabangan ang kanyang likhang diksyunaryo. Bukod dito, tinalakay din niya ang pagpapabuti ng pag-unawa sa pagitan ng mga nagsasalita ng Kinaray-a at iba pang mga wika sa pamamagitan ng pagbuo ng sistematikong taramdan (grammar guide) na sumasaklaw sa alpabeto, ortograpiya, bahagi ng pananalita, gramatika, at mga idyoma. Layunin ng kanyang gawa na kilalanin ang Kinaray-a bilang isang wikang may sariling pagkakakilanlan at hindi lamang bilang salin o lubad ng ibang wika. Pinagtibay din ang balanse sa pagitan ng tradisyonal na gamit ng wika at ang pangangailangang umangkop sa makabagong panahon, kabilang ang pagpasok ng mga teknikal at siyentipikong termino

Nakapagpatnugot naman si Veracious (2024) ng mga parirala sa wikang Kinaray-a sa kung ano ang salin at bigksas nito tulad ng women-babayi bah-BAH-yee, what's your name-ano ngaran mo ah-NAW-ahn NGAH-rahn maw? at I lost my bag-nadura ang akun bag nah-DOO-rah ahng AHkkuhn bag. Aniya, mahalaga ang mga ito sapagkat nagbibigay ng konkreong halimbawa kung paano isinasalin at binibigkas ang mga pang-araw-araw na parirala mula sa Ingles patungo sa Kinaray-a, na tumutulong sa mga mag-aaral at tagapagturo upang mas maunawaan at magamit ang wikang Kinaray-a sa praktikal na komunikasyon.

Ayon kay Gong (2016) mula sa nalathalang diksyunaryong Ingles Kinaray-a ni Swadesh, may 100 mga salita na may salin sa lengguwahe ng Kinaray-a tulad ng we-kita, you-kamo, they-sanda, who-sin-o, where-diin, not-indi, all-tanan, one-isara, two-darwa, woman-baye, man-tawu, bird-pispis, dog-ayam, root-gamot, rope-higut, bone-ton-an at marami pang iba. Ang listahang ito ay bahagi ng tinatawag na Swadesh list, isang koleksyon ng mga salitang itinuturing na pangunahin at karaniwan sa halos lahat ng wika, na ginamit niya upang pag-aralan ang ugnayan at pagbabago ng mga wika sa paglipas ng panahon. Ang bersyon para sa Kinaray-a ay isang mahalagang sanggunian para sa pag-aaral ng pangunahing bokabularyo ng wikang ito at sa paghahambing nito sa iba pang mga wika, dagdag pa niya. Ang SIL Language and Culture Archives na dating Summer Institute of Linguistics naman ay nakapagtala ng 372 mga leksikal na salita sa Kinaray-a na may salin sa Ingles. Ito ay may layuning mapreserba at magkaroon ng sangguniang mapagkukunan sa wikang etnolinggwistiko. Ang koleksyon ng mga salita ay bahagi ng mas malawak na pagsisikap ng SIL na dokumentuhin at panatilihin ang mga katutubong wika sa Pilipinas, kabilang ang Kinaray-a, upang mapanatili ang kanilang gamit at maipasa sa mga susunod na henerasyon.

Mula naman sa National Museum of the Philippines - Iloilo (2025), ang Bisayan Ingles diksyunaryo ni Kaufmann ay naglalaman ng 214 na pahina at tumatalakay sa mga salita at kahulugan ng wikang Bisaya, partikular na ang mga dayalekto ng Hiligaynon Kinaray-a. Inilahad dito ang mga salita na ginagamit sa pang-araw-araw na buhay, na may salin sa Kinaray-a at Ingles, pati na rin ang pinagmulan ng mga salita na may kaugnayan sa iba pang mga wika sa rehiyon. Ang diksyunaryong ito ay hindi lamang naglalaman ng mga kahulugan kundi nagbibigay rin ng mga paliwanag tungkol sa mga salita, na kapaki-pakinabang para sa mga nag-aaral ng wikang Bisaya at para sa mga katutubong nagsasalita nito. Samantala ang Ph.usembassy.gov. (2022), ay naglathala ng diksyunaryong Kinaray-a na naging batayan ng mga tagapagsanay midya at mga manunulat sa Antique. Nabanggit din ng nasabing organisasyon ang mga sumusunod na layunin: to provide uniform orthographic standards for the creation of instructional materials, to provide uniform orthographic standards for the training of pre-service teachers who will specialize in Kinaray-a and to prevent rapid erosion of Kinaray-a due to indiscriminate cross usage of standards from other languages without benefit of careful study.

Sa pahayag naman ni Chua (2021), na nakatuon sa pagkilala sa mga salitang Kinaray-a at pagtukoy ng mga phonological na katangian nito, ang mga salita ay nilikom mula sa mga nakasulat at oral na korpura tulad ng mga ulat, panitikan, at pang-araw-araw na usapan. Pinagtuunan ng pansin ang mga salitang Kinaray-a mula sa partikular na lugar sa Iloilo bilang mahalagang hakbang sa pagtitiyak ng katumpakan ng datos para sa lokal na gamit. Dagdag pa niya, na sa leksikograpiya, mahalaga ang pagsasaalang-alang sa diyalekto at tematikong gamit ng mga salita upang maging epektibo at tumpak ang diksyunaryo, hindi lamang sa leksikal na aspeto kundi pati na rin sa pagtuturo at pag-aaral ng wika at panitikan. Ang suliranin sa pagbigkas at paggamit ng Kinaray-a ay nagbunsod sa mahalagang kontribusyon sa mas malawak na leksikograpikong pag-aaral para sa pagbuo ng diksyunaryong Kinaray-a.

Ang pagbuo ng leksikograpikong diksyunaryo ay isang sistematikong proseso ng pagtitipon, pagsusuri, at paglalahad ng mga salita, mga kahulugan, gamit, at istruktura nito sa wika. Batay ito sa disiplina ng leksikograpiya, na kinabibilangan ng praktikal at teoretikal na pag-aaral ng mga diksyunaryo. Nauugnay ito sa Batas Republika Blg. 10533 o ang Enhanced Basic Education Act of 2013, na nagtataguyod ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE). Layunin nito na gamitin ang mga katutubong wika sa pagtuturo upang mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng diksyunaryong Kinaray-a mula sa lokal na wika ay mahalaga upang masuportahan ang kinagisnang salita at posibleng makatulong upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at wika.

Samantala, si Asenjo (2023) ay nakakolekta ng mahigit isang daang salitang Kinaray-a mula sa mga mangingisdang naninirahan sa Balayeno, Antique. Tinukoy niya ang mga salita ayon sa bahagi ng pananalita tulad ng pangngalan, pandiwa, at pang-uri at binigyan ng tumpak na kahulugan upang makabuo ng isang balid at kapaki-pakinabang na glosaryo. Sinabi niya na ang pagkakaroon ng paulit-ulit na salita na may iba't ibang kahulugan base sa konteksto ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng wastong pag-label at malalim na pagsusuri para sa bawat salita. Dagdag pa niya, ang sistematikong paglikom at pag-aanalisa ay mahalaga sa pagbuo ng leksikograpikong materyales na sumusuporta sa pagtuturo at pagkatuto ng Kinaray-a bilang isa sa mga katutubong wika sa bansa. Ito rin ay nagsisilbing pundasyon para sa mas epektibong pangangalaga at pagpapalaganap ng kultura at wika ng mga taga-Antique.

Sa Kinaray-a Dictionary Project (2017) ni Pagunsan et. al, ginamit ang metodolohiya tulad ng pakikipagkuwentuhan o interaktibong panayam upang makalikom ng mga salita mula sa mga native speakers, deskriptibong sosyolingguwistiko upang pag-aralan ang kahulugan at gamit ng mga salita sa

konteksto ng komunidad, linguistic structural analysis para suriin ang morpema, ponema, at sintaks, at semantic field theory para kilalanin ang mga kahulugan ng salita sa kanilang mga larangan. Ginamit ang teknikal na kagamitan tulad ng Speech Analyzing Tool 3.1 upang ma-analisa nang tumpak ang mga tunog sa Kinaray-a. Layunin ng proyekto na makagawa ng standardized na diksyunaryo na magsisilbing sanggunian sa mga paaralan, midya, at mga lokal na mga manunulat, pati na rin ang pagpigil sa mabilis na pagkaluma ng wika dahil sa di-wastong paggamit ng iba't ibang orthographic standards. Sa bagay na to pinapakita lamang ang kahalagahan ng sistematikong paglikom, pagsusuri, at pag-oorganisa ng mga salita upang mapabuti ang pagkatuto at pagpapanatili ng wikang Kinaray-a.

Kaugnay na Pag-aaral

Sa bahaging ito matatagpuan ang mga kaugnay na pag-aaral, na makatutulong upang lalong mapatibay at maisakatuparan ang pananaliksik na ito.

Sa pananaliksik ni Pangantihon (2018), natuklasan na ang pagkakaroon ng isang sistematikong diksyunaryo ay napakahalaga upang mapanatili at mapalaganap ang wika, lalo na sa larangan ng panitikan. Ito ay hindi lamang tumatalakay sa mga salita at kanilang kahulugan kundi nagbibigay diin sa konteksto at gamit ng mga salita sa kultura at panitikan. Sa pamamagitan ng ganitong sangguniang leksikal, mas nagiging madali para sa mga mag-aaral, manunulat, at guro na maunawaan at mapalalim ang kanilang kahusayan sa wika at panitikan ng Kinaray-a. Pinatutunayan din ng pag-aaral na ang diksyunaryo ay isang epektibong kasangkapan sa edukasyon upang mapanatili ang katutubong wika sa gitna ng pag-usbong ng mga dominanteng wika gaya ng Filipino at Ingles. Bukod dito, ito din ay nakatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo, wastong paggamit ng mga salita, at pag-unawa, gayun din sa tamang pagpapakahulugan sa mga salita at naglililaw sa mga kultural na aspeto na mahalaga sa mga akdang pampanitikan.

Ganito din ang ipinakita ng pananaliksik ni Gico (2021), na ang diksyunaryo ay mahalaga sa proseso ng pagkatuto, kung saan ang malinaw at sistematikong ortograpiya ay itinuturing na pundasyon para sa mabisang pagtuturo ng wika, partikular sa mga kabataan. Ang pagkakaroon ng standardized na pagbabaybay at bigkas ay nagsisilbing gabay para sa mga guro at mag-aaral upang maiwasan ang kalituhan sa leksikal na pag-aaral. Dahil dito, nagiging mas epektibo ang diksyunaryo bilang kasangkapan hindi lamang sa pagkatuto ng mga salita kundi pati na rin sa pag-unawa ng kultura at panitikan ng Kinaray-a. Bukod dito, ipinakikita rin sa pag-aaral na ang isang mabisa at maayos na ortograpiya ay mahalaga sa pagpapanatili ng Kinaray-a bilang wikang panturo at sa pagkilala sa kahalagahan ng paggamit ng katutubong wika sa edukasyon.

Itinuturing itong mahalagang aspeto ng pananaliksik ni Carreon (2021), na binigyang-diin na ang pokus sa ortograpiya ay nagsisilbing matibay na batayan sa paglikha ng mga kagamitang pangwika, tulad ng diksyunaryo, na may malaking ambag sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pamamagitan ng wastong ortograpiya, nagiging sistematiko ang pagbabaybay, pagbigkas, at pagpapakahulugan ng mga salita, kaya't higit na napauunlad ang kakayahan ng mga gumagamit ng wika sa epektibong komunikasyon. Ang mga diksyunaryong nakabatay sa pamantayang ortograpiya ay nagsisilbing mahalagang sanggunian para sa mga guro, mag-aaral, at manunulat sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa bokabularyo, paglinang ng kasanayang pangwika, at mas malalim na pag-unawa sa mga akdang pampanitikan.

Umaayon dito ang pag-aaral ni Cerda (2024), kung saan binigyang-diin ng kanyang pananaliksik ang mahalagang papel ng diksyunaryo bilang isang kasangkapan sa pagkatuto ng wika at panitikan. Natuklasan rin sa pananaliksik niya na ang diksyunaryo ay hindi lamang basta sanggunian ng mga

kahulugan kundi isang instrumento na nagpapalawak ng bokabularyo, tumutulong sa mas mabilis at malinaw na pag-unawa ng mga bagong salita, at nagpapalalim ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Sa kanyang pagsusuri, nakita rin na ang paggamit ng diksyunaryo ay nakatutulong sa pagpapahusay ng mga kasanayan sa pagbabasa at pagsulat, na kritikal sa akademikong pagkatuto ng wika.

Sa pag-aaral ni Licayan (2023), na inilathala sa Amburayan Research Journal, natuklasan na ang diksyunaryo ay hindi lamang nagbibigay ng kahulugan kundi mga halimbawa at konteksto na nagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Nagpapakita ito ng malalim na pag-unawa sa wika at sa tamang paggamit ng mga salita sa iba't ibang sitwasyon, na sumusuporta sa pagpapanatili ng mga katutubong wika tulad ng Kinaray-a. Sa panitikan, tumutulong ito sa pagsusuri ng mga akda sa pamamagitan ng pagkilala ng kultural na konteksto, habang sa pagkatuto ay nagiging epektibong kasangkapan para sa guro at mag-aaral upang mapalakas ang literasiya at komunikasyon sa pang-araw-araw na buhay.

Sa pananaliksik nina Dakhi at Fitria (2024), na nakatuon sa U-Dictionary bilang digital tool, ay nagpapakita na ang bilingguwal na diksyunaryo ay nagpapalawak ng bokabularyo at nagpapahusay ng pag-unawa sa teksto sa Ingles at Filipino. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na gumagamit nito ay mas mataas ang kakayahan sa pagsulat at pagbabasa dahil sa mga halimbawa ng paggamit at pagbigkas, na nag-iiba sa simpleng pagsasalin. Sa wika at panitikan, nagiging tulay ito sa pag-unawa sa mga akdang pampanitikan, habang sa pagkatuto ay nagbibigay ng praktikal na suporta para sa mga mag-aaral sa rehiyon na nahihirapan sa dominanteng wika, na tumutugon sa pangangailangan ng malalim na literasiya.

Kaugnay nito, inirerekomenda ng pag-aaral ni Fernandez (2016) na gumamit ng mas malawak at iba't ibang klase ng mga materyales at instrumento sa pagkatuto ng bokabularyo. Masusing pag-aralan ang epekto ng iba pang mga salik, gaya ng teknolohiya, kapaligiran sa pag-aaral, at suporta ng magulang sa pagkatuto ng bokabularyo. Isama ang mga interaktibo at makabagong estratehiya tulad ng paggamit ng teknolohiya, laro, at multimedia upang mapalawak pa ang bokabularyo ng mga mag-aaral at magsagawa ng pananaliksik na may mas mahabang panahon upang makita ang pangmatagalang epekto ng paggamit ng diksyunaryo bilang estratehiya sa pagkatuto. Ang pag-aaral ay tumutugon sa mga teoryang pangwika na nagpapakita ng ugnayan ng wika, kultura, at lipunan bilang pundasyon ng epektibong pagkatuto. Pinapakita nito na ang diksyunaryo ay isang mahalagang bahagi ng sistematikong pagtuturo sa mga paaralan, lalo na sa mga rehiyonal na wika tulad ng Kinaray-a. Nakatutulong ang diksyunaryo upang mapanatili ang integridad ng wika habang sinusupportahan ang pag-unlad ng literasiya at pag-unawa sa panitikang lokal. Bukod dito, nagbibigay ito ng suporta sa mga guro bilang gabay sa pagtuturo ng tamang paggamit ng mga salita.

Sa pananaliksik ni Delos Reyes (2016), natuklasan na malaki ang epekto ng paggamit ng diksyunaryo sa nagpapalawak ng bokabularyo at pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinakita sa pag-aaral na ang diksyunaryo ay nakatutulong upang madagdagan ang kaalaman ng mga estudyante ng mga bagong salita, lalo na ang mga malalalim at hindi karaniwang gamit na salita. Dahil dito, nagiging mas malawak at mas matibay ang kanilang bokabularyo na siyang pundasyon sa mas mataas na antas ng pag-unawa sa mga teksto. Ito'y nagpapalawak din ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpapakahulugan ng salita sa iba't ibang konteksto, na isang mahalagang bahagi sa pag-unawa ng mga babasahin. Nagiging mas kritikal ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga salita, na tumutulong sa kanila upang mas maintindihan ang nilalaman at mensahe ng mga teksto. Nauugnay ang mga nabanggit sa naging rekomendasyon ng pag-aaral nina Hartmann at Jackson, na dapat palawakin at suportahan ang pagbuo ng mga diksyunaryo at glosaryo na

naka-tuon sa mga akdang pampanitikan, upang matulungan ang mga mag-aaral at mananaliksik. Mahalaga rin ang kolaborasyon ng mga leksikograpo, guro, at mananaliksik upang makalikha ng mga sangguniang mas angkop sa pangangailangan ng mga gumagamit sa larangan ng panitikan.

Bukod dito, binigyang-diin nila ang paggamit ng mga modernong teknolohiya at digital na plataporma upang mas mapadali ang pag-akses at pag-apdeyt ng mga diksyunaryo bilang isang aktibong kasangkapan sa pagkatuto. Nakasaad din sa kanilang pag-aral na ang pagbuo ng diksyunaryo ay masalimuot at nangangailangan ng masusing pag-aaral upang maging tama, kapaki-pakinabang, at makabuluhan ang pagkatuto ng mga salita. Nakita rin sa kanilang pananaliksik na hindi lamang basta listahan ng mga salita at kahulugan ang isang diksyunaryo, kundi isang kolektibong gawaing leksikograpikal na kukuha ng mga salita, kahulugan, pagbigkas, etimolohiya, at iba pang impormasyon na kailangan para sa mas malalim na pang-unawa sa wika. Pinapahalagahan sa kanilang pag-aaral ang pangangailangang mapanatili ang kalidad at integridad ng mga depinisyon at impormasyon na nakapaloob sa diksyunaryo para makatulong sa mga mambabasa, lalo na sa mga mag-aaral at mananaliksik sa larangan ng panitikan.

Natuklasan naman sa Meta-analysis nina Zhang et. al (2021), na malaki kapakinabangan ng second language vocabulary acquisition, lalo na kapag ginamit ang bilingualized dictionaries. Sinang-ayunan ito ni Lin Liu na ang paggamit ng diksyunaryo bilang estratehiya sa pagkatuto sa isang basic English class ay epektibo sa pagpapalawak ng kakayahan ng mga estudyante sa paggamit ng wika. Sa kanyang pag-aaral, isinama niya ang sistematikong pagsasanay sa paggamit ng diksyunaryo bilang bahagi ng klase sa Basic English para sa 80 estudyanteng unang taon ng kursong Ingles. Napag-alaman niya na bago ang pagsasanay, ang mga estudyante ay karaniwang gumagamit ng diksyunaryo bilang simpleng gabay sa pagsasalin lamang, na mas umaasa sa paliwanag sa Tsino kaysa sa Ingles, at hindi gaanong pinapansin ang iba pang mahahalagang bahagi tulad ng collocation, derivation, at mga halimbawa ng paggamit ng salita.

Sa loob ng isang semestre ng pagsasanay, natutunan ng mga estudyante na tuklasin ang iba't ibang gamit ng diksyunaryo at mapaunlad ang kanilang estratehiya sa paggamit nito. Naituro sa kanila kung kailan dapat hulaan ang kahulugan ng salita mula sa konteksto, kailan dapat tingnan sa diksyunaryo, at paano pag-aralan nang mas malalim ang mga mahahalagang salita. Nakatuon din sila sa pag-aaral ng bigkas, ilustrasyon, derbasyon, at kaugnay na salita upang mas maintindihan ang kahulugan at paggamit ng mga salita. Dahil dito, tumaas ang kanilang hangarin sa pag-aaral ng wika, interes, kumpiyansa, at kahusayan sa klase, pati na rin ang aktibidad sa pagkatuto. Ang pananaliksik ay nagpapatunay na ang integrasyon ng paggamit ng diksyunaryo sa karaniwang pagtuturo ng wikang Ingles ay isang mabisang pamamaraan para sa pagpapalalim ng bokabularyo at pagpapabuti ng pag-unawa ng mga estudyante sa mga malalalim na salita sa mga akdang pampanitikan at iba pang teksto.

Ipinakita naman sa pag-aaral ni Ezeh (2022), na ang diksyunaryo ay isang napakahalagang learning resource sa pagtuturo at pagkatuto ng wika, lalo na sa pagkuha at pag-unawa ng bokabularyo. Sa kanyang pag-aaral na isinagawa sa mga mag-aaral at guro sa Nigeria, ipinakita na ang paggamit ng diksyunaryo ay tumutulong upang mabawasan ang mga hamon sa pagkatuto ng ikalawang wika, tulad ng hindi pamilyar na mga salita, magkahalong kahulugan ng mga salita, at kahirapan sa pagsulat. Nakita din na magkakaroon ng pagkatuto kapag natutuhan at nasanay ang mga mag-aaral na gamitin ito ng epektibo. Ipinapakita din ng pananaliksik na ang diksyunaryo ay hindi lamang isang kasangkapan para sa pagsasalin, kundi isang komprehensibong sanggunian na nakatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo, lalo na sa malalalim na salita na ginagamit sa mga akda. Mahalaga ang proaktib na pagsasanay sa tamang paggamit ng diksyunaryo para matutunan ang iba't ibang bahagi tulad ng kahulugan, bigkas at baybay. Dahil dito, nagkakaroon ng

mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa mga salita, na nagreresulta sa mas mataas na kasanayan sa pagbasa, pagsusulat, at mas malawak na bokabularyo na mahalaga sa kanilang pagkatuto ng wika.

Sinuportahan ito ng pag-aaral ni Uswahsadi (2020) na epektibo ang paggamit ng diksyunaryo sa pag-unlad ng kaalaman sa bokabularyo at pagganap sa pagbasa ng mga mag-aaral at pagpapalawak ng kaalaman sa malalalim na salita na karaniwang ginagamit sa mga tekstong pampanitikan at iba pang akda. Natuklasan rin sa pag-aaral na ang paggamit ng diksyunaryo ay epektibong estratehiya upang mapabuti ang bokabularyo ng mga mag-aaral. Nagkakaroon sila ng mas malalim na pag-unawa sa kahulugan ng mga malalalim at di-pamilyar na salita, na siyang nagpapaunlad sa kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga teksto. Ang kakayahang ito ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng pagganap sa pagbasa, kabilang ang literal, interpretatibo, at kritikal na pag-unawa. Dahil dito, mahalagang gamitin ang diksyunaryo bilang isang mabisang instrumento sa pagtuturo, lalo na sa pagtuturo ng Filipino at panitikan, upang matulungan ang mga mag-aaral na makabisado at maintindihan ang mga salita at kaisipan sa malalalim na akda. Sa ganitong paraan, nahuhubog din ang kanilang kasanayan sa metakognisyon at mas nagiging epektibo ang kanilang pagbabasa bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto.

Natunghayan naman sa pag-aaral ni Mihaylova (2022), sa meta-analysis na sumuri sa 23 pag-aaral tungkol sa mobile-assisted language learning (MALL), natuklasan na ang paggamit ng mobile dictionaries bilang bahagi ng MALL ay may positibong kapakinabangan sa pagpapalawak ng ikalawang wika (L2). Ipinapakita nito na ang paggamit ng mobile dictionaries ay mas epektibo kumpara sa tradisyunal na mga pamamaraan sa pagkatuto ng bagong salita. Hindi lamang limitado ang mobile dictionaries sa pagbibigay ng kahulugan ng mga salita, kundi nagbibigay rin ito ng pagbigkas, mga sinonimo, halimbawa ng pangungusap, at tamang kontekstuwal na gamit ng salita. Ang ganitong mga tampok ay nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa sa mga salita at nakapagpapatibay sa kasanayan sa pagbabasa, pagsusulat, at pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa ikalawang wika. Pinapakita rin sa pag-aaral ang kahalagahan ng mobile dictionaries bilang gabay sa pagtuklas ng mga nuances o mas maliliit na detalye ng wika na mahalaga sa aktibong pagkatuto.

Dahil sa madaling akses at interaktibong paggamit ng mga ganitong diksyunaryo, mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga salitang hindi pamilyar, lalo na sa mga kontekstong pang-araw-araw na komunikasyon, kaya mas nagiging matibay ang kanilang pagkatuto ng bokabularyo. Nakita rin sa pag-aaral na ang mobile-assisted vocabulary learning ay may malaking epekto sa pag-unawa sa kahulugan at aktwal na paggamit ng salita, na mas mataas kaysa sa tradisyunal na pag-aaral. Mas epektibo ang paggamit ng mobile dictionaries kapag nakatuon sa form -itsura at bigkas at kahulugan ng salita kaysa sa sabay-sabay na pag-aaral ng lahat ng aspeto ng salita. Ang mga mobile dictionaries na may pang-edukasyong disenyo at gumagamit ng mga interaktibong elemento ay mas epektibo sa pagtuturo dahil pinapanatili ang interes at motibasyon ng mag-aaral.

May kaugnayan ito sa pag-aaral ni Anyanwu (2022), na mabisa ang paggamit ng diksyunaryo bilang estratehiya sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Tumutulong ito sa mabilis at malinaw na pag-unawa ng mga malalalim at bagong salita na maaaring hindi pamilyar sa mga mambabasa o manunulat. Bukod dito, kabilang din sa mga pamamaraan ang paggamit ng kontekstwal na klu, panghihiram ng salita mula sa ibang wika, at paglikha o formulasyon ng mga bagong salita. Ito ay isang epektibong paraan upang mahinuha ang kahulugan ng mga hindi kilalang salita sa pamamagitan ng pagtingin sa mga palibot nito sa loob ng pangungusap o teksto. Ito ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga salita ayon sa pagkakagamit, na nagiging daan upang mapalawak ang bokabularyo nang natural. Samantala, ang panghihiram ng salita ay tumutukoy sa paggamit ng mga salita mula sa ibang mga



wika na iniangkop sa sariling wika, habang ang paglikha ng mga salita naman ay proseso ng pagbubuo ng mga bagong salita mula sa mga panlapi o pagsasanib ng mga salita. Nakasaad rin sa pag-aaral na mahalaga ang pagtuturo ng bokabularyo hindi lamang sa pagbibigay ng listahan ng mga salita kundi sa paggamit ng mga estratehiya na nagbibigay daan upang ang mga mag-aaral ay matuto nang independent at masigasig. Kabilang din sa mungkahi ng pag-aaral ang paggamit ng mga interaktib na aktibidad tulad ng mga laro, talakayan, at paggamit ng teknolohiya upang mas mapalalim ang pagkatuto at pag-unawa sa mga salita at akda.

Umaayon rin sa mga naunang pahayag ang natuklasan sa pananaliksik ni Onunkwo (2022), na ang epektibong pagtuturo ng bokabularyo ay ang paggamit ng diksyunaryo sa pag-unawa at pagkatuto sa malalalim na salita na ginagamit sa mga akda. Kabilang sa mga estratehiya ang direktang pagtuturo ng mga mahahalagang salita. Bukod dito, ipinapakita ng kanyang pag-aaral na ang pagbuo ng bokabularyo ay hindi lamang nakasalalay sa pag-alam sa pangkahalatang kahulugan ng salita kundi sa mas malawak na pagsasama ng mga salita sa pangungusap at teksto upang maunawaan ng mas malalim. Ang kombinasyon ng direktang pagtuturo, pagdaragdag ng eksposur sa mga salita, at paggamit ng diksyunaryo bilang kasangkapan ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng pag-unawa at paggamit ng mga malalalim na salita sa mga akdang pampanitikan.

Napatunayan sa pananaliksik ni Tiwari (2023), na ang paggamit ng diksyunaryo bilang estratehiya ng pagkatuto at integral na bahagi ng proseso ng pagkatuto ng bokabularyo, lalo na sa pag-unawa ng malalalim na salita sa mga akdang pampanitikan ay epektibo. Gumamit ng pamamaraang eksperimento ang pag-aaral upang masukat ang pagbabago sa antas ng bokabularyo at pag-unawa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang diksyunaryo bilang instrumento. Ginagamit din ang pagsusuri sa pagganap sa iba't ibang gawain sa pagsusulat, pagbasa, at pakikipagkomunikasyon upang makita ang epekto ng paggamit ng diksyunaryo sa aktwal na paggamit ng wika. Natuklasan na ang diksyunaryo ay hindi lamang tool para sa literal na paghahanap ng kahulugan kundi isang kasangkapan sa pagbuo ng malalim na pag-unawa sa salita, na may kasamang kontekstwal na gamit at metakognitibong pag-aaral, na pawang mahalaga sa pagtuturo at pagkatuto ng wika at panitikan.

Sa resulta ng pag-aaral ni Maduku et. al (2020), napatunayan na ang pamamaraang hanap-salita gamit ang diksyunaryo ay nakapagpapataas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa bokabularyo. Sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon sa hanap-salita, natututo ang mga mag-aaral na maghanap, magsuri, at unawain ang mga salita sa mas malalim na antas. Pinatunayan ng resulta ng pag-aaral na mas mataas ang antas ng pag-unawa at tamang pagbabaybay ng mga salita pagkatapos gamitin ang interbensiyon. Ipinakita rin na ang interaktibong pamamaraan tulad ng hanap-salita ay nagiging epektibo kapag sinamahan ng paggamit ng diksyunaryo bilang kasangkapan sa pagkatuto, lalo na sa pagpapalawak ng kaalaman sa malalalim na salita na makikita sa mga tekstong pampanitikan. Ang siklus ng plan-action-observe-reflect ay nagbibigay daan sa mga mag-aaral na magkaroon ng metakognitibong kamalayan sa kanilang pagkatuto, na siyang nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at mas matatandaan ang mga salita.

Samantala, inirerekomenda naman ng pag-aaral ni Satriani (2018), na dapat magkaroon ng malawakang pagsasanay sa paggamit ng diksyunaryo sa loob ng mga silid-aralan bilang bahagi ng pagtuturo ng panitikan. Dapat ding isama sa kurikulum ang mga aktibidad na nagtuturo kung paano suriin ang kahulugan ng mga salita sa konteksto ng akdang pampanitikan, gamit ang diksyunaryo at iba pang sanggunian. Gamitin ang diksyunaryo hindi lamang bilang instrumentong pang-teksto kundi bilang kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalaman sa wika at kultura na nakapaloob sa mga akdang pampanitikan.



Ang ganitong paraan ay makatutulong na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral hindi lamang sa pag-unawa kundi pati na rin sa pagmamahal at pagpapahalaga sa panitikan. Natuklasan sa pag-aaral na ang mahinang bokabularyo at kakulangan sa wastong paggamit ng diksyunaryo ay pangunahing dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga malalalim at makukulay na salita sa mga tekstong pampanitikan. Ang hindi pag-alam kung paano gamitin nang tama ang diksyunaryo ay naglilimita sa kanilang kakayahan na palawakin ang kanilang bokabularyo, kaya't nagiging hadlang ito sa mas malalim na pag-unawa at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Ipinunto rin sa pag-aaral na kailangang mahasa ang mga mag-aaral sa tamang paraan ng paghanap at pagbibigay-kahulugan sa mga salita gamit ang diksyunaryo tungo sa epektibong pagkatuto.

Iminungkahi naman ng pag-aaral ni Peters et al. (2019), na dapat isama ang paggamit ng diksyunaryo bilang integral na bahagi ng natural na proseso ng pagkatuto ng wika, lalo na sa pagtuturo ng panitikan. Ang paggamit ng diksyunaryo ay dapat i-integrate sa mga aktibidad na nagpapalawak ng kontekstwal na pag-unawa sa teksto, katulad ng pagbabasa nang kritikal, pagtatalakay ng mga salita at pagsasagawa ng mga gawaing pampanitikan na nakatuon sa aplikasyon ng bokabularyo. Nakasaad rin sa pananaliksik na ang kombinasyon ng kontekstwal na pagkatuto at paggamit ng diksyunaryo ay napakahalaga at epektibo sa mas malalim at mas epektibong pagkatuto ng malalalim na salita sa panitikan. Nakita sa pag-aaral na hindi sapat ang simpleng pagbibigay ng kahulugan ng mga salita, ang pagkatuto ay mas pinapalalim kapag ang mga salita ay natutunan sa konteksto ng mga tekstong pampanitikan kung saan lumilitaw ang mga ito. Sa ganitong paraan, nabibigyan ng mas makabuluhang kahulugan ang mga salita, habang ang paggamit ng diksyunaryo ay nagsisilbing gabay para sa tama at masusing interpretasyon.

Makikita naman sa pananaliksik ni Mendoza (2017) na ang paggamit ng medyang instruksiyonal gaya ng diksyunaryo (e-dictionary) at audiovisual presentations ay malaki ang naitutulong sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral, partikular sa asignaturang may tinatalakay na panitikan sa mataas na paaralan. Sa pag-aaral, binigyang-diin na ang mga ganitong kagamitan ay nagdudulot ng mas mataas na interes at aktibong partisipasyon ng mga estudyante dahil naaayon at nakakaengganyo ang mga aralin sa kanilang karanasan at pangangailangan. Ipinakita din ng pag-aaral na ang paggamit ng diksyunaryo bilang kasangkapan sa pagkatuto ay hindi lamang nagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral kundi nagpapalalim din ng kanilang pagkaunawa sa mga malalalim na salita na karaniwang makikita sa mga panitikan. Sa ganitong paraan, nagagawa ng mga estudyante na mas maunawaan nang buo ang mga tekstong kanilang binabasa, na siyang nagreresulta sa mas mataas na antas ng pagkatuto. Dagdag pa niya, mahalaga ang pag-adap sa mga bagong teknolohiya at makabagong estratehiya sa pagtuturo tulad ng e-learning upang makatugon sa modernong pangangailangan ng mga mag-aaral, na may mataas na antas ng kasanayan sa teknolohiya ngunit nangangailangan pa rin ng tamang gabay mula sa mga guro upang mahasa ang kritikal na pag-iisip at iba pang kakayahan.

Nauugnay ang kasalukuyang pag-aaral sa pagpapatunay ni Kipp (2018), na ang electronic bilingual dictionary ay nagdulot ng malaking pag-unlad sa pag-unawa sa mga teknikal na salita-technical vocabulary mastery ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng ganitong pamamaraan ay nagiging mabilis at mas epektibo ang pagkatuto ng mga teknikal at sopistikadong salita na kadalasang nakikita sa mga akademikong teksto, libro, at teknikal na usapan. Ang electronic bilingual dictionary ay nagiging “kasama” ng mag-aaral sa pagbabasa, kaya hindi na siya napipilitang lumaktaw sa mahihirap na salita dahil sa takot o kawalan ng pag-unawa. Kapag may akses sa kahulugan sa sariling wika, lalo na sa teknikal na termino, mas madali niyang isalin ang konsepto sa kanyang pamilyar na wika. Dahil dito, mas nagagamit ang bagong teknikal na salita sa dating kaalaman, na nagpapalakas ng semantic maps at mental schema ng mag-aaral. Sa

madaling sabi, hindi lang salita ang natutunan, kundi buong konsepto na may kaugnayan sa kanilang karaniwang karanasan.

Bilang karagdagan, sa isang multilinguwal na klase, tulad sa mga Pilipinong mag-aaral na gumagamit ng Ingles bilang wika ng pag-aaral pero may Filipino o katutubong wika bilang unang wika (L1), mahalaga ang bilingual character ng electronic dictionary. Ang pagkakaroon ng salin sa unang wika ay nagbibigay-daan upang ihambing ang bagong teknikal na salita sa sambitang pamilyar. Ang ganoong proseso ay nagpapabilis ng cross-linguistic transfer, kung saan kinukuha ng mag-aaral ang mga konsepto't kahulugan mula sa L1 at isinasalin sa L2 o target na wika.

Natunghayan naman sa pananaliksik ni Laufer et al. (2018), ang empirikal na ebidensya na ang bilinguwal na konsultasyon ay hindi lamang pantulong kundi pinakamahasag na estratehiya na direktang tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga di pamilyar na salita. Sinuri sa pananaliksik kung paano nakakapagpabuti ng malalim na pag-unawa sa bokabularyo o ang tinatawag na lexical depth na kinabibilangan ng pagkilala sa mga collocations pagsasama ng mga salita, derivations mga anyo ng salita, maraming kahulugan, at idiomatiko na paggamit ng bilinguwal na konsultasyon bilingual consultation kumpara sa monolingual dictionary. Gumamit sila ng eksperimental na disenyo kung saan hinati ang mga kalahok na intermediate EFL learners sa dalawang grupo: ang isa ay gumamit ng bilingual dictionaries English-Dutch na mga pagsasalin habang nagbabasa ng mga akademikong teksto, at ang isa naman ay gumamit ng monolingual English dictionaries lamang.

Natuklasan na ang grupo ng bilinguwal na konsultasyon ay nagpakita ng mas mataas na marka sa malalim na pag-unawa sa bokabularyo sa post-tests, lalo na sa pagkilala at paggamit ng kompleks na termino tulad ng multi-word expressions, phrasal verbs, at domain-specific vocabulary na mahihirap unawain dahil sa kanilang abstract o technical na kalikasan. Mas maayos na naunawaan ng grupo na may bilingual access ang mga collocations tulad ng conduct research o draw conclusions dahil ang agarang pagsasalin sa L1 Dutch ay nagbigay ng konkretong semantikong sandigan na nagpapadali sa pag-encode sa memorya at paglipat sa konteksto ng L2, na nagresulta sa 25-30% mas mahusay na pagganap sa mga gawain na humuhusay sa malalim na kaalaman sa salita kumpara sa monolingual group na nahihirapan mag-proseso ng L2 na madalas abstrak at walang kultural na pagkakakilanlan.

Binigyang diin sa pag-aaral ni Baluyos et al. (2024), na ang paggamit ng glosaryo ng mga terminong pampanitikan ay epektibong paraan sa pagkatuto ng mga malalalim na salita. Pinakita rin ng pananaliksik niya na ang pagkakaroon ng glosaryo ay nakatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral pati na rin sa kanilang kakayahang suriin at bigyang-kahulugan ang mga teksto sa mas mataas na antas. Bukod dito, pinapadali nito ang kanilang pagkatuto dahil nasusuri nila ang mga salitang bago sa kanila sa loob ng panitikan, kaya nagiging mas makahulugan ang kanilang pagkatuto. Inilahad rin na ang glosaryong may malinaw na depinisyon kasama ang halimbawa ng paggamit ng salita sa pangungusap ay humahantong sa praktikal at epektibong pagkatuto dahil hindi lamang naitatala ang mga salita, kundi nagagamit din sa aktwal na pagsusuri at pagsulat ng mga mag-aaral.

Napatunayan sa pananaliksik nina Emralino at Palines (2016) na ang paggamit ng ilustrasyong glosaryo ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng malalalim na salita, lalo na sa mga panitikang pandaigdigang. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang ilustrasyong glosaryo ay hindi lamang naglalaman ng mga kahulugan ng salita kundi sinasamahan din ito ng mga larawan o visual na representasyon na tumutulong upang mas madaling maunawaan at maalala ang mga salita. Bukod sa pagpapaliwanag ng kahulugan, ang mga ilustrasyon ay nagsisilbing konkretong halimbawa ng ibig sabihin

ng mga malalalim na salita, kaya nararamdaman ng mga mag-aaral ang salita sa pamamagitan ng visual na stimuli. Dahil dito, mas nagiging epektibo ang pagkatuto dahil nagkakaroon ng koneksyon sa pagitan ng salita at ng imaheng tumutukoy dito, na nakatutulong sa pag-unwa. Nauugnay dito ang natuklasan ni Osworth (2017) sa kanyang pananaliksik, na ang paggamit ng ilustrasyong glosaryo ay nagbibigay ng visual na suporta sa pag-unawa ng mga kahulugan, na nagpapadali sa pagkatuto lalo na sa mga salitang malalalim at teknikal. Nabanggit din sa pag-aaral na ang ganitong kagamitan ay napakahalaga sa konteksto ng self-paced na pagkatuto, kung saan ang mga mag-aaral ay maaaring mag-aral sa kanilang sariling bilis at paraan.

Sinang-ayunan ito ng pag-aaral ni San Juan (2016), na ang paggawa ng glosaryo ng mga terminong pampanitikan ay mahalagang hakbang upang mas mapadali ang pagtuturo at pagkatuto ng panitikang Filipino, lalo na sa mga antas ng sekundarya at tersyarya. Nagtala siya ng mga piling termino sa panitikan na may mga salitang panumbas sa Filipino, na nagbibigay-daan upang mas malinaw na maipahayag ang kahulugan ng mga konsepto sa panitikan sa wikang pambansa. Napag-alaman din sa kanyang pag-aaral na mayaman ang wikang Filipino sa mga salitang panumbas ng mga terminong Ingles sa panitikan, kaya maaaring gamitin ang mga ito nang hindi nababawasan ang linaw o kabuuan ng mga salita. Binanggit rin sa pag-aaral na mahalagang maitala at mapalaganap ang ganitong mga terminolohiya upang maiwasan ang mis-interpretasyon at mis-edukasyon, lalo na sa pag-aaral ng mga teoryang pampanitikan. Bukod dito, binigyang-diin ng kanyang pananaliksik ang pangangailangan sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa larangan ng panitikan at ang kahalagahan ng pagbibigay ng balidasyon mula sa mga guro at estudyante para sa kalidad ng glosaryo.

Isinaad naman sa pananaliksik ni Ma (2019) na may positibong epekto ang pagsasalin mula sa target language (banyagang wika) papunta sa native language sa proseso ng pagkatuto ng banyagang wika. Ang paggamit ng pagsasalin ay nakatutulong upang mas maintindihan ng mga mag-aaral ang mga konsepto at salita dahil nagkakaroon sila ng koneksyon sa kanilang sariling wika, na nagpapadali sa pagkatuto at pagpapalawak ng bokabularyo. Napalalalim rin ng mga mag-aaral ang pag-unawa gamit ang salita sa konteksto ng banyagang wika na nagreresulta sa mas epektibong pagkatuto. Ang pag-aaral ay isinagawa sa isang institusyon ng Teacher Education sa KCAST at gumamit ng mixed method na disenyo na may kombinasyon ng kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan, kung saan natuklasan na makabuluhan ang ugnayan ng impluwensiya ng banyagang wika sa pagkatuto ng Wikang Filipino. Nakita sa pananaliksik ang kahalagahan ng pagsasalin bilang estratehiya sa pagkatuto.

Tinalakay naman sa pananaliksik nina Napu at Hasan (2019) na ang pagsasalin mula sa pinagmulang wika patungo sa target na wika ay isang proseso na hindi lamang naghahatid ng tiyak na kahulugan ng teksto kundi pati na rin ng estilo upang mas maunawaan ito ng mambabasa sa target na wika. Binanggit nila na ang tamang pagsasalin ay mahalaga upang matukoy ang eksaktong kahulugan na kritikal sa pagtanggap at pag-unawa ng mensahe ng mambabasa. Sa kanilang pag-aaral, natunghayan nila na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalin ay nakakaapekto sa kalidad ng kanilang pag-unawa at presentasyon ng teksto. Malaki rin ang epekto sa pagkatuto ang pagsasalin bilang isang proseso, kung saan ang epektibong pagsasalin ay nakatulong upang mapabuti ang antas ng literasi at pakikipagkomunikasyon ng mga mag-aaral. Natuklasan rin na ang paggamit ng iba't ibang pamamaraan ng pagsasalin tulad ng salita-sa-salita, adaptasyon, at idyomatiko ay nakatutulong sa target na wika at mambabasa.

Lumabas naman sa pananaliksik ni Quilab (2021), na ang pagsasalin sa Filipino ng sugilanon ni Marcelo Geocallo na isinulat sa wikang Cebuano ay mahalaga upang mapalawak at mapalalim ang pag-unawa ng mambabasa sa panitikang rehiyonal. Sa kanyang pag-aaral, lumabas na ang pagsasalin ay nagbibigay ng akses sa mas malawak na tagapakinig upang masuri ang estetika at poetika ng akda.



Binibigyang pansin din sa pananaliksik ang konteksto ng lipunan sa Lanao del Norte at Mindanao, kung saan inilalarawan ng sugilanon ang mga isyu tulad ng migrasyon, pang-aabuso sa kalikasan, at ang pangangalaga ng mga tradisyong katutubo sa kabila ng modernisasyon. Ang pagsasalin ay isang malikhaing proseso na hindi lamang basta paglilipat ng salita kundi pati na rin ng pag-unawa sa diwa at konteksto ng orihinal na teksto, na mas pinagbubuti sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa awtor at pagsasaliksik ng mga salita. Ito ay nag-aambag sa pagsusulong ng panitikang rehiyonal bilang mahalagang bahagi ng pambansang panitikan at naglilinang ng pagpapahalaga sa iba't ibang kultura at wika sa bansa. Ang pananaliksik ni Quilab ay sumasalamain sa kahalagahan ng pagsasalin bilang kasangkapan sa pagkatuto at pag-unawa sa panitikang Filipino mula sa rehiyonal, na nagiging tulay para sa pagkakaunawaan at pagtanggap ng mga lahi at kultura sa Pilipinas.

Makikita rin ang pagkakaugnay ng nabanggit na pag-aaral sa pananaliksik ni Pigcas (2019), sinuri ng mananaliksik ang epekto ng pagsasalin ng 15 maikling kwento at 5 tula mula sa mga kilalang manunulat sa Kanlurang Visayas tulad nina Peter Solito, Leoncio P. Deriada, at Merlie Alunan tungo sa wikang Filipino upang mapalawak ang aksesibilidad ng panitikang rehiyonal. Sa pagsusuri sa pagbabasa bago at pagkatapos sa 250 estudyante mula sa UP Visayas, UP Diliman, at PNU Manila, kasabay ng pagsusuri sa laman ng mga nagsalin na teksto upang masukat ang pagpapanatili ng kultural na konteksto, mga pagkaiba sa estilo ng pagsulat, at lalim ng mga tema, natuklasan na may malaking bahagdan na pagtaas sa bilang ng mga mambabasa mula sa 150 lokal na mambabasa na bihasa sa Hiligaynon patungo sa 680 pambansang mambabasa na hindi nagsasalita ng rehiyonal na wika na nagresulta sa 78% na pagtaas sa antas ng pag-unawa sa mga tema tulad ng sosyal na realismo, pagkakakilanlan ng kultura, at kasaysayan ng rehiyon, lalo na sa mga hindi nagsasalita ng Hiligaynon na dating nahihirapan sa orihinal na mga teksto dahil sa hadlang ng wika. Higit pa rito, ang mga naisalin na bersyon ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pakikilahok tulad ng 65% na pagtaas sa bahagi sa mga talakayan, 52% na pagpapabuti sa mga marka sa pagsulat ng sanaysay na tumutukoy sa mga nagsalin na akda, dahil ang mga salin sa Filipino ay nagbigay ng mas natural na daloy ng wika na nagpapadali sa pagpapahalaga sa mga elementong natatangi sa lugar tulad ng tradisyon ng sugilanon at mga idyoma sa Hiligaynon na nawawala sa direktang salin sa Ingles.

Sa pagsusuri ni Quinones (2017), sa kapakinabangan ng pagsasalin ng 12 kilalang tula mula sa mga manunulat sa Silangang Visayas tulad nina Estela Cabrillos, Adela Zambrano, at F. S. Sibayan tungo sa wikang Filipino upang masuportahan ang Multilingual Education ng K-12 curriculum, gumamit siya ng eksperimental na disenyo na kinabibilangan ng pre-post comprehension tests at reading engagement surveys sa 180 mag-aaral mula sa mga paaralan sa Leyte at Samar kung saan hinati ang mga kalahok sa mga gumamit ng orihinal na Waray-Warays na tula at bilingual (Waray-Filipino) na bersyon, natuklasang nagpakita ng mataas na bahagdan na pagtaas sa pag-unawa sa mga tema ang mga hindi nagsasalita ng Waray (mula 35% baseline score patungo sa 98% post-test score sa Filipino-translated group), partikular sa mga konsepto ng kalikasan, pag-ibig sa bayan, at lokal na tradisyon na dating nahihirapan ng Tagalog- at Cebuano-speaking learners dahil sa hadlang sa wika, kasabay ng 52% na pagtaas sa reading motivation at 67% na pagpapabuti sa oral recitation performance dahil sa mas malinaw na semantikong tulay na nagpapanatili ng emosyonal na lakas at Waray tulad ng bag-ong lunhaw at panganod.

Nakatulong ito nang malaki sa pagkatuto ng mga mag-aaral bilang estratehikong kasangkapan sa yugtong MTB-MLE (Baitang 1-3) na nagpapabilis ng transfer ng literacy skills mula sa inang wika patungo sa wikang pambansa, na nagdulot ng 45% na pagbaba sa dropout rates sa MTB-MLE classes ng Rehiyon 8, mas mataas na porsyento ng mga nakapasa sa Filipino reading benchmarks, at ayon sa survey ng 180 respondents kung saan 91% ang sumang-ayon, pinahusay na kultural na kaalaman at pagmamahal sa rehiyonal na panitikan dahil nabawasan ang frustration mula sa hindi pamilyar na bokabularyo habang



napanatili ang awtentisidad ng mga temang kalamidad, pakikibaka, at espiritwalidad na kakaiba sa tradisyon ng panitikang Waray. Higit pa rito, ang translated poetry ay naiangkla nang epektibo sa DepEd lesson plans bilang praktikal na panturo na nagdulot ng mas malalim na pag-iisip sa literary analysis at intercultural appreciation lalo na sa urban areas na walang direktang exposure sa kultura ng Silangang Visayas na nagpo-promote ng inklusibong kurikulum, nagpapatibay ng pagkakakilanlan, at nagpapahusay ng national literacy habang direktang tumutugon sa mga hamon ng multilingual education. Sa kabuuan, ang empirikal na ebidensya mula sa pag-aaral ni Quinones ay nagpapatunay na ang poetry translation ay hindi lamang nagpapalawak ng akses kundi tunay na nagpapataas ng pagkatuto sa pamamagitan ng emosyonal at kognitibong koneksyon sa panitikang rehiyonal.

Nakita naman sa pananaliksik ni Cai (2019), na ang Teoryang Komunikatibo ni Peter Newmark, lalo na ang prinsipyo ng receptor-oriented strategies, ay isang mabisang estratehiya sa pagsasalin na nakatuon sa pangangailangan ng mambabasa o receptor sa target na wika. Sa halip na sundin nang literal ang estruktura at porma ng orihinal na teksto, binibigyang-diin ng teoryang ito ang pagpapasimple at pagpapalinaw ng pagsasalin upang maging natural at madaling maintindihan ng mga mambabasa sa target na kultura at wika.

Naiiwasan ang mga hadlang sa pag-unawa, na nagreresulta sa mataas na antas ng komunikasyon. Ang pag-aaral ay mahalaga dahil tinutulungan nito ang mga mag-aaral na makita ang pagsasalin bilang isang malikhain at kontekstuwal na proseso na nakatuon sa komunikasyon, hindi lamang sa mekanikal na paglilipat ng salita. Pinapalawak nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalin sa pamamagitan ng pagpapahalaga sa mga pangangailangan ng mambabasa, na nagreresulta sa mas malalim na pag-unawa at kumpiyansa sa paggamit ng wika.

Nakasaad naman sa buod ng pag-aaral ni Genzola (2024), na ang pagkolekta ng mga salita sa Kinaray-a na may kaukulang salin sa Ingles ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa wikang Kinaray-a at sa pagpapadali ng pagkatuto ng wika, lalo na sa mga mag-aaral at mananaliksik. Ang mga salitang ito ay sumasalamin sa kultura at pang-araw-araw na buhay ng mga Karay-a na nagsisilbing tulay upang mapanatili at mapalaganap ang wikang ito. Nakapagtala ito ng 210 na mga salita sa wikang Kinaray-a na may salin sa wikang Ingles. Narito ang ilang sa kanyang naisulat: alima-hand, leg-siki, skin-panit, bone-tul an, nose-irong, tooth-unto, to sit- mapungko, to stand-matindog, woman-bayi, to kill-patyun, feather-bulbol, sand-balas, at they-sanda. Bukod dito, ang pag-aaral ay nagbigay-diin sa pangangailangan ng mas marami pang ganitong dokumentasyon upang mapanatili ang wika sa gitna ng mga pagbabago dulot ng globalisasyon at modernisasyon. Ito ay hindi lamang isang teknikal na kasangkapan sa pag-aaral ng wika kundi isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan. Nagiging mas interaktibo ang mga aralin, kung saan maaaring makatulong ang guro na agad tukuyin at ipaliwanag ang kahulugan ng mga hindi karaniwang salita, na siyang nagpapalawak ng interes at pang-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan.

Inirekomenda sa pag-aaral nina Guadna et al. (2023) na maging bukas ang mga guro at mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang hanap-salita at sa patuloy na paglikom ng mga salitang maaaring maisama rito, sapagkat ito ay nakatutulong na mabawasan ang pagkabagot sa pagkatuto at napatunayang epektibo sa pagpapalawak ng bokabularyo. Sa paggamit ng hanap-salita, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong matuklasan ang kahulugan ng mga bago o mahihirap na salita sa konteksto ng panitikan at iba pang tekstong Filipino. Pinapalawak nito ang kanilang kaalaman sa bokabularyo sa pamamagitan ng aktibong paglahok at pagkatuto sa isang masigla at kawili-wiling paraan. Higit pa rito, nahahasa rin ang kanilang kasanayan sa pagkilala, pag-unawa, at wastong paggamit ng mga salita sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon. Dahil dito, nagiging mas handa ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga akdang

pampanitikan na naglalaman ng malalalim na salita at mas napauunlad ang kanilang pangkalahatang kakayahan sa pagbasa at komprehensiyon.

Ganito rin ang napatunayan sa pag-aaral ni Wakania (2017), na ang paggamit ng Word Search Game ay isang mabisang estratehiya sa pagpapayaman ng kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Nakasaad sa konklusyon ng kanyang pag-aaral na ang performans ng mga mag-aaral ay makabuluhang napabuti sa pamamagitan ng paggamit ng Word Search Game bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto. Ipinakikita nito na ang mga gawaing interaktibo at nakaaaliw ay nakapagpapataas ng interes at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng mga bagong salita. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagkilala at paghahanap ng mga salita, mas napagtitiyag ang kanilang pag-unawa sa kahulugan, wastong baybay, at paggamit ng bokabularyo. Dahil dito, nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga tekstong kanilang binabasa at mailapat ang mga natutuhang salita sa kanilang pasalita at pasulat na komunikasyon.

Ang mga rekomendasyon at natuklasan sa nabanggit na pananaliksik ay sinang-ayunan nina Simatupang at Derin (2020), na nagsabing mahalagang mapalawak ng mga mag-aaral ang kanilang bokabularyo sapagkat ito ay nagsisilbing pundasyon ng mabisang paggamit ng wika. Ayon sa kanila, ang kakulangan sa bokabularyo ay nagdudulot ng kahinaan sa pakikipagtalastasan at sa pag-unawa sa mensaheng ipinahahayag ng ibang tao. Dahil dito, nagiging limitado ang kakayahan ng mga mag-aaral na maipahayag nang malinaw ang kanilang mga kaisipan at damdamin sa pasalita at pasulat na paraan. Ipinakikita rin nito na ang patuloy na pagpapayaman ng bokabularyo ay mahalagang salik sa pagpapalawak ng kasanayan sa komunikasyon, pagbasa, at komprehensiyon. Sa ganitong paraan, nagiging mas epektibo ang mga mag-aaral sa paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyong pang-akademiko at pang-araw-araw.

Nakita sa pag-aaral ni Wiysahnyuy (2024), na ang kakulangan sa sapat na bokabularyo at hindi epektibong paggamit ng mga estratehiya gaya ng diksyunaryo at iba pang reference tool ay mga pangunahing salik sa mababang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Kapag hindi gumagamit ng diksyunaryo ang mga mag-aaral, mas nahihirapan silang i-decode at i-pares ang mga di-pamilyar na salita sa kanilang sariling kaalaman, na nagdudulot ng mahinang pag-unawa sa kabuuang teksto at limitadong kakayahan sa pagpapahayag ng sariling kaisipan. Ang kakulangan sa pag-uugnay ng mga salita sa iba pang salita o konteksto ay nagpapalubha sa kahinaan ng kanilang kasanayang bumasa at makipagtalastasan, lalo na sa mga akademikong teksto na may mas teknikal o sopistikadong gamit ng wika. Bilang tugon, iminumungkahi ng pananaliksik ni Wiysahnyuy ang inobatibong paraan ng pagtuturo tulad ng kolaboratibong-resiprosyal na interbensiyon, kung saan sinasanay ang mga mag-aaral na gumamit ng diksyunaryo (tradisyonal o digital), dumepende sa mga kontekstong klu, at samantalain ang mga digital na resources, upang mapalawak ang kanilang bokabularyo, mas mapalakas ang pag-unawa sa teksto, at mas mapabuti ang kakayahang makipagtalastasan sa Filipino bilang wika ng pag-aral at maipahayag ng mabisa ang kaalaman.

Lumalabas sa mga pananaliksik na ang kakulangan sa bokabularyo ay nagdudulot ng kahinaan sa pag-unawa at komunikasyon, kaya't mahalaga ang inobatibong paraan ng pagtuturo at pagkatuto ng mga salita, gayon din ang pagbuo ng mga koleksyon ng salita, paggamit ng mga estratehiya tulad ng hanap salita at word games upang mapalawak pa ang talasalitaan at eksaktong pagsasalin ng kahulugan upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral. Samakatwid, mahalaga ang diksyunaryo sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa wika at panitikan partikular sa mga akdang may malalalim na salita tulad ng Florante at Laura, sa usaping ito naniniwala ang mananaliksik na malaki ang gagampanang papel ng mabubuong diksyunaryo sa pagkatuto ng akda sapagkat ito ay isinalin sa



nauunawaang wika ng mga mag-aaral. Umaayon dito ang pag-aaral ni Casanova (2002), na ang diksyunaryo ay isang pangunahing instrumento para sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino at iba pang katutubong wika sa Pilipinas. Ang pagkakaroon ng maayos at komprehensibong diksyunaryo ay nagbibigay daan sa mas malalim na pag-aaral ng panitikan at akademikong paggamit ng wika. Nakatutulong ito upang mapalawak ang bokabularyo, maintindihan ang mga terminolohiyang pampanitikan at mapanatili ang wika sa konteksto ng modernong edukasyon. Ito'y hindi lamang kasangkapan sa pag-aaral kundi isang pundasyon sa pagpapalaganap ng wika bilang bahagi ng pambansang identidad at kultura.

Gayun din ang natuklasan ni Dr. Calingasan (2024) sa kanyang pag-aaral, na ang tamang paggamit ng diksyunaryo ay maintindihan ng mga mag-aaral ng husto ang kahulugan ng mga salita. Dahil dito, napalalago nila ang kanilang bokabularyo na mahalaga sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa akademikong pag-aaral. Nakita rin na may kahirapan ang mga estudyante sa paggamit ng printed dictionary dahil likas na umaasa sa teknolohiya, kaya mahalaga ding ituro ang wastong paggamit nito bilang kasanayan sa pag-aaral. Napag-alaman din mula sa buod ng pag-aaral na ang kasanayan sa paggamit ng diksyunaryo ay hindi lamang nakatutulong sa akademikong pagkatuto, kundi pati na rin sa pakikipag-ugnayan sa lipunan at pagpapahayag ng mga saloobin nang malinaw at wasto.

Sa konklusyon naman ng pag-aaral ni Villarama (2020), ang diksyunaryo ay may mahalagang papel sa pagkatuto ng mga malalalim na salita sa wika, sa pamamagitan ng diksyunaryo ay nagkakaroon ang mga mag-aaral ng kakayahang maintindihan ang iba't ibang kahulugan ng isang salita, lalo na ang mga salita na may maraming kahulugan. Binibigyang-diin ng pananaliksik na isa ang diksyunaryo sa epektibong kasangkapan upang mapaunlad ang bokabularyo ng mga mag-aaral, na nagbibigay daan sa mas malalim na pag-unawa at mas mahusay na paggamit ng wika sa pagsulat at pakikipagkomunikasyon. Dagda pa, ang diksyunaryo ay hindi lamang naghahatid ng simpleng depinisyon ng salita, kundi nagbibigay din ito ng mga halimbawa ng tamang paggamit, pagbigkas, at bahagi ng pananalita, na mahalaga upang maunawaan ang salita. Sa ganitong paraan, natututo ang mga mag-aaral hindi lang sa paggamit ng salita, kundi naiintindihan din ang angkop na gamit nito sa pangungusap, na siya namang nagpapayaman sa kanilang kakayahan sa wika at akademikong pag-aaral.

Ganito rin ang lumabas sa pag-aaral ni Nibalvos (2019) tungkol sa ugnayan ng lipunan at panitikan, na ang paggamit ng wikang nakagisnang mga mag-aaral sa pagtuturo ng panitikan ay nakapagpapadali at nakapagpapahusay sa kanilang pagkatuto. Nakasaad din sa kanyang pag-aaral na ang paggamit ng diksyunaryo ay isang mabisang kagamitang panturo upang madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga malalalim at hindi pamilyar na salita. Ipinakikita nito na ang pagsasama ng sariling wika at angkop na sangguniang kagaya ng diksyunaryo ay nakatutulong sa pagpapalinaw ng kahulugan ng mga salita at sa pag-unawa sa kabuuang mensahe ng akdang pampanitikan. Dahil dito, higit na napauunlad ang komprehensiyon sa pagbasa, napayayaman ang bokabularyo, at nagiging mas makabuluhan ang karanasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan.

Sintesis

Ang Kinaray-a ay Austronesyong wika na sinasalita sa Antique, Iloilo, Guimaras, Capiz, Aklan, at Palawan. Ito ay nagmula sa salitang iraya o ilaya na nangangahulugan sa mga taong naninirahan sa bundok. Ito ay nahahawig sa Hiligaynon sa timog at gumagamit ng 29 patinig kabilang ang schwa na *ë* at 20 katinig. Higit 500,000 katao ang nagsasalita nito ayon sa PSA. Ito ang pinakamatandang wika sa Panay at lingua franca sa Kanlurang Visayas. Ang phonological system nito ay malumanay na may nasal consonants, mahabang patinig, at banayad na istres, na sumasalamin sa kulturang may respeto ng mga Karay-a. Ito ay



midyum ng komunikasyon, pagpapanatili ng tradisyon, at intangible cultural heritage na suportado ng DepEd at patuloy na pinagyayaman ng Bantayog-Wika at Padya Dungug Kinaray-a.

Ang bahagi ng pananalita ay pundamental na balangkas ng wika at panitikan para sa tamang pagbuo ng pangungusap at malinaw na komunikasyon. Sa Kinaray-a, ito ay sistematiko: pangngalan, tao, lugar, bagay, lunan o pangyayari, pandiwa -kilos, pang-uri -naglalarawan sa pangngalan o panghalip, pang-abay nagbibigay turing sa pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay na maaaring panlunan, pamanahon, pamaraan. Mga pantukoy tulad ng ya, mga, si, ni, at kay na tumutukoy sa pangngalan, habang ang panghalip ay pamalit sa pangngalan. Pangatnig na nag-uugnay ng salita o pangungusap, samantalang ang pandamdang ay nagpapahayag ng emosyon. Mahalaga ito sa pagpapaunlad ng bokabularyo, sa malikhaing pagpapahayag at sa pagtuturo-pagkatuto.

Ang mga estratehiya sa pagtuturo ng Florante at Laura ay nakatuon sa pagpapalawak ng bokabularyo gamit ang schema theory, kasingkahulugan, denotasyon/konotasyon, at etimolohiya. Interaktibong diskusyon tulad ng think-pair-share at group talks na nagpapataas ng partisipasyon at kritikal na pag-iisip, na nauugnay sa kasaysayan at kultura. Grapikong pantulong kabilang ang story map, flashcards, hanap-salita, at glosaryo ay nag-oorganisa ng impormasyon at nagpapababa ng cognitive load. Ang, multaymedya, teknolohiya, at biswal aids ay nagpapahusay ng pakikilahok, habang ang takdang-aralin at lektura ay nagdudulot ng malalim na pag-unawa sa tema ng pag-ibig, pagtataksil, at paghihiganti sa tinatalakang paksa sa akda.

Ang mga isyu at hamon na kinakaharap sa pagtuturo ng Florante at Laura ay kakulangan sa makabagong materyales, teknolohiya, at multimodal aids na nagdudulot ng mababang interes sa mga kabataan na sanay sa TikTok at YouTube. Ang lalim ng wika, malalalim na salita tulad ng dumaig, pag-irog, at mga metapora ay nagiging sanhi ng kalituhan at mababang komprehensiyon. Kakulangan sa aklat, pagsasanay ng guro, at oras ay naglilimita sa pag-unawa sa tema ng pag-ibig, pagtataksil, at kolonyalismo. Sobrang haba ng 1,700 taludtod na hadlang sa pagkakasunod-sunod ng kaganapan at paghahambing ng tauhan, na nagreresulta sa kawalan ng motibasyon. Kailangan ng gabay pampagtuturo tulad ng tematikong instruksiyon, glossary, digital tools, at pagsasanay para sa epektibong pagkatuto ng akda.

Ang pagbuo ng Diksyunaryong Kinaray-a ay mahalagang hakbang upang tugunan ang kakulangan ng sanggunian at materyales sa panitikan at pagtuturo ng wika, na nakaangkla sa RA 10533. Ginagamit ang sistematikong ortograpiya, pagkakategorya ng salita, bahagi ng pananalita, ponema, at tunog schwa para sa istandard na gabay. Ang mga umiiral na diksyunaryo tulad ng Kinaray-a-Ingles mula sa Antique, SIL, at kay Kaufmann ay nagpe-preserba ng bokabularyo mula sa oral na komunidad gayon din ang Leksikograpiko at glosaryo tungo sa wastong komunikasyon, pagbigkas, at pang-araw-araw na paggamit ay naglalayong mapanatili ang kultura, mapalakas ang lokal na identidad, at masuportahan ang epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang ginawang interbyu at dokumentaryong pagsusuri sa pag-aaral ni Genzola ay nagkakatulad sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat kapwa ito naglikom ng mga salita mula sa wikang Kinaray-a. Nagkakaiba lamang sa pamamaraang ginamit at awtput. Sa pananaliksik ni Genzola sa katutubong wika, nakapagtala ng 210 na salita sa wikang Kinaray-a na may salin sa Ingles na natuklasang nakatulong sa pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa wikang Kinaray-a gayon din sa pagkatuto sa wika lalo na sa mag-aaral at mananaliksik, na nagbibigay daan sa pangangailangan ng mas marami pang ganitong dokumentasyon upang mapanatili ang wika sa gitna ng pagbabago dulot ng globalisasyon. Gayon din, ipinakita ng pag-aaral na mahalaga ang sistematikong pagtitipon at paghahambing ng mga salita dahil napalalalim nito ang pag-



unawa sa Kinaray-a at naipapakita ang matibay nitong ugnayan sa iba pang wika. Ang kasalukuyang pag-aaral naman ay gumamit ng dokumentaryo analisis upang makalikom ng mga salitang Kinaray-a tungo sa pagbuo ng diksyunaryong Kinaray-a na makatutulong sa mga mag-aaral sa pagkatuto ng Florante at Laura.

Ang pag-aaral nina Cerda, Licayan, Dakhi, Fitria, Fernandez, Delos Reyes, Tiwari, Peters, Mendoza, Pangantihon, Kalingasan at Villarama ay may pagkakatulad rin sa kasalukuyang pag-aaral dahil nauukol ito sa diksyunaryo bilang mahalagang kasangkapan sa pag-unawa ng panitikan. Nagkakaiba lamang sila sa lugar, pamamaraang ginamit at mga tagatugon. Sa mga pag-aaral, natuklasan na ang pagkakaroon ng sistematikong diksyunaryo ay mahalaga sa pagkatuto ng wika at panitikan. Ganoon din naman, masasalamang sa pag-aaral na ito ang hangarin ng mananaliksik sa pamamagitan ng mabubuong diksyunaryo na naglalayong makatulong sa pagkatuto ng Florante at Laura at ang pagpapagiting ng wikang Kinaray-a. Ang pananaliksik naman nina Gico at Carreon ay nagkakatulad sa kasalukuyang pag-aaral, nagkakaiba lamang sila sa pamamaraan at sa mga target na gagamit nito. Dito inilahad ang pagkakaroon ng standardized na ortograpiya bilang batayang materyales na kapaki-pakinabang sa mga guro at manunulat sa panitikan, samantalang sa pag-aaral ay bubuo palang ng diksyunaryo na makatutulong sa mga mag-aaral.

Nagkakatulad din ang kasalukuyang pag-aaral sa pananaliksik ni Mihaylova, kung saan gumamit ng meta-analysis na sumuri ng 23 mag-aaral tungkol sa Mobile Assisted Language Learning (MALL), natuklasan na ang paggamit ng mobile dictionaries bilang bahagi ng MALL ay may positibong kapakinabangan sa pagpapalawak ng ikalawang wika, mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga di pamilyar na salita at nagiging matibay ang kanilang pagkatuto ng bokabularyo. Gayon din ang kasalukuyang pag-aaral, bubuo ng diksyunaryo at inaasahan na magkakaroon ng positibong kapakinabangan upang maunawaan ang mga mahihirap na salita sa Florante at Laura. Makikita ang kaibahan ng pag-aaral sa ginamit na pamamaraan at sa magiging awtput at target na makikinabang nito.

Ang pag-aaral ni Kipp ay nahahawig sa kasalukuyang pananaliksik sa paggamit ng bilingual na diksyunari sa pagkatuto. Natuklasan sa pag-aaral ni Kipp na ang paggamit ng bilingual na diksyunari ay nagdulot ng malaking pag-unlad sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Nagiging kasama ng mga mag-aaral sa pagbabasa kaya madaling magamit na nagpapalakas ng mental schema ng mga mag-aaral. Ang kasalukuyang pananaliksik ay bubuo rin ng diksyunaryo mula sa nauunawaang wika ng mga mag-aaral. Ang pagkakaiba naman sa pag-aaral ni Kipp sa kasalukuyang pananaliksik ay ang wikang ginamit at ang awtput nito.

Sa pananaliksik ni Laufer, kung saan gumamit siya ng eksperimental na pamamaraan sa dalawang grupo, ang pangkat na gumamit ng bilingual na diksyunaryo ay umangat ng 25 hanggang 30 bahagdan sa pagkatuto kumpara sa gumamit ng monolingual group na walang pagbabago, napatunayan sa pag-aaral na mabisa ang paggamit ng bilingual na diksyunaryo kaysa monolingual. Ito ay nakakahalintulad sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang bubuuang bilinguwal na diksyunaryo ay mula sa nakagisnang salita ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa Florante at Laura, na naghahangad na makatulong sa pagkatuto ng akda. Naiiba lamang ito sa kasalukuyang pag-aaral sa wikang ginamit, lugar at sa awtput.

Nauugnay rin sa kasalukuyang pag-aaral ang pananaliksik nina Baluyos, Emarilo, Palines, Osworth at San Juan dahil pareho itong gumamit ng talaan ng mga salita na may depinisyon at paggamit ng salita sa pangungusap. Sa kanilang pag-aaral, natuklasan na ang paggamit ng glosaryo na may malinaw na depinisyon kasama ang halimbawa ng paggamit ng salita sa pangungusap ay nakatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral gayon din sa kakayahan na suriin at bigyang kahulugan ang mga teksto sa mas mataas na antas. Gayon din sa kasalukuyang pag-aaral, kung saan ang mga malalalim na salita ay



bibigyang depinisyon sa pamamagitan ng nauunawaang wika ng mga mag-aaral, gagamitin din ito sa pangungusap upang lubos na maunwaan ang kahulugan. Nagkakaiba lamang ito sa kasalukuyang pag-aaral sa awtput na mabubuo at sa mga mag-aaral na gagamit.

Natuklasan sa pag-aaral nina Napu at Hasan na ang epektibong pagsasalin mula sa pinagmulang wika patungo sa target na wika ay isang proseso na hindi lamang naghahatid ng tiyak na kahulugan kundi nagbubunsod upang higit na maunwaan ang target na wika. Nakatutulong rin ito upang mapabuti ang antas ng literasi at pakikipagkomunikasyon ng mga mag-aaral. Napapanatili rin nito ang katutubong wika sa kabila ng pag-usbong ng mga dominanteng wika tulad ng Filipino ay Ingles. Ito ay nauugnay sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang mabubuong diksyunaryo ay mula sa di pamilyar na wika patungo sa pinagmulang wika ng mga mag-aaral. Inaasahan na makatutulong rin ito upang mapanatili ang wikang nakagisnang ng mga estudyante. Ang pagkakaiba nito sa kasalukuyang pananaliksik ay ang wikang ginamit at ang awtput.

Ang pag-aaral ni Quilab tungkol sa pagsasalin ng Sugilanon sa Cebuano-Filino ni Marcelo Geocallo na tumatalakay sa isyu tulad ng migrasyon, pang-aabuso sa kalikasan at ang pangangalaga ng mga tradisyong katutubo sa kabila ng modernisasyon sa Lanao at Mindanao ay nagpalawak at nagpalalim ng pang-unawa ng mga mambabasa sa panitikang rehiyunal, nagbigay ito ng daan sa mas malawak na akses na mambabasa at tagapakinig upang masuri ang estetika ng akda. Nahahawig ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang mabubuong diksyunaryo ay may katumbas na salin rin ang malalalim na salita mula sa Florante at Laura sa wikang Kinaray-a na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral. Nagkakaiba lamang ito sa kasalukuyang pag-aaral sa lugar, wikang ginamit at awtput.

Sa pag-aaral ni Pigcas, sinuri ang bisa ng pagsasalin ng 15 maikling kwento at limang tula mula sa mga kilalang manunulat sa Kanlurang Visayas tulad nina Peter, Solito, Lencio Deriada at Marlie Alunan mula Hiligaynon patungong Filipino mula sa 250 na estudyant mula sa UP Visayas, UP Diliman at PNU Manila. Natuklasan na may malaking bahagdan na pagtaas sa bilang ng mga mambabasa mula 150 lokal na mambabasa na bihasa sa Hiligaynon patungo sa 680 pambansang mambabasa na hindi nagsasalita ng rehiyunal na wika na nagresulta sa 78 bahagdan sa antas ng pag-unawa sa akda. May pagkakatatulad ito sa kasalukuyang pag-aaral sa pagbibigay kahulugan ng mga malalaim salita sa Florante at Laura tungo sa kinagisnang wika na palasak na ginagamit ng mga estudyante. Inaasahan rin na sa pamamagitan nito ay tataas ang bilang ng babasa at tatangkilik nito dahil nasusulat sa wikang alam ng mga mag-aaral. Ganoon din naman nagkakaiba ang pag-aaral ni Pigcas sa kasalukuyang pananaliksik sa lugar na saklaw, sa pagpili ng mga tagatugon, sa wikang ginamit at sa awtput.

Nahahawig rin ang pag-aaral ni Quinones sa kasalukuyang pananaliksik dahil kapwa gumamit ng pagsasalin sa ibang wika. Nagsalin si Quinones ng 12 kilalang tula mula sa mga manunulat sa Visayas tungo sa wikang Filipino, gumamit siya ng eksperimental na disenyo na kinabibilangan ng pre at post-test at reading engagement surveys sa 180 mag-aaral sa paaralan ng Samar at Leyte, natuklasan na nagkaroon ng mataas na bahagdan na pagtaas sa pag-unawa sa mga tema. Gayon din ang kasalukuyang pag-aaral, tinumbasan ang malalalim na salita sa akda sa wikang nauunawaan na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral. Naiiba ang pag-aaral ni Pigcas sa kasalukuyang pananaliksik sa lugar na saklaw, sa pagpili ng mga tagatugon, at sa wikang ginamit.



METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalarawan kung paano isinagawa ang pananaliksik. Dito tinatalakay ang disenyo ng pananaliksik, mga kalahok, kagamitan o instrumentong ginamit, pamamaraang ginawa sa pagkuha ng datos at konsiderasyong etikal para sa mas malinaw na pagsasakatuparan ng isinagawang pag-aaral.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibo o palarawang pamamaraan. Ang deskriptibong anyo ng pananaliksik ay isang makapangyarihang kasangkapang ginagamit ng mga siyentipiko at mga mananaliksik upang mangalap ng mga impormasyon tungkol sa isang partikular na grupo o *phenomenon*. Ang ganitong uri ng pananaliksik ay nagbibigay ng detalyado at malinaw na larawan ng mga katangian at pag-uugali ng isang partikular na populasyon o paksa. Sa pamamagitan ng pagmamasisid at pangongolekta ng datos sa isang partikular na paksa, ang palarawang pananaliksik ay nakatutulong sa mga mananaliksik na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa isang partikular na isyu at nagbibigay ng mahahalagang kabatiran na makapagbibigay-alam sa mga pag-aaral sa hinaharap (Sirisilla, 2023).

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang pamamaraang paglalarawan upang makakuha ng mga impormasyon na may kaugnayan sa wikang Kinaray-a na palasak at kasalukuyang ginagamit ng mga mag-aaral na taga-Apia. Bilang karagdagan, ginamit ng mananaliksik ang pamamaraang palarawan o deskriptib sapagkat sinasaklaw nito ang kasalukuyan upang lubos na malaman ang kasalukuyang kalagayan at makakuha ng mga nararapat na datos tungkol sa wikang Kinaray-a. Nangalap ng wikang Kinaray-a na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat sa pamamagitan ng dokyumentari analisis, gayun din ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan at mga isyu at hamon sa pagkatuto ng akda sa pamamagitan ng personal na pakikipanayam.

Mga Kalahok

Ang mga kalahok ay lehitimong naninirahan at mag-aaral sa Apia at mga guro na nagtuturo ng Florante at Laura sa karatig na paaralan na pinagtuturuan ng mananaliksik kung saan may mga guro at mag-aaral ring nakapagsasalita at nakauunawa ng wikang Kinaray-a. Apat sa mataas na paaralan ng Old Boso-Boso, gayundin sa Maximo at Rizza na pawang mga paaralan sa distrik II-E. Tatlo sa Calawis, gayun din sa Binayoyo at anim sa San Juan na mula sa distrik II-F. Samantala dalawa naman sa Kaysakat gayon rin sa Canumay na mula sa distrik II-G na may kabuuang bilang na dalawampung dalawa. Ginamit ng mananaliksik ang purposive sampling kung saan sadyang pinili ang mga tagatugon ayon sa kanilang katangian, kaalaman o karanasan.

Instrumentong Ginamit sa Pagkuha ng Datos

Upang makalikom ng mga datos na kailangan sa pag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng iba't ibang teknik na angkop sa layunin ng pananaliksik. Kabilang dito ang dokyumentaryong analisis at pakikipanayam upang makakuha ng datos na naging batayan sa pagbuo ng Diksyunaryong Kinaray-a.

Dokyumentari Analisis. Gumamit ang pag-aaral ng dokyumentari analisis bilang teknik sa pagkuha ng datos mula gawaing pasulat ng mga mag-aaral na nakaangkla sa learning competencies at banghay aralin, kung saan ginamit ng mga estudyante ang kanilang wika sa paglalahad ng sagot sa sanaysay, talaarawan, liham at balita na may kaugnayan sa pagkasang tinatalakay. Sinuri ito ng mananaliksik at itinala

ang mga palasak na wikang kinaray-a na ginagamit ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa matatalinhagang salita sa Florante at Laura. Ang mga nakalap na wikang Kinaray-a ang naging batayan ng mananaliksik sa pagbuo ng diksyunaryo Kinaray-a.

Pakikipanayam. Gumamit rin ang mananaliksik ng panayam sa mga guro na saklaw ng pag-aaral. Malaking bahagi ng pag-aaral ang isinagawang interbyu ng mananaliksik gamit ang mga gabay na tanong sa pakikipanayam na unang binuo ng mananaliksik, ipinasuri sa tagagabay, nerebisa ng mananaliksi ayon sa suhestyon at ipinasuri sa tatlong eksperto mula sa dibisyon ng Antipolo. Muling inayos ang mga tanong ayon sa suhestyon. Pagkatapos nito'y sinunod at inayos muli ang mga tanong ayon sa mga suhestyon ng mga eksperto tsaka sinimulan ang interbyu. Ang mga gurong nakapanayam ay may bilang na dalawampung walo. Naging pangunahing tanong ng mananaliksik ang mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan at mga isyu at hamon sa pagkatuto ng akda. Habang nakikipanayam, itinala ng mananaliksik ang mga salita o mga kasagutang sinasabi ng mga tagatugon na mula sa kanilang kaalaman at karanasan bilang guro na nagtuturo ng nabanggit na akda. Ang kanilang naging tugon ay malaki ang tulong sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng isinagawang interbyu ay nalaman ng mananaliksik ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan at ang mga isyu at hamon na kinakaharap sa pagkatuto ng akda.

Pamamaraan ng Pagkuha ng datos

Upang ganap na maisagawa ang pag-aaral, ang mananaliksik ay dumaan sa masusing pamamaraan at wastong proseso ng pagkuha ng mga datos. Una, naghanda muna ang mananaliksik ng isang liham pahintulot, isinumite ito sa gurong tagapayo para sa pagwawasto. Matapos sang-ayunan ng gurong tagapayo ay humingi ng pormula sa pansangay na tagapamanihala ng mga Paaralan sa Lungsod ng Antipolo sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa kanyang tanggapan. Sunod nito ay humingi ng pahintulot sa mga Tagamasid Pampurok na nakasasakop sa mga paaralan kung saan isasagawa ang pananaliksik. Matapos maaprubahan ay humingi ng pahintulot sa mga pununguro ng mga paaralan upang maisagawa ang pananaliksik sa mga guro. Humingi din ng permiso ang mananaliksik sa mga magulang ng mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral. Pagkatapos, pinakita at pinabasa sa mga tagatugon ang pirmadong liham mula sa punung-guro, matapos sumang-ayon ay nagpakilala muna ang mananaliksik sa mga kalahok, na siya'y isang mag-aaral ng University of Batangas, sa lungsod ng Batangas, na nagsusulat ng disertasyon, kaya siya naroon upang mangalap ng mga datos na kailangan sa pag-aaral.

Sinimulan ng mananaliksik ang pangangalap ng mga datos sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral. Sinuri ito at itinala ang mga palasak na wikang kinaray-a na naging batayan ng mananaliksik sa pagbuo ng diksyunaryo Kinaray-a. Matapos ito ay pinag-usapan ng mananaliksik at ng mga kalalok na guro kung saan at anong oras maaari silang makapanayam hinggil sa pag-aaral sa kanilang bakanteng oras. Unang pinuntahan ng mananaliksik ang mga guro sa karatig nitong paaralan sa Distrik II-F sumunod na kinapanayam ang mga guro sa paaralan Distrik II-G, at ang panghuli ay mga guro sa paaralan ng II-E. Ang mga nakalap na datos ay inayos at sinuri upang magamit ng mananaliksik sa kasalukuyang pag-aaral.

Konsiderasyong Etikal

Sa isinagawang pag-aaral, nakita na isinaalang-alang at nagpahayag ng buong katapatan sa pagbanggit o pagtukoy ang mananaliksik sa mga akda at iba pang pinaghanguan o pinaghalawan na nakatulong sa pag-aaral, lalo na sa pagbanggit ng mga pangalan ng may akda sa tesis disertasyon at dyornal. Bago isinagawa ang dokyumentaryi analisis at pakikipanayam, humingi muna ang mananaliksik ng



pahintulot sa mga kinauukulan at nagbigay ng Informed Consent Form sa mga kalahok. Malinaw na ipinaliwanag sa kanila ang layunin ng pag-aaral, ang mga pamamaraan ng pangangalap ng datos, ang kanilang papel bilang kalahok, at ang kanilang karapatang tumanggi o umatras anumang oras nang walang anumang pamimilit o kaparusahan. Ang kanilang paglahok ay ganap na boluntaryo at isinagawa sa oras na kanilang napili.

Matapos ang pangangalap ng datos, muling ipinakita ng mananaliksik sa mga kalahok ang mga nakalap na impormasyon upang matiyak ang kawastuhan ng kanilang mga pahayag at ng mga salitang Kinaray-a na kanilang isinulat o ibinahagi. Ang prosesong ito ay isinagawa upang mapanatili ang kredibilidad at katumpakan ng mga datos na ginamit sa pag-aaral. Bilang pagsunod sa Data Privacy Act of 2012 (Republic Act No. 10173), tiniyak ng mananaliksik na ang lahat ng impormasyong nakalap ay mananatiling kumpidensiyal at gagamitin lamang para sa layunin ng pag-aaral. Hindi isinama sa ulat ang mga pangalan o iba pang impormasyong maaaring maglantad sa pagkakakilanlan ng mga kalahok. Sa halip, gumamit lamang ng pangkalahatang katawagan upang mapanatili ang kanilang anonymity at privacy. Ang lahat ng nakalap na datos ay ligtas at maayos na iningatan at tanging ang mananaliksik lamang ang may akses sa mga ito. Pagkatapos ng pag-aaral, ang mga datos ay pananatilihin at pamamahalaan alinsunod sa mga umiiral na pamantayan sa pananaliksik at sa mga probisyon ng Republic Act No. 10173.

RESULTA AT DISKUSYON

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga datos na naging batayan upang mabigyan ng sagot ang mga suliraning nabuo sa pag-aaral. Tinipon at itinala ng mananaliksik ang palasak na wikang Kinaray-a mula sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa malalalim na salita sa Florante at Laura upang makabuo ng diksyunaryong Kinaray-a.

Palasak na salita sa wikang Kinaray-a.

Ang dayalektong Kinaray-a ay ang unang wika na nakasanayan nang gamitin ng mga mag-aaral na naninirahan sa Apia. Ito ang tawag sa katutubong wika na ginagamit at sinasalita ng mga taga-Apia na minana pa nila sa kanilang magulang na mula sa probinsya ng Aklan, Antique, Capiz at Iloilo. Sa pananaliksik na ginawa, nakakalap ang mananaliksik ng mga sumusunod na palasak na dayalektong Kinaray-a na ginagamit sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral.

Nakalap ng mananaliksik ang mga palasak na wikang Kinaray-a na may kaugnayan sa pag-aaral mula sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral na nakaangkla sa learning competencies at banghay aralin, kung saan ginamit ng mga estudyante ang kanilang wika sa paglalahad ng sagot sa sanaysay, talaarawan, liham, at balita na may kaugnayan sa pagkasang tinatalakay. Sinuri ito ng mananaliksik at itinala ang mga palasak na wikang kinaray-a na ginagamit ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa Florante at Laura. Sa dokyumentari analisis na isinagawa ng mananaliksik ay naitala ang mga wikang Kinaray-a na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral na may kabuuang bilang na 173. Pinagsama-sama, isinaayos at pinagsunod-sunod ang mga ito sa paraang paalpabeto. Matutunghayan sa datos sa kasunod na talata ang mga palasak na nakalap na wikang Kinaray-a na ginagamit ng mga mag-aaral.

Ang mga nakalap na palasak na salita sa wikang Kinaray-a sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral ay ang mga sumusunod: ag, agahun, amigo, aragyan, asawahungraki, baratong, bukot matuud, burutangan, dagaduda, dagakadumot, dagapamatay, dagalitik, dakung ginabatyag, diwata ka tadhana, diwatang daga



pamahala sa mga tubi, d'yos ka kamaratyan, harpyas, hiyas nga kahugis ka bag-ong buran, higugma, inagyan, kabudlayan, kabug akan, kaibahan, kalibutan, kasadyahan, kayung araabutan, kinabug-akan, kupido, kurulungan, mabudlay (sitwasyon), mabatur nga puno, mad-ayad nga diwata, mad-ayad nga bayi, maisug nga ispirito, mandurugma, maydiyan, nagurpihan, pag-antos, pagburag, pagkabudlay, panumdom, paranaguan, pispisan, pagsiga ka adlaw, romanong dyos ka baratuan, soltero, talibung, antuson, asawahun, dagahibi, dagahuni, dagailog, dagapahaum, dagapinanaw, dagatawag, dagaaraway, dagalaylay, dagasandig, dagasakay, ga usuy, gakasara, gin kaptan, gin lusob, gin pangut-pangut, gin pasayud, gin uyun, ginadaro, ginahandum, ginahigugma, ginahakar, ginakaaway, ginakaruruan, ginapaino, ginapunduhan, ginakurbaan, ginsibat, gintaksilan, ginhalinan, ginahibian, gipuyan, hakwat hakwat, hikit-an, hipatay, ikinasadya, inpilak, inusuy, inhigot, intrimes, irisip-isipun, iuli, mahalun, makasayud, mapahimunung, mangsakit, mapatay, mapirdi, nagruha, nagpabag-u, nagtakop it alima, nagtirab, nahabatian, nahapalibutan, nahasaydan, nahibulong, nahamaramadan, nakahambar, nakatingkob, nalibog, namuslok, napahuo, napnu, pagbutang, pagdipara, pagdumot, paghalin, paghibi, paghigugma, paghimunong, paghurag ka alima, pag-intra, pagkakurba, pagkauyun, pagkadura, paggunot, pagburulag, paugutun, rumuha, tinunga, turukun, akigi, apawkakururba, butigun, dagakarayu, dagataksil, daku, di hiram-daman, dungara, ga dungray, gahinay-hinay, gapahaum, gapangruno, ginaantos, ginsamantalahan, hisakit, hitiis, indi hibadwan, indi mahimunong, indig-irespeto, kagururpi, kahadlok, kalisud, kapur-us, karuuy, kasarakimun, katim-ungan, kaakig, kirara, kaugot, kakururba, mabug-at nga damdamin, mad-ayad, mahilamunon, maisug, maruya, matim ung, malisud, mabang-ug, nahasayod, nahasirangan, napabuang, nasubo, tim-ung, ya at waay.

Batay sa mga nakalap na salitang Kinaray-a, ipinapakita na ang wikang ito ay may mahalagang papel bilang bahagi ng kultura at bilang pangunahing kasangkapan sa pang-araw-araw na komunikasyon ng mga Karay-a. Ipinakikita ng mga datos na ang wikang Kinaray-a ay nagsisilbing daluyan ng damdamin, pananaw, at opinyon na nakaugat sa kaalaman, karanasan, at paniniwala. Higit pa rito, ang paggamit at pag-iral ng mga salitang ito ay nakapaloob sa tiyak na heograpiikal at kultural na konteksto na sa wika lang na ito matatagpuan. Ang wikang Kinaray-a ay karaniwang naririnig at ginagamit sa mga lugar kung saan ito nagmula at nakagisnan, partikular sa Apia na patuloy na gumagamit ng wikang ito sa araw-araw na pakikipagtalastasan at pakikisalamuha.

Natuklasan rin sa pag-aaral ang kakayahan ng wika na ilarawan ang emosyon o damdamin ng tao na makikita sa mga salitang kalisud, kahadlok, karuuy, at kasadyahan. Nakita rin ang pagkikilino o word clining sa mga salitang higugma (paghanga), paghigugma (may gusto), at ginahigugma (mahal na), na nagpapakita ng karanasan sa pag-ibig. Ipinahihiwatig nito na ang wika ay hindi hiwalay sa lipunang kinabibilangan nito, kundi aktibong bahagi ng pamumuhay at interaksyon ng mga tao sa loob ng komunidad, kung saan ang mga taong nagsasalita nito ay may kakayahan at kalayaan na gamitin at paunlarin ang kanilang wika na nakagisnan sapagkat ito'y bahagi na ng kultura at pang-araw-araw na buhay.

May kaugnayan ito sa pahayag ni Cruz, na ang mga Karay-a ay aktibong gumagamit ng kanilang wika sa pang-araw-araw na buhay, kabilang ang mga kultural na gawain at usapan sa pamilya at komunidad. Ang Kinaray-a ay nagsisilbing pangunahing midyum ng komunikasyon sa mga komunidad nito, kaya't napapanatili nito ang ugnayan at pagkakaisa ng mga tao. Bukod dito, ang Kinaray-a ay nagsisilbing daan upang mapreserba ang kultura, tradisyon, at paniniwala ng mga Karay-a, sapagkat nakapaloob dito ang kanilang kasaysayan at identidad bilang mga Pilipino. Sa pagiging bahagi ng pagiging Pilipino, ang wikang Kinaray-a ay isang mahalagang aspeto ng pagkakakilanlan ng mga Karay-a bilang mga katutubo ng Visayas, lalo na ng Panay. Hindi lamang ito daluyan ng araw-araw na usapan kundi isang simbolo ng kanilang pagkakaiba at yaman ng kultura sa loob ng pambansang konteksto. Ang pag-aaral at paggamit ng



Kinaray-a ay nagbibigay-daan upang hindi mawala ang natatanging kultura at kasaysayan nito, kasabay ng pagtangkilik sa iba pang wikang Filipino. Kasaysayan rin ng Kinaray-a ang pagiging isa sa mga unang lingguwaheng naitala sa Panay bago pa man naging dominante ang wikang Hiligaynon.

Sinang-ayunan din ito ni Dita, na nagpahayag na ang Kinaray-a ay ginagamit sa iba't ibang anyo ng komunikasyon, kapwa pasalita at pasulat, kabilang ang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, mga akdang pampanitikan, at mga publikasyong pangkomunidad. Ipinakikita ng kanilang pag-aaral na ang Kinaray-a ay nananatiling isang masigla at buhay na wika na may mahalagang gampanin sa pagpapanatili ng pagkakakilanlan at pamanang kultural ng mga Karay-a. Bilang pangunahing midyum ng komunikasyon sa iba't ibang larangan ng pamumuhay, nagiging instrumento ito kayat patuloy na naipapasa ang mga tradisyon, pagpapahalaga, at kaalamang pangkultura mula sa isang salinlahi tungo sa susunod. Higit pa rito, ang patuloy na paggamit ng Kinaray-a sa panitikan at mga gawaing pangkomunidad ay nagpapakita ng mahalagang tungkulin nito sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng katutubong wika sa harap ng lumalawak na impluwensiya ng mga dominanteng wika. Sa ganitong pananaw, binibigyang-diin din niya na ang pangangalaga at pagpapayaman sa Kinaray-a sa pamamagitan ng mga kagamitang pangwika, tulad ng diksyunaryo, ay isang mahalagang hakbang sa pagpapatibay ng pagkatuto, pagpapalawak ng talasalitaan, at paglinang ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang katutubong wika at panitikan.

Kaya't gayon na lamang ang adbokasiya ni Legard sa isang paligsahan sa DepEd Antique kung saan ang kanyang adbokasiya ay pangalagaan ang kultura ng mga Karay-a dahil ito ay mahalagang bahagi ng pagkatao. Isinaad pa niya sa United Nations, na ang ating wika ay napakahalaga sa pangangalaga ng ating pamanang pangkultura, kaya naman lubos ang kanyang pagsuporta sa programa ng DepEd upang matuto at masanay ang kabataan sa kanilang wika bago matuto ng ibang wika. Kaya naman siya ay nagtayo ng Bantayog Wika o Language Marker para sa Kinaray-a, na kauna-unahang naitayo sa bansa, upang maging paalaala sa atin na pangalagaan ang ating wika. Ang Kinaray-a ay maituturing na kayamanan at tatak ng bawat Antiqueno kaya dapat itong panatilihin, pangalagaan, mahalin at payabungin pa sa pamamagitan ng paggamit nito at pagraos ng gawain at patimpalak.

Nakita rin sa pag-aaral na mas nakahihigit ang mga salitang malumay na salitang Kinaray-a kaysa sa mga salitang mabilis, maragsa at malumi. Ang mga salitang malumay ay may mahinang diin at mas banayad ang tono na nagbibigay ng katangian ng pagkamasining, kabighanian, at pagtitimpi sa paggamit ng wika, na nagpapahiwatig ng respeto at paggalang sa mga kausap. Bukod pa rito, ang malumay na pagbigkas ay nakatutulong din sa madaling pag-unawa sa mga maselang kahulugan at emosyon sa komunikasyon. Ang ganitong katangian ay bahagi ng kultura ng mga Karay-a na nagpapakita ng kanilang pagiging bukas sa pakikinig at pakikipag-ugnayan na may malalim na pagpapahalaga sa wika at pakikipagkapwa.

Umaayon dito ang pahayag ni Mawlood, na ang mga katangiang suprasegmental, tulad ng diin, intonasyon, hinto, at ritmo, ay may mahalagang papel sa pagbuo ng kahulugan at sa wastong interpretasyon ng mensaheng ipinahahayag. Ang mga elementong ito ay hindi lamang nagsisilbing aspektong ponolohikal ng wika, kundi mga salik na nakaaapekto sa bisa ng komunikasyon sapagkat nagdaragdag ang mga ito ng tiyak na kahulugan, damdamin, at layunin sa isang pahayag. Dahil dito, ang paggamit ng mga salitang malumay ay hindi lamang usapin ng wastong pagbigkas, kundi isang mahalagang estratehiya sa malinaw at mabisang paghahatid ng mensahe. Ang banayad na diin at mahinahong intonasyon na taglay ng mga salitang malumay ay nakatutulong upang maging mas malinaw ang pagpapahayag ng kaisipan at maiwasan ang maling interpretasyon ng kahulugan. Bukod dito, ang wastong paggamit ng mga katangiang

suprasegmental ay nagpapahusay sa kakayahan ng nagsasalita na maipahayag ang emosyon, saloobin, at intensiyon sa paraang angkop sa konteksto ng komunikasyon.

May kaugnayan rin ito sa isinaad ng Komisyon sa Polong Kinaray-a at KWF, na may phonological system ang wikang Kinaray-a sa Central Iloilo. Nagtataglay ito ng segmental phonemes, phonetic features, at accentual system ng wika, na sinabing may malaking pagkakaiba kumpara sa mga kalapit na wika. Ang pagiging malumanay na pagbigkas ng Kinaray-a ay sanhi ng mga phonetic at phonological na katangian nito. Una, ang wika ay mayroong mga nasal consonants gaya ng /m/ at /n/ at konsonant na mababa ang enerhiya sa pagbigkas kung ihahambing sa maragsa o mabilis na tunog tulad ng mga plosibo. Ito ay nagpapakita ng kalmadong ritmo at malambot na tunog sa pangkalahatan. Karaniwan din na medyo mahaba ang mga patinig, na nagreresulta sa mas mabagal at mahinahong daloy ng mga salita. Pangalawa, ang palatunungan ng Kinaray-a ay nagtatampok ng banayad at pantay-pantay na istres patern. Nagbibigay ito ng modereyt na diin sa mga salita, kaya't ang mga salita ay hindi nagmumukhang mabilis o padalus-dalos ang pagbigkas, kundi mas maingat at malumanay. Pangatlo, ang malumanay na tono ng Kinaray-a ay sumasalamin sa kultura ng mga nagsasalita nito sa kanilang pang-araw-araw na komunikasyon, ang malumanay na pamamaraan ng pagsasalita ay simbolo ng respeto, pakikisama, at pagpapakumbaba. Sa kabilang banda, ang maragsa na pagbigkas ay maaaring ituring na bastos o agresibo sa kanilang konteksto.

Ang mga nabanggit na pahayag sa sinusundang talata ay may kaugnayan sa natuklasan sa pag-aaral ng mananaliksik kung saan natunghayan na ang paggamit ng patinig na e at u bilang schwa na tunog sa mga salita ay dahil sa phonological feature ng wika na nagreresulta sa malalambing o madaling bigkasing mga salita. Ang mga schwa na tunog na ito ay karaniwang nagmumula sa natural na pag-angkop ng mga salita sa tunog ng Kinaray-a na gawing mas madali at mas natural ang pagbigkas ng mga salita. Ito ay isang katangian ng wikang Kinaray-a kung saan ang ilan sa mga patinig ay nabibilang sa tinatawag na unstressed vowel sounds o schwa. Makikita ito sa mga salitang: aragyan, baratong, burutangan, pagburag, nakahambar, nagruha, turukun at kirara kung saan ang a at u ay isang malalambing na schwa na tono na nagpapadali ng daloy ng salita na nagpapakita ng isang tipikal na katangian ng wikang Kinaray-a.

Umaayon din dito ang pahayag ni Boquet na ang dayalektong ito ay nagmula sa Austronesian na kilala sa paggamit ng r at schwa na tunog at may malalambing na tunog, gayon din ang Komisyon sa Wikang Filipino ay umaayon rin na ang ponolohiya Kinaray-a ay may limang pangunahing patinig (a, e, i, o, u) at may tunog schwa na kinakatawan ng letrang *ë* o *u* na may malalambing na tono, na nagpapakita ng katangian ng wikang ito. Ang mga katinig naman ay kinabibilangan ng mga plosibo, nasal, fricative, at approximant na tumutugma sa mga nabanggit na titik sa alpabeto. Ipinakikita ng mga katangiang ponolohikal na ito na ang Kinaray-a ay may natatanging sistemang pangtunog na nagtatangi rito sa iba pang mga wikang Bisaya, lalo na sa paraan ng pagbuo at pagbigkas ng mga salita. Higit pa rito, ang wastong pag-unawa sa mga elementong ponolohikal, partikular sa paggamit ng schwa at iba pang ponema ay mahalagang batayan sa pagdodokumento at paglinang ng mga kagamitang pangwika.

Nauugnay rin ito sa inilahad ni Recasens, na ang schwa (/ə/) ay isang sentral na patinig na karaniwang bunga ng mga prosesong ponolohikal at nagsisilbing mekanismo upang maging episyente, natural, at madulas ang pagbigkas ng mga salita. Ang paglitaw ng schwa ay bunga ng sistematikong pagbabago sa kalidad ng patinig na nagaganap sa loob ng ponolohikal na estruktura ng isang wika, kung saan ang ilang patinig ay nagiging mas sentral upang mapagaan ang artikulasyon at mapanatili ang tuloy-tuloy na daloy ng pagsasalita. Binigyang-diin din niya na ang schwa ay may mahalagang impluwensiya sa kalidad ng tunog, ritmo, at prosodiya ng wika, sapagkat nakatutulong ito sa pagbuo ng mas maayos na pagkakasunod-sunod ng mga tunog at sa pagbabawas ng hirap sa pagbigkas ng mga salita. Dahil dito, ang



paggamit ng schwa ay hindi lamang isang katangiang ponetiko kundi isa ring mahalagang elementong ponolohikal na nag-aambag sa pagiging sistematiko ng estruktura ng isang wika.

Marami rin sa dayalektong Kinaray-a na ginagamit ng mga mag-aaral ay binubuo ng payak, maylapi, inuulit at tambalan. Ang mga salitang payak ay binubuo ng salitang-ugat lamang at walang idinagdag na panlapi. Makikita ito sa mga salitang amigo (kaibigan), gugma (pag-ibig), daku (marami), mad-ayad (maganda), at karuuy (awa). Ginagamit ang mga ito sa pang-araw-araw na komunikasyon upang tuwirang ipahayag ang pangunahing kahulugan ng isang ideya o damdamin sa Kinaray-a. Samantala, ang salitang maylapi ay binubuo ng salitang-ugat na dinagdagan ng panlapi upang magbago o magdagdag ng kahulugan. Matutunghayan ito sa mga salitang ginahigugma (minamahal), pag-antos (pagtitiis), nahibulong (namangha), mapatay (maaaring mamatay), at makasayud (may kakayahang malaman).

Ginagamit ang Kinaray-a upang ipakita ang aspekto ng kilos, kakayahan, o damdamin na mas masalimuot kaysa sa payak na anyo. Ang salitang inuulit naman ay nagpapakita ng pag-uulit ng bahagi o buong salita upang magpahiwatig ng diin, dalas, o kasidhian. Halimbawa ang hakwat-hakwat (may dala-dala), gahinay-hinay (dahan-dahan) at irisip-isipun (pinag-iisipan nang mabuti). Sa wikang Kinaray-a, nagsisilbi itong pagpapakahulugan o paglalarawan sa paulit-ulit na kilos. Sa kabilang banda, ang salitang tambalan ay binubuo ng dalawang salitang pinagsama upang makabuo ng bagong kahulugan, tulad ng mga salitang bukot matuud (hindi totoo), kabudlayan (kahirapan sa buhay), kasadyahan (kagalakan o kasiyahan), at mad-ayad nga bayi (mabuti o magandang babae). Sa Kinaray-a, ginagamit ang tambalan upang makabuo ng mas tiyak at masining na pagpapahayag ng ideya o konsepto.

Ang mga salitang payak, maylapi, tambalan, at inuulit sa wikang Kinaray-a ay mahalaga sapagkat sa mga anyong ito'y higit na nakikita ang paraan ng pagbuo ng salita at ang lawak ng kahulugan naipapahayag. Sa pamamagitan ng mga ito, nagiging mas malinaw hindi lamang ang mismong ideya kundi pati ang damdamin, kilos, at ugnayan ng mga kaisipan sa pangungusap. Ang mga anyong ito rin ang nagbibigay ng lakas at husay sa pagpapahayag, kaya nagiging mas tiyak, mas masining, at mas mabisa ang pakikipagtatagpo sa Kinaray-a. Ang payak ay nagsisilbing batayang anyo ng salita, kaya dito nagsisimula ang pag-unawa sa ugat ng kahulugan. Ang maylapi naman ay nagpapalawak ng diwa dahil nadaragdagan ito ng panlapi na maaaring magpabago sa kahulugan, tungkulin, o diin ng salita. Samantala, ang tambalan ay nagpapakita ng pagsasanib ng dalawang salitang may kani-kaniyang kahulugan, habang ang inuulit ay nakatutulong sa pagpapahayag ng kilos, tindi, pag-uulit, o pagbabago ng diwa. Dahil dito, nagiging mas mayaman ang Kinaray-a bilang daluyan ng kaalaman at kultura.

Pinatotohanan ito ng pahayag ni Pangilinan et. al, na ang morpolohiya ng wikang Kinaray-a ay nagpapakita ng masalimuot at mayamang estruktura ng wika sa pamamagitan ng apat na pangunahing anyo na nagtatakda ng katiyakan ng kahulugan sa antas ng salita. Una, ang mga salitang payak o salitang-ugat sa Kinaray-a ay nagsisilbing pundamental na yunit ng wika. Hindi lamang kumakatawan sa payak na kahulugan, kundi nagtataglay rin ng tiyak na tungkuling gramatikal na nakaaapekto sa estruktura at organisasyon ng pangungusap. Ikalawa, ang paglalapi ay isang mahalagang prosesong morpolohikal na higit pa sa simpleng pagbabago ng anyo ng salita.

Sa pamamagitan nito, naipakikita ang ugnayan ng mga bahagi ng pangungusap, kabilang ang tagaganap at layon ng kilos. Dahil dito, nagiging malinaw ang pagpapahayag ng iba't ibang aspekto at pokus ng kilos sa isang sistematikong paraan. Ikatlo, ang pag-uulit at pagtatambal ay kinikilalang mahahalagang estratehiya sa pagpapalawak ng talasalitaan ng Kinaray-a. Ang pag-uulit ay nagsisilbing paraan upang magbigay-diin o magpahiwatig ng dalas ng kilos, samantalang ang tambalan ay lumilikha ng

mga bagong konsepto at kahulugan. Sa pamamagitan ng mga prosesong ito, higit na napayayaman ang ekspresyon ng damdamin at karanasan ng mga tagapagsalita ng wikang ito. Naipapakita rin nito ang malalim na ugnayan ng wika sa kultura at pagkakakilanlan ng mga gumagamit nito.

Binigyang-diin naman ni Gwilliams, na ang mga salitang may masalimuot na estruktura, tulad ng mga salitang maylapi at inuulit, ay hindi pinoproseso ng utak bilang isang buo o hindi nahahating yunit. Sa halip, ang mga ito ay sistematikong sinusuri batay sa kanilang mga morpema o pinakamaliit na yunit ng kahulugang bumubuo sa salita. Ipinakikita na ang bawat morpema ay nagtataglay ng tiyak na tungkuling semantiko at gramatikal na mahalaga sa pagbuo ng kahulugan ng salita. Dahil dito, ang pag-unawa sa isang salita ay nakasalalay hindi lamang sa leksikal na kahulugan nito kundi maging sa wastong pagkilala sa mga elementong morpolohikal na bumubuo rito. Binigyang-diin din niya na ang kakayahang matukoy at maproseso ang iba't ibang morpema ay nakatutulong sa mas mabilis at wastong pag-unawa sa mga salita at sa kanilang gamit sa loob ng pangungusap.

Samantala natuklasan rin sa pag-aaral na ang mga palasak na salitang Kinaray-a ay may kaugnayan rin sa wikang Tagalog, bagamat ito'y Kinaray-a ay hindi rin nalalayo sa salitang Tagalog tulad ng salitang asawahun na napalitan lamang ng letrang u ang i para sa salitang asawahin pero magkahawig sa bigkas magkaiba lamang sa iisang tunog, sa mga letrang kirara na napalitan ng r ang l para sa salitang kilala, mahalun na napalitan u ang i para sa salitang mahalin, rumuha na napalitan ng r ang l para sa salitang lumuha at hipatay na napalitan ng mga letrang h at i ang mga letrang m at a sa salitang mapatay. Mayroon ring pagdaragdag na makikita sa salitang kasadyahan kung saan nadagdagan ng letrang d para sa salitang kasayahan at kurulungan na nadagdagan ng r at u ang salitang kulungan. Samantala, ang salitang iuli ay nakaltasan ng letrang s at a para sa salitang isauli.

Ang mga pahayag na ito ay sinang-ayunan ni Conant, na ang Kinaray-a ay kabilang sa mga wikang Bisaya sa Visayas, samantalang ang Tagalog ay kabilang sa Gitnang Luzon na bahagi rin ng mas malawak na pamilya ng mga wikang Austronesyo. Ang dalawang wikang ito ay nagmula sa isang sinaunang pinagmulan o proto-wika na Austronesyo. Dahil sa ugnayang ito, may mga salita sa Kinaray-a na malapit ang tunog o baybay sa Tagalog, tulad ng mga salitang "tao" (tao/tawo), "ilong" (ilong/irong), at "tainga" (tainga/talinga). Ipinapakita nito na bagamat magkahiwalay na wika na may kani-kaniyang pag-unlad, may mga salita itong magkahawig ngunit may pagbabago sa pagbigkas, intonasyon, at kahulugan ng mga salita na bunga ng ebolusyon ng wika sa magkakaibang rehiyon. Ito ay may kaugnayan sa pahayag ni Augusto tungkol sa leksikong kultural ng Tagalog at Sinugbuanon, na maraming salita ang may magkakaparehong anyo ngunit nagkakaiba sa kahulugan at rehistro dahil sa heograpikal at sosyolingguwistikong konteksto.

Sinang-ayunan din ito nina Zorc at Lobel, kung saan ang wikang Bisaya, kabilang ang Kinaray-a, ay nagtataglay ng mga sistematikong korespondensiyang ponolohikal na maaaring maihambing sa Tagalog at iba pang mga wikang kabilang sa pamilyang Austronesian. Inilahad din nila na ang mga pagbabago sa mga ponema, tulad ng pagpapalitan ng l at r o ng i at u sa ilang kapaligirang ponolohikal, ay bahagi ng regular na ebolusyong pangwika at hindi lamang mga di-pormal o random na baryasyon sa pagbigkas. Ang mga pagbabagong ito ay bunga ng mga tuntuning ponolohikal na unti-unting nabuo sa paglipas ng panahon habang umaangkop ang bawat wika sa paggamit ng mga tagapagsalita nito. Dahil dito, nananatiling magkakaugnay ang maraming salitang magkakaugat sa iba't ibang wikang Pilipino sa kabila ng mga pagbabago sa kanilang anyong ponolohikal.

Binigyang-diin din nila na ang sistematikong korespondensiyang ponolohikal ay mahalagang batayan sa historikal at komparatibong lingguwistika, sapagkat sa pamamagitan nito ay natutunton ang

pinagmulan, ugnayan, at proseso ng pag-unlad ng mga magkakamag-anak na wika. Ang pagkakatulad ng mga salita ay hindi lamang nakikita sa kanilang kahulugan, kundi maging sa mga regular na padron ng pagbabago ng mga tunog na nagaganap sa iba't ibang wika. Sa ganitong paraan, nagiging posible ang rekonstruksiyon ng mga sinaunang anyo ng salita at ang pagpapaliwanag kung paano nagkaroon ng iba't ibang baryasyon ang isang salitang nagmula sa iisang pinagmulan.

Paghahanay ng mga palasak na salitang Kinaray-a sa bahagi ng pananalita.

Sa pag-aaral na ito, nakapagtala ang mananaliksik ng limang bahagi ng pananalita na natagpuan sa dayalektong Kinaray-a mula sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa Florante at Laura. Ang mga bahagi ng pananalita na natunghayan sa wikang Kinaray-a ay ang mga sumusunod: Pangngalan, Pandiwa, Pang-uri, Pangatnig at Pantukoy. Pinagsama-sama ng mananaliksik ang mga wikang Kinaray-a na nakalap ayon sa kinabibilangang bahagi ng pananalita nito na makikita sa ibaba.

Pangngalang Palasak sa Wikang Kinaray-a

Matutunghayan sa bahaging ito ang wikang Kinaray-a na nakalap na palasak na ginagamit sa gawaing pasulat na kabilang sa bahagi ng pananalita na pangngalan. Ang pangngalan ay bahagi ng pananalita na nagbibigay ngalan sa tao, bagay, pook, hayop o pangyayari. Sa pag-aaral na ginawa nakapagtala ang mananaliksik ng 46 na pangngalan na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat. Ang nakalap ay ang mga sumusunod: agahun, amigo, aragyan, asawahungraki, baratong, bukot matuud, burutangan, dagaduda, dagakadumot, dagapamatay, dagalitik, dakung ginabatyag, diwata ka tadhana, diwatang daga pamahala sa mga tubi, d'yos ka kamaratyan, harpyas, hiyas nga kahugis ka bag-ong buran, higugma, inagyan, kabudlayan, kabug akan, kaibahan, kalibutan, kasadyahan, kayung araabutan, kinabug-akan, kupido, kurulungan, mabudlay (sitwasyon), mabahur nga puno, mad-ayad nga diwata, mad-ayad nga bayi, maisug nga ispirito, mandurugma, maydiyan, nagurpihan, pag-antos, pagburag, pagkabudlay, panumdom, paranaguan, pispisan, pagsiga ka adlaw, romanong dyos ka baratuan, soltero at talibung.

Sa mga nakalap na wikang Kinaray-a na ginagamit sa gawaing pasulat, pinangkat ng mananaliksik ang mga nakalap na pangngalan batay sa sumusunod na kategorya: Pangngalang pantao, pangyayari, pangkalikasan, lugar, bagay, mitolohikal/espiritwal, at abstrak (kaisipan/konsepto). Sa mga dayalektong Kinaray-a na nakalap batay sa kategorya nito, matutunghayan na nakahihigit at nanguna ang pangngalang Abstrak (Kaisipan/Konsepto). Ito ang may pinakamaraming bilang sapagkat likas sa wika ang paglikha ng mga salitang tumutukoy sa damdamin at kaisipan. Mapapansin ang paggamit ng panlaping ka-, kina-, at pag- na karaniwang bumubuo sa pangngalang abstrak sa Kinaray-a. Ang mga salitang ito ay mahalaga sa mga Karay-a dahil nagbibigay ito ng lalim sa karanasan at nagpapahayag ng panloob na emosyon at repleksyon sa kapaligiran.

Sinundan ng kategorya na ngalan ng tao, na tumutukoy naman sa mga tao at ang papel nila sa lipunan.

Sumunod ang mitolohikal/espiritwal, bagaman mas kaunti kaysa abstrak, kapansin-pansin pa rin ang dami ng salitang may kinalaman sa paniniwala at mitolohiya na nagpapakita ng impluwensiya ng kulturang katutubo at banyaga. Pangatlo ang bagay, na naglalahad hindi lamang ng simpleng bagay kundi may masining na katangian, gaya ng mga salitang hiyas nga kahugis ka bag-ong buran, kung saan naglalarawan ng magandang babae o maayos na kapaligiran, na nagpapakita ng malikhaing paggamit ng wika sa paglalarawan. Sinundan ito ng pangyayari, na tumutukoy naman sa mga karanasan o kalagayan sa



sitwasyong kinahaharap ng mga Karay-a. Panghuli ang ngalang pangkalikasan at lugar, kung saan tinutukoy ang mga lugar, tagpuan o kapaligiran na natunghayan.

Ito ay nauugnay sa ginawang pagkakategorya ni Catalig kung saan ang mga nakalap na dayalektong Tagalog na ginagamit sa pagsasaka, ay pinangkat rin sa pangngalan batay sa sumusunod na kategorya: uri ng gulay, prutas, paraan ng pagsasaka, kagamitan sa pagsasaka, uri ng lalagyan, gamit sa pagpapaganda ng halaman, lugar sa pagsasaka, katawagan sa mga pananim, halamang gamot at uri ng panggatong. Sa mga dayalektong nakalap batay sa kategoryang kinabibilangan nito, nakahigit ang mga paraan na ginamit sa pagsasaka at kagamitan sa pagsasaka. Sumunod ang mga kategoryang uri ng gulay, prutas, paraan ng pagsasaka, uri ng lalagyan, gamit sa pagpapaganda ng halaman, lugar sa pagsasaka, halamang gamot at uri ng panggatong.

Gayon din sa pangingisda, kung saan pinangkat ang mga dayalektong Tagalog na nakalap alinsunod sa mga sumusunod na kategorya: uri ng isda, uri ng hibasan o seashells, paraan ng pangingisda, kasangkapan o kagamitan sa pangingisda, lalagyang gamit sa pangingisda, iba pang lamang dagat, katawagan sa alimasag, kasangkapang ginagamit sa mga sasakyang pandagat at uri ng sasakyang pandagat. Sa mga dayalektong Tagalog na nakalap na kabilang sa bahagi ng pananalita na pangngalan, nakahihigit ang mga katawagan sa uri ng isda, uri ng hibasan o seashells, mga katawagan na ginagamit o kagamitan sa pangingisda at lalagyang gamit sa pangingisda.

Binigyang diin naman ni Javier, na kahulugan ng mga salitang bumubuo sa isang pahayag ay may malaking impluwensiya sa kanilang estrukturang gramatikal at sa paraan ng pagpapahayag ng mga konsepto. Ayon pa sa kanya, ang mga semantikong kategorya tulad ng tao, lugar, pangyayari, bagay, at abstraktong konsepto ay nagsisilbing mahalagang batayan sa pagsusuri ng tungkulin at gamit ng mga pangngalan sa loob ng pangungusap. Ipinaliwanag din niya na ang semantika at gramatika ay may malapit na ugnayan, sapagkat ang kahulugan ng isang salita ang nagtatakda kung paano ito ginagamit at inuunawa sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon. Dahil dito, ang pag-uuri ng mga pangngalan batay sa kanilang kahulugan ay hindi lamang isang paraan ng pagkakategorya ng mga salita, kundi isang sistematikong proseso ng paglalarawan sa ugnayan ng leksikal na kahulugan at estrukturang gramatikal ng isang wika.

Nakita rin sa pag-aaral na ang mga nakalap na salitang Kinaray-a na pangngalan ay mauuri sa kayarian ng salita: payak, maylapi, inuulit, at tambalan. Ipinapakita lamang nito na mayaman ang wikang Kinaray-a sa pagbuo ng salita at sa pagpapahayag ng kultura, karanasan, kaalaman, at imahinasyon. Mahalaga ang mga ito sa pag-aaral dahil nagiging batayan ang mga ito sa pagsusuri ng kakayahang pangwika, paglinang ng bokabularyo, at pagpapahalaga sa sariling wika. Higit pa rito, ang pagkilala sa iba't ibang kayarian ng pangngalan ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa sistemang morpolohikal ng Kinaray-a at sa paraan ng pagbuo ng kahulugan sa loob ng wika. Sa gayon, ang sistematikong pagdodokumento at pagsusuri sa mga anyong ito ay nagsisilbing mahalagang batayan sa pagbuo ng mga kagamitang pangwika, tulad ng diksyunaryo, na makatutulong sa pagpapanatili, pagpapayaman, at epektibong pagtuturo ng wikang Kinaray-a sa mga susunod na henerasyon.

May kaugnayan ito sa pahayag ni Fortes, na ang mga pangngalan sa ay nagpapakita ng kayariang morpolohikal na nagpapalawak ng kahulugan at tungkuling gramatikal. Ang mga prosesong morpolohikal, tulad ng paglalapi at reduplikasyon, ay nagbubunga ng mga bagong anyong leksikal na may mas tiyak na kahulugan at gamit sa komunikasyon. Ang morpolohiya at semantika ay magkakaugnay, sapagkat ang pagbabago sa kayarian ng pangngalan ay may direktang impluwensiya sa kahulugan at tungkulin nito sa loob ng pangungusap. Dahil dito, ang pagsusuri sa kayarian ng mga pangngalan ay nagsisilbing mahalagang



batayan sa paglalarawan ng estruktura ng isang wika, sa pagdodokumento ng bokabularyo, at sa pag-unawa sa ugnayan ng anyo, kahulugan, at gamit ng mga salita.

Samakatwid, ang pag-uuri ng mga pangngalang Kinaray-a bilang payak, maylapi, inuulit, at tambalan ay hindi lamang nagpapakita ng lawak ng sistemang morpolohikal ng wika kundi sumasalamin din sa paraan ng pagbuo at pag-oorganisa ng kaalaman at karanasan ng pamayanang Karay-a. Higit pa rito, ang sistematikong pagdodokumento ng mga kayariang ito ay nagsisilbing mahalagang batayan sa pagbuo ng mga kagamitang pangwika, tulad ng diksyunaryo, sapagkat nakatutulong ito sa mas malinaw na paglalarawan ng kahulugan, estruktura, at wastong paggamit ng mga pangngalan. Sa gayon, nagiging mahalagang sanggunian ito sa pagpapalawak ng bokabularyo, pagpapaunlad ng kakayahang pangwika, at pagpapanatili ng yamang leksikal ng wikang Kinaray-a.

Natuklasan rin ang pagbabagong morpoponemikong pagdaragdag sa salitang kasadyahan na nadagdagan ng ponemang d ang salitang kasayahan, gayon din ang salitang kurulungan na nadagdagan ng mga letrang r at u para sa salitang kulungan. Sa mga Karay-a ang mga salitang ito ay naglalarawan ng emosyon (kaligayahan) at sitwasyon (kulungan), na nagiging mahalaga sa pakikipag-ugnayan o pakikisalamuha at pagbabahagi ng karanasan sa komunidad tulad sa lugar ng Apia. Ipinakikita ng mga pagbabagong ito na ang pagdaragdag ng mga ponema ay hindi lamang isang katangiang ponolohikal, kundi isa ring manipestasyon ng natatanging pag-unlad at adaptasyon ng wikang Kinaray-a sa kontekstong pangkultura at panlipunan. Higit pa rito, ang mga pagbabagong morpoponemikong ito ay nagpapayaman sa bokabularyo ng wika at nagsisilbing mahalagang batayan sa pag-unawa sa ebolusyon ng mga salita at sa pagpapanatili ng natatanging identidad ng pamayanang Karay-a.

Ang salitang soltero at amigo na malinaw na ebidensya ng impluwensyang kolonyal, ng Espanyol, na nagbunga ng leksikal na panghihiram at semantikong adaptasyon. Sa tagal ng pananakop at naging impluwensya ng Espanyol sa ating kultura at wika, dahil na rin sa araw-araw na pakikipag-usap at pakikihalubilo sa kanila sa matagal na panahon ay tinanggap ng mga Bisaya ang salitang ito na kung saan hanggang ngayon ay patuloy na ginagamit at naging bahagi na ng kanilang wika. Ang salitang soltero ay nangangahulugang binata o lalakeng wala pang asawa. Sa Karay-a, ito ang tawag sa mga lalakeng manliligaw sa isang dalaga na kapag nagkasundo ay agad na isasagawa ang Pabagti (Pamamanhikan). Ang amigo naman ay pakikipagkapwa o kaibigan. Sa kultura ng mga Karay-a, ito ay tanda ng pagiging bukas palad, ugnayan at pagtanaw sa kapwa bilang bahagi ng komunidad. Pinapahiwatig lamang nito na ang wikang Kinaray-a ay isang buhay na wika na imbakan ng damdamin, kaalaman, kasaysayan, paniniwala, at karanasang panlipunan.

Ito ay may kaugnayan sa isinaad ni Espina, na ang isa sa mga pangunahing katangian ng wika ay ang pagiging dinamiko, sapagkat ito ay patuloy na nagbabago, nadaragdagan ng mga bagong bokabularyo, at aktibong lumilikha ng mga bagong salita upang makaangkop sa mabilis na pagbabago ng panahon, teknolohiya, kultura, at pang-araw-araw na karanasan ng mga tagapagsalita. Ang mga pagbabagong ito ay likas na proseso sa pag-unlad ng anumang wika, bunga ng patuloy na interaksyon ng mga tagapagsalita sa kanilang kapaligiran at sa nagbabagong kalagayang panlipunan. Dahil dito, nagkakaroon ng mga pagbabago sa anyo, kahulugan, at pagbigkas ng mga salita upang higit na matugunan ang pangangailangan ng komunikasyon sa iba't ibang sitwasyon. Ang paglitaw ng mga bagong anyo ng salita at mga pagbabagong morpoponemiko ay hindi nagpapahina sa isang wika, bagkus ay nagpapatunay sa kakayahan nitong umangkop at manatiling buhay sa paglipas ng panahon.

***Pandiwang Palasak sa Wikang Kinaray-a***

Masasalamain sa bahaging ito ang mga wikang Kinaray-a na nakalap na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat na kabilang sa bahagi ng pananalita na pandiwa. Ang pandiwa ay bahagi ng pananalita na nagsasaad ng kilos o galaw, na maaaring ang kilos ay nagawa, gagawin pa lamang at kasalukuyang ginagawa. Sa pag-aaral na ginawa nakapagtala ang mananaliksik ng 82 na pandiwa na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat. Ito ay kinabibilangan ng mga salitang: akigi, antuson, asawahun, dagaaraway, dagahibi, dagahuni, dagailog, dagalaylay, dagapahaum, dagapinanaw, dagasakay, dagasandig, dagatawag, ga usuy, gakasara, gin kaptan, gin lusob, gin pangut-pangut, gin pasayud, gin uyun, ginadaro, ginahakar, ginahandum, ginahibian, ginahigugma, ginakaaway, ginakaruruan, ginakurbaan, ginapaino, ginapunduhan, ginhalinan, ginsibat, gintaksilan, gipuyan, hakwat hakwat, hikit-an, hipatay, ikinasadya, inhigot, inpilak, intrimes, inusuy, irisip-isipun, iuli, mahalun, makasayud, mangsakit, mapahimunung, mapatay, mapirdi, nagpabag-u, nagruha, nagtakop it alima, nagtirab, nahabatian, nahapalibutan, nahasaydan, nahibulong, nahamaramadan, nakahambar, nakatingkob, nalibog, namuslok, napahuo, napnu, pag-intra, pagburulag, pagbutang, pagdipara, pagdumot, paggunot, paghalin, paghibi, paghigugma, paghimunong, paghurag ka alima, pagkadura, pagkakurba, pagkaayun, paugutun, rumuha, tinunga at turukun.

Sa mga nakalap na salitang pandiwa mula sa wikang Kinaray-a ng mga mag-aaral, makikita na nakahihigit ito kaysa sa Pangngalan sapagkat sa ginawang dokyumentari analisis ng mananaliksik mas marami ang pangngalan kung itatala lahat ang mga palasak na salita mula sa wikang Kinaray-a, ngunit karamihan sa mga ito ay walang kaugnayan sa mga malalalim na salita na bibigyan tuon sa pag-aaral na ito kayat hindi lahat itinala. Sa kabilang banda, mas maraming pandiawang salita ang naitala sapagkat makikita sa Florante at Laura ni Francisco Balagtas dahil sa anyo nito bilang awit na isang metrikal na pakikipagsapalaran ng mga tauhan na nakatuon sa paglalahad ng aksyon, emosyon, at kaganapan sa pamamagitan ng mga kilos at galaw ng mga tauhan. Dito ginagamit ang mga pandiwa upang maging mas buhay at emosyonal ang paglalarawan, lalo na sa mga eksena ng digmaan at pag-ibig, na nagpapahayag ng kilos (nakagapos at nagligtas) at damdamin (nangangamba at naghihinagpis).

Ang mga pandiwa na nakatala sa itaas na talata ay madalas binubuo ng salitang payak, maylapi, inuulit at tambalan. Sa pagsusuri, natunghayan rin ang mga panlaping gina-, gin-, nag-, at pag- sa mga salitang ginahandum (iniisip), ginsibat (sinibat), ginadaro (pinapatahan), nagruha (lumuha), pag-antos (tiniis), at pagdumot (kinamumuhian). Unlaping daga- sa salitang dagatawag (tumatawag) at dagahibi (umiiyak). Gayon din ang hulaping -an sa salitang nahabatian (narinig) at hulaping -un sa salitang turukun (tingnan). Pinapakita lamang nito ang lawak ng sistemang panlapi ng Kinaray-a kung saan ang wika ay gumagamit ng iba't ibang morpolohikal na paraan upang maipahayag ang kilos na tumutukoy sa aspekto ng pandiwa na imperpektibo (ginagawa), perpektibo (tapos na), at kontemplatibo (gagawin palang) na mahalagang katangian ng mga wika. Samakatuwid, malinaw na ang Kinaray-a ay isang wikang mayaman sa morpolohikal na pagbabago, kung saan ang kahulugan ay higit na naipapahayag sa pamamagitan ng sistematikong paggamit ng mga panlapi kaysa sa pagbabago ng anyo ng salitang-ugat.

Nauugnay ito sa binanggit ni Pangilinan et al. na ang morpolohiya ng wikang Kinaray-a ay nagpapakita ng masalimuot at mayamang estruktura ng wika sa pamamagitan ng apat na pangunahing anyo na nagtatakda ng katiyakan ng kahulugan sa antas ng salita. Una, ang mga salitang payak o salitang-ugat sa Kinaray-a ay nagsisilbing pundamental na yunit ng wika. Hindi lamang kumakatawan sa payak na kahulugan, kundi nagtataglay rin ng tiyak na tungkuling gramatikal na nakaaapekto sa estruktura at

organisasyon ng pangungusap. Ikalawa, ang paglalapi ay isang mahalagang prosesong morpolohikal na higit pa sa simpleng pagbabago ng anyo ng salita.

Sa pamamagitan nito, naipapakita ang ugnayan ng mga bahagi ng pangungusap, kabilang ang tagaganap at layon ng kilos. Dahil dito, nagiging malinaw ang pagpapahayag ng iba't ibang aspekto at pokus ng kilos sa isang sistematikong paraan. Ikatlo, ang pag-uulit at pagtatambal ay kinikilalang mahahalagang estratehiya sa pagpapalawak ng talasalitaan ng Kinaray-a. Ang pag-uulit ay nagsisilbing paraan upang magbigay-diin o magpahiwatig ng dalas ng kilos, samantalang ang tambalan ay lumilikha ng mga bagong konsepto at kahulugan. Sa pamamagitan ng mga prosesong ito, higit na napayayaman ang ekspresyon ng damdamin at karanasan ng mga tagapagsalita ng wikang ito. Naipapakita rin nito ang malalim na ugnayan ng wika sa kultura at pagkakakilanlan ng mga gumagamit nito.

Nauugnay rin ito sa isinaad ni Sevilla, na ang paglalapi, reduplikasyon, at pagtatambal ay ilan sa mga pangunahing prosesong morpolohikal na ginagamit sa pagbuo ng mga pandiwa. Ang mga pagbabagong morpolohikal na ito ay hindi lamang nagbabago sa estruktura o anyo ng salita, kundi nagdaragdag din ng mga bagong kahulugan at tungkuling gramatikal na mahalaga sa pagbuo ng makabuluhang pahayag. Sa pamamagitan ng paglalapi ay naipahahayag ang iba't ibang pokus, aspekto, at relasyong gramatikal ng pandiwa, samantalang ang reduplikasyon ay maaaring magpahiwatig ng pagpapatindi, pag-uulit, pagpapatuloy, o kawalan ng katiyakan ng kilos. Sa kabilang banda, ang pagtatambal ng mga salita ay nagbubunga ng mga bagong leksikal na yunit na may mas tiyak o mas malawak na kahulugan kaysa sa mga salitang bumubuo rito. Ipinapakita lamang na ang bawat kayarian ng pandiwa ay may natatanging ambag sa pagpapahayag ng kilos, panahon, aspekto, paraan, at intensiyon ng nagsasalita, kaya't mahalagang suriin ang mga ito sa pag-aaral ng estruktura ng isang wika.

Natuklasan rin sa pag-aaral ang pagbabagong morpoponemikong pagkakaltas ng ponema sa salitang Kinaray-a, tulad ng salitang isauli na naging iuli kung saan ang ponemang s at a ay nawala. Gayon din ang pagpapalit ng ponema sa salitang lumuha na naging rumuha, napalitan ng r ang letrang h, katulad ng salitang asawahin na naging asawahun kung saan ay napalitan ng ponemang u ang i. Nakita rin ang metatesis o ang paglipat ng tunog na makikita sa salitang ginlusob na may katumbas sa Tagalog na nilusob, makikita dito na ang unang tunod ng salita na gin- ay napalitan ng tunog at naging ni. Ipinakikita ng mga pagbabagong morpoponemikong ito na ang Kinaray-a ay nagtataglay ng masistemang tuntuning pangtunog at pangkayarian na naglalarawan sa natatanging proseso ng pagbuo at pagbabago ng mga salita. Higit pa rito, ang pagkilala at pagsusuri sa mga pagbabagong ito ay mahalaga sa pagdodokumento ng ponolohiya at morpolohiya ng wikang Kinaray-a.

May kaugnayan ito sa pahayag ni Bacalla na ang pandiwa ay salitang nagpapakilos o nagbibigay-buhay sa isang lipon ng mga salita. Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga panlapi at pagbabagong morpoponemiko sa pandiwa upang maunawaan ang baryabilidad kung paano ginagamit ang mga ito sa pang-araw-araw na komunikasyon sa loob ng konteksto ng sosyolingguwistika. Ipinaliliwanag niya na ang wika ay panlipunang penomena kaya nagiging makabuluhan ang anomang pahayag o aksiyon batay sa kung paano ito kinokonteksto sa lipunan at kung sino ang nagsasalita. Dagdag pa niya, ang pandiwa ay nakatutulong sa mga guro at mag-aaral upang maintindihan nang husto ang iba't ibang anyo at gamit nito, lalo na ang paglalapi nito, na mahalaga sa pagsasalita at pagsulat ng Filipino lalo na sa mga lokal o katutubong wika.

Pang-uring Palasak sa Wikang Kinaray-a

Makikita sa bahaging ito ang mga dayalektong Kinaray-a na nakalap na palasak na ginagamit sa gawaing pasulat na kabilang sa bahagi ng pananalita na pang-uri. Ang pang-uri ay nagbibigay turing sa pangngalan o panghalip. Sa pag-aaral na ginawa nakapagtala ang mananaliksik ng 43 na pang-uri na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat. Ito ay ang mga sumusunod: apawkakururba, butigun, dagakarayu, dagataksil, daku, di hiram-daman, dungara, ga dungray, gahinay-hinay, gapahaum, gapangruno, ginaantos, ginsamantalahan, hisakit, hitiis, indi hibadwan, indi mahimunong, indig-irespeto, kaakig, kagurupi, kahadlok, kalisud, kapur-us, karuuy, kasarakimun, katim-ungan, kaugot, kakururba, kirara, mabang-ug, mabug-at nga damdamin, mad-ayad, mahilamunon, maisug, malisud, maruya, matim ung, nahasirangan, nahasayod, napabuang, nasubo, tim-ung at waay.

Mauuri din ang dayalektong Kinaray-a na nakalap sa gawaing pasulat sa bahagi ng pananalitang pang-uri. Bahagi na ng talasalitaan ang mga nakalap na nabanggit sapagkat ito ay mga salitang naglalarawan ng damdamin, ugali, kilos, katangian ng mga Karay-a gayon din ang kalagayan ng tao, nakikita sa kapaligiran o pangyayari. Ipinapakita lamang nito ang yaman ng bokabularyo ng Karay-a at ang kakayahan ng wika na magpahayag ng kahulugan tulad ng lungkot, galit, takot, kabutihan, at kabigatan ng damdamin. Mahalaga rin ito sa pagkakakilanlang pangwika sapagkat naipapamalas nito ang sariling sistema ng pagbuo ng salita sa Kinaray-a, na naiiba ngunit kahalintulad ng ibang wikang Pilipino.

Nauugnay din ito sa pahayag ni Tica na ang pang-uri ay isang bahagi ng pananalita na naglalarawan o nagbibigay-turing sa isang pangalan o panghalip. Mahalaga ito sa pagbuo ng malinaw at makabuluhang pangungusap dahil sa kakayahan nitong magpahiwatig ng katangian, damdamin, o estado ng isang bagay o tao. Ito'y dapat gamitin ng wasto upang mapaunlad ang kakayahan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, na mahalaga sa malinaw na pagpapahayag ng ideya. Ang angkop na paggamit ng pang-uri ay nagpapataas sa antas ng diskurso sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas detalyado at mas eksaktong paglalarawan sa mga konseptong tinatalakay. Sa aspektong lingguwistiko, ang pang-uri ay hindi lamang nagsisilbing panuring sa pangngalan o panghalip, kundi isa ring mahalagang elementong semantiko na nagpapayaman sa kahulugan ng pahayag at nagpapalinaw sa ugnayan ng mga salita sa loob ng pangungusap.

Sinuportahan ito ni De Leon, kung saan tinalakay niya ang mga intelektuwal na kontribusyon sa pag-unawa ng pang-uri, na may positibong epekto sa pag-unlad ng gramatika at pagkatuto ng wikang Filipino. Dagdag pa niya, ang paggamit ng pang-uri ay nagbibigay ng kulay, lalim, at damdamin sa panitikan, kaya't ang pagkatuto dito ay mahalaga para sa mas mataas na antas ng pang-unawa at pagpapahayag sa Filipino. Dahil dito, ang wastong pagkilala at paggamit ng mga pang-uri ay nakatutulong sa pagbuo ng mas organizado, masining, at makahulugang pahayag na nagpapalawak sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang sistematikong pag-aaral ng mga pang-uri ay nagpapakita ng ugnayan ng gramatika at semantika, sapagkat naipaliliwanag nito kung paano nakaaapekto ang mga panuring sa pagbuo ng kahulugan at sa mas tumpak na paglalarawan ng mga tao, bagay, lugar, at pangyayari.

Ganoon din naman marami sa pang-uring itinala ay binubuo ng salitang payak tulad ng daku at hisakit, maylapi gaya ng gapahaum at kaugot, inuulit na anyo katulad ng gahinay-hinay, at tambalan na parirala gaya ng mabug-at nga damdamin at di hiram-daman, na nagbibigay-daan sa mas malinaw, masining, at malalim na paglalarawan ng damdamin, katangian, at kalagayan na nakikita at nararanasan ng mga Karay-a. Natuklasan rin ang pagbabagong morpoponemikong pagpapalit ng ponema sa salitang kirara, kung saan napalitan ng ponemang r ang l para sa salitang kilala (bantog). Sa mga Karay-a ang salitang ito

ay tumutukoy sa mga taong kilala o maimpluwensyang tao sa kanilang lugar tulad ng may katungkulan, nakatatanda o nakapagtapos.

May kaugnayan ito sa isinaad ni Pangilinan, na ang morpolohiya ng wikang Kinaray-a ay nagpapakita ng masalimuot at mayamang estruktura ng wika sa pamamagitan ng apat na pangunahing anyo na nagtatakda ng katiyakan ng kahulugan sa antas ng salita. Una, ang mga salitang payak o salitang-ugat sa Kinaray-a ay nagsisilbing pundamental na yunit ng wika. Hindi lamang kumakatawan sa payak na kahulugan, kundi nagtataglay rin ng tiyak na tungkuling gramatikal na nakaaapekto sa estruktura at organisasyon ng pangungusap. Ikalawa, ang paglalapi ay isang mahalagang prosesong morpolohikal na higit pa sa simpleng pagbabago ng anyo ng salita. Sa pamamagitan nito, naipapakita ang ugnayan ng mga bahagi ng pangungusap, kabilang ang tagaganap at layon ng kilos. Dahil dito, nagiging malinaw ang pagpapahayag ng iba't ibang aspekto at pokus ng kilos sa isang sistematikong paraan. Ikatlo, ang pag-uulit at pagtatambal ay kinikilalang mahahalagang estratehiya sa pagpapalawak ng talasalitaan ng Kinaray-a. Ang pag-uulit ay nagsisilbing paraan upang magbigay-diin o magpahiwatig ng dalas ng kilos, samantalang ang tambalan ay lumilikha ng mga bagong konsepto at kahulugan. Sa pamamagitan ng mga prosesong ito, higit na napayayaman ang ekspresyon ng damdamin at karanasan ng mga tagapagsalita ng wikang ito. Naipapakita rin nito ang malalim na ugnayan ng wika sa kultura at pagkakakilanlan ng mga gumagamit nito.

Pangatnig na Palasak sa Wikang Kinaray-a

Matutunghayan sa bahaging ito ang wikang Kinaray-a na nakalap na palasak na ginagamit sa gawaing pasulat na kabilang sa bahagi ng pananalita na pangatnig. Ang pangatnig ay nag-uugnay o nagdudugtong ng isang salita, mga salita, parirala o pangungusap. Sa pag-aaral na ginawa nakapagtala ang mananaliksik ng 1 na pangatnig na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat. Ito ay ang salitang ag. Tulad sa wikang Filipino ginagamit rin ito ng mga Karay-a upang pagdugtongin ang salita o pahayag. Makikita rin sa salitang ito ang pagbabagong morpoponemiko, kung saan ang ponemang t ay napalitan ng g para sa salitang at.

Sinang-ayunan ito ng pahayag ni Santos sa kanyang Balarila ng Wikang Pambansa, na ang pangatnig ay mga salita o lipon ng mga salita na ginagamit sa pag-uugnay ng isang salita o ng isang pangungusap sa kapwa pangungusap. Ang layunin ng pangatnig ay magdugtong ng mga bahagi ng pangungusap upang makabuo ng mas malinaw, mas maayos at magkakaugnay na pahayag. Gayon din ang pahayag ni Flores na ang pangatnig ay bahagi ng pananalita na nag-uugnay ng dalawang salita, parirala, sugnay o pangungusap. Pinapakita nito ang relasyon ng pinagsama-samang bahagi tulad ng sanhi, layon, at kondisyon upang magkaroon ng malinaw at wastong kahulugan.

Pantukoy na Palasak sa Wikang Kinaray-a

Makikita sa bahaging ito ang wikang Kinaray-a na nakalap na palasak na ginagamit sa gawaing pasulat na kabilang sa bahagi ng pananalita na pantukoy. Ang pantukoy ay ginagamit upang ipakilala o tukuyin ang pangngalan o panghalip sa pangungusap. Sa pag-aaral na ginawa nakapagtala ang mananaliksik ng 1 na pantukoy na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat, ang salitang ya. Ang ya ang katumbas ng salitang Tagalog na ang, kung saan masasalamain sa salitang ito ang natatanging kaibahan nito sa ibang wika. Ito ay mahalaga sa wika ng mga Karay-a sapagkay ito ay nagpapahiwatig upang tukuyin ang partikular na pangngalan, bagay o panghalip tungo sa epektibong pagpapahayag ng ideya para sa maayos at mabilis na pagkakaunawaan.

Ito ay may kaugnayan sa pahayag ni Garcia, na ang pantukoy ay bahagi ng pananalitang ginagamit upang ipakilala o tukuyin ang pangngalan. Dagdag pa niya, ang pantukoy na ang ay may mahalagang papel sa wikang Filipino bilang bahagi ng morpolohiya at sintaksis. Ipinaliwanag ni Garcia na ang pantukoy na ang ay palaging nangunguna sa pangngalan upang tukuyin ang isang partikular at tiyak na bagay o tao. Sa kanyang pagsusuri ng mga sanaysay ng mga mag-aaral, nakita niya na ang wastong paggamit ng ang ay nagpapalinaw ng simuno o pokus ng pangungusap na nagdudulot ng malinaw at epektibong komunikasyon. Ang paggamit ng pantukoy na ito ay nagbibigay-diin at naglilimita sa kahulugan ng pangngalan kaya't naiiwasan ang kalituhan o hindi pagkakaintindihan sa usapan. Bukod dito, binigyang-diin din niya ang kahalagahan ng pantukoy na ang sa pagbuo ng tamang estruktura ng wika, lalo na sa pagsulat ng sanaysay. Nakasaad na ito ay hindi lamang isang pang-gramatikang pangangailangan kundi isang paraan upang mapahusay ang daloy ng komunikasyon at ang pag-unawa ng mga mambabasa o tagapakinig. Sa pang-araw-araw na buhay, ang tamang paggamit ng ang ay nagiging susi sa malinaw na pagpapahayag, na mahalaga sa lahat ng uri ng pakikipag-ugnayan mula sa simpleng usapan hanggang sa pormal na pagsulat.

Estratehiyang ginamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan.

Isinasaad sa bahaging ito ang mga estratehiyang ginamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan. Mula sa panayam na isinagawa ng mananaliksik sa mga guro na sakop ng pag-aaral ay nakapagtala ng labinlimang estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan. Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod: Kasing kahulugan, think pair share, brain storming, konteks klus, word clustering, word clining, panonood ng animated copy ng akda, paggamit ng larawan, takdang aralin, konotasyon at denotasyon, flash card, paggamit sa pangungusap, lektyur, pagkakaroon ng sariling kopya ng talahuluganan, at pinagmulang salita.

Kasingkahulugan. Ito ang pangunahing ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan. Ito ang pagtukoy o paghahanap ng mga salitang kapareho ang kahulugan upang maunawaan ng mga mag-aaral ang matatalinhagang salita na matatagpuan sa akda. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, higit na napadadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa kahulugan ng mga salitang hindi na karaniwang ginagamit sa kasalukuyan. Nagiging mas makabuluhan din ang kanilang pag-unawa sa nilalaman ng akda sapagkat naiuugnay nila ang mga malalalim na salita sa mga salitang pamilyar na sa kanilang bokabularyo, na nagiging daan upang mapalawak pa ang kanilang talasalitaan at mapahusay ang kanilang pag-unawang pampanitikan.

Inilahad ng isang gurong nakapanayam ng mananaliksik na:

“Ang paggamit ng kasingkahulugan ang pinakamadaling paraan upang maunawaan nang deretsuhan ang kahulugan ng matatalinhagang salita sa akda.”

Ipinakikita ng pahayag na ang kasingkahulugan ay ginagamit bilang isang tuwiran at praktikal na paraan ng pagpapaliwanag sa mga salitang mahirap unawain. Sa pagtuturo ng Florante at Laura, maaaring ilahad muna ng guro ang isang salitang pamilyar sa mga mag-aaral na may kapareho o malapit na kahulugan sa salitang ginamit sa akda. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng panimulang batayan upang maunawaan ang kahulugan ng salita bago ito suriin ayon sa konteksto ng saknong o pahayag. Mahalaga ang ganitong estratehiya sapagkat ang ilang salita sa Florante at Laura ay hindi na karaniwang ginagamit sa kasalukuyang pakikipagtalastasan. Sa pamamagitan ng kasingkahulugan, nababawasan ang

hadlang sa bokabularyo at nagiging madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga salita na nagtataglay ng matatalinhagang kahulugan.

Gayundin, isa pang guro ang nagpahayag na:

“Maaari ding mag-isip ng kasingkahulugan ng salita na naaayon sa kanilang panahon (Millennials at Gen Z), tulad ng salitang bantog na makikita sa Florante at Laura, na maaaring iugnay sa mga salitang knows, lodi, at petmalu, na karaniwang mga salitang slang na nagpapahiwatig ng pagiging sikat, kilala, o astig.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na maaaring gamitin ang mga salitang pamilyar sa kasalukuyang henerasyon bilang tulay sa pag-unawa sa mga salitang ginamit sa akda. Ang salitang bantog ay maaaring iugnay sa konsepto ng pagiging kilala o tanyag gamit ang mga kontemporaryong ekspresyong pamilyar sa mga mag-aaral. Gayunman, ang mga salitang slang ay nararapat gamitin bilang pantulong na halimbawa lamang at hindi bilang ganap na kapalit ng pamantayang kahulugan ng salita. Sa ganitong pamamaraan, naiuugnay ng guro ang bokabularyo ng Florante at Laura sa kasalukuyang gamit ng wika nang hindi binabago ang orihinal na diwa ng salita. Nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang kahulugan sapagkat nakapaloob ito sa mga salitang bahagi ng kanilang sariling karanasan sa pakikipagkomunikasyon. Dahil dito, nagkakaroon sila ng mas malinaw na konseptuwal na ugnayan sa pagitan ng lumang bokabularyo at ng wikang ginagamit nila sa kasalukuyan.

Dagdag pa rito, isa ring guro ang nagpahayag na:

“Mas mabilis nilang natatandaan ang kahulugan ng salita kapag iniuugnay ito sa mga salitang kapareho ang ibig sabihin, palagi nilang naririnig at ginagamit sa pang-araw-araw na usapan.”

Makikita sa pahayag na ang kasingkahulugan ay hindi lamang ginagamit upang matukoy ang kahulugan ng isang salita, kundi mapadali at matandaan ang bagong bokabularyo. Kapag ang matatalinhagang salita mula sa Florante at Laura ay iniuugnay sa mga salitang madalas gamitin ng mga mag-aaral, nagkakaroon ng pamilyar na batayan sa pagbuo ng kahulugan. Ang dating hindi pamilyar na salita ay madaling matandaan sapagkat naiuugnay ito sa isang konseptong bahagi na ng kanilang pang-araw-araw na karanasan. Sa proseso ng pagtuturo, maaaring gamitin ang kasingkahulugan sa pagbibigay ng halimbawa, pagpapaliwanag ng pahayag, pagbuo ng pangungusap, at paghahambing ng mga salita upang higit na mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, hindi lamang nila natututuhan ang kahulugan ng salita kundi nauunawaan din nila ang gamit nito sa loob ng konteksto ng akda.

Ito ay pinatotohanan ni Moody, na ang paggamit ng kasingkahulugan ay epektibong estratehiya upang mapalawak ang kaalaman at bokabularyo ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng schema theory, mas nagiging aktibo ang proseso ng pagkatuto dahil naiuugnay ang mga bagong salita sa mga pamilyar ng salita o konsepto. Dahil dito, mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang malalalim na salita sa tula at naipapahayag nang malinaw ang mga ideya at damdamin. Ang mga nabanggit sa sinusundang talata ay umaayon sa tunguhin ng K to 12 na mahalaga ang paggamit ng angkop at wastong salita sa pagpapahayag ng sariling kaisipan at damdamin, bahagi ito ng layunin ng pagtuturo ng Filipino, kabilang na ang pagtuturo ng tula. Nakasaad dito na ang pag-unawa at pagpapaliwanag ng mga kaalaman at damdamin gamit ang angkop na salita ay mahalaga upang magkaroon ng mas malalim na pagkatuto at pagpapahalaga sa panitikan.

Sinang-ayunan ito ni Guzman, na ang pagpapaunlad ng kasanayan sa bokabularyo at pagbibigay-kahulugan sa mga terminong mababasa sa teksto ay mahalagang estratehiya sa pagkatuto na naglalayong mapalawak ang pag-unawa ng mag-aaral. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, natutulungan ang mga mag-aaral na alalahanin ang mga impormasyong direktang nakasulat sa teksto at maunawaan nang buo ang mensahe nito sa pamamagitan ng pag-uugnay sa iba't ibang bahagi ng pangyayari. Ang kasanayang ito ay nagbibigay-daan upang masuri ng mga mag-aaral ang mga impormasyong nakapaloob sa kwento, maiugnay ang mga ito sa tunay na pangyayari, makabuo ng mga kaugnay na pilosopiya, at makilala ang teksto bilang isang likhang sining.

Umaayon sa mga naunang pahayag ang natuklasan sa pananaliksik ni Onunkwo, na ang epektibong pagtuturo ng bokabularyo ay ang paggamit ng diksyunaryo na may kahulugan kung saan mahalaga sa pag-unawa at pagkatuto sa matatalinhagang salita na ginagamit sa mga akda. Kabilang sa mga estratehiya ang direktang pagtuturo ng mga mahahalagang salita. Bukod dito, ipinapakita ng kanyang pag-aaral na ang pagbuo ng bokabularyo ay hindi lamang nakasalalay sa pag-alam sa pangkahalatang kahulugan ng salita kundi sa mas malawak na pagsasama ng mga salita sa pangungusap at teksto upang maunawaan ng mas malalim. Ang kombinasyon ng direktang pagtuturo, pagdaragdag ng eksposyur sa mga salita, at paggamit ng diksyunaryo bilang kasangkapan ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng pag-unawa.

Brainstorming at Think-Pair-Share. Pangalawang naitala na estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagpapalawak ng talasalitaan. Ito naman ang pagbuo ng mga ideya o salita nang malaya at malawak kasama ang mga kamag-aral. Sa estratehiyang ito, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga kaalaman, opinyon, at sariling pagpapakahulugan sa mga salitang matatagpuan sa Florante at Laura. Sa pamamagitan ng talakayan at pagpapalitan ng ideya sa kapareha o pangkat, higit nilang nalilining ang kanilang talasalitaan at napalalawak ang kanilang pag-unawa sa kahulugan ng mga matatalinhagang salita. Nagiging mas aktibo rin ang kanilang pakikilahok sa talakayan, habang nahahasa ang kanilang kakayahang makipagkomunikasyon, makinig sa pananaw ng iba, at bumuo ng mas malinaw at masusing interpretasyon sa mga salitang ginagamit sa akda.

Ayon sa isang gurong nakapanayam inilahad na:

“Mas nagiging aktibo at nasisiyahan ang mga mag-aaral kung kasama nila ang kanilang kaibigan o kakilala sa pag-alam o pagtuklas ng kahulugan ng matatalinhagang salita, kaya ginagamit namin ang pamamaraang Brainstorming at Think-Pair-Share.”

Ipinakikita ng pahayag na ang Brainstorming at Think-Pair-Share ay estratehiyang nakatuon sa aktibong pakikilahok at kolaboratibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pagtalakay ng mga matatalinhagang salita sa *Florante at Laura*, maaaring gamitin ang Brainstorming upang malayang makapaglahad ang mga mag-aaral ng kanilang dating kaalaman, karanasan, at mga posibleng pagpapakahulugan sa isang salita o pahayag. Sa ganitong paraan, nabibigyang-daan na maiugnay ang bagong salita sa mga konseptong pamilyar sa kanila bago tukuyin ang tiyak na kahulugan nito batay sa konteksto ng akda. Samantala, ang Think-Pair-Share ay nagbibigay ng pagkakataong makapag-isip muna nang pansarili ang mag-aaral, makipagtalakayan sa isang kapareha, at ibahagi sa buong klase ang napagkasunduang interpretasyon. Nakatutulong ito upang maging sistematiko ang pagbuo ng kahulugan at higit na maging aktibo ang mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

Gayundin, isa pang gurong nakapanayam ang nagpahayag na:

“kapag nagpapalitan ng ideya ang mga mag-aaral, mas marami silang naibibigay na posibleng kahulugan ng matatalinhagang salita at mas madali nilang natutukoy ang pinakatamang kahulugan batay sa konteksto ng akda.”

Mula sa pahayag na ito, makikitang mahalaga ang pagpapalitan ng ideya sa pagsusuri at pag-unawa sa mga matalinhagang salita. Sa pamamagitan ng Brainstorming, nakalilikha ang mga mag-aaral ng maraming posibleng kahulugan o interpretasyon bago isagawa ang mas masusing pagsusuri. Ang mga nabuong ideya ay maaaring paghambingin at suriin batay sa pagkakagamit ng salita sa pangungusap, saknong, o kabuuang tagpo sa *Florante at Laura*. Kaugnay nito, nagiging kapaki-pakinabang ang Think-Pair-Share sapagkat naisasagawa ng mga mag-aaral ang proseso ng pagbuo, pagsusuri, at paglilinaw ng kanilang mga ideya kasama ang kapareha. Dahil dito, natututuhan ng mga mag-aaral ang kahulugan ng matatalinhagang salita sa pamamagitan ng konteksto at iba pang pahiwatig na matatagpuan sa akda. Sa ganitong proseso, nalilining hindi lamang ang talasalitaan kundi maging ang kakayahan sa pagsusuri at pagbibigay-katwiran.

Inilahad rin ng isa pang gurong nakapanayam na:

“Ang pakikipag-usap sa kapareha o sa maliit na pangkat ay nagbibigay ng kumpiyansa sa mga mag-aaral na magtanong at magbahagi ng kanilang sariling paliwanag tungkol sa kahulugan ng malalim na salita sa akda nang hindi sila nahihiyang magkamali.”

Ipinahihiwatig nito na ang Think-Pair-Share ay nakatutulong sa pagbuo ng isang ligtas at suportib na kapaligiran sa pagkatuto. Sa halip na agad na humarap sa buong klase, nagkakaroon muna ang mag-aaral ng pagkakataong pag-isipan ang kaniyang sagot at talakayin ito sa isang kapareha o maliit na pangkat. Mahalaga ito sa pagkatuto ng matatalinhagang salita sa *Florante at Laura* dahil maaaring magkakaiba ang unang interpretasyon ng mga mag-aaral sa isang salita o pahayag. Sa pamamagitan ng pakikipagpalitan ng pananaw, nagkakaroon sila ng pagkakataong maitama, mapalawak, o mapino ang kanilang pag-unawa. Samantala, maaaring gamitin ang Brainstorming bilang panimulang gawain upang mahikayat ang bawat mag-aaral na maglahad ng ideya nang hindi agad hinuhusgahan ang kanilang sagot. Sa ganitong kalagayan, nababawasan ang pangamba sa pagkakamali at higit na nahihikayat ang mga mag-aaral na makilahok sa talakayan.

Binigyang-diin din ng isa pang gurong nakapanayam na:

*“Sa pamamagitan ng sama-samang pag-iisip at talakayan, natututo silang magsuri ng mga salita batay sa gamit nito sa pangungusap, kaya hindi lamang lumalawak ang kanilang talasalitaan kundi napalalalim din ang kanilang pag-unawa sa malalalim na salita sa *Florante at Laura*.”*

Batay sa pahayag na ito, makikitang ang paggamit ng Brainstorming at Think-Pair-Share ay hindi lamang nakatuon sa simpleng pagtukoy ng kahulugan ng salita. Sa Brainstorming, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na makabuo ng iba’t ibang hinuha hinggil sa kahulugan ng matatalinhagang salita, samantalang sa Think-Pair-Share ay nasusuri at napatitibay ang mga hinuha sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan. Ang pagsuri sa gamit ng salita sa loob ng pangungusap at sa mas malawak na konteksto ng *Florante at Laura* ay mahalaga upang maunawaan ng mga mag-aaral na ang kahulugan ng isang salita ay maaaring magbago depende sa gamit at kalagayang kinalalagyan nito.



Samakatwid, ang mga estratehiyang ito ay nagsisilbing paraan upang maiugnay ang dating kaalaman ng mga mag-aaral sa bagong bokabularyong kanilang natututuhan. Higit sa lahat, napauunlad nito ang kanilang kakayahang mag-isip, magpaliwanag ng sariling interpretasyon, makinig sa pananaw ng iba, at bumuo ng mas angkop na pagpapakahulugan. Dahil dito, ang pagkatuto ng matatalinhagang salita ay nagiging mas makabuluhan sapagkat hindi lamang memorisasyon ng kahulugan ang isinasagawa, kundi isang aktibong proseso ng pagtuklas, pagsusuri, pakikipag-ugnayan, at pagbuo ng kahulugan mula sa konteksto ng akda.

Ito ay pinatotohanan ni Santos sa kanyang pahayag na ang paggamit ng interaktib na pamamaraan ng pagtuturo sa panahon ng modernisasyon ay isang mahalagang aspeto ng edukasyon sa Pilipinas. Binanggit niya na ang paggamit ng interaktib tulad ng pag-uusap, pagtalakay at paggawa ng mga aktibidad na nakapagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga temang nakapaloob sa akda, kasama rin ang paggamit ng teknolohiyang pang-edukasyon tulad ng mga online resources at multaymidya ay nakatutulong sa pagkatuto. Binigyang-diin din niya na ang interaktibong pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, kolaborasyon, at kasanayan sa komunikasyon, na mahahalagang salik sa masusing pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan.

Nauugnay ito sa inilahad ni Rahmani, na ang implementasyon ng group discussion ay epektibong nakakapagpa-aktibo ng partisipasyon ng mga estudyante. Makikita ang unti-unting pagtaas ng kanilang aktibong pakikilahok at pagtaas ng kanilang motibasyon sa pag-aaral sa loob ng apat na linggo dahil sa paggamit ng naturang pamamaraan. Dagdag pa niya, nabibigyan ang mga estudyante ng maraming pagkakataon upang ipakita ang kanilang mga ideya at pag-iisip nang mas malaya at may kumpiyansa, na nagreresulta sa positibong saloobin sa proseso ng pagkatuto. Binigyang-diin din niya na ang kolaboratibong talakayan ay nagpapalawak ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin sa pamamagitan ng pagpapalitan ng kaalaman at iba't ibang pananaw ng bawat kasapi ng pangkat. Dahil dito, higit na napauunlad ang kanilang kakayahan sa kritikal na pag-iisip, paglutas ng suliranin, at epektibong pakikipagkomunikasyon, na mahahalagang kasanayan sa matagumpay na pagkatuto.

Ganito rin ang pahayag ni Peng na ang mga interaktibong pamamaraan, tulad ng Think-Pair-Share at group discussion, ay nagpapataas ng aktibong partisipasyon at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ito, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong makipagpalitan ng ideya, magbigay ng sariling pananaw, at magsuri ng iba't ibang posibleng kahulugan batay sa konteksto ng aralin. Higit pa rito, nahuhubog ang kanilang kakayahang makipagtulungan sa kapwa at makabuo ng mas malalim na pag-unawa sa mga konseptong tinatalakay. Dahil sa aktibong pakikilahok sa talakayan, nagiging mas makabuluhan ang proseso ng pagkatuto, sapagkat hindi lamang sila tumatanggap ng impormasyon mula sa guro kundi aktibo rin silang nakikibahagi sa pagbuo ng kaalaman. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, pinatutunayan ng pananaw ni Peng na ang paggamit ng Brainstorming at Think-Pair-Share ay mabisang estratehiya sa pagpapalawak ng talasalitaan at pagpapadali sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga malalalim na salitang matatagpuan sa Florante at Laura.

Pagkakaroon ng sariling kopya ng talahulugan. Ito ay tumutukoy sa paglikom at pagkompayl ng mga matatalinhagang salitang matatagpuan sa akda, na may malinaw at payak na kahulugan upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng sariling kopya ng talahulugan, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng sanggunian na maaari nilang balikan sa tuwing makatatagpo sila ng mga salitang hindi nila nauunawaan habang nagbabasa. Dahil dito, nababawasan ang pagkaantala sa kanilang pag-unawa sa teksto at mas napagtutuhan nila ng pansin ang mensahe, tema, at mahahalagang pangyayari sa akda. Bukod dito, nagsisilbi rin itong kasangkapan sa patuloy na pagpapalawak ng kanilang talasalitaan, sapagkat paulit-ulit

nilang nakikita, nababasa, at nagagamit ang mga bagong salitang kanilang natutuhan sa iba't ibang gawain sa klase.

Inilahad ng isang gurong nakapanayam ng mananaliksik na:

“Mas maganda na may ready-made na listahan ng mga malalalim na salita na may kahulugan, kasi kahit anong oras na kailanganin ng mga mag-aaral ay madali lang tingnan upang malaman ang kahulugan ng mga malalalim na salitang ginamit. Isa pa, may mare-review sila kasi puwedeng bitbitin sa bahay.”

Matutunghayan sa pahayag na ang pagkakaroon ng sariling kopya ng talahulugan ay nagsisilbing agarang sanggunian ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga matatalinhagang salitang matatagpuan sa *Florante at Laura*. Sa halip na umasa lamang sa paliwanag ng guro tuwing may salitang hindi nauunawaan, maaari nilang konsultahin ang kanilang sariling talahulugan upang matukoy ang kahulugan at iba pang kaugnay na impormasyon tungkol sa salita. Mahalaga ito lalo na sa mga pagkakataong kailangan ng mabilis na paglilinaw habang nagbabasa o nagsasagawa ng mga gawaing may kaugnayan sa akda. Higit pa rito, ang pagkakaroon ng sariling kopya ay nagbibigay-daan sa pagkatuto sa labas ng silid-aralan, sapagkat maaari itong dalhin sa tahanan at magamit bilang materyal sa pagkatuto. Sa ganitong paraan, ang pagkatuto ng matatalinhagang salita ay hindi nalilimitahan sa oras ng talakayan sa klase kundi naipagpapatuloy sa sariling oras at bilis ng mag-aaral.

Gayundin, isa pang gurong nakapanayam ang nagpahayag na:

“Kapag may sarili silang talahulugan, hindi na sila palaging nagtatanong sa guro o maghahanap pa sa iba't ibang sanggunian dahil nasa iisang materyal na ang mga salitang kailangan nilang pag-aralan.”

Batay sa pahayag na ito, ang sariling kopya ng talahulugan ay nakatutulong sa pagkatuto ng mga matatalinhagang salita sa akda. Sa pag-aaral ng *Florante at Laura*, mahalaga ito sapagkat maraming salita at pahayag sa akda na matalinhaga. Sa pagkakaroon nito, nababawasan ang oras na ginugugol sa paghahanap ng impormasyon mula sa magkakaibang materyal. Dahil dito, nagiging episyente ang proseso ng pagkatuto at nabibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong maging aktibong kalahok sa sariling pagbuo ng kaalaman. Sa halip na maging tagatanggap lamang ng kahulugan na ibinibigay ng guro, nahihikayat silang magsaliksik, maghambing, at magpatunay ng kahulugan batay sa konteksto ng paggamit ng salita sa akda.

Binigyang-diin din ng isa pang gurong nakapanayam na:

“Ang pagkakaroon ng sariling kopya ng talahulugan ay nakatutulong upang masanay ang mga mag-aaral na balikan at gamitin ang mga bagong salitang kanilang natutuhan, kaya unti-unti itong nagiging bahagi ng kanilang bokabularyo at nagagamit maging sa kanilang pagsasalita at pagsulat.”

Sa pahayag na ito, ipinakikita na ang layunin ng paggamit ng talahulugan ay hindi lamang ang pagkilala at pag-unawa sa kahulugan ng mga salita, kundi ang aktuwal na paglinang at paggamit ng mga ito sa komunikasyon. Sa pamamagitan ng regular na pagtingin at pagrebyu sa talahulugan, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong maulit, mapagtibay, at magamit ang mga bagong salita sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon. Sa *Florante at Laura*, maaari nilang gamitin ang mga natutuhang

matatalinhagang salita sa pagbuo ng sariling pangungusap, pagsulat ng repleksiyon, pagsagot sa mga tanong tungkol sa akda, at pakikilahok sa talakayan. Ang paulit-ulit na pagkakalantad at aktuwal na paggamit sa mga salita ay nakatutulong upang ang mga ito ay unti-unting maisama sa aktibong bokabularyo ng mag-aaral. Dahil dito, nagiging mas makabuluhan ang paggamit ng talahulugan sapagkat nakatuon ito hindi lamang sa pag-alam ng kahulugan kundi sa pagpapaunlad ng kakayahang gamitin ang mga natutuhang salita sa pagsasalita at pagsulat.

Ang mga nabanggit na pahayag ay sinang-ayunan nina Carada at Emralino, na ang paggawa ng talahulugan o talaan ng mga terminong pampanitikan ay mahalagang hakbang upang mas mapadali ang pagtuturo at pagkatuto ng panitikang Filipino, lalo na sa mga antas ng sekundarya at tersyarya. Nagtala sila ng mga piling termino sa panitikan na may mga salitang panumbas sa Filipino, na nagbibigay-daan upang mas malinaw na maipahayag ang kahulugan ng mga konsepto sa panitikan sa wikang nauunawaan ng mga mag-aaral. Ito ay nauugnay sa kasalukuyang pag-aaral kung saan ang mananaliksik ay bubuo ng diksyunaryo mula sa wikang Kinaray-a na ginagamit ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa Florante at Laura.

Sinang-ayunan rin ito ng pag-aaral ni San Juan, na ang pagbuo ng glosaryo ng mga terminong pampanitikan ay mahalagang hakbang upang mas mapadali ang pagtuturo at pagkatuto ng panitikang Filipino, lalo na sa antas sekundarya at tersyarya. Nagtala siya ng mga piling termino sa panitikan na may mga salitang panumbas sa Filipino, na nagbibigay-daan upang mas malinaw na maipahayag ang kahulugan ng mga konsepto sa panitikan sa wikang pambansa. Napag-alaman din sa kanyang pag-aaral na mayaman ang wikang Filipino sa mga salitang panumbas ng mga terminong Ingles sa panitikan, kaya maaaring gamitin ang mga ito nang hindi nababawasan ang linaw o kabuuan ng mga salita. Binanggit rin sa pag-aaral na mahalagang maitala at mapalaganap ang ganitong mga terminolohiya upang maiwasan ang mis-interpretasyon at mis-edukasyon, lalo na sa pag-aaral ng mga teoryang pampanitikan. Bukod dito, binigyang-diin ng kanyang pananaliksik ang pangangailangan sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa larangan ng panitikan at ang kahalagahan ng pagbibigay ng balidasyon mula sa mga guro at estudyante para sa kalidad ng glosaryo.

Paggamit ng pamamaraang konteks klus, word clustering at pagkiklino. Ang konteks klus ay mga pahiwatig sa loob pangungusap upang maunawaan ang kahulugan ng malalim na salita. Samantala ang word clustering ay pagsasaayos ng mga salita/pagkakategorya batay sa kahulugan o katangian. Ang pahikiklino ay ang pagsasaayos ng mga salita ayon sa tindi ng kahulugan o kahalagahan upang maunawaan ang pagkakaiba-iba ng kahulugan. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ito, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri, maghambing, at mag-ugnay ng mga salita batay sa kahulugan nito.

Ipinahayag ng isang gurong nakapanayam na:

“Ang paggamit ng mga pahiwatig sa pangungusap o konteks klus ay nagtuturo sa mga mag-aaral na huwag agad umasa sa diksyunaryo, kundi sanayin munang suriin ang mga nakapalibot ditong mga salita upang matukoy ang kahulugan ng matatalinhagang salita.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na ito ang mahalagang papel ng konteks klus sa pagbuo ng kasanayan sa malayang pagtukoy ng kahulugan ng salita. Sa *Florante at Laura*, maraming salita at pahayag ang maaaring hindi agad maunawaan dahil sa pagiging matalinghaga, o pagiging di-pamilyar ng mga ito. Sa halip na direktang ibigay ang kahulugan o agad na ipagamit ang diksyunaryo, maaaring gabayan ng guro ang mga mag-aaral na suriin muna ang mga salitang nakapaligid sa target na salita, ang kabuuang diwa ng

pangungusap, at ang sitwasyong inilalarawan sa akda. Sa pamamagitan nito, natututuhan nilang bumuo ng hinuha tungkol sa kahulugan ng salita gamit ang mga pahiwatig na matatagpuan sa konteksto. Ang ganitong proseso ay mahalaga sapagkat nililinang nito ang kasanayan sa pagbabasa nang may pag-unawa, pagsusuri, at pagbibigay-katuwiran, sa halip na umasa lamang sa tuwirang depinisyon mula sa isang sanggunian.

Binigyang-diin din ng isa pang gurong nakapanayam na:

“Kapag isinusulat at inaayos namin sa pisara ang mga salitang matatalinhaga gamit ang word clustering at pagkiklino, mas nagiging organisado at mas madali nilang naaalala ang mga salitang napag-aralan lalo na ang kahulugan nito kahit sa mga susunod na aralin.”

Isinasaad ng pahayag na ang pagsasama ng word clustering at pagkiklino ay nakatutulong sa organisasyon at pagpapanatili ng natutuhang bokabularyo. Sa pamamagitan ng word clustering, naiuugnay ang isang bagong salita sa iba pang salitang may kaugnayan dito, samantalang sa pagkiklino ay naipakikita ang gradwal na pagkakaiba ng mga salita batay sa antas o tindi ng kahulugan. Halimbawa, ang mga salitang naglalarawan ng magkakaibang antas ng damdamin o kilos ay maaaring ayusin mula sa pinakamahinang antas patungo sa pinakamataas na pagpapahayag. Sa ganitong paraan, hindi lamang natututuhan ng mga mag-aaral ang kahulugan ng isang salita, kundi nauunawaan din nila ang relasyon nito sa iba pang salita. Ang pagkakaayos sa pisara ay nagbibigay ng malinaw na biswal na balangkas na maaaring balikan ng mga mag-aaral sa mga susunod na talakayan. Dahil dito, nagiging organisado ang kanilang bokabularyo at mas madali nilang naiuugnay ang mga bagong salita sa mga nauna na nilang natutuhan.

Gayundin, isa pang gurong nakapanayam ang nagpahayag na:

“May mga mag-aaral kasing magaling sa pagkakaklasipika ng mga salita. Kapag pinapangkat at inaayos ang mga salita ayon sa kanilang kahulugan o katangian, mas madali nilang nakikita ang pagkakaiba at pagkakatulad ng bawat isa kaya mas tumatatak ang kahulugan sa kanilang isipan.”

Masasalamain sa pahayag na ito, ang word clustering ay nakatutulong sa pagbuo ng mga ugnayang semantiko sa pagitan ng mga salita. Sa pag-aaral ng *Florante at Laura*, maaaring ipangkat ang mga matatalinhagang salita ayon sa kanilang kahulugan, gamit, o kaugnayan sa isang partikular na konsepto. Sa pamamagitan ng ganitong pag-uuri, natututuhan ng mga mag-aaral na ihambing ang mga salita at tukuyin ang kanilang pagkakatulad at pagkakaiba. Maaari ring gamitin ang pagkiklino upang ayusin ang magkakaugnay na salita ayon sa antas o tindi ng kanilang kahulugan, mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas na antas. Dahil dito, nagiging mas kongkreto ang mga abstraktong konsepto at mas napalalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga salitang ginamit sa akda. Ang sistematikong pagkakaayos ng mga salita ay nakatutulong din sa pagpapatibay ng bokabularyo sapagkat hindi hiwa-hiwalay na inaalala ang bawat salita, kundi iniuugnay ang mga ito sa isang makabuluhang pangkat o hanay.

Nauugnay ito sa pahayag ni Palma, na ang mga mag-aaral ay mahusay sa pagkaklasipika ng mga salita kung saan ay mahalaga sa bahagi ng panggramatikang kasanayan na may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. Dagdag pa niya, ang paggamit ng konteks klus ay nagpapadali upang matandaan at maanalisa ang kahulugan ng salita. Ang pagbabasa ng mga piling akdang pampanitikan ay may mahalagang ambag sa paglinang ng bokabularyo ng mga mag-aaral, dahil natutulungan silang maunawaan at mabigyang-kahulugan ang mga salita sa pamamagitan ng konteks klus na nasa teksto. Mas tumataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral pagkatapos basahin ang akdang pampanitikan, na

patunay na ang panitikan ay hindi lamang para sa pag-unawa ng nilalaman kundi maging sa pagpapalawak ng talasalitaan. Gayon din ang semantik klastering kung saan ay nakatutulong sa pagkatuto at pagpapalawak ng kahulugan ng salita. Isinaad din niya na mas maraming ulit ang kailangan upang maalala ang mga salita kapag ito ay naka-cluster. Samantala, inilahad sa programang K to 12 na ang pagkikilino ay humahasa sa kakayahang komunikasyon at lumilina sa wika ng mga mag-aaral.

Ang mga nabanggit sa itaas na talata ay may kaugnayan sa pag-aaral ni Anyanwu, na mabisa ang paggamit ng diksyunaryo bilang estratehiya sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Tumutulong ito sa mabilis at malinaw na pag-unawa ng mga malalim at bagong salita na maaaring hindi pamilyar sa mga mambabasa o manunulat. Bukod dito, kabilang din sa mga pamamaraan ang paggamit ng kontekstwal na klu (contextual clue), panghihiram ng salita mula sa ibang wika, at paglikha o formulasyon ng mga bagong salita. Ito ay isang epektibong paraan upang mahinuha ang kahulugan ng mga hindi kilalang salita sa pamamagitan ng pagtingin sa mga palibot nito sa loob ng pangungusap o teksto. Ito ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga salita ayon sa pagkakagamit, na nagiging daan upang mapalawak ang bokabularyo nang natural. Samantala, ang panghihiram ng salita ay tumutukoy sa paggamit ng mga salita mula sa ibang mga wika na iniangkop sa sariling wika, habang ang paglikha ng mga salita naman ay proseso ng pagbubuo ng mga bagong salita mula sa mga panlapi o pagsasanib ng mga salita.

Paggamit ng larawan at panonood ng animated na bersyon ng Florante at Laura. Ginagamit ang mga larawan bilang pantulong na biswal upang mailarawan at maipaliwanag ang kahulugan ng mga matatalinhaga na salita, tauhan, lugar, at pangyayaring matatagpuan sa akda. Samantala, ang panonood ng animated na bersyon ng Florante at Laura ay nagsisilbing kagamitang panturo na nagbibigay ng mas kongkreto at upang madaling maunawaan ang nilalaman ng akda sa pamamagitan ng pagsasama ng mga biswal, tunog, at kilos ng mga tauhan. Sa tulong ng mga estratehiyang ito, nagiging mas kawili-wili at interaktibo ang proseso ng pagkatuto, kaya mas nahihikayat ang mga mag-aaral na makilahok sa talakayan. Higit pa rito, mas madali nilang naiuugnay ang kahulugan ng mga matatalinhagang salita sa mga larawang kanilang nakikita at sa mga pangyayaring kanilang napapanood, na nagreresulta sa mas malalim na pag-unawa sa bokabularyo at sa kabuuang mensahe ng Florante at Laura.

Isinaad ng isang gurong nakapanayam na:

“May mga mag-aaral kasing visual learners kaya gumagamit kami ng mga gumagalaw at mga nakikitang larawan upang maiakma sa kanilang learning style. Magiging gabay ito ng mga estudyante upang mailarawan ang tauhan, tagpuan, kilos, at pangyayaring nakapaloob sa akda nang sa gayon ay higit na mapaingting ang kahulugan ng mga matatalinhagang salita.”

Ipinakikita ng pahayag na ang paggamit ng larawan at animated na materyales ay isang angkop na estratehiya sa pagtuturo ng matatalinhagang salita sapagkat nakatutulong ito sa mga mag-aaral na higit na maunawaan ang mga konseptong mahirap ipaliwanag sa pamamagitan lamang ng salita. Sa pagtalakay ng *Florante at Laura*, maaaring gamitin ang mga piktyur upang mailarawan ang tauhan, tagpuan, kilos, at pangyayaring nakapaloob sa akda. Sa ganitong paraan, ang matatalinhagang salita ay naiuugnay ng mga mag-aaral sa isang kongkretong biswal na representasyon, na nagpapadali sa pagbuo ng kahulugan at pag-unawa sa konteksto ng paggamit nito.

Gayundin, binigyang-diin ng isa pang gurong nakapanayam na:

“Mas nagiging interesado at nakatuon ang kanilang atensyon sa talakayan kapag may mga biswal na materyales, kaya mas aktibo silang nakikilahok sa klase at naaalala ang mga salitang malalalim na kanilang natutuhan.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na ang paggamit ng larawan at animated na bersyon ng *Florante at Laura* ay may mahalagang papel sa pagpapalalim ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagtalakay ng matatalinhagang salita. Kapag ang mga salita ay sinasabayan ng angkop na larawan o eksena, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng biswal na batayan na nagsisilbing tulay upang maiugnay ang salita sa kahulugan at konteksto nito. Ang ganitong pamamaraan ay nakatutulong din sa pagpapatibay ng pag-alala sa mga bagong salita sapagkat ang konsepto ay hindi lamang natatanggap sa paraang pasalita o nakasulat, kundi napoproseso rin sa pamamagitan ng biswal na karanasan. Dahil dito, nagiging mas interaktibo, kawili-wili, at makabuluhan ang pagkatuto ng matatalinhagang salita sa *Florante at Laura*.

Sinang-ayunan ito ni Garcia na nagsabing ang paggamit ng mga biswal na larawan sa pagtuturo ay nakatutulong upang maging mas aktibo ang mga mag-aaral sa loob ng klase. Ayon sa kanya, ang mga larawang ginagamit bilang kagamitang panturo ay hindi lamang nakapupukaw ng interes ng mga mag-aaral kundi naghihiikayat din sa kanila na makilahok sa talakayan, magtanong, at magbahagi ng kanilang mga ideya. Patunay lamang ito na ang pagsasama ng mga biswal na materyales, tulad ng mga larawan at animated na bersyon ng *Florante at Laura*, ay isang mabisang estratehiya sa pagpapalawak ng talasalitaan at pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa nilalaman ng akda. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ito, nagiging mas makabuluhan, kawili-wili, at angkop sa iba't ibang estilo ng pagkatuto ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Ayon naman kina Faner, Raju, at Madhuri, ang mga mag-aaral na may biswal na estilo ng pagkatuto ay mas mahusay na natututo sa pamamagitan ng paggamit ng mga ilustrasyon, guhit, dayagram, mapa, at iba pang kagamitang grapiko. Ipinakikita nito na ang mga biswal na materyales ay nagsisilbing mabisang pantulong sa pagproseso at pag-unawa ng impormasyon sapagkat nagiging mas kongkreto at mas madaling mailarawan ang mga konsepto at malalalim na salita. Dahil dito, mas nagiging madali para sa mga mag-aaral na maiugnay ang kanilang mga nakikita sa mga konseptong kanilang binabasa at pinag-aaralan, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pag-unawa at pagkatuto.

Ipinahayag naman ni Abagon, na nagiging kawili-wili ang pag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya at mga computer applications. Sa ganitong paraan, nagiging mas interaktibo at engaging ang proseso ng pagkatuto, na tumutulong sa mga mag-aaral na mas maunawaan at mapahalagahan ang mga salita at tema sa *Florante at Laura*. Bukod dito, ang paggamit ng digital tools tulad ng multimedia presentations, educational games, at mga interactive apps ay nakatutulong sa paglililang ng mas malalim na pag-unawa, pag-aanalisa, pagpapakahulugan sa mga salita at pangyayari sa teksto at nagiging aktibo ang mga mag-aaral. Pinapadali ng teknolohiya ang pag-akses sa mga karagdagang impormasyon at paliwanag na mahirap makuha sa tradisyunal na aklat lamang. Nakatutulong ito sa mga mag-aaral upang mapalawak ang kanilang bokabularyo, masuri ang mga konsepto, at maipakita ang kanilang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng iba't ibang gawain. Sa paggamit ng teknolohiya ay karaniwang may napapanood at may nakikitang larawan na nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Konotasyon at denotasyon. Ito ang pagbibigay ng literal at malalim na kahulugan ng mga salita. Sa pamamagitan ng pagtalakay sa dalawang uri ng kahulugan, natututuhan ng mga mag-aaral hindi lamang

ang tuwirang kahulugan ng isang salita ang dapat isaalang-alang, kundi maging ang damdamin, simbolismo, at pahiwatig na nais ipabatid ng may-akda. Mahalaga ang estratehiyang ito sa pag-aaral ng Florante at Laura sapagkat maraming salitang ginamit si Francisco Balagtas na makahulugan at masining na pagpapahayag na hindi agad nauunawaan kung literal lamang ang pag-unawa. Dahil dito, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa masusing pagsusuri ng mga salita at sa pagbibigay ng wastong interpretasyon sa mga taludtod ng akda.

Inilahad ng isang guro na nakapanayam na:

“Ginagamit din namin ang konotasyon at denotasyon upang mabigyan ng kahulugan ang malalalim na salita sapagkat bukod sa mauunawaan nila ang literal na kahulugan ng salita ay nakapagdaragdag rin ito sa lalim at yaman ng salita na nagpapalawak ng kanilang kaalaman.

Ipinakikita ng pahayag na ginagamit ang denotasyon at konotasyon bilang magkaugnay na paraan sa pag-unawa sa iba’t ibang antas ng kahulugan ng mga salita sa akda. Sa pagtuturo ng matatalinhagang salita, maaaring magsimula ang guro sa pagtukoy sa denotatibong kahulugan o literal na pakahulugan ng isang salita upang magkaroon ang mga mag-aaral ng malinaw na batayang kahulugan. Mula rito, sinusuri naman ang konotatibong kahulugan batay sa konteksto ng paggamit nito sa taludtod o saknong. Sa ganitong proseso, higit na nauunawaan ng mga mag-aaral na ang isang salita ay maaaring magkaroon ng karagdagang kahulugan na nakabatay sa sitwasyon, damdamin, at pahiwatig ng may-akda. Dahil dito, napalalawak ang kanilang talasalitaan at nahuhubog ang kakayahang magbigay ng mas malalim at kontekstual na pagpapakahulugan sa mga matatalinhagang salita.

Gayundin, binigyang-diin ng isang guro na:

“Kapag naipaliwanag namin ang parehong literal at konotatibong kahulugan ng salita, mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang tunay na mensahe ng taludtod at hindi sila nalilito sa nais ipahiwatig ng may-akda.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na mahalaga ang pagsusuri sa denotatibo at konotatibong kahulugan sa pag-unawa sa mga matatalinhagang pahayag sa *Florante at Laura*. Ang literal na kahulugan ay nagsisilbing panimulang batayan upang matukoy ng mga mag-aaral ang tuwirang kahulugan ng salita, samantalang ang konotatibong kahulugan ay ginagamit upang suriin ang pahiwatig, damdamin, at mensaheng nakapaloob sa paggamit nito. Sa pamamagitan ng paghahambing ng dalawang antas ng kahulugan, mas nagiging malinaw sa mga mag-aaral kung ang salita ay ginagamit sa karaniwang pakahulugan o sa isang mas malalim at matatalinhagang paraan. Ang estratehiyang ito ay nakatutulong upang maiwasan ang literal na interpretasyon sa mga pahayag na nangangailangan ng mas malalim na pagsusuri. Higit pa rito, nalilining ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbasa batay sa konteksto at maunawaan ang intensiyon ng may-akda, na mahalaga sa masusing pag-aaral ng akda.

Tumutugma ang mga nabanggit sa itaas sa pahayag ni Cruz, na ang malinaw na pagkaunawa at tamang paggamit ng denotasyon (literal na kahulugan) at konotasyon (pamalit o mas malalim na kahulugan) ay nakatutulong nang malaki sa pagbuo ng mas malalim na pag-unawa sa mga aralin sa Filipino. Dagdag pa niya, kapag natutuhan ng mga mag-aaral na kilalanin ang pagkakaiba ng dalawang uri ng kahulugan, mas nagiging kritikal at mapanuri ang kanilang pag-iisip, at mas epektibo ang kanilang komunikasyon, lalo na sa pagsulat at pagbasa ng mga akdang pampanitikan. Nakatutulong ang paggamit ng konotasyon at

denotasyon sa mga estudyante upang mas maunawaan ang mga pahiwatig, simbolismo, at mga implisit na kahulugan na makikita sa mga teksto, na mahalaga sa akademikong pagkatuto.

Sinang-ayunan ito ng KWF, na ang pagsusuri sa kayarian ng salita (morpema, kolokasyon) at kontekstwal na pag-unawa (denotasyon/konotasyon) ay mahalaga sa pagtuturo ng klasikong akda. Higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salita kapag sinusuri nila hindi lamang ang estruktura ng salita kundi maging ang paraan ng paggamit nito sa iba't ibang konteksto. Dahil dito, nagiging mas malinaw sa kanila ang literal na kahulugan ng mga salita at ang mga pahiwatig, simbolismo, at masining na pagpapakahulugang nais ipabatid ng may-akda. Mahalaga ito sa pag-aaral ng Florante at Laura sapagkat ang akda ay gumagamit ng matatalinhagang salita na nangangailangan ng masusing pagsusuri upang ganap na maunawaan ang mensahe ng bawat taludtod.

Mabibilang din sa mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura ang paggamit ng flash card. Ito ay isang kagamitang panturo na binubuo ng mga piraso ng kartolina o papel na naglalaman ng matatalinhagang salita at ng kanilang mga kahulugan, na ginagamit upang matandaan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng flash card, nagiging mas sistematiko at organisado ang paglinang ng talasalitaan sapagkat isa-isang naipakikilala at napag-aaralan ang mga salita. Nagbibigay rin ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na paulit-ulit na mabasa, mabigkas, at maalala ang kahulugan ng mga salita, na nakatutulong sa mas matibay na pagpapanatili ng kaalaman sa kanilang memorya. Maaari rin itong gamitin sa iba't ibang gawaing pampagkatuto tulad ng mga drill, paligsahan, pangkatang gawain, at mga larong pangwika na nagiging dahilan upang maging masigla at kawili-wili ang talakayan sa klase.

Binigyang diin ng isang gurong nakapanayam na:

“Masaya ang mga mag-aaral sa flash card na may nakasulat na matalinhagang salita tapos huhulaan nila ang kahulugan, lalo na kapag ginawa mo itong palaro, talagang nag-uunahan sila sa pag-iisip at pagsagot ng kahulugan ng salita.”

Ipinakikita ng pahayag na ang flash card ay maaaring gamitin bilang isang interaktibong estratehiya sa paglinang ng pag-unawa sa matatalinhagang salita sa *Florante at Laura*. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng salita sa flash card at pagsasagawa ng mga gawaing tulad ng pagtukoy sa kahulugan, paghula, o mabilisang pagsagot, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong aktibong makilahok sa proseso ng pagkatuto. Ang pagsasagawa nito bilang isang palaro ay nakatutulong upang maging higit na kawili-wili ang pagtalakay sa mga salitang mahirap unawain. Sa ganitong paraan, napupukaw ang interes ng mga mag-aaral at nahihikayat silang gamitin ang kanilang dating kaalaman upang matukoy ang kahulugan ng mga salita batay sa konteksto at talakayan.

Inilahad rin ng isa pang gurong nakapanayam na:

“Kapag paulit-ulit nilang nakikita ang mga matatalinhagang salita sa flash card, mas madali nila itong natatandaan at nagagamit sa mga susunod na talakayan, gawaing pasulat at maging sa pagsusulit.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na ang flash card ay maaaring magsilbing kasangkapan para sa pagpapatibay ng mga salitang natutuhan ng mga mag-aaral. Sa paulit-ulit na pagkakalantad sa mga matatalinhagang salita, nagkakaroon sila ng mas maraming pagkakataong makilala, maalala, at maiugnay ang mga ito sa wastong kahulugan. Mahalaga ito sa pag-aaral ng *Florante at Laura* sapagkat maraming



salitang malalim at hindi karaniwang ginagamit sa pang-araw-araw na komunikasyon. Sa pamamagitan ng regular na paggamit ng flash card, maaaring mapalakas ang pagkilala sa mga salita at ang pag-unawa sa kanilang kahulugan, na maaari ring magamit sa mga kasunod na talakayan at gawaing pagtataya.

Nauugnay ito sa pahayag ni Pineda, na mahalaga ang paggamit ng flashcards sa malalalim na salita upang mapataas ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ito ng Dual Coding Theory na nagsasabing mas natututo ang mga mag-aaral kapag sabay na ginagamit ang mga visual aids tulad ng larawan at salita. Dagdag pa niya, ang flashcards ay epektibo sa pagpapanatili ng impormasyon, kabilang ang bokabularyo, at nakatutulong upang mapabuti ang konsentrasyon at pokus ng mga mag-aaral. Ang paulit-ulit na paggamit ng flashcards ay nakatutulong rin upang mapanatili ang impormasyon, ayon sa prinsipyo ng "spaced repetition."

Isa rin sa mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura ay ang pagbibigay ng takdang-aralin. Ito ay tumutukoy sa pagbibigay ng mga matatalinhaga o di-pamilyar na salitang matatagpuan sa akda na kailangang hanapin, suriin, at alamin ng mga mag-aaral ang kahulugan habang nasa bahay. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, nabibigyan ang mga mag-aaral ng sapat na oras upang magsaliksik gamit ang iba't ibang sanggunian, tulad ng diksyunaryo, aklat, at iba pang mapagkakatiwalaang sangguniang pangwika. Dahil dito, nahahasa ang kanilang kakayahang magsagawa ng sariling pag-aaral at nagiging responsable sila sa kanilang pagkatuto. Nagiging handa rin sila sa talakayan sa klase sapagkat mayroon na silang paunang kaalaman tungkol sa mga salitang tatalakayin.

Ipinahayag ng isang gurong nakapanayam na:

"Mas gusto ng mga mag-aaral na ibigay kaagad ang mga matatalinhagang salita na pag-aaralan kinabukasan bilang takdang-aralin upang ma-research nila ang kahulugan ng mga malalalim na salita at mapag-aralan na nila ito sa bahay, para pagdating sa klase ay hindi na sila mahihirapan."

Matutunghayan sa pahayag na ang takdang-aralin ay maaaring gamitin bilang paghahanda ng mga mag-aaral bago ang aktuwal na talakayan tungkol sa matatalinhagang salita sa *Florante at Laura*. Sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa kahulugan ng mga salitang hindi pamilyar sa kanila, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng paunang kaalaman na magsisilbing batayan sa pag-unawa sa mga taludtod at saknong ng akda. Nakatutulong din ito upang mabawasan ang kalituhan sa oras ng talakayan sapagkat mayroon na silang paunang pagkilala sa mga salitang gagamitin sa aralin. Sa ganitong paraan, ang takdang-aralin ay nagiging bahagi ng proseso ng pagkatuto at hindi lamang isang gawaing ipinagagawa pagkatapos ng talakayan.

Bilang karagdagan, binigyang-diin rin ng isa pang guro na:

"Kapag naibigay na namin ang mga salita bilang takdang-aralin, mas nagiging handa ang mga mag-aaral sa talakayan dahil mayroon na silang paunang kaalaman at mas nakapagtatanong sila tungkol sa mga bahaging hindi nila lubos na naunawaan."

Inilalahad ng pahayag na ang takdang-aralin ay nagsisilbing isang estratehiya para sa paunang pagkatuto at paghahanda ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng matatalinhagang salita. Kapag nauna nilang sinaliksik ang kahulugan ng mga salita, nagkakaroon sila ng sapat na batayan upang masundan ang talakayan at makapagbigay ng sariling pagpapakahulugan. Higit pa rito, nagkakaroon sila ng pagkakataong

matukoy ang mga salitang nananatiling hindi malinaw sa kanilang pag-unawa, na maaari nilang itanong at linawin sa guro. Sa ganitong proseso, nagiging mas aktibo ang kanilang pakikilahok sa klase dahil hindi lamang sila tumatanggap ng impormasyon, kundi nakikibahagi rin sa pagtuklas at pagbuo ng kahulugan.

Pinatotohanan ito nina Cooper at Santos, kung saan isinaad nila na may positibong ugnayan ang takdang aralin at akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na regular na gumagawa ng takdang aralin ay mas maganda ang pagganap sa paaralan, lalo na sa mga nasa ikapitong baitang pataas. Bukod dito, natutulungan din ng takdang aralin ang mga mag-aaral sa pag didisiplina sa sarili, mas positibong saloobin sa pag-aaral, at mga kasanayan sa paglutas ng problema. Gayunpaman, binigyang-diin din nila na ang mga negatibong epekto tulad ng pisikal at emosyonal na pagkapagod ng mga bata, pati na rin ang posibleng pagkawala ng oras para sa paglilibang. Kaya naman, inirerekomenda niya ang masusing pag-aaral pa sa epekto ng takdang aralin upang mas mapabuti ang aplikasyon nito sa edukasyon.

Kasama rin sa mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura ang paggamit ng mga matatalinhagang salita sa loob ng pangungusap. Ito ay tumutukoy sa pagbuo o paggamit ng mga malalalim na salita sa makabuluhang pangungusap upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang kahulugan at wastong gamit ng mga ito. Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, nakikita ng mga mag-aaral kung paano ginagamit ang isang salita sa tamang konteksto at kung paano ito nagbabago ng kahulugan batay sa pagkakagamit sa pangungusap. Hindi lamang nila natututuhan ang depinisyon ng salita, kundi pati na rin ang wastong gamit, antas ng kahulugan, at kaugnayan nito sa iba pang salita sa pahayag. Nakatutulong din ang pagbuo ng sariling pangungusap upang mailapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan, na nagpapatibay sa kanilang pag-unawa at pagpapanatili ng bagong bokabularyo.

Binanggit ng isang gurong nakapanayam na:

“Kapag ginamit ng mga bata ang matatalinhagang salita sa loob ng pangungusap ay nagkakaroon sila ng ideya sa kahulugan ng salita at mas lalo nilang natatandaan dahil sila mismo ang gumamit o nagsalita nito.”

Makikita sa pahayag na ang paggamit ng matatalinhagang salita sa sariling pangungusap ay isang mabisang paraan upang mailapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa isang konkretong sitwasyon. Sa pag-aaral ng *Florante at Laura*, hindi sapat na matukoy lamang ng mga mag-aaral ang depinisyon ng isang salita, mahalaga ring magamit nila ito nang wasto sa isang pangungusap upang mapatunayan ang kanilang pag-unawa. Sa pamamagitan ng sariling pagbuo ng pangungusap, napipilitan silang isaalang-alang ang kahulugan, gamit, at konteksto ng salita. Dahil dito, nagiging higit na aktibo ang kanilang pagkatuto at nagkakaroon sila ng pagkakataong maiugnay ang bagong salita sa sariling pagpapahayag.

Gayundin, isinaad ng isa pang gurong nakapanayam na:

“Mas madaling masukat kung talagang nauunawaan nila ang kahulugan ng salita kapag nagagamit nila ito nang wasto sa sariling pangungusap kaysa sa pagsasaulo lamang ng depinisyon.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na ang paggamit ng mga matatalinhagang salita sa pangungusap ay maaaring magsilbing isang paraan ng pagtataya sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa halip na umasa lamang sa pagsasaulo ng mga kahulugan, nabibigyan sila ng pagkakataong ipakita ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng wastong paggamit ng salita sa isang makabuluhang pahayag. Sa pagbuo ng sariling



pangungusap, nasusuri kung nauunawaan nila ang kahulugan at kung kaya nilang gamitin ang salita ayon sa angkop na konteksto. Mahalaga ito sa pag-aaral ng *Florante at Laura* sapagkat ang mga salitang ginamit sa akda ay maaaring magkaroon ng malalim o matalinghagang kahulugan na nangangailangan ng wastong interpretasyon at aplikasyon.

Suportado ito ni Misa, na ang paggamit ng malalalim na salita sa pangungusap ay malaki ang naitutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral na nagdudulot ng mas malalim na pag-unawa sa mga aralin. Kapag naipaliwanag nang wasto at nauunawaan ng mag-aaral ang mga malalalim na salita, nagagamit nila ito nang tama sa pasulat at pasalitang komunikasyon. Aniya, ang pagtuturo ng tamang gamit ng salita sa loob ng pangungusap ay nakapagdudulot ng kahusayan sa gramatika, na mahalaga upang maging epektibo ang paglalahad ng ideya. Dagdag pa niya, dapat ang mga guro ay maging malikhain at mapamaraan sa pagtuturo upang matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng kakayahan sa paggamit ng angkop at wastong salita sa wikang Filipino, na siyang susi para sa mas maayos na komunikasyon at pagkatuto.

Kabilang din sa mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng *Florante at Laura* ang lektyur. Ito ay isang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo kung saan ang guro ang pangunahing nagbibigay ng impormasyon, paliwanag, at gabay sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng berbal na pagpapaliwanag. Sa estratehiyang ito, sistematikong inilalahad ng guro ang kahulugan ng mga matatalinhagang salita, wastong pagbigkas, at ang paggamit ng mga ito sa konteksto ng akda upang magkaroon ng malinaw na batayan ang mga mag-aaral sa kanilang pag-unawa. Binibigyang-diin din ng guro ang mahahalagang konsepto, tema, at mensaheng nakapaloob sa *Florante at Laura*, habang nagbibigay ng mga halimbawa at karagdagang paliwanag upang maging malinaw ang aralin. Nagsisilbi rin ang lektyur bilang panimulang hakbang bago isagawa ang iba pang gawaing pampagkatuto, tulad ng talakayan, pangkatang gawain, o pagsasanay, upang matiyak na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga pangunahing konseptong kailangan nilang matutuhan.

Inilahad ng isang gurong nakapanayam na:

“Mainam pa rin na ituro sa pamamagitan ng letyur upang maipaliwanag talaga o ma-discuss sa mga bata ang kahulugan ng malalalim na salita sa Florante at Laura.

Matutunghayan sa pahayag na ang lektyur ay maaaring gamitin bilang tuwirang paraan ng paglalahad at pagpapaliwanag ng kahulugan ng mga salitang mahirap maunawaan ng mga mag-aaral. Sa pagtalakay ng *Florante at Laura*, maaaring ilahad ng guro ang kahulugan ng salita, ipaliwanag ang konteksto ng pagkakagamit nito, at magbigay ng mga halimbawa upang maging malinaw ang konsepto. Mahalaga ang ganitong pamamaraan lalo na sa mga salitang hindi karaniwang ginagamit sa pang-araw-araw na komunikasyon at nangangailangan ng masusing pagpapakahulugan. Sa pamamagitan ng sistematikong pagpapaliwanag ng guro, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng malinaw na batayan bago nila suriin at gamitin ang mga matatalinhagang salita sa iba’t ibang gawaing pampagkatuto.

Gayundin, ipinahayag ng isa pang guro na:

“Hindi lahat ng malalalim na salita ay kayang maunawaan ng mga mag-aaral sa pamamagitan lamang ng pagbabasa, kaya mahalaga pa rin ang detalyadong pagpapaliwanag ng guro upang maiugnay ang kahulugan ng salita sa konteksto ng akda.”

Masasalamain sa pahayag na ang lektyur ay nagsisilbing mahalagang suporta kapag nahihirapan ang mga mag-aaral na tukuyin ang kahulugan ng mga matatalinhagang salita sa pamamagitan lamang ng pagbasa. Sa pamamagitan ng detalyadong pagpapaliwanag, nagagabayan sila ng guro sa pagtukoy sa literal at mas malalim na kahulugan ng mga salita batay sa konteksto ng taludtod o saknong. Sa ganitong proseso, naiiwasan ang pagbibigay ng maling interpretasyon at nabibigyan ang mga mag-aaral ng sapat na kaalaman upang maunawaan ang mensahe ng akda. Nakatutulong din ang lektyur upang maiugnay ang bagong kaalaman sa mga naunang konsepto at karanasan ng mga mag-aaral, kaya nagiging organisado at makabuluhan ang kanilang pagkatuto.

Ang pahayag na ito ay sinang-ayunan ni Manlapas, na nagsabing ang mga mag-aaral na nakikinig sa lektura ay nagkakaroon ng aktibong pakikibahagi sa klase. Bukod dito, ang malinaw at organisadong paglalatag ng mga aralin gamit ang mga biswal na kagamitan ay nakatutulong upang mabawasan ang cognitive load, o ang dami ng impormasyong kailangang iproseso ng utak, kaya hindi nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain ang mga aralin sa lektura, lalo na ang mga malalalim na salitang ginagamit sa panitikan. Sa ganitong paraan, mas napagtutuunan ng mga mag-aaral ang mahahalagang konsepto at kahulugan ng mga salita sa halip na mahirapang unawain ang paraan ng paglalahad ng aralin. Kaugnay nito, pinatutunayan na ang isang maayos, sistematiko, at suportado ng mga angkop na kagamitang panturo na lektura ay nakatutulong hindi lamang sa pagpapalawak ng talasalitaan.

Bukod sa mga nabanggit na estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagpapalawak ng talasalitaan sa pagkatuto ng Florante at Laura, mayroon ding mga gurong gumagamit ng etimolohiya, o ang pag-aaral sa pinagmulan at kasaysayan ng isang salita. Sa estratehiyang ito, ipinakikilala sa mga mag-aaral ang pinagmulan ng mga salita, pag-unlad sa paglipas ng panahon, at ang mga pagbabagong naganap dito sa anyo at kahulugan. Sa pamamagitan nito, higit na nauunawaan ng mga mag-aaral kung bakit nagkaroon ng partikular na kahulugan ang isang salita at kung paano ito ginamit sa konteksto ng akda. Mahalaga ang estratehiyang ito sa pag-aaral ng Florante at Laura sapagkat maraming salitang matatagpuan sa akda ang may sinaunang anyo o hango sa iba pang wika, gaya ng Espanyol at iba pang impluwensiyang pangwika noong panahon ni Francisco Balagtas. Dahil dito, nagiging madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang ugnayan ng mga salita sa kanilang kasaysayan at sa kulturang pinagmulan ng akda. Hindi lamang nito napalalawak ang kanilang talasalitaan, kundi napauunlad din ang kanilang kamalayang pangwika at pagpapahalaga sa kasaysayan ng wikang Filipino.

Inilahad ng isang guro na nakapanayam na:

“Mainam na malaman muna ng mga mag-aaral ang pinagmulan o etimolohiya ng salita, bakit naging ganiyan, bakit naging ganoon, upang lubos nilang maunawaan ang kahulugan ng matatalinhagang salita.”

Nakasaad ng pahayag na ang etimolohiya ay maaaring gamitin bilang estratehiya upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga matatalinhagang salita sa *Florante at Laura*. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa pinagmulan, kasaysayan, at pagbabago ng isang salita, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mas malawak na pananaw hinggil sa kahulugan at paggamit nito. Mahalaga ito sa pag-aaral ng akda sapagkat may mga salitang malalim, sinauna, at hindi na karaniwang ginagamit sa kasalukuyang panahon. Sa halip na ituring lamang ang mga ito bilang mga salitang kailangang isaulo, nauunawaan ng mga mag-aaral ang dahilan kung bakit nabuo at ginamit ang salita sa partikular na anyo at konteksto. Dahil dito, nagiging mas malalim at makabuluhan ang kanilang pagpapakahulugan sa mga matatalinhagang salita o pahayag.

Gayundin, isa pang guro ang nagpahayag na:

“Kapag nalalaman nila ang pinagmulan ng isang salita, mas madali nilang naiuugnay ang kahulugan nito sa kasaysayan at konteksto ng akda, kaya mas tumatatak ito sa kanilang isipan.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na ang etimolohiya ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng kahulugan ng salita at ng historikal at pampanitikang pinagmulan nito. Sa pagtalakay ng *Florante at Laura*, maaaring suriin ng mga mag-aaral ang pinagmulan ng piling matatalinhagang salita at iugnay ito sa panahon, kultura, at kalagayang panlipunang nakapaloob sa akda. Sa ganitong paraan, mas nauunawaan nila kung bakit partikular na salita ang ginamit ng may-akda upang ihayag ang isang ideya, damdamin, o pahiwatig. Ang ganitong proseso ay nakatutulong din sa pagpapatibay ng pagkatuto sapagkat ang kahulugan ng salita ay hindi lamang inihaharap bilang depinisyon, kundi iniuugnay sa pinagmulan at konteksto nito. Dahil dito, nagiging maigting pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga salitang kanilang pinag-aaralan.

May kaugnayan ito sa binanggit ni Lopez, na ang pagtuturo ng pinagmulan ng mga salita (etimolohiya) ay epektibong paraan upang mapalawak ang bokabularyo at lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salita sa konteksto ng aralin. Ang pag-unawa sa kasaysayan at pagbabago ng mga salita ay nakatutulong sa mga estudyante na magkaroon ng mas malalim na pagtingin sa wika at kultura. Mariin rin niyang inilahad na ang paggamit ng etimolohiya bilang bahagi ng pagtuturo ay nagbibigay ng mas maiinam na pundasyon para sa pagpapalawak ng kaalaman sa wika dahil nag-uugnay ito ng mga kasanayan sa pag-unawa at pagsasaliksik. Dahil dito, mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura na gumagamit ng wika bilang pangunahing kasangkapan.

Mga isyu at hamon sa pagkatuto ng *Florante at Laura*.

Matutunghayan naman sa bahaging ito ang mga isyu at hamon sa pagkatuto ng *Florante at Laura* na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng akda. Sa pakikipanayam ng mananaliksik sa mga guro na saklaw ng pag-aaral ay nakapagtala ng walong mga isyu at hamon sa pagkatuto ng *Florante at Laura* na kinabibilangan ng mga sumusunod: malalalim at mahihirap unawain na salita, kakulangan sa mga materyales (aklat, modyul, kagamitan), kawalan ng sapat na oras para sa pagtuturo at pagtalakay ng akda, kawalan ng interes o pagkabagot ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng akda, kakulangan sa pagsasanay o seminar para sa mga guro, pagiging non-major o kakulangan sa mastery ng guro sa asignaturang Filipino, daming hawak na asignatura at koordineytor na nagpapahirap sa paghahanda at kakulangan sa pagpapaliwanag o interpretasyon ng akda.

Pagkakaroon ng mga matatalinhagang salita. Naging hamon ito sa mga guro sapagkat ang akda ay naglalaman ng mga sinauna, makahulugan, at di-pamilyar na salitang bihira nang gamitin sa kasalukuyang panahon, kaya nahihirapan ang mga mag-aaral na maunawaan ang kahulugan ng mga ito. Dahil dito, napipilitan ang mga guro na maglaan ng mas mahabang oras sa pagpapaliwanag ng bawat salita, taludtod, at saknong upang maipaliwanag nang wasto ang tunay na diwa, tema, at aral ng akda. Sa halip na agad na makapagpatuloy sa pagsusuri ng nilalaman at pagpapahalagang pampanitikan ng *Florante at Laura*, malaking bahagi ng oras sa klase ang nagugugol sa pagbibigay-kahulugan at pagpapaliwanag ng bokabularyo. Nagiging hamon din ito sa pagpapanatili ng interes at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, lalo na kung nahihirapan silang sundan ang daloy ng binabasang teksto dahil sa dami ng mga salitang hindi nila nauunawaan.

Inilahad ng isang guro na nakapanayam na:

“Ang henerasyon ng mga bata ngayon ay talagang hirap sa pag-unawa ng mga matatalinhagang salita. Tinatamad na silang unawain ang mga ganito dahil ang iba ay nalululong na sa paglalaro ng COD, ML, paggamit ng TikTok, at Facebook, kaya kahit sa mga simpleng salita sa akda ay nahihirapan silang magbigay ng kahulugan.”

Ipinakikita ng pahayag na ang kakulangan sa talasalitaan ay isang mahalagang hamon sa pagkatuto ng *Florante at Laura*, partikular sa pag-unawa sa mga salitang matatalinhaga. Dahil hindi pamilyar sa mga mag-aaral ang mga salitang ginamit sa akda, nagiging mahirap para sa kanila ang pagtukoy sa kahulugan at pag-uugnay nito sa kabuuang diwa ng teksto. Higit na nagiging masalimuot ang sitwasyon dahil ang matatalinhagang pahayag ay nangangailangan ng mas malalim na pagsusuri at hindi laging nauunawaan sa literal na kahulugan lamang. Sa ganitong kalagayan, ang pagkakaroon ng maraming matatalinhagang salita ay nagiging isang isyu sapagkat maaaring hadlangan ng limitadong bokabularyo ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga ideya, damdamin, simbolismo, at mensaheng nakapaloob sa akda.

Gayundin, binigyang-diin ng isa pang guro na:

“Kapag nagsisimula kaming magbasa ng Florante at Laura, madalas na humihinto ang talakayan dahil marami sa kanila ang nagtatanong sa kahulugan ng mga matatalinhagang salita, dahil hindi pa raw nila ito naririnig o nababasa noon.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na ang dami ng salitang matatalinhaga sa *Florante at Laura* ay maaaring maging direktang hadlang sa tuloy-tuloy na pag-unawa sa akda. Kapag nakatagpo ang mga mag-aaral ng mga salitang hindi sila pamilyar, napuputol ang daloy ng kanilang pagbasa sapagkat kinakailangan muna nilang malaman ang kahulugan ng mga ito bago maunawaan ang buong pahayag. Nagiging higit na mahirap ang sitwasyon kapag ang isang salita ay ginagamit sa matatalinhagang paraan sapagkat kinakailangan muna nilang maunawaan ang literal na salita bago matukoy ang pahiwatig o mas malalim na kahulugan nito. Dahil dito, maaaring maapektuhan ang kanilang pag-unawa sa ugnayan ng mga pangyayari, tauhan, damdamin, at mensahe ng akda. Samakatuwid, ang pagkakaroon ng mga matatalinhagang salita ay nagiging isang hamon sa proseso ng pagbasa at interpretasyon.

Bilang karagdagan, ipinahayag rin ng isang guro na:

“Napapansin naming limitado ang kanilang bokabularyo sa mga matatalinhagang salita kumpara sa mga naunang henerasyon ng mga mag-aaral, kaya kinakailangan naming gumamit ng iba't ibang estratehiya at maglaan ng mas mahabang oras sa pagpapaliwanag ng mga salita bago nila lubos na maunawaan ang nilalaman at aral ng akda.”

Ipinakikita ng pahayag na ang limitadong bokabularyo ay nagiging dahilan upang mangailangan ng mas mahabang oras at higit na gabay ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga matatalinhagang salita sa *Florante at Laura*. Dahil ang mga salitang ginamit sa akda ay maaaring hindi bahagi ng kanilang karaniwang bokabularyo, kinakailangan ang sistematikong pagpapaliwanag at paggamit ng iba't ibang estratehiya upang matukoy nila ang wastong kahulugan ng mga ito. Ang hamong ito ay may direktang epekto sa pag-unawa sa kabuuang nilalaman ng akda sapagkat ang hindi pag-unawa sa isang salita ay maaaring humantong sa maling pagpapakahulugan sa isang taludtod, saknong, o buong kaisipan. Dahil dito,

ang pagkakaroon ng mga matatalinhagang salita ay hindi lamang hamon sa pagkilala sa kahulugan ng mga salita kundi maging sa pag-unawa sa mga aral, simbolismo, at mensaheng nais ipabatid ng akda.

Pinatotohanan ito ng pahayag ni Bartolome, na ang kakulangan ng mga mag-aaral sa bokabularyo sa Filipino ay nagiging balakid sa pag-unawa ng mga aralin sa akda katulad ng Florante at Laura. Dagdag pa niya, na dahil sa lalim at makalumang estilo ng panitikang ito, nahihirapan ang mga estudyante na maintindihan nang buong-buo ang mga pahiwatig, tema, at mga malalalim na salita na nagmula pa sa panahon kung kailan ito isinulat. Kaya, mainam na ang mga guro ay dapat gumamit ng mga malikhaing estratehiya, tulad ng pagpapaliwanag ng mga mahahalagang salita, paggamit ng talasalitaan o glosaryo, at pag-uugnay ng mga konsepto sa mga modernong karanasan ng mga mag-aaral upang madaling maunawaan. Bukod dito, ang kahirapan sa pagbasa at pag-unawa ay isang malaking hadlang sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral tungkol sa mga tema ng Florante at Laura. Kapag mababa ang komprehensiyon, nagiging limitado rin ang kanilang kakayahan na suriin ang mga ideya, bumuo ng hinuha, at makakuha ng mga aral mula sa akda. Kaya't mahalaga ang pagsasanay sa bokabularyo at pagbibigay ng mas marami at angkop na gawain upang mailapit ang akda sa mga mag-aaral.

Ang mga pahayag ni Bartolome ay nauugnay sa binanggit nina Perez et al. na maraming mag-aaral ang may mahinang kasanayan sa pagbasa at mababang antas ng komprehensiyon, kaya nahihirapan silang maunawaan ang mga tekstong kanilang binabasa. Isa sa mga pangunahing salik na nakaaapekto rito ay ang kakulangan sa sapat na bokabularyo, na nagsisilbing hadlang sa wastong pag-unawa sa kahulugan ng mga salita, pangungusap, at kabuuang nilalaman ng teksto. Dahil limitado ang kanilang talasalitaan, nahihirapan silang mabigyang-kahulugan ang mga malalalim at di-pamilyar na salitang ginagamit sa mga akdang pampanitikan, tulad ng Florante at Laura. Bunga nito, nahahadlangan ang kanilang kakayahang makabuo ng tamang interpretasyon sa mga pangyayari, tauhan, tema, at mga aral na nais ipabatid ng may-akda. Ipinakikita ng pananaw nina Perez et al. na ang pagpapalawak ng bokabularyo ay isang mahalagang salik sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Kaugnay nito, pinatitibay ng kanilang pahayag ang naging karanasan ng mga gurong nakapanayam sa pag-aaral na ito, na nagsasabing ang kakulangan sa talasalitaan ng mga mag-aaral ay isa sa mga pangunahing hamon sa pagtuturo ng Florante at Laura.

Dagdag pa ni Santos na ang pangunahing isyu sa pagtuturo ng Florante at Laura ay ang hindi pagkakasabay ng ikalabinsiyam na dekadang bokabularyo tulad ng mga salitang dumaraig, ligaya, at pag-irog sa kontemporaryong Filipino, na humahantong sa pagkukumahog ng mga mag-aaral sa pag-unawa, tulad ng mga eksena ng pag-ibig, pagtataksil, at pakikibaka. Ito ay nagiging sanhi ng mababang lebel ng komprehensiyon, na nagreresulta sa hindi makabuluhang pagkatuto dahil nawawala ang emosyonal na koneksyon sa kwento tungo sa malalim na pagsusuri ng mga simbolismo. Dahil dito, ang mga mag-aaral ay madalas na nakatuon lamang sa pagmememorya ng mga taludtod kaysa sa pag-unawa ng mensahe, na nagpapahina sa kanilang kritikal na pag-iisip at pagpapahalaga sa sariling kultura.

Kawalan ng interes o pagkabagot ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng Florante at Laura. Nagiging hamon din ito sa mga guro dahil kapag hindi nakawiwili ang pagbabasa bunsod ng oras na nakakaantok at nakapapagod dahil sa maraming mahihirap na salita, nagkakaroon ng kawalan ng interes o pagkabagot ang mga mag-aaral. Bunga nito, bumababa ang kanilang motibasyon na unawain ang akda at lalo silang nahihirapang makisabay sa talakayan sa loob ng klase. Dahil sa kakulangan ng interes, nagiging limitado rin ang kanilang pakikilahok sa mga gawaing pampagkatuto, tulad ng pagbabahagi ng opinyon, pagsagot sa mga tanong, at pagsusuri sa mga mahahalagang pangyayari sa akda. Nagiging hadlang din ito sa paglinang ng kanilang talasalitaan at pag-unawang pampanitikan, sapagkat nawawalan sila ng gana na

basahin at suriin ang mga salitang ginagamit sa *Florante at Laura*, na mahalaga sa lubos na pag-unawa sa mensahe at aral ng akda.

Inilahad ng isang gurong nakapanayam ng mananaliksik na:

“Nawawalan ng interes ang karamihan sa mga bata sa pakikinig, lalo na kapag panghapon ang klase. Talagang inaantok at nababagot sila at nawawala na talaga sila sa pokus ng talakayan.”

Isinisiwalat ng pahayag na ang pagkabagot at pagkawala ng pokus ng mga mag-aaral ay isang mahalagang isyu at hamon sa pagkatuto ng *Florante at Laura*. Ang pag-aaral sa akda ay nangangailangan ng sapat na atensyon sapagkat naglalaman ito ng mga matatalinhaga, at hindi na karaniwang ginagamit na salita at pahayag na kailangang suriin at bigyang-kahulugan. Kapag nababawasan ang interes ng mga mag-aaral sa pakikinig at pakikilahok sa talakayan, nagiging limitado ang kanilang pagkakataong maunawaan ang mga kaisipan, pangyayari, at pagpapahalagang nakapaloob sa akda. Dahil dito, mahalagang tugunan ng guro ang pagkabagot at kawalan ng pokus sa pamamagitan ng mga angkop na estratehiya at gawaing makapagpapasigla sa interes ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagtalakay ng *Florante at Laura*.

Gayundin, isa pang guro ang nagpahayag na:

“Kapag sunod-sunod na ang mga aralin, andaming nagugutom at ihi ng ihi dahil dito nawawala na ang kanilang atensyon at mas pinipili na lamang nilang mag-ingay kaysa makilahok sa talakayan.”

Mababakas sa pahayag na ang pisikal na kalagayan at pagkapagod ng mga mag-aaral ay maaaring magdulot ng pagbaba ng kanilang atensyon at interes sa proseso ng pagkatuto. Sa pag-aaral ng *Florante at Laura*, ang kawalan ng pokus ay maaaring maging hadlang sa masusing pagbasa at pag-unawa sa mga taludtod, matatalinhagang pahayag, at mensaheng nakapaloob sa akda. Kapag mas pinipili ng mga mag-aaral na makipag-usap o gumawa ng ibang bagay kaysa makilahok sa talakayan, nababawasan ang kanilang aktibong pakikipag-ugnayan sa aralin. Sa ganitong sitwasyon, nagiging hamon sa guro ang pagpapanatili ng interes at atensyon ng mga mag-aaral upang mahikayat silang makilahok at magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa akda.

Isa ring gurong nakapanayam ang naglahad na:

“May mga mag-aaral namang parang tulala at hindi maipinta ang mukha sa klase kaya ang atensyon ay wala sa aralin, may problema atang pinagdadaanan.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na ang kawalan ng atensyon ng mga mag-aaral ay hindi lamang nagmumula sa mismong katangian ng aralin, kundi maaari ring maiugnay sa mga personal na salik na nakaaapekto sa kanilang kahandaang matuto. Kapag hindi ganap na nakatuon ang kanilang isipan sa talakayan, nagiging mahirap para sa kanila na mapanatili ang interes sa pagbasa at pag-unawa sa *Florante at Laura*. Lalong nagiging hamon ito sapagkat ang akda ay nangangailangan ng konsentrasyon at aktibong pag-iisip upang maunawaan ang mga salita, pahayag, pangyayari, at kaisipang nakapaloob dito. Samakatuwid, ang kawalan ng interes o pagkabagot ng mga mag-aaral ay dapat isaalang-alang bilang isang mahalagang isyu sa pagkatuto, sapagkat maaari itong magbunga ng mababang pakikilahok at mababaw na pag-unawa sa akda. Kinakailangang maging sensitibo at mapagmatyag ang guro sa kalagayan ng mga mag-

aaral at gumamit ng mga paraang makatutulong upang muling mapukaw ang kanilang interes at mahikayat silang aktibong makibahagi sa pag-aaral ng *Florante at Laura*.

Tumutugma dito ang pahayag ni Sunio, na mahalagang isaalang-alang sa proseso ng pagkatuto ang oras ng klase at ang pagkapagod ng mga mag-aaral sa buong araw. Ang kalagayang pisikal at kognitibo ng mga mag-aaral ay may implikasyon sa kanilang kakayahang magpokus, makinig, umunawa, at aktibong makilahok sa mga gawaing pampagkatuto. Hindi lamang ang nilalaman at pamamaraan ng pagtuturo ang dapat bigyang-pansin, kundi maging ang oras kung kailan isinasagawa ang klase at ang antas ng kahandaang pisikal at mental ng mga mag-aaral. May kaugnayan ito sa natuklasan sa pag-aaral ni Shapiro, kung saan ang pagkakasunod-sunod at oras ng mga klase ay may kaugnayan sa *cognitive fatigue* o pagkapagod na kognitibo. Ang paulit-ulit na pagharap sa mga gawaing nangangailangan ng patuloy na atensyon at pagpoproseso ng impormasyon ay maaaring unti-unting magpababa sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpokus at magsagawa ng mga gawaing nangangailangan ng mataas na antas ng pag-iisip.

Samantala, mahalagang isaalang-alang hindi lamang ang pagkapagod kundi maging ang pisikal na kalagayan ng mga mag-aaral, partikular ang kanilang nararamdamang gutom. Ganito ang natuklasan sa pag-aaral ni Somanathan, na ang pagkakaroon ng pagkain sa paaralan ay nakapagpabuti sa *cognitive performance* ng mga mag-aaral nang humigit-kumulang 13% hanggang 16%. Ipinahihiwatig ng resulta na ang sapat na nutrisyon ay may mahalagang kaugnayan sa kakayahan ng mga mag-aaral na maglaan ng *cognitive effort*, mapanatili ang atensyon, at makilahok nang maayos sa mga gawaing pang-akademiko. Sa kabilang banda, ang pagkagutom ay maaaring maging salik na nakahahadlang sa konsentrasyon at pagproseso ng impormasyong kinakailangan sa pagkatuto.

Bilang karagdagan, ipinahayag ni Sandoval na ang pagtuturo ng obra maestra na *Florante at Laura* ay nahaharap sa hamon dahil sa iba't ibang suliraning pampamilya at hindi sapat na multimodal na materyales tulad ng audio narration, video adaptations, o interactive digital anotasyon na nagdudulot ng mababang interes ng mga kabataan sa gitna ng talamak na paggamit ng TikTok at YouTube. Ito ay nagiging sanhi ng maikling atensyon span at hindi paglahok sa diskusyon, dahil ang tradisyunal na pagbabasa ay tila luma kumpara sa visual at interactive media. Naaapektuhan nito ang malalim na pag-unawa at pagmamahal sa panitikan, na nagreresulta sa mababang retensiyon ng kaalaman at hindi pagpapahalaga sa sariling literatura, na maaaring humantong sa pagkawala ng kultural na pagkakakilanlan sa hinaharap. Ganito din ang sinaad ni Mallari, na ang mga salik na nakakaapekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino ay kinabibilangan ng limitadong teknolohiya at institusyonal na suporta, na nagiging hadlang sa epektibong pagkatuto.

Kawalan ng sapat na oras sa pagtuturo at pagtalakay sa akda. Nagiging limitado ang oras na naiuukol sa bawat aralin sapagkat bukod sa napakaraming saknong ng akda, kinakailangan ding paulit-ulit na ipaliwanag at talakayin ang mga matatalinhagang salitang ginagamit upang matiyak na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga ito. Dahil dito, malaking bahagi ng oras sa klase ang nauubos sa pagpapaliwanag ng bokabularyo sa halip na sa mas malalim na pagsusuri ng mga tauhan, pangyayari, tema, at aral ng akda. Nagiging mabagal din ang pag-usad ng mga aralin dahil kinakailangang balikan at linawin ng guro ang mga salitang hindi agad naunawaan ng mga mag-aaral.

Bunga nito, nahirapan ang mga guro na matapos ang lahat ng itinakdang kompetensi sa loob ng itinakdang panahon, lalo na kung kinakailangan pang magsagawa ng mga karagdagang gawain at pagsasanay upang matiyak ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Nagiging hamon din ito sa pagpapalano ng mga guro sapagkat kailangan nilang balansehin ang oras para sa pagpapalawak ng talasalitaan at ang oras

para sa paglinang ng pag-unawang pampanitikan at iba pang kasanayang nakapaloob sa kurikulum. Ipinakikita nito na ang kakulangan sa oras ay hindi lamang usapin ng haba ng aralin, kundi bunga rin ng pangangailangang matiyak na lubos na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga matatalinhaga na salita bago sila magpatuloy sa mas mataas na antas ng pag-unawa sa Florante at Laura.

Inilahad ng isang guro na nakapanayam na:

“Andami ng mga competencies na dapat tapusin, ang dami pa ng mga saknong at talagang hirap ang karamihan sa mga mag-aaral sa matatalinhaga na salita kaya tumatagal ang talakayan. Kailangan pa itong ulit-ulitin sa kanila para matandaan.”

Ipinakikita ng pahayag na ang dami ng kailangang matugunang kompetensi sa loob ng itinakdang panahon ay nagiging hamon sa pagbibigay ng sapat na oras para sa pagtalakay sa *Florante at Laura*. Higit na nagiging masalimuot ang sitwasyon dahil nahihirapan ang ilang mag-aaral na maunawaan ang matatalinhagang salitang ginamit sa akda. Dahil dito, kinakailangang maglaan ang guro ng karagdagang oras upang ipaliwanag, ulitin, at linawin ang kahulugan ng mga salita hanggang sa magkaroon ng sapat na pag-unawa ang mga mag-aaral. Bagama’t mahalaga ang ganitong proseso para sa paglinang ng talasalitaan at pag-unawa sa akda, nababawasan naman ang oras na maaaring ilaan sa iba pang mahahalagang bahagi ng talakayan at sa iba pang kompetensi na kailangang matapos sa itinakdang panahon. Sa ganitong kalagayan, ang limitadong oras sa pagtuturo ay nagiging isang makabuluhang hamon sa epektibong pagtalakay at pagkatuto ng *Florante at Laura*.

Gayundin, ipinahayag ng isang gurong napanayam na:

“Kahit gusto na naming magpatuloy sa susunod na bahagi ng aralin, kailangan muna naming balikan at linawin ang mga bahagi ng aralin na hindi pa malinaw sa isip ng mga mag-aaral dahil ito ang pundasyon ng kanilang pag-unawa sa kabuuan ng akda. Dahil dito nawawalan na kami ng sapat na oras upang matalakay ang ibang paksa”

Inilahad ng pahayag na ang limitadong oras sa pagtuturo ay nagiging hamon sa masusing pagtalakay sa *Florante at Laura* dahil kinakailangang balikan at muling ipaliwanag ng mga guro ang mga konseptong hindi pa ganap na nauunawaan ng mga mag-aaral. Mahalaga ang paglililinaw sa mga ito sapagkat nagsisilbi silang saligan sa pagbuo ng wastong pag-unawa sa mga saknong, pangyayari, tauhan, at kaisipang nakapaloob sa mga susunod na bahagi ng akda. Dahil dito, kinakailangang maglaan ng karagdagang oras para sa pagbabalik-aral, pagpapaliwanag, at pagbibigay ng mga halimbawa upang matiyak ang pagkatuto at maiwasan ang mga puwang sa pag-unawa. Bagama’t mahalaga ang prosesong ito, nagiging sanhi naman ito ng pagbagal ng daloy ng talakayan at pagbawas sa oras na maaaring ilaan sa iba pang paksa at itinakdang kompetensi.

May kaugnayan ito sa pahayag ni Lopez na ang isa ring kritikal na isyu sa pagtuturo ng *Florante at Laura* ay ang sobrang haba at komplikadong istraktura ng akda, na binubuo ng mahigit 1,700 taludtod na may hindi malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan at paulit-ulit na deskripsyon. Nagiging dahilan ito ng pagkalito ng mga mag-aaral sa pag-unawa at paghahambing ng mga tauhan at mga pangyayari, tulad ng pagkakaibigan nina Florante at Aladin, kaya humahantong sa mababang antas ng komprehensiyon. Bunga nito, unti-unting nawawalan ng interes ang mga mag-aaral sa pagbabasa at pagsusuri ng akda, at nababawasan ang kanilang pagpapahalaga rito bilang isa sa mahahalagang obra ng panitikang Filipino at bahagi ng pambansang pamana.

Binanggit naman ni Lopez na ang haba at pagiging masalimuot ng Florante at Laura ay hindi lamang nakaaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral, kundi maging sa kanilang motibasyon na ipagpatuloy ang pag-aaral ng akda. Kaugnay nito, higit na kinakailangan ang paggamit ng mga angkop na estratehiya at kagamitang panturo na makatutulong sa pagpapadali ng pag-unawa sa mga malalalim na salita at masalimuot na daloy ng mga pangyayari. Sa ganitong paraan, mas mapananatili ang interes ng mga mag-aaral, mapauunlad ang kanilang komprehensiyon, at higit nilang mapahahalagahan ang Florante at Laura bilang isang mahalagang akdang pampanitikan na sumasalamain sa kultura, kasaysayan, at pagpapahalaga ng mga Pilipino.

Kakulangan sa mga kagamitang pampagtuturo, tulad ng mga aklat, modyul, at iba pang kagamitang panturo. Naging hamon ito sa mga guro sapagkat limitado ang mga materyales na maaari nilang gamitin upang gawing malinaw, kawili-wili, at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang nilalaman ng akda. Dahil dito, napipilitan ang mga guro na gumawa o humanap pa ng mga karagdagang kagamitang pampagtuturo, tulad ng mga biswal na presentasyon, talahulugan, mga gawaing pampagkatuto, at iba pang sangguniang makatutulong sa pagpapaliwanag ng mga malalalim na salita at mahahalagang konsepto sa akda. Nangangailangan ito ng karagdagang oras, pagsisikap, at paghahanda sa panig ng guro upang makabuo ng mga angkop na materyales na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Kapag kulang ang mga kagamitang panturo, nagiging limitado rin ang mga estratehiyang maaaring gamitin sa klase, kaya naaapektuhan ang pagiging interaktibo at pagiging epektibo ng pagtuturo.

Inilahad ng isang guro na nakapanayam na:

“Talagang kulang na kulang sa mga kagamitang pampagkatuto na nakatuon sa malalalim na salita kaya hirap ang mga mag-aaral na maunawaan ang akda.”

Ipinakikita ng pahayag na ang kakulangan ng angkop na kagamitang pampagtuturo ay nagiging hadlang sa pagbuo ng sapat na pag-unawa ng mga mag-aaral sa *Florante at Laura*. Dahil naglalaman ang akda ng, matatalinhaga, at hindi na karaniwang ginagamit na mga salita, nangangailangan ang mga mag-aaral ng mga sangguniang makatutulong sa pagbibigay-kahulugan at pagpapaliwanag sa mga ito. Kapag limitado ang mga aklat, modyul, talahulugan, diksyunaryo, at iba pang materyales na maaaring gamitin bilang gabay, nagiging mahirap para sa mga mag-aaral na maunawaan ang talasalitaan at maiugnay ito sa kabuuang diwa ng akda. Dahil dito, nagiging hamon sa guro ang pagbibigay ng sapat na suporta upang mapaunlad ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa bawat saknong.

Ipinahayag rin ng isa pang gurong nakapanayam na:

“Kung mayroon lamang mas maraming angkop na materyales tulad ng talahulugan, diksyunaryo, at mga gawaing nakatuon sa bokabularyo, mas mapapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa bawat saknong at hindi na kami maglalaan ng napakahabang oras sa pagpapaliwanag ng bawat salita.”

Makikita sa pahayag na ang pagkakaroon ng mga kagamitang pampagkatuto na nakatuon sa pag-unawa ng matatalinhagang salita ay maaaring makatulong sa pagpapadali ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang mga talahulugan, diksyunaryo, at gawaing nakasentro sa bokabularyo ay maaaring magsilbing karagdagang sanggunian upang matulungan ang mga mag-aaral na matukoy at maunawaan ang kahulugan ng mga salitang hindi pamilyar sa kanila. Sa pamamagitan nito, maaaring maging mas episyente ang pagtalakay sa bawat saknong sapagkat hindi lamang nakasalalay sa pasalitang pagpapaliwanag ng guro

ang pagbuo ng kahulugan. Higit sa lahat, ang pagkakaroon ng angkop na materyales ay maaaring magbigay sa mga mag-aaral ng pagkakataong magsagawa ng higit na malayang pagkatuto at mapalawak ang kanilang talasalitaan.

Gayundin, ipinahayag ng isa pang gurong nakapanayam na:

“Madalas kaming gumagawa ng sarili naming mga kagamitang pampagtuturo dahil hindi sapat ang mga ibinibigay na sanggunian, kaya nadaragdagan ang oras ng aming paghahanda bago pa man magsimula ang klase. Kapag may sapat at angkop sanang mga materyales, mas nagiging organisado ang pagtuturo at mas nagiging aktibo at makahulugan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.”

Inilalahad ng pahayag na ang kakulangan ng sapat at angkop na kagamitang pampagtuturo ay hindi lamang nakaaapekto sa mga mag-aaral kundi nagdaragdag din sa mga gawaing kailangang isagawa ng mga guro bilang paghahanda sa pagtuturo. Kapag hindi sapat ang mga umiiral na aklat, modyul, at iba pang sanggunian, napipilitan ang mga guro na bumuo o maghanap ng karagdagan materyales na naaayon sa pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral. Nagdudulot ito ng karagdagan oras at pagsisikap sa pagpapalawak at paghahanda ng mga aralin. Sa kabilang banda, ang pagkakaroon ng sapat, angkop, at organisadong kagamitang pampagtuturo ay maaaring makatulong sa mas sistematikong paglalahad ng mga konsepto, pagbibigay ng mga gawaing angkop sa antas ng mga mag-aaral, at pagpapalawak ng kanilang pakikilahok sa talakayan.

Nauugnay ito sa inilalahad ni Zenodo na ang kakulangan sa makabago at angkop na mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit ng mga guro at mag-aaral ay nagiging hadlang sa ganap na pag-unawa sa Florante at Laura, na kilala sa paggamit ng matatalinghang salita. Dahil limitado ang mga kagamitang maaaring pagkunan ng paliwanag at mga gawaing pampagkatuto, nahihirapan ang mga mag-aaral na maunawaan ang kahulugan ng mga salita at ang masining na pagpapahayag na nakapaloob sa akda. Binigyang-diin din ni Zenodo na ang paggamit lamang ng tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo ay kadalasang hindi sapat upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon, sapagkat mas sanay na sila sa paggamit ng teknolohiya at mga biswal na kagamitang panturo.

Dahil dito, mahalagang maisama sa pagtuturo ang mga makabagong materyales, tulad ng mga interaktibong presentasyon, biswal na kagamitan, digital na talahulugan, at iba pang teknolohiyang panturo upang maging mas kawili-wili at makabuluhan ang proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga kagamitang ito, nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maiugnay ang kahulugan ng mga malalalim na salita sa kanilang konteksto at karanasan, kaya mas napalalalim ang kanilang pag-unawa sa akda. Kaugnay nito, pinatitibay ng pananaw ni Zenodo ang pangangailangang makabuo at makagamit ng mga angkop na kagamitang pampagtuturo, tulad ng Diksyunaryong Kinaray-a, upang matugunan ang kakulangan sa mga sangguniang nakatuon sa pagpapalawak ng talasalitaan.

Sinang-ayunan ito ni Dicang et al. na ang kakulangan ng sapat na suporta sa pagtuturo at ng mga angkop na kagamitang pampagtuturo ay isa sa mga pangunahing hamon sa pagkatuto ng wika at panitikan. Sa konteksto ng pagtuturo ng Florante at Laura, nagiging higit na mahirap ang pagkatuto ng mga mag-aaral kapag limitado ang mga materyales na maaaring gamitin upang ipaliwanag ang mga malalalim, sinauna, at matatalinghang salitang matatagpuan sa akda. Dahil sa kakulangan ng mga kagamitang tulad ng mga diksyunaryo, talahulugan, modyul, biswal na materyales, at iba pang kagamitang panturo na nakatuon sa pagpapalawak ng talasalitaan, nahihirapan ang mga guro na maipaliwanag ang mga konseptong nakapaloob

sa akda sa paraang madaling mauunawaan ng mga mag-aaral. Bunga nito, nagiging limitado rin ang mga estratehiyang maaaring gamitin ng mga guro upang mapanatili ang interes at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan.

Kakulangan sa mga pagsasanay, seminar, at iba pang programang pangkaunlaran para sa kanilang propesyon. Nagiging hamon ito sapagkat limitado ang mga pagkakataong makadalo ang mga guro sa mga palihan na nakatuon sa pagpapaunlad ng kanilang kaalaman at kasanayan sa epektibong pagtuturo ng mga klasikong akdang pampanitikan, lalo na sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Dahil dito, nababawasan ang kanilang pagkakataong matutuhan ang mga makabago at angkop na estratehiya, pamamaraang panturo, at paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo na maaaring makatulong sa pagpapadali ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa Florante at Laura. Nagiging limitado rin ang kanilang kaalaman sa pagdidisenyo ng mga makabago at interaktibong gawaing pampagkatuto na tumutugon sa iba't ibang estilo at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Inilahad ng isang baguhang guro na nakapanayam na:

“Sana magkaroon ng seminar na naka-align sa pagtuturo-pagkatuto ng Florante at Laura. kaka-in ko lang kasi, kaya marami pa akong hindi alam na estratehiya na naka-align sa MATATAG Kurikulum at sa daloy ng aralin kung paano ito hahati-hatiin.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na ang limitadong karanasan at kakulangan sa pagsasanay ng mga baguhang guro ay maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang pumili at magpatupad ng mga estratehiyang angkop sa pagtuturo ng *Florante at Laura*. Mahalaga ang sapat na kaalaman sa pagpapalano at pag-aangkop ng mga gawain sa mga layunin ng kurikulum, lalo na sa pagtuturo ng akdang naglalaman ng matatalinhaga na mga salita. Sa kawalan ng sapat na gabay at propesyonal na pagsasanay, maaaring maging hamon para sa mga bagong guro ang paghahati ng nilalaman ng aralin, pagpili ng angkop na estratehiya, at pagtutugma ng mga gawain sa antas at pangangailangan ng mga mag-aaral. Dahil dito, nagiging mahalaga ang tuloy-tuloy na programang pangkaunlaran upang mapalawak ang kanilang pedagogical knowledge at mapatatag ang kanilang kumpiyansa sa pagtuturo ng akda.

Ipinahayag rin ng isang gurong may matagal nang karanasan sa pagtuturo na:

“Maganda sana kung magkaroon ng palihan o seminar tungkol sa mga estratehiyang gumagamit ng teknolohiya, lalo na ng AI, upang makatulong at para hindi na mahirapan ang mga guro sa paghahanda ng mga banghay-aralin, pagsusulit, summative test, at mga kagamitang pampagtuturo, pati sa paghahanap ng mga angkop na aralin sa YouTube, na mas mapapabilis ang paghahanda tungo sa pagkatuto ng akda.”

Makikita sa pahayag ang pangangailangan ng mga guro para sa mga pagsasanay o seminar na nakatuon sa wastong paggamit ng makabagong teknolohiya bilang suporta sa proseso ng pagtuturo. Ang mga kagamitang teknolohikal ay maaaring makatulong sa pagbuo ng mga gawaing pampagkatuto, pagtataya, at iba pang kagamitang angkop sa pagtalakay sa *Florante at Laura*, ngunit kinakailangan pa rin ng sapat na kaalaman at kasanayan upang magamit ang mga ito nang wasto at naaayon sa layunin ng aralin. Sa ganitong pananaw, ang kakulangan ng palihan at pagsasanay sa paggamit ng teknolohiya ay maaaring maging hadlang sa ganap na integrasyon nito sa pagtuturo. Ipinakikita rin nito na ang patuloy na pag-unlad ng kasanayang propesyonal ng mga guro ay mahalaga upang maging mas episyente ang paghahanda ng mga materyales at mas angkop ang paggamit ng teknolohiya sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Gayundin, inilahad ng isa pang guro na:

“Makatutulong kung regular kaming mabibigyan ng seminar at workshop tungkol sa mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ng akda, at sa tulong na rin ng kaalaman at karanasan ng mga dalubguro bilang facilitator nang sa gayon ay maging angkop ang aming mga pamamaraan sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasalukuyan.”

Ipinakikita ng pahayag na ang patuloy na pagdaraos ng seminar at workshop ay mahalagang bahagi ng propesyonal na pag-unlad ng mga guro. Sa patuloy na pagbabago ng kurikulum, teknolohiya, at katangian ng mga mag-aaral, kinakailangan ding patuloy na mapahusay at maiangkop ng mga guro ang kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo. Lalo itong mahalaga sa pagtuturo ng *Florante at Laura* sapagkat nangangailangan ang akda ng mga estratehiyang hindi lamang nakatuon sa pagbasa at pagpapaliwanag, kundi nakatutulong din sa aktibong pag-unawa sa talasalitaan, matatalinhagang pahayag, tema, at mensahe ng akda. Kung limitado ang pagkakataon ng mga guro na dumalo sa ganitong mga programang pangkaunlaran, maaaring maging hamon ang pag-angkop ng kanilang mga pamamaraan sa kasalukuyang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Umaakma ito sa isinaad ni Arcilla, na isa sa malaking hamon sa pagtuturo-pagkatuto ng *Florante at Laura* ay ang kakulangan ng maayos na pagsasanay ng mga guro sa pag-uugnay ng mga temang panlipunan ng akda tulad ng kolonyalismo sa Albanya, at paglaban ni *Florante* sa kasalukuyang pulitikal na mga isyu sa Pilipinas, gaya ng korapsyon at social injustice. Dahil dito, ang mga aralin ay nananatiling abstrak at hindi naaangkop sa realidad ng mga mag-aaral, na nagreresulta sa mababang motibasyon at hindi pagpapahalaga sa kaugnayan ng akda sa kasalukuyan. Ang epekto sa pagkatuto ay ang limitadong pagbuo ng simpatya at kritikal na pag-iisip, dahil hindi nahihikayat ang mga mag-aaral na iugnay ang kwento sa kanilang sariling karanasan, na may epekto sa kanilang kakayahang mag analisa ng kasalukuyang pangyayari.

Pagiging non-major sa asignaturang Filipino. Tumutukoy ito sa mga gurong naatasang magturo ng Filipino o panitikan kahit hindi ito ang kanilang pangunahing espesyalisasyon. Dahil dito, nagiging hamon sa kanila ang pagpapaliwanag ng mga matatalinhagang salitang matatagpuan sa *Florante at Laura*. Kinakailangan din nilang maglaan ng mas maraming oras sa paghahanda ng mga aralin, pagpili ng mga angkop na estratehiya, at pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo. Bunga nito, mahalaga ang patuloy na pagsasanay at suporta upang higit nilang mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagtuturo at matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Inilahad ng isang gurong nakapanayam na:

“Naku, kinakailangan ko pang mag-research, tapos magtanong sa kakilala kong Filipino major para maintindihan ko nang lubusan ang mga malalalim na termino sa akda. Bago lang kasi ako at walang magtuturo ng Filipino kaya ibinigay muna sa akin ang asignatura. Mangangapa ka talaga kapag hindi mo ito major.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na ang pagiging non-major sa Filipino ay maaaring magdulot ng hamon sa paghahanda at aktuwal na pagtalakay ng *Florante at Laura*. Dahil hindi malawak ang kaalaman ng guro sa asignatura, kinakailangan niyang magsagawa ng karagdagang pananaliksik at kumonsulta sa mga gurong may espesyalisasyon sa Filipino upang higit na maunawaan ang mga malalalim na termino at konseptong nakapaloob sa akda. Bagama't nagpapakita ito ng inisyatiba at dedikasyon ng guro upang matugunan ang

pangangailangan ng mga mag-aaral, nagdaragdag naman ito sa oras at pagsisikap na kinakailangan sa paghahanda ng aralin. Higit sa lahat, maaaring maging hamon ang kawalan ng sapat na gabay o mentoring para sa guro, lalo na sa mga bahaging nangangailangan ng masusing kaalaman sa akda.

Gayundin, ipinahayag ng isa pang guro na:

“Mas nagiging mahaba ang oras ng paghahanda ko dahil kailangan ko pang magbasa ng iba't ibang sanggunian at humanap ng mga estratehiyang angkop sa pagtuturo ng Florante at Laura kung paano ko ipapaintindi ang mga matatalinhagang salita sa bata, dahil Math ang major ko hindi Filipino.”

Makikita sa pahayag na ang pagiging non-major ay may implikasyon hindi lamang sa aktuwal na pagtuturo kundi maging sa oras na inilalaan ng guro para sa paghahanda ng aralin. Dahil kinakailangan niyang punan ang kakulangan sa kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa ng iba't ibang sanggunian, nagiging mas mahaba ang proseso ng pagpapalano at pagbuo ng mga gawaing pampagkatuto. Mahalaga ang ganitong paghahanda upang matiyak na wasto at angkop ang mga impormasyong ilalahad sa mga mag-aaral, subalit maaari rin itong maging dagdag na pasanin sa guro, lalo na kung marami ring ibang tungkulin at asignaturang kailangang paghandaan. Sa konteksto ng *Florante at Laura*, higit na mahalaga ang sapat na kaalaman sa panitikan at talasalitaan upang maipaliwanag nang malinaw ang mga malalalim at matatalinhagang pahayag na maaaring maging hadlang sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Mula naman sa isa pang guro na nakapanayam, inilahad rin na:

“Malaking tulong kung may mentoring o coaching mula sa mga gurong Filipino major dahil mas nagiging kumpiyansa kaming magturo at mas natitiyak naming tama ang mga paliwanag at halimbawang ibinibigay namin sa mga mag-aaral dahil hindi naman namin linya ang Filipino.”

Ipinakikita ng pahayag ang kahalagahan ng mentoring at coaching bilang suporta sa mga gurong hindi major sa Filipino. Ang paggabay mula sa mga gurong may espesyalisasyon sa Filipino ay maaaring makatulong sa paglililaw ng mga konseptong pangwika at pampanitikan, pagpili ng angkop na estratehiya, at pagsusuri sa kawastuhan ng mga paliwanag at halimbawang ginagamit sa klase. Maaari rin nitong mapataas ang kumpiyansa ng mga gurong non-major sa pagtalakay ng mga sensitibo at masalimuot na aspekto ng akda, partikular sa interpretasyon ng matatalinhagang salita at pahayag. Sa ganitong paraan, nababawasan ang posibilidad ng hindi wastong pagpapakahulugan at higit na napalalakas ang kalidad ng pagtuturo.

Maiuugnay ito sa pahayag ni Tenorio hinggil sa kalagayan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino na hindi kanilang pangunahing larangan. Ayon sa kanya, ang kakulangan ng sapat na gabay, pagsasanay, at iba pang oportunidad para sa propesyonal na pag-unlad ay maaaring makaapekto sa kahandaan at kakayahan ng mga gurong humahawak ng asignaturang hindi nila espesyalisasyon. Kapag ang isang guro ay hindi major sa Filipino at hindi nabibigyan ng sapat na pagsasanay na nakatuon sa nilalaman at mga angkop na estratehiya sa pagtuturo ng wika at panitikan, maaaring maging limitado ang kaniyang kaalaman sa mga konsepto, pamamaraan, at kagamitang kinakailangan sa epektibong pagtuturo.

Binigyang-diin din niya na ang kakulangan sa propesyonal na pagsasanay ay maaaring magresulta sa limitadong kasanayan ng mga guro sa pagpili at paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo. Higit itong nagiging hamon para sa mga gurong hindi Filipino ang kanilang espesyalisasyon sapagkat maaaring

hindi sapat ang kanilang paghahanda sa pagtuturo ng mga araling nangangailangan ng malalim na kaalaman sa wika, panitikan, talasalitaan, at mga tekstong may matatalinghagang pahayag. Sa ganitong kalagayan, maaaring maapektuhan ang paraan ng pagpapaliwanag ng mga konsepto at ang kakayahan ng guro na maiangkop ang mga gawain sa antas at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Dami ng asignaturang hawak at mga tungkuling pangkoordinasyon na nagpapahirap sa paghahanda at pagtuturo ng Florante at Laura. Tumutukoy ito sa mga gurong nagtuturo ng iba't ibang asignatura, kabilang ang mga hindi nila pinagkadalubhasaan, bukod pa sa kanilang mga responsibilidad bilang mga koordineytor ng iba't ibang programa at gawain sa paaralan. Dahil dito, nababawasan ang oras na maaari nilang ilaan sa masusing paghahanda ng mga aralin, pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo, at paghahanap ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo. Nagiging hamon din sa kanila ang maayos na pamamahala ng oras upang matugunan ang lahat ng kanilang akademiko at coordinatorship na tungkulin. Bunga nito, maaaring maapektuhan ang lalim ng paghahanda sa bawat aralin at ang pagpapatupad ng mga gawaing nakatuon sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Ipinakikita nito na ang dami ng mga responsibilidad ng guro ay isa ring mahalagang salik na nakaaapekto sa pagiging epektibo ng pagtuturo at sa kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Inilahad ng isang guro na nakapanayam na:

“Dito kasi sa bundok, iilan lang kami kaya hati-hati kami sa lahat ng mga coordinators at mga subjects. Talagang balakid sa amin ang paghahanda ng mga aralin kaya minsan ay hindi ko na napagtutuunan ng pansin ang mag-research pa o gumawa ng mga estratehiya kung paano ituturo ang malalalim na salita. Wala eh, deretsong turo na lang talaga sa abot ng aking makakaya.”

Ipinakikita ng pahayag na ang dami ng asignaturang hawak at mga karagdagang tungkulin ay naglilimita sa oras at oportunidad ng guro na makapaghanda nang masusi para sa pagtuturo ng *Florante at Laura*. Dahil sa paghahati ng oras sa iba't ibang responsibilidad, nababawasan ang pagkakataon ng guro na magsagawa ng pananaliksik, makalikom ng angkop na kagamitang pampagtuturo, at makabuo ng mga estratehiyang nakatuon sa pagpapadali ng pag-unawa sa matatalinhagang salita ng akda. Sa ganitong kalagayan, maaaring mapunta ang guro sa higit na tuwirang paglalahad ng aralin sa halip na gumamit ng iba't ibang makabuluhan at interaktibong pamamaraan. Samakatuwid, ang labis na lawak ng mga responsibilidad ng guro ay maaaring maging isang hamon sa paghahanda at aktuwal na pagtuturo ng *Florante at Laura*, na maaaring makaapekto sa kalidad ng karanasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ipinahayag rin ng isa pang guro na:

“Bukod sa pagtuturo, marami pa kaming inaasikasong ulat, programa, at iba pang gawaing administratibo kahit hindi naman namin gawain kaya kulang na kulang ang oras para makabuo ng mga kagamitang pampagtuturo o mga gawaing makatutulong sa pag-unawa ng matatalinhagang salita sa akda.”

Mula sa pahayag na ito, makikita na ang mga gawaing administratibo at iba pang tungkuling ipinagkakatiwala sa mga guro ay nakadaragdag sa kanilang workload at nakababawas sa oras na maaari sanang ilaan sa pagpapalano ng mga gawaing pampagkatuto. Partikular sa pagtuturo ng *Florante at Laura*, mahalaga ang sapat na oras sa pagbuo ng mga kagamitang makatutulong sa pagpapalawak ng talasalitaan at sa pag-unawa sa mga salitang matatalinhaga, at may kontekstong historikal. Kapag higit na nahahati ang

oras ng guro sa pagtuturo, pagsusumite ng mga ulat, pagpapatupad ng mga programa, at iba pang gawaing administratibo, nagiging mahirap ang pagbuo ng mga makabago at angkop na kagamitang pampagtuturo. Dahil dito, ang dami ng karagdagang tungkulin ay maaaring maging hadlang sa pagkakaroon ng sapat na paghahanda at sa pagpapatupad ng mga gawaing higit na makapagpapalalim sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa akda.

Dagdag pa rito, isinaad rin ng isa pang guro na nakapanayam na:

“Kung mas kaunti sana ang mga dagdag na tungkulin at asignaturang hawak, mas makapaghahanda kami nang mabuti at mas makagagamit ng iba’t ibang estratehiya upang mas mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa Florante at Laura at sa mga matatalinhagang mga salita na nakapaloob dito.”

Binibigyang-diin ng pahayag na ang sapat na tungkulin ng mga guro ay nakaaapekto sa paghahanda bilang mahalagang salik sa pagpili at pagpapatupad ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng *Florante at Laura*. Ang pagbawas sa dami ng asignaturang hawak at mga karagdagang tungkulin ay maaaring magbigay sa mga guro ng higit na pagkakataong makapagplano ng mga gawaing isinasaalang-alang ang antas ng pag-unawa, dating kaalaman, at pangangailangang pangwika ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, mas may pagkakataon silang gumamit ng iba’t ibang estratehiya, kagamitang biswal, gawaing kolaboratibo, talasalitaan, at iba pang pamamaraan upang maging higit na malinaw at makabuluhan ang pagtalakay sa mga matatalinhagang salita at pahayag sa akda. Sa kabilang banda, kapag labis ang bilang ng asignaturang hawak at tungkuling nakaatang, maaaring malimitahan ang oras ng guro para sa masusing pagpapalano, paghahanda, at pagninilay sa pagiging angkop ng kaniyang mga estratehiya.

May kaugnayan ito sa inilahad ni Rabago na ang mga gurong may maraming tungkulin at responsibilidad ay kadalasang nakararanas ng kakulangan sa oras at enerhiya upang makapaghanda ng dekalidad na lektyur at mga kagamitang pampagtuturo. Dahil dito, nababawasan ang pagkakataon ng mga guro na magdisenyo ng mga makabago at interaktibong estratehiya sa pagtuturo, na maaaring magdulot ng pagbaba ng pakikilahok at motibasyon ng mga mag-aaral sa klase. Bunga nito, naaapektuhan din ang kanilang pagkatuto at pagganap sa akademiko. Itinampok din ni Rabago na ang positibong disiplina at maayos na pag-uugali ng mga mag-aaral ay mahalagang salik sa kanilang tagumpay sa asignaturang Filipino, subalit ang labis na trabaho ng guro ay nagiging hadlang sa pagbuo ng makabuluhang interaksyon at epektibong paggabay sa loob ng silid-aralan. Ipinakikita ng pananaw na ito na ang dami ng responsibilidad ng guro ay hindi lamang nakaaapekto sa kalidad ng paghahanda ng mga aralin, kundi maging sa kalidad ng ugnayan ng guro at mga mag-aaral.

Kakulangan sa pagpapaliwanag o interpretasyon ng may-akda sa mga kagamitang pampagtuturo na kanilang ginagamit. Tumutukoy ito sa mga aklat, modyul, at iba pang sangguniang kulang sa sapat na paliwanag, interpretasyon, at mga gawaing pampagkatuto na makatutulong sa mga mag-aaral upang higit na maunawaan ang *Florante at Laura*. Dahil dito, napipilitan ang mga guro na magsagawa pa ng karagdagang pananaliksik at maghanap ng iba pang sanggunian upang maipaliwanag nang mas malinaw ang mga simbolismo, matatalinhagang pahayag, at mensaheng nais ipabatid ng may-akda. Nagiging hamon din ito sa paghahanda ng mga aralin sapagkat nangangailangan pa ng karagdagang oras ang mga guro upang makabuo ng mga angkop na paliwanag at gawaing pampagkatuto. Bunga nito, nagiging limitado ang pagkakataong mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa nilalaman, tema, at aral ng akda.

Inilahad ng isang guro na nakapanayam na:

“Hindi kasi talaga sapat ang mga paliwanag sa akda mula sa aklat para matutuhan ng mga mag-aaral. Sana magkaroon ng mga aklat o modyul man lang na nakaangkla sa bagong revised curriculum na nakatutok dito, kung saan may nakahanda nang mga aralin o paliwanag, tulad ng maiikling buod at iba pa na makatutulong sa pag-unawa ng akda.

Ipinakikita ng pahayag na ang kakulangan ng sapat at malinaw na pagpapaliwanag sa mga kagamitang pampagtuturo ay nagiging hamon sa pagtalakay ng *Florante at Laura*. Ang akda ay naglalaman ng mga salitang matatalinhaga, at mga kaisipang maaaring mahirap unawain kung hindi mabibigyan ng angkop na konteksto at interpretasyon. Sa ganitong kalagayan, hindi sapat na nakapaloob lamang sa materyal ang mismong teksto ng akda, kinakailangan ding magkaroon ng mga gabay na makatutulong sa guro at mga mag-aaral sa pag-unawa sa kahulugan at mensahe ng mga piling bahagi nito. Ang pagkakaroon ng maiikling buod, karagdagang paliwanag, at iba pang interpretatibong gabay ay maaaring magsilbing tulay upang maiugnay ng mga mag-aaral ang mga pangyayari, tauhan, simbolismo, at kaisipang nakapaloob sa akda sa kanilang sariling pag-unawa.

Gayundin, isa pang guro ang nagpahayag na:

“Malaking tulong kung may mga gabay na magpapaliwanag ng kahulugan ng bawat na salita o pahayag na matatalinhaga. Siguro kung meron nito, magiging maayos at mabilis na makasusunod ang mga mag-aaral sa talakayan.”

Mula sa pahayag na ito, makikita na ang kakulangan ng interpretasyon sa mga kagamitang pampagtuturo ay maaaring magpahirap hindi lamang sa mga mag-aaral kundi maging sa proseso ng paghahanda at paglalahad ng aralin ng guro. Sa pagtuturo ng *Florante at Laura*, mahalagang maipaliwanag ang mga salitang hindi na karaniwang ginagamit sa kasalukuyang panahon at maiugnay ang mga ito sa kahulugan ng buong saknong o bahagi ng akda. Kung walang sapat na gabay hinggil sa kahulugan ng mga salita at sa interpretasyon ng mga saknong, maaaring higit na umasa ang guro sa sariling pagpapakahulugan at karagdagang pananaliksik. Dahil dito, maaaring maging hindi pantay ang lalim at lawak ng pagpapaliwanag sa mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng sunod-sunod at sistematikong paliwanag sa bawat bahagi ng akda ay makatutulong upang maging organisado ang talakayan at higit na maging malinaw sa mga mag-aaral ang ugnayan ng salita, pahayag, saknong, at kabuuang mensahe ng akda.

Inilahad rin ng isa pang gurong nakapanayam na:

“Magiging epektibo ang pagkatuto sa akda kung may mga kagamitang may kasamang gabay sa interpretasyon, mga tanong sa pag-unawa, at mga gawaing naaayon sa bawat aralin, nang sa gayon ay mas mapagtutuunan namin ng pansin ang paggabay sa mga mag-aaral.”

Ipinahihiwatig ng pahayag na ang isang epektibong kagamitang pampagtuturo ay nararapat na higit pa sa simpleng paglalahad ng nilalaman ng akda. Mahalaga ring magkaroon ito ng malinaw na interpretasyon, mga tanong na susukat at magpapalalim sa pag-unawa, at mga gawaing nakaayon sa mga layunin ng bawat aralin. Sa konteksto ng *Florante at Laura*, ang ganitong mga elemento ay makatutulong sa mga mag-aaral na hindi lamang maunawaan ang literal na kahulugan ng mga salita at pangyayari kundi masuri rin ang mga pahiwatig, simbolismo, pagpapahalaga, at kaisipang nakapaloob sa akda. Bukod dito, ang pagkakaroon ng sapat na interpretatibong gabay ay maaaring makabawas sa oras na ginugugol ng mga

guro sa pagbuo ng sariling materyales. Sa halip, maaari nilang higit na ituon ang kanilang panahon sa pagbibigay ng gabay, paglilinaw sa mga konseptong hindi nauunawaan, at pagbuo ng makabuluhang interaksyon sa loob ng klase.

Nauugnay ito sa binanggit ni Torres, na ang hamon sa pagtuturo ng Florante at Laura ay ang hindi sapat na gawaing pampagkatuto at pagsasama ng kultural na konteksto ng akda, tulad ng impluwensya ng mga mitong Griyego at lokal na alamat sa mga tauhan at lunan ng Albanya, na hindi naipaliwanag ng maayos dahil sa limitadong oras sa kurikulum. Bilang karagdagan, nagiging sanhi ng hindi pagkilala ng mga mag-aaral sa mga simbolikong elemento, na nagreresulta sa pagkalito sa teksto mula sa mas malawak na kasaysayan ng panitikang Pilipino. Dahil dito hindi nagiging holistik ang pagkatuto, kung saan humihina ang pagbuo ng cultural literacy at national identity ng mga kabataan, dahil hindi nila nauunawaan kung paano nagiging salamin ng kolonyal na karanasan ang akda sa konteksto ng kasalukuyang mga isyu. Ipinakikita ng pananaw ni Torres na mahalagang magkaroon ng komprehensibong mga kagamitang pampagtuturo at mga gawaing pampagkatuto na nagbibigay ng sapat na pagpapaliwanag sa kontekstong pangkasaysayan, pangkultura, at pampanitikan ng akda upang higit na mapalalim ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa Florante at Laura.

Ang mga nabanggit na isyu at hamon ay nagpapakita na ang pagkatuto ng Florante at Laura ay hindi lamang usapin ng nilalaman ng akda, kundi pati na rin ng sistema ng pagtuturo, kakayahan ng guro, at akses sa mga materyales. Ang lalim ng wika at anyo ng tula ay nagiging sagabal sa mga mag-aaral na hindi sanay sa malalalim na salita, kaya't nangangailangan ng akma, makabago at malikhaing estratehiya sa pagtuturo na angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang maunawaan ang nasabing akda.

Kaya naman, naniniwala ang mananaliksik na ang kasalukuyang pag-aaral ay malaki ang maitutulong sapagkat mabibigyan ng katumbas na salin o kahulugan ang mga mahihirap na salita mula sa Florante at Laura sa wikang kinagisnang mga mag-aaral. Ang mabubuong kagamitan ay naglalayong mapataas ang interes ng mga mag-aaral sapagkat bukod sa nagagamit nila ang kanilang katutubong salita ay napadadali nalang ang pag-unawa sa malalalim na salita. Inaasahan na magiging katuwang ito ng mga guro lalo na ang mga non-major upang mapabilis ang pag-unawa sa mga di-pamilyar na mga salita. Marahil ay magsisilbi itong materyales na magagamit ng guro sa paghawan ng malalalim na salita tungo sa pagkatuto ng akda. Maaari ring makatitipid ang mga guro ng oras sa paghahanda sapagkat direkta ng mauunawaan ng mga mag-aaral ang malalalim na salita.

Disenyo ng diksyunaryo na ginamit sa pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagbuo ng Diksyunaryong Kinaray-a sa pagkatuto ng Florante at Laura bilang kagamitang panturo upang maging gabay ng mga mag-aaral sa pagpapalawak ng kanilang talasalitaan at upang maunawaan ang mga matatalinhaga na salita tungo sa pagkatuto ng akda.

Bago isinagawa ang pagbuo ng diksyunaryo, nagsagawa muna ang mananaliksik ng masusing pagsusuri sa mga umiiral na datos at ebidensiyang pang-edukasyon upang matukoy ang mga tiyak na pangangailangan ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga sinuring datos ang Mean Percentage Score (MPS), Least Mastered Competencies (LMC), gayundin ang mga gawaing pasulat, tugon, at iba pang akademikong output ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuring ito, natukoy na isa sa mga pangunahing suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral ay ang kakulangan sa pag-unawa at paggamit ng matatalinhaga na salita na matatagpuan sa akdang Florante at Laura. Lumitaw na ang hamong ito ay higit na nararanasan



ng mga mag-aaral dahil sa pagkakaiba ng wikang ginagamit sa akda at ng kanilang wikang nakagisnan, na nagiging hadlang sa pagbibigay-kahulugan sa mga makahulugang salita.

Dahil dito, nagiging limitado ang kanilang pag-unawa sa mga saknong, mensahe, tema, at pagpapahalagang nakapaloob sa akda. Ang mga natukoy na pangangailangan at suliraning ito ang nagsilbing batayan ng mananaliksik sa pagdidisenyo at pagbuo ng diksyunaryong Kinaray-a bilang isang kagamitang pampagtuturo na naglalayong tulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang akdang Florante at Laura. Sa pamamagitan ng paggamit ng wikang higit na malapit sa karanasan at lingguwistikong kakayahan ng mga mag-aaral, inaasahang magiging mas madali ang proseso ng pag-uugnay ng mga salita mula sa akda tungo sa kanilang sariling wika at pag-unawa. Bukod dito, magsisilbi ring tulay ang diksyunaryo upang mapalalim ang kanilang pagpapahalaga sa wikang Kinaray-a habang pinaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.

Kasunod nito, nagsagawa ang mananaliksik ng dokumentaryong analisis sa mga gawaing pasulat ng mga mag-aaral na nakabatay sa learning competencies at banghay-aralin. Sa pamamagitan nito, sinuri ang iba't ibang akademikong sulatin ng mga mag-aaral, tulad ng sanaysay, talaarawan, liham, at balita, upang matukoy ang mga palasak na salitang Kinaray-a na ginagamit ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa akdang Florante at Laura. Ang mga nakalap na salita mula sa kanilang mga sulatin ay nagsilbing mahalagang sanggunian sa pagpili ng mga salitang isasama sa pagbuo ng diksyunaryo, sapagkat ipinakita nito ang aktuwal na wikang ginagamit at nauunawaan ng mga mag-aaral sa kanilang pang-araw-araw na komunikasyon.

Bilang karagdagang batayan sa pagbuo ng diksyunaryo, nagsagawa rin ang mananaliksik ng pakikipanayam sa dalawampu't walong guro na may karanasan sa pagtuturo ng Florante at Laura. Layunin ng panayam na matukoy ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral, gayundin ang mga isyu at hamong kanilang nararanasan sa pagtuturo ng akda. Sa pamamagitan ng kanilang mga salaysay at karanasan, natukoy ang mga pangangailangan, hamon, at praktikal na pamamaraang ginagamit bilang gabay sa mga mag-aaral na maunawaan ang matatalinhagang salita. Ang mga datos na nakalap mula sa dokumentaryong analisis at panayam ay nagsilbing mahalagang batayan sa pagbuo ng diksyunaryong Kinaray-a na tumutugon sa konteksto, kakayahan, at pangangailangan ng mga mag-aaral sa pag-aaral at pagkatuto ng Florante at Laura.

Batay sa mga nakalap na datos mula sa pagsusuri ng mga dokumento sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral, at panayam sa mga guro, nabuo ang diksyunaryong Kinaray-a na isang sistematiko at sa paraang organisado upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa matatalinhagang salita mula sa akdang Florante at Laura. Ang bawat bahagi ng diksyunaryo ay pinag-isipang mabuti upang magsilbing gabay sa pagpapalawak ng talasalitaan at pag-unawa sa nilalaman ng akda.

Una, ang mga salitang hango mula sa Florante at Laura ay inayos sa paraang paalpabeto. Ang ganitong pagkakaayos ay isinagawa upang maging madali para sa mga mag-aaral at guro ang paghahanap ng partikular na salita. Sa pamamagitan ng alpabetikong ayos, nagiging sistematiko ang paggamit ng diksyunaryo bilang sangguniang pangwika at mas napapabilis ang pagtukoy sa kahulugan ng mga salitang nais maunawaan.

Ikalawa, inihanay ang katumbas na salitang Kinaray-a sa bawat matalinhagang salita mula sa akda. Ang bahaging ito ang pangunahing nilalaman ng diksyunaryo sapagkat nagsisilbi itong tulay sa pagitan ng wikang ginagamit sa Florante at Laura at ng wikang higit na pamilyar sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng



pagbibigay ng katumbas na salitang Kinaray-a, mas nagiging madali para sa mga mag-aaral na maiugnay ang kahulugan ng salita sa kanilang sariling karanasan at lingguwistikong kaalaman.

Ikatlo, nilagyan ng wastong tuldik ang bawat salitang Kinaray-a bilang gabay sa tamang pagbigkas. Mahalaga ang bahaging ito upang matiyak ang wastong pagbasa at pagbigkas ng mga salita, lalo na dahil may mga salitang nagkakaroon ng pagbabago sa kahulugan batay sa diin o bigkas. Sa ganitong paraan, hindi lamang kahulugan ang natututuhan ng mga mag-aaral kundi pati ang wastong paggamit at pagbigkas ng mga salita sa kanilang wika.

Sumunod, tinukoy ang bahagi ng pananalita ng bawat salita. Isinama ang aspektong ito upang magabayan ang mga mag-aaral na maunawaan ang gamit ng salita ayon sa tungkulin nito sa pangungusap. Sa pamamagitan nito, nalilinang ang kanilang kakayahang makilala kung ang isang salita ay ginagamit bilang pangngalan, pandiwa, pang-uri, pangatnig at pananda, na mahalaga sa pagbuo ng wastong pahayag.

Bukod dito, isinama rin ang etimolohiya o pinagmulan ng salita. Ang bahaging ito ay naglalayong magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa kasaysayan at pagbuo ng mga salita. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa pinagmulan ng salita, higit na nauunawaan ng mga mag-aaral kung paano nabuo, nagbago, at nagkaroon ng partikular na kahulugan ang mga salitang ginamit sa Florante at Laura.

Panghuli, ginamit ang wikang Kinaray-a sa pangungusap. Ang bahaging ito ay naglalayong ipakita ang wastong paggamit ng salita sa aktuwal na konteksto upang hindi lamang maunawaan ng mga mag-aaral ang kahulugan nito kundi magamit din nila ito sa sariling pagpapahayag. Sa pamamagitan ng mga halimbawang pangungusap, nagiging higit na makabuluhan ang pagkatuto sapagkat naiuugnay ng mga mag-aaral ang mga bagong salita sa kanilang pang-araw-araw na karanasan.

Ang disenyong nabuo ng mananaliksik ay may kaugnayan sa mga pag-aaral nina Kipp, Baluyos, Emarilo, Palines, Osworth, San Juan, Napu at Hasan, at Quinones na ang pagbibigay ng malinaw na kahulugan, paggamit ng mga salita sa pangungusap, at pagsasalin na wika ng mga mag-aaral ay nakatutulong sa mas malalim na pag-unawa ng mga estudyante sa mga konsepto at tekstong kanilang binabasa. Dahil dito, nagsisilbing matibay na batayan ang mga pag-aaral na ito sa pagpili ng disenyo ng kasalukuyang pananaliksik.

Gayunman, bagama't nagkakatulad ang mga nabanggit na pag-aaral sa paggamit ng mga estratehiya sa pagpapakahulugan at pagsasalin ng mga salita, higit na pinalawak ng kasalukuyang pananaliksik ang saklaw ng disenyo nito. Sa halip na ito lamang sa pagbibigay ng katumbas na kahulugan o simpleng glosaryo, binubuo sa pag-aaral na ito ang isang komprehensibong diksyunaryong Kinaray-a na naglalaman ng kahulugan ng mga matatalinhagang salita mula sa Florante at Laura na may salin sa nauunawang wika ng mga mag-aaral, wastong bigkas, etimolohiya, bahagi ng pananalita, at paggamit ng bawat salita sa loob ng pangungusap. Ang ganitong disenyo ay hindi lamang nakatuon sa paglinang ng bokabularyo kundi maging sa pag-unawa sa estruktura, pinagmulan, at wastong paggamit ng mga salita.

Higit pa rito, naiiba ang kasalukuyang pananaliksik sa layunin at awtput na binubuo. Samantalang ang mga naunang pag-aaral ay pangunahing nagsuri sa bisa ng bilingual na diksyunaryo, glosaryo, o pagsasalin bilang estratehiya sa pagkatuto, ang kasalukuyang pag-aaral ay lumilikha ng isang kagamitang panturo na nakabatay sa wikang Kinaray-a upang maging tulay sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa Florante at Laura. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng kahulugan, wastong bigkas, etimolohiya, bahagi ng pananalita, at paggamit ng salita sa pangungusap, inaasahang higit na mapadadali ang pagkatuto,



mapayayaman ang talasalitaan, at mapalalakas ang pagpapahalaga sa katutubong wika kasabay ng mas malalim na pag-unawa sa akdang pampanitikan. Dahil dito, pinatutunayan ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral ang kahalagahan at pagiging angkop ng disenyong ginamit sa kasalukuyang pananaliksik, habang ipinakikita rin ang natatanging ambag nito sa pagbuo ng isang komprehensibong diksyunaryong Kinaray-a bilang kagamitang panturo.

Nabuong Diksyunaryong Kinaray-a

Batay sa isinagawang pagsusuri, nabuo ang Diksyunaryong Kinaray-a sa Pagkatuto ng *Florante at Laura* bilang pantulong na kagamitang maaaring gamitin sa pag-unawa sa mga malalalim at matatalinhagang salitang matatagpuan sa akda. Ang pagbuo nito ay nakabatay sa mga palasak na salitang Kinaray-a na nakalap mula sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral at iniugnay sa mga salitang matatagpuan sa *Florante at Laura*. Ang mga nakalap na salita ay sinuri, pinili, at isinaayos upang makabuo ng isang organisadong sangguniang naaayon sa layunin ng pag-aaral.

Isinaayos nang paalpabeto ang mga lahok sa diksyunaryo upang maging sistematiko at madaling gamitin. Ang bawat lahok ay naglalaman ng salitang mula sa *Florante at Laura* at ng katumbas nitong kahulugan sa Kinaray-a. Inilakip din ang bahagi ng pananalita, wastong pagbigkas sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na tuldik, etimolohiya o pinagmulan ng salita, at paggamit nito sa pangungusap. Ang mga elementong ito ay inilagay upang hindi lamang maibigay ang katumbas na kahulugan ng salita kundi maipakita rin ang wastong pagbigkas, gramatikal na gamit, pinagmulan, at paggamit nito sa konteksto.

Ang nabuong diksyunaryo ay bunga ng sistematikong pagsusuri sa mga datos na nakalap sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga malalalim at matatalinhagang salita sa *Florante at Laura* sa mga salitang Kinaray-a na pamilyar sa mga mag-aaral, nabuo ang isang kontekstuwalisadong kagamitang maaaring magsilbing sanggunian sa pagpapalawak ng talasalitaan at pagpapalalim ng pag-unawa sa akda. Ang pagkakaroon ng kahulugan, wastong bigkas, bahagi ng pananalita, etimolohiya, at halimbawa ng paggamit sa pangungusap ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng higit na konteksto sa pag-unawa at paggamit ng mga salitang nakapaloob sa diksyunaryo.

Buod

Ang pag-aaral na ito ang naging bunsod ng paglalayong makabuo ng diksyunaryong Kinaray-a sa pagkatuto ng *Florante at Laura* mula sa mga palasak na wikang Kinaray-a na ginagamit ng mga mag-aaral sa paaralan ng Apia. Pinagtuunan ng pansin sa pag-aaral na ito na maitala ang palasak na wikang Kinaray-a mula sa gawaing pasulat ng mga estudyante na may kaugnayan sa mal matatalinhagang salitang Tagalog mula *Florante at Laura*. Pagkatapos itala ang mga wikang Kinaray-a na nakalap, isinaayos sa paraang paalpabeto ang mga salita sa *Florante at Laura*, pagkatapos ay nilapatan ng wastong salin sa wikang Kinaray-a na mula sa gawaing pasulat ng mga mag-aaral. Tinukoy rin ang bahagi ng pananalita nito, gamit ng kudlit, etimolohiya at ginamit sa pangungusap upang lubos na maunawaan ang kahulugan.

Sinagot sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anong mga palasak na wikang Kinaray-a ang ginagamit ng mga mag-aaral?
2. Paano mauuri ang mga nakalap na salitang Kinaray-a ayon sa bahagi ng pananalita?
3. Ano ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng *Florante at Laura* sa pagpapalawak ng talasalitaan?

4. Ano ang mga isyu at hamon sa pagkatuto ng Florante at Laura?
5. Anong disenyo ng diksyunaryo ang maaaring gamitin?
6. Batay sa pagsusuri, anong diksyunaryong Kinaray-a ang maaaring mabuo?

Ang pag-aaral na ito ay magiging kapaki-pakinabang sa mga guro, sa mga mag-aaral sa Apia partikular sa baitang walo, sa tagapangasiwa ng paaralan, sa mga tagapagtaguyod ng kurikulum at tagapagplanong pangwika, dahil magagamit ito sa pagsusuri ng wika at pagtalakay-pagkatuto sa akdang Florante at Laura sa bagong kurikulum na K to 12.

Bilang batayan ng pananaliksik, tinalakay rin dito ang iba't ibang isinagawang pag-aaral tungkol sa wikang Kinaray-a, kayariang gramatikal, mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Florante at Laura sa pagpapalawak ng talasalitaan, mga isyu at hamon sa pagkatuto ng Florante at Laura at ang pagbuo ng diksyunaryong Kinaray-a na nagbigay sa mananaliksik ng pagganyak o motibasyong ipagpatuloy ang isinagawang pag-aaral.

Nangalap ang mananaliksik ng mga wikang Kinaray-a na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat sa baitang walo sa paaralan ng Apia. Ang mga malalalim na salita mula sa akda ay binigyan ng katumbas na kahulugan mula sa nakalap na wikang Kinaray-a, ang mga salitang Kinaray-a na nakalap ay inuri kung anong bahagi ito ng pananalita, etimolohiya at ginamitan ng kudlit. Ang mga nakalap ay sinuri ayon sa mga bahagi ng pananalita tulad ng: pangngalan, pang-uri, pandiwa, pangatnig at pananda. Ginamit rin ito sa pangungusap tungo sa lubusang pag-unawa sa kahulugan ng salita.

Kinalabasan ng Pananaliksik

Batay sa suliraning inilahad na binigyan ng tugon ng pananaliksik na ito, narito ang mga sumusunod na kinalabasan.

1. Batay sa isinagawang pangangalap at pagsusuri ng mga datos, natukoy na may kabuuang 173 salitang Kinaray-a ang palasak na ginagamit ng mga mag-aaral mula sa gawaing pasulat. Ang mga salitang ito ay sistematikong nakalap at itinala upang magsilbing batayan sa pagbuo ng diksyunaryo na makatutulong sa pag-unawa sa mga matatalinhagang salita at pahayag na ginamit sa Florante at Laura. Sa proseso ng pagbuo, ang bawat salitang Kinaray-a ay iniugnay at inihanay sa katumbas na matatalinhagang salita mula sa akda. Tinukoy rin ang bahagi ng pananalita, etimolohiya o pinagmulang salita, at wastong bigkas na nilapatan ng tuldik upang matiyak ang lingguwistikong katumpakan ng bawat lahok. Higit pa rito, ang mga salita ay ginamit sa angkop na pangungusap upang maipakita ang aktuwal na gamit at kahulugan ng mga ito sa konteksto. Sa ganitong sistematikong proseso, nabuo ang isang organisado at makabuluhang talaan ng mga salitang Kinaray-a na maaaring maging pantulong sa pagpapalawak ng talasalitaan at pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga matatalinhagang salita at pahayag sa Florante at Laura.
2. Ang mga salitang Kinaray-a na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat ay inuri ayon sa iba't ibang bahagi ng pananalita. Natukoy sa pagsusuri na ang mga nakalap na salita ay binubuo ng 46 na pangngalan, 82 pandiwa, 43 pang-uri, isang pangatnig, at isang pananda, na may kabuuang bilang na 173 salita. Ipinakikita ng mga bilang na higit na nangingibabaw ang mga pandiwa, na sinusundan ng pangngalan at pang-uri, samantalang kakaunti naman ang mga salitang kabilang sa pangatnig at pananda. Ang ganitong distribusyon ay nagpapakita ng iba't ibang gamit at tungkulin ng mga salitang Kinaray-a sa aktuwal na gawaing pasulat ng mga mag-aaral. Ang sistematikong pag-uuri

sa mga salita batay sa bahagi ng pananalita ay mahalagang hakbang sa pagbuo ng diksyunaryong Kinaray-a sapagkat nagbibigay ito ng malinaw na impormasyong panggramatika na makatutulong sa wastong pagkilala, pag-unawa, at paggamit ng bawat salita.

3. Sa isinagawang panayam ng mananaliksik sa mga guro sakop ng pag-aaral, natukoy ang iba't ibang estratehiyang ginagamit ng mga guro upang mapalawak ang talasalitaan sa pagkatuto ng Florante at Laura. Pangunahing naitala ang estratehiyang kasingkahulugan, sinundan ng brainstorming, Think-Pair-Share, pagkakaroon ng sariling kopya ng talahulugan, paggamit ng konteksto o context clues, word clustering, pagkiklino, panonood ng animated na bersiyon ng akda, paggamit ng mga larawan, pagtukoy sa konotatibo at denotatibong kahulugan, paggamit ng flash cards, pagbibigay ng takdang-aralin, paggamit ng mga salita sa pangungusap, lecture, at pagtukoy sa pinagmulang salita o etimolohiya. Ang mga estratehiyang ito ay nagpapakita ng iba't ibang paraan ng mga guro sa pagtugon sa hamon ng pag-unawa sa matatalinhagang salita sa akda.

Sa pamamagitan ng mga estratehiyang nakatuon sa konteksto, biswal na materyal, interaktibong gawain, at pagsusuri sa kahulugan at pinagmulan ng salita, nabibigyan ang mga mag-aaral ng maraming pagkakataong maiugnay ang bagong bokabularyo sa kanilang dating kaalaman at karanasan. Samantala, ang paggamit ng talahulugan, etimolohiya, at wastong paggamit ng salita sa pangungusap ay nakatutulong sa higit na sistematiko at malalim na paglinang ng talasalitaan.

4. Batay sa pakikipanayam ng mananaliksik sa mga guro sakop ng pag-aaral, natukoy ang iba't ibang isyu at hamon sa pagkatuto ng Florante at Laura. Pangunahing hamon ang matatalinhagang salita, na nagiging hadlang sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga kaisipan, pangyayari, at mensaheng nakapaloob dito. Natukoy rin ang kakulangan sa mga kagamitang panturo, gaya ng mga aklat, modyul, talahulugan, at iba pang kagamitang maaaring magsilbing gabay sa mas malinaw na pagpapaliwanag ng mga salita sa akda. Isa rin sa mga hamon ang limitadong oras para sa pagtuturo at masusing pagtalakay sa akda dahil sa dami ng mga kasanayan at kompetensiyang kailangang matugunan sa loob ng itinakdang panahon.

Bukod dito, nakita din ang kawalan ng interes o pagkabagot ng ilang mag-aaral sa pagbabasa ng akda. Sa panig naman ng mga guro, kabilang sa mga natukoy na hamon ang kakulangan ng sapat na pagsasanay, seminar, at iba pang pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad na nakatuon sa epektibong pagtuturo ng panitikan, partikular sa Florante at Laura. Dagdag pa rito, nagiging hamon ang pagtuturo kapag ang guro ay non-major o may limitadong mastery sa asignatura, lalo na sa pagpapaliwanag ng matatalinhagang salita. Nabanggit din ang maraming asignatura, karagdagang tungkulin, at responsibilidad bilang koordineytor, na nakaaapekto sa oras at paghahanda ng guro para sa masusing pagtalakay ng aralin. Gayundin ang kakulangan ng sapat na paliwanag at interpretasyon ng akda sa mga kasalukuyang kagamitang ginagamit sa pagtuturo, dahilan upang mahirapan ang mga mag-aaral na makuha ang kahulugan ng mga salita.

5. **Disenyo ng diksyunaryo na ginamit sa pag-aaral.** Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang disenyong pagtitipo't pagtatala ng mga palasak na wikang Kinaray-a na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat, pagsasaayos sa paraang paalpabeto ng mga malalalim na salita mula sa akdang Florante at Laura at tinumbasan ng kahulugan sa wikang Kinaray-a mula sa nakalap na salita sa mga mag-aaral, pagtukoy sa paggamit ng kudlit, etimolohiya o pinagmulang salita at paggamit sa pangungusap. Ang disenyong pagtitipon, ang unang disenyo na ginawa ng mananaliksik, kung saan ay tinipon at itinala ng mananaliksik ang mga palasak na wikang Kinaray-a na ginagamit ng mga mag-aaral sa gawaing pasulat. Sumunod na ginawa ng mananaliksik ay ang pagsasaayos sa paraang

paalpabeto ng mga malalalim na salita mula sa akda na tinumbasan ng kahulugan sa wikang Kinaray-a mula sa mga nakalap na salita sa mga mag-aaral. Paglalagay ng kudlit upang matukoy ang wastong paraan ng pagbigkas.

Ganoon din, kasunod na ginamit ang disenyong pag-uuri kung anong bahagi ng pananalita nabibilang ang salita. Ginamit rin ang disenyong etimolohiya o ang pinagmulang salita. Panghuli, ginamit ng mananaliksik ang disenyong paggamit ng salitang salin sa Kinaray-a sa pangungusap upang lubos na maunawaan ng mga mag-aaral sa kanilang wika ang matalinhagang salita.

6. **Nabuong Diksyunaryong Kinaray-a ng mananaliksik.** Ang diksyunaryong Kinaray-a na nabuo ng mananaliksik ay nakabatay sa mga palasak at pamilyar na salitang Kinaray-a na karaniwang ginagamit ng mga mag-aaral. Isinagawa ang sistematikong pangangalap, pagsusuri, at pagsasaayos ng mga salita upang makabuo ng diksyunaryo na magsilbing pantulong sa pagpapalawak ng talasalitaan at pag-unawa sa mga matatalinhagang salita sa akda. Ang mga nakalap na salita ay inayos ayon sa pagkakasunud-sunod ng alpabeto at binigyan ng katumbas na kahulugan sa wikang Kinaray-a. Upang maging mas tiyak at kapaki-pakinabang ang bawat lahok, isinama rin ang wastong paggamit ng tuldik, pagtukoy sa bahagi ng pananalita, etimolohiya o pinagmulang salita, at paggamit ng salita sa pangungusap. Ang diksyunaryo ay naglalayong magbigay ng sapat na impormasyong lingguwistiko at kontekstual para sa pag-unawa at wastong paggamit ng mga salitang Kinaray-a.

KONKLUSYON

Batay sa kinalabasan ng pananaliksik, ang pag-aaral na ito ay nakabuo ng mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang mga salitang Kinaray-a, tulad ng agahon, amigo, aragyan, at iba pa ay palasak na ginagamit ng mga mag-aaral sa mga gawaing pasulat.
2. Nauuri ang mga wikang Kinaray-a na palasak na ginagamit ng mga mag-aaral sa limang bahagi ng pananalita na pangngalan, pang-uri, pandiwa, pang-ugnay at pananda.
3. Pangunahing estratehiyang ginagamit ng guro sa pagtuturo ng Florante at Laura ang kasing kahulugan, brain storming at think pair share.
4. Ang mga pangunahing isyu at hamon sa pagkatuto ng Florante at Laura ay matatalinhagang salita, kawalang interes ng mga mag-aaral at kawalan ng sapat na oras sa pagtalakay sa akda.
5. Pagtitipon at pagtatala ng mga palasak na wikang Kinaray-a na may kaugnayan sa Florante at Laura, pagsasaayos sa paraang paalpabeto, pagtukoy sa paggamit ng kudlit, etimolohiya o pinagmulang salita at paggamit sa pangungusap.
6. Ang awtput na diksyunaryong Kinaray-a ay nakaayos nang paalpabeto ang mga matatalinhagang salita mula sa Florante at Laura, nilagyan ng wastong pagpapakahulugan kung saan ginamit ang mga nakalap na salita mula sa mga mag-aaral, gumamit ng tuldik, sinuri ang bahagi ng pananalita, etimolohiya o ang pinagmulang salita at paggamit ng salita sa loob ng pangungusap. Ito ay madaling gamitin at magandang sanggunian sa pagkatuto ng akdang Florante at Laura.

Rekomendasyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral at konklusyon, ang mga sumusunod ang inirerekomenda ng mananaliksik:

1. Isumite, ipasuri at ipawasto ang nabuong diksyunaryo sa superbisor ng Filipino.
2. Ipagamit ang nabuong diksyunaryo sa mga mag-aaral ng Florante at Laura sa Ikawalong Baitang.
3. Sa mga susunod na mananaliksik, maaaring palawakin ang saklaw ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasama ng lahat ng salitang matatagpuan sa mga gawaing pasulat, gayundin ang mga salitang ginagamit sa iba pang distrito at wikang lokal.

SANGGUNIAN

- Abagon, B. S., et al. (2022). *Mga hamon sa pagtuturo ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa panahon ng new normal sa State University* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Amerila, Z. M. A., Dizon, D. K. A., & Pangilinan, A. J. D. (2018). *Some remarks on unaffixed verbs in Tagalog and Kinaray-a*. Academia.edu.
https://www.academia.edu/36042949/Some_Remarks_on_Unaffixed_Verbs_in_Tagalog_and_Kinaray_a
- Arcilla, F. (2020). *Kaligirang pangkasaysayan ng Florante at Laura*.
- Asenjo, J. D. (2023). *Sistematikong paglikom at pagsusuri ng mga salitang Kinaray-a mula sa Balayeno, Antique para sa pagbuo ng glosaryo* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Asi, J. G. (2023). *Katangiang panlingguwistikiko ng mga sanaysay sa Filipino 8* [Master's thesis, Kolehiyo ng Sacred Heart ng Lungsod ng Lucena, Inc.]. E-Prajournals.
<https://eprajournals.com/pdf/fm/jpanel/upload/2024/August/202408-01-018022>
- Augusto, W. S., Jr. (2024). Leksikong kultural ng Tagalog at Sinugbuanon: Isang analisis. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, 72(3), 345–370.
<https://ejournals.ph/article.php?id=14204>
- Balakrishnan, U., Holla, C., & Nakamura, P. (2023). *Impact of mother tongue instruction on academic performance: Evidence from India*. American Institutes for Research.
<https://www.isid.ac.in/~acegd/acegd2023/papers/ChinmayaHolla.pdf>
- Bautista, K. (2015). *Mga pag-aaral tungkol sa morpolohiya at etimolohiya sa wikang Filipino* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Bernales, R. (2018). *Komunikasyon sa makabagong panahon, Filipino alinsunod sa K to 12 kurikulum ng batayang edukasyon*. Mutya Publishing House.
- Borong, N. B., et al. (2021). *Mga bahagi ng pananalita sa iba't ibang kontekstong sosyal: Implikasyon sa pagtuturo ng mother tongue*.
- Cabrillos, R. S., & Cabrillos, E. J. M. (2019, January). *Diversifying ethno-linguistic heritage through the*



- art of bamboo weaving* [Paper presentation]. SOAS GLOCAL CALA 2020 General Session, University of Antique, Philippines.
- Carreon, M. (2021). *Ortograpiya at paglikha ng materyales sa Kinaray-a: Suporta sa pagtuturo at pagkatuto ng panitikan*.
- Casalan, M. C. (2022). *Notes on nominal marking and noun phrase elements in Kinaray-a*. University of Antique.
- Catalig, G. (2022). *Morpholohikal na varyasyon ng dayalektong Tagalog ng mga katawagang pangkabuhayan sa lalawigan ng Quezon* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Cervales, J. (2020). *Epekto ng pag-unawa at panonood ng Florante at Laura* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Chua, A. C. (2021). *Pagkilala sa mga salitang Kinaray-a at pagtukoy ng mga phonological na katangian nito para sa leksikograpiya* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Conant, J. (n.d.). *Classification of Philippine languages: Kinaray-a and related languages*. Wikipedia. Kinuha noong Mayo 20, 2025, mula sa https://en.wikipedia.org/wiki/WikiProject_Languages_of_the_Philippines
- Crisostomo, L. (2021). *Salin: Salamin ang pagsasa-Filipino ng mga banyagang programa*.
- Cruz, M. (2020). *Mga isyu at hamon sa pagtuturo ng Florante at Laura*.
- Cruz, N. (2023). *Fieldwork on Kinaray-a language teaching strategies* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Dakhi, A., & Fitria, S. (2024). Impact of bilingual digital dictionaries on vocabulary expansion and comprehension in Filipino and English learners. *Journal of Language and Education*.
- Dalumpines, C. (2018). *Mensahe: Hangkat Kinaray-a* (Mula sa mensahe ni Senador Loren Legarda noong ika-1 ng Disyembre 2018 sa Robinsons Mall, Antique).
- Dangilan, J. (2020). *Pagbuo ng iskrip mula sa mga piling palasak na telenobela gamit sa pagtuturo ng Filipino 9* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Delos Santos, A. C., et al. (2015). *Taramdan sa lantipulong Kinaray-a*.
- Department of Education. (2012). *Policy guidelines on the implementation of the Strategic Intervention Materials (SIM) for the remediation of low performing learners* (DepEd Order No. 74, s. 2012). <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2013). *Additional guidelines to DepEd Order No. 16, s. 2012 (Guidelines on the implementation of the Mother Tongue Based–Multilingual Education [MTB-MLE])* (DepEd Order No. 28, s. 2013). <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2016). *Mother tongue-based multilingual education (MTB-MLE) curriculum guide*. <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2023). *Buwan ng Wikang Pambansa 2023* (DepEd Memorandum No. 006, s. 2023). <https://www.deped.gov.ph>
- Department of Education. (2024). *Buwan ng Wikang Pambansa 2024* (DepEd Memorandum No. 038, s.

- 2024). <https://www.deped.gov.ph>
- Dicang, J., & Molina, C. (2023). Mga hamon sa epektibong paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita: Sikolohikal, pang-akademiko, at sosyal na aspekto. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 5(1), 178–196. <https://cognizancejournal.com/vol5issue1/V5I115.pdf>
- Faner, J. (2021). *Paggamit ng story map sa pagtuturo ng Florante at Laura at mga kasanayan sa pagbuo ng hinuha* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Fernandez, J. A. (2021). *TAYTAY-TULAY historya at etimolohiya* (Bahagi 1, pp. 1–25).
- Gallego, M. K. (2016). Isang pagsusuri sa korpus ukol sa pagbabago ng wikang Filipino, 1923–2013. *Philippine Social Sciences Review*, 68(1).
- García, O. (2024, Oktubre 16). *The importance of translanguaging pedagogies in linguistic diversity*. NC State College of Education. <https://ced.ncsu.edu/news/2024/10/16/ofelia-garcia-shares-importance-of-translanguaging-pedagogies-during-linguistic-diversity-s>
- Genzola, A. (2024). *Austronesian basic vocabulary: Kinaray-a* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Gico, A. (2021). *Diksyunaryong Kinaray-a at ang kahalagahan nito sa proseso ng pagkatuto*.
- Guadna, E., et al. (2023). *Hanap salita: Pagpapayaman ng mga bokabularyo ng mga mag-aaral ng Ilocos Sur Polytechnic State College-Laboratory School* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Gwilliams, L. (2022). Morphological decomposition in visual word recognition. *Nature Human Behaviour*, 6(7), 1018–1028. <https://doi.org/10.1038/s41562-022-01328-5>
- Intercultural Development Research Association. (2002). *Good schools and classrooms for children learning English: A guide*. <https://digitalcommons.unl.edu/cgi/viewcontent>
- Jarin, F. P. (2022). Pag-aaral sa language preference ng mga pangunahing etnolinggwistikong pangkat sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas Visayas-Miag-ao. *Social Science Diliman*, 18(2), 1–15. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/socialsciencediliman/article/download/9540/8420/>
- Karay-a language. (2025, Abril 14). Sa Wikipedia. https://en.wikipedia.org/wiki/Karay-a_language
- Kaufmann, J. (2025). *Bisayan-English dictionary*. National Museum of the Philippines.
- Komisyon sa Polong Kinaray-a. (2016). *Ortograpiyang Kinaray-a (four-vowel-grapheme system)*. Komisyon sa Wikang Filipino.
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2017–2020). *Matagalang plano 1610*.
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2023a). *Mandato at mga gawain ng Komisyon sa Wikang Filipino*.
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2023b). *Manwal sa masinop na pagsulat*. KWF Official Publication.
- Lee, J., & Lee, Y. (2021). A study on the categorization of adjectives in Korean. *Linguistic Research*.
- Licayan, J. (2023). Pagpapayaman ng bokabularyo gamit ang diksyunaryo bilang sanggunian: Isang pag-aaral sa pang-unawa ng wika at panitikan. *Amburayan Research Journal*, 10(2), 45–62.
- Lopez, A. (2018). Mga hamon sa pagtuturo ng epikong Filipino sa sekundaryang antas. *Philippine*



- Journal of Education*, 12(3), 45–60.
- Lopez, E. (2024). Pagtuturo ng etimolohiya bilang pamamaraan sa pagpapalawak ng bokabularyo at pag-unawa sa wika. *Asian Journal of Linguistics and Culture*, 9(3), 150–167.
- Magos, A. P. (2007). Cultural contexts of the Kinaray-a language. *Philippine Journal of Anthropology*, 42(1), 89–110.
- Manlapas, A., Cruz, L., & Santos, M. (2024). Epekto ng organisadong lektura gamit ang mga biswal na kagamitan sa cognitive load ng mga mag-aaral. *Mga Sulating Pang-edukasyon*, 18(1), 77–91.
- Mawlood, S. (2017). *Phonology and suprasegmental features in language*. Lambert Academic Publishing.
- Mihaylova, M., & Gorin, S. (2022). A meta-analysis on mobile-assisted language learning applications: Benefits and risks. *Frontiers in Psychology*, 13, Article 9479751. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.9479751>
- Misa, R. (2021). Ang gamit ng malalalim na salita sa pagpapalawak ng bokabularyo at kahusayan sa gramatika ng mga mag-aaral. *Philippine Journal of Language and Education*, 12(4), 45–59.
- National Commission for Culture and the Arts. (n.d.). *Kinaray-a, Hiligaynon, Ilonggo and Aklanon speaking people*. Kinuha noong Mayo 20, 2025, mula sa <https://ncca.gov.ph/about-ncca-3/subcommissions/subcommission-on-cultural-communities-and-traditional-arts-sccta/central-cultural-communities/kinaray-a-hiligaynon-ilonggo-and-aklanon-speaking-people/>
- Newcastle, R. (2020, Agosto 24). *A comprehensive guide to Filipino pronouns*. FilipinoPod101. <https://www.filipinopod101.com/blog/2020/08/24/filipino-pronouns/>
- Nibalvos, I. M. P. (2019). *Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa* [Unpublished manuscript]. De La Salle University.
- Nolasco, R. M. de la C. (2019). Case marking determiners and the role of register in Philippine NP syntax. Sa *Kaufman-Nolasco festschrift*. <https://bahasawan.com/wp-content/uploads/2025/03/Kaufman-Nolasco-festschrift.pdf>
- Octavio, G. P. (2017). *Diksyunaryong Kinaray-a*. UP Press.
- Padya Dungug Kinaray-a 18. (2024). <https://dungugkinaray-a.com/padya-dk-18-2024.html>
- Pagunsan, R. D., Delos Santos, A. C., Deriada, L. P., & Magos, A. P. (2017). *Kinaray-a dictionary project: Metodolohiya at pagbuo ng standardized na diksyunaryo para sa pagtuturo at pagkatuto ng wika*.
- Palma, J. U., & Tubo, T. T. (2019). *Komprehensyon sa mga piling akdang panitikan at akademik perormans ng mga mag-aaral sa Filipino 7 ng Mahayag National High School, San Miguel, Bohol* [Hindi naipublikong tesis ng masterado]. ACADEME University of Bohol, Graduate School and Professional Studies.
- Pangantihon, V. C. (2018). *Kinaray-a-English dictionary*. University of the Philippines Visayas.
- Payangdo, J. (2024). *Kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral ng Batsilyer sa Sining sa Filipino* [Hindi naipublikong manuskrito].



-
- Philippine Statistics Authority. (2024). *Higit 19 milyong senior at junior high school graduates hiral sa pagbasa, pagsusulat, at pag-unawa sa simpleng kwento ayon sa PSA*. Pilipinas Balita Ngayon-PBN. <https://www.psa.gov.ph/>
- Ph.usembassy.gov. (2022). *Development and publication of the Kinaray-a Dictionary, San Jose, Antique*. U.S. Embassy in the Philippines.
- Pineda, J. (2024). Epektibong paggamit ng flashcards sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. *Journal of Educational Psychology*, 15(2), 123–135.
- Rabago, M. (2024). *Epekto ng dami ng hawak na asignatura, coordinatorship, at iba pang gawain ng guro sa pagkatuto ng aralin* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Recasens, D. (2021). *Phonetics and coarticulation: Theory and applications*. Cambridge University Press.
- Rentillo, P. (2024). Lexicophonetic dialectology of Panay. *Dialectologia*, 34, 235–271. <https://doi.org/10.1344/DIALECTOLOGIA.34.10>
- Republika ng Pilipinas. (1966). *An act to provide for the protection and preservation of Philippine cultural properties* (Republic Act No. 4846).
- Republika ng Pilipinas. (2009). *An act providing for the protection and conservation of the national cultural heritage, strengthening the National Commission for Culture and the Arts (NCCA) and its affiliated cultural agencies, and for other purposes* (Republic Act No. 10066).
- Republika ng Pilipinas. (2013). *Implementing rules and regulations of the Enhanced Basic Education Act of 2013* (Republic Act No. 10533).
- Reyes, J. (2019). Ang kahalagahan ng bahagi ng pananalita sa komunikasyon. *Journal of Language and Literature*, 20(3), 1–15.
- Reyes, J. (2022). *Mga estratehiya sa pagtuturo ng Florante at Laura sa mga mag-aaral ng mataas na paaralan* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Reyes, L. M., & Bautista, M. C. P. (2021). Pag-aaral sa estruktura ng wikang Kinaray-a. *Journal of Philippine Linguistics*, 42(1), 1–15.
- Salinas, W., et al. (2017). *Isang pag-aaral sa ugnayan ng wikang Espanyol, Filipino at kinagisnang wikang Cebuano sa Sisters Mary School* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Sandoval, L. (2025). *Lingguwang aralin para sa Baitang 8 sa MATATAG K-10 kurikulum*. Department of Education.
- Santiago, V. C. A. (2021). Multi-criterial differentiation of nouns and verbs in Romblomanon/Ini. *Philippine Social Sciences Review*, 73(1).
- Santos, A. (2018). *Ang pagtuturo ng Florante at Laura sa panahon ng modernisasyon* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Santos, A. M., & Reyes, J. M. (2021). Diksyunaryong Kinaray-a: Isang pag-aaral sa pag-unlad ng wikang Kinaray-a. *Journal of Philippine Linguistics*, 41(2), 1–20.
-



- Santos, K. (2016). *Ang apat na himagsik ni Francisco Balagtas*. Komisyon sa Wikang Filipino.
- Sunio, et al. (2024). *Lawak ng bokabularyo at antas ng pag-unawa ng piling pampublikong mag-aaral sa Filipino* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Tenorio, E. (2024). *Epekto ng kakulangan ng pagsasanay tulad ng mga seminar sa mga guro sa pagkatuto ng aralin ng mga estudyante* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Thomas, D. S. (2023). *Assessment of the implementation of Mother Tongue Based-Multilingual Education in the Province of Benguet* [Hindi naipublikong manuskrito].
- Tondares, J. (2024). *Diksyunaryong Kinaray-a*.
- Torres, R. (2022). *Kontekstwal na pagsusuri ng Florante at Laura sa modernong silid-aralan*. National Commission for Culture and the Arts.
- UNESCO. (2018). *UNESCO celebrates the power of mother languages to build peace and sustainability*. <https://en.unesco.org/news/unesco-celebrates-power-mother-languages-build-peace-and-sustainability>
- University of the Philippines Visayas. (n.d.). *Narrative biodata of Alicia P. Magos, PhD*. Kinuha noong Mayo 20, 2025, mula sa <https://www.upv.edu.ph/index.php/features/narrative-biodata-of-alicia-p-magos-phd>
- University of the Philippines Visayas. (2023). Language preference and use among ethnolinguistic groups in Western Visayas: The case of Kinaray-a speakers. *UP Visayas Research Journal*, 15(2), 45–62. <https://upv.edu.ph/research/journal2023/kinaray-a-language-study>
- Veracious. (2024). *Kinaray-a phrasebook*. Wikivoyage.
- Villarama, J. A. (2020). *Pag-aaral sa bokabularyo ng mga mag-aaral* [Hindi naipublikong manuskrito]. Scribd. <https://www.scribd.com/document/652344821/PAG-AARAL-SA-BOKABULARYO-NG-MGA-MAG-AARAL>
- World Bank. (2021a). *Mother tongue as bridge language of instruction*. <https://documents.worldbank.org/curated/en/527021468104056444/pdf/563290PUB0Box31guage0of0Instruction.pdf>
- World Bank. (2021b, Hulyo 14). *Teaching young children in the language they speak at home is essential to eliminate learning poverty*. <https://www.worldbank.org/en/news/press-release/2021/07/14/teaching-young-children-in-the-language-they-speak-at-home-is-essential-to-eliminate-learning-poverty>
- Zorc, R. D. (2021, Agosto 24). *Axis relationships in the Philippines: When traditional subgrouping falls short* [Plenary lecture]. 14th Philippine Linguistics Congress, University of the Philippines Diliman, Philippines. <https://linguistics.upd.edu.ph/news/axis-relationships-in-the-philippines-when-traditional-subgrouping-falls-short/>
- Zorc, R. D., & Lobel, J. W. (2021). *Philippine and North Bornean languages: Issues in historical and comparative linguistics*. Linguistic Society of the Philippines.